Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral - Nakasentro ang pag-aaral na ito sa pagtatasa at pagsusuri sa kabisaan ng paggamit ng Canvas Learning Management System (LMS) bilang interbensiyong pedagohikal sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat ng posisyong papel sa asignaturang Filipino sa Piling Larang (Akademik). Pangunahing sinuri sa pananaliksik ang pauna at panghuling pagganap (*pre-test* at *post-test*) ng mga mag-aaral batay sa tatlong tiyak na pamantayan: ang linaw ng posisyon o kakayahang maipahayag nang malinaw, tiyak, at lohikal ang paninindigan sa isang isyu; ang mahahalagang punto o kakayahang makabuo at makapaglahad ng mga argumentong sinusuportahan ng sapat, napapanahon, at mapagkakatiwalaang ebidensya; at ang tono o paggamit ng angkop, balanse, at mapanghikayat na paraan ng pagpapahayag. Bukod sa kasanayan sa pagsulat, sinuri rin sa pag-aaral ang nahinuhang epekto ng paggamit ng Canvas LMS sa interes at retensiyon ng mga mag-aaral sa pagkatuto, kung saan ang pangunahing awtput ng pananaliksik ay ang pagbuo ng mga *Lesson Exemplar* na magsisilbing gabay sa mabisang pagtuturo ng pagsulat ng posisyong papel gamit ang nasabing plataporma. Isinagawa ang pag-aaral gamit ang *pre-test–post-test experimental design* na kinabibilangan ng animnapung (60) mag-aaral sa Grade 12 na napili sa pamamagitan ng *purposive sampling* at kasalukuyang kumukuha ng asignaturang Filipino sa Piling Larang (Akademik) sa University of Cebu – Lapu-Lapu and Mandaue (UCLM) Senior High School Department sa Taong Panuruan 2025–2026.

Sa kabilang banda, nakapaloob sa pananaliksik na ito ang ilang mahahalagang limitasyon. Una, nakatuon lamang ang pag-aaral sa 60 napiling mag-aaral mula sa Senior High School ng UCLM, kaya ang mga natuklasan at konklusyon ay partikular lamang sa konteksto ng naturang institusyon at hindi pangkalahatang representasyon ng lahat ng mag-aaral sa ibang paaralan o rehiyon. Pangalawa, ang interbensiyon ay nakalimit lamang sa paggamit ng mga tiyak na estratehiya at *features* ng Canvas LMS (tulad ng *Modules, Discussion Boards, Assignment Submissions, Peer Review,* at *SpeedGrader*) at hindi sumasaklaw sa iba pang uri ng *Learning Management Systems* o digital platforms. Pangatlo, ang pagtataya sa kasanayan sa akademikong pagsulat ay nakatuon lamang sa uri ng posisyong papel batay sa tatlong nabanggit na pamantayan at hindi na kinabibilangan ng iba pang anyo ng akademikong sulatin tulad ng lakbay-sanaysay, abstrak, o bionote. Panghuli, ang epektibong pagpapatupad ng

interbensiyon ay nakasalalay rin sa pagkakaroon ng sapat at maayos na *internet connectivity* pati na rin ng mga digital na kagamitan ng mga kalahok.

Kahalagahan ng Pag-aaral - Ang pag-aaral na ito ay mahalaga sapagkat layunin nitong ipakita ang bisa ng *Canvas Learning Management System* bilang isang makabagong interbensiyon sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsulat ng posisyong papel sa asignaturang Filipino sa Piling Larang (Akademik). Ipinapahayag sa mga sumusunod na talata ang kahalagahan ng pananaliksik na ito para sa iba't ibang sektor ng edukasyon, kabilang ang mga mag-aaral, guro, administrador, at tagapagpatupad ng kurikulum.

Sa Administrasyon. Ang resulta ng pag-aaral na ito ay makatutulong sa administrasyon ng paaralan sa pagbuo ng mga patakarang nagtataguyod ng makabagong pedagohiya na nakabatay sa teknolohiya. Maaaring mapagtibay ng pamunuan ang mga programa para sa *Learning Management System (LMS) integration, teacher training, at digital literacy* ng mga mag-aaral. Magsisilbi rin itong gabay sa pagpapasya kaugnay ng pagpapatupad ng mga *technology-assisted interventions* sa pagtuturo ng asignaturang Filipino.

Sa mga Guro. Ang pag-aaral na ito ay makatutulong sa mga guro ng Filipino, lalo na sa pagtuturo ng Filipino sa Piling Larang (Akademik), sa pagdidisenyo ng mga aralin at gawain na gumagamit ng *Canvas LMS* bilang kasangkapan sa paglinang ng kasanayan sa akademikong pagsulat. Magbibigay ito ng empirikal na batayan kung paanong ang mga *online learning tools* at *peer review mechanisms* sa *Canvas* ay nakatutulong sa pagpapabuti ng linaw ng posisyon, organisasyon ng mahahalagang punto, at tono ng posisyong papel.

Sa mga Mag-aaral. Makatutulong ang pag-aaral na ito sa mga mag-aaral upang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagsulat ng posisyong papel gamit ang teknolohiya. Sa paggamit ng *Canvas Learning Management System*, nagkakaroon sila ng higit na pagkakataong makipag-ugnayan, tumanggap ng puna, at magrebisa ng kanilang mga gawa, mga hakbang na nagtataguyod ng *self-directed* at *reflective learning*. Higit pa rito, inaasahang tataas ang kanilang interes at retensiyon sa pagkatuto sa pamamagitan ng mas makabagong paraan ng pakikilahok sa mga gawaing pampagsusulat.

Sa mga Mananaliksik sa Hinaharap. Magsisilbing sanggunian ang pag-aaral na ito sa mga susunod na mananaliksik na nagnanais pag-aralan ang paggamit ng *Learning Management Systems* sa pagtuturo ng wika at panitikan. Maaaring palawakin ang saklaw ng pananaliksik sa ibang larangan ng Filipino o sa iba pang antas ng edukasyon, tulad ng *Junior High School* o kolehiyo. Makapagbibigay ito ng mahahalagang ideya para sa mga pag-aaral hinggil sa *digital pedagogy, e-learning*, at aplikasyon ng teknolohiya sa pagpapalakas ng kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral sa wikang Filipino.

2. Metodolohiya

Disenyo ng Pag-aaral - Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng *pre-test–post-test experimental design* upang masuri ang kabisaan ng *Canvas Learning Management System (LMS)* bilang interbensiyon sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat ng posisyong papel sa asignaturang Filipino sa Piling Larang (Akademik). Sa disenyo ng pananaliksik, sinukat muna ang paunang pagganap (*pre-test*) ng mga mag-aaral gamit ang tradisyonal o kombensiyonal na paraan ng pagtuturo. Pagkatapos, ipinatupad ang interbensiyon sa pamamagitan ng *Canvas Learning Management System*, kung saan isinagawa ang mga gawaing pampagsusulat na may kasamang *modules, peer review, rubrics-based feedback,* at *discussion boards*. Matapos ang interbensiyon, isinagawa ang panghuling pagsusulit (*post-test*) upang matukoy kung may makabuluhang pagbabago sa kasanayan ng mga mag-aaral batay sa tatlong pamantayan: linaw ng posisyon, organisasyon ng mahahalagang punto, at tono ng pagpapahayag. Ang disenyong ito ay nagbibigay-daan sa mananaliksik na masukat ang epekto ng paggamit *ng Canvas Learning Management System* hindi lamang sa akademikong kasanayan ng mga mag-aaral, kundi pati na rin sa kanilang interes at retensiyon sa pagkatuto, bilang bahagi ng mas malawak na layunin ng modernisasyon ng pedagohiya sa pagtuturo ng Filipino.

Disenyo ng Pag-aaral - Ang pangunahing instrumento sa pag-aaral na ito ay binubuo ng dalawang bahagi:

(1) *rubric-based performance test* at (2) talatanungan sa interes at retensiyon ng mga mag-aaral. Ang unang bahagi ay tumutukoy sa *pre-test* at *post-test* sa pagsulat ng posisyong papel na ginamit upang masukat ang kasanayan ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng paggamit ng *Canvas Learning Management System (LMS)* bilang interbensiyon sa pagtuturo ng Filipino sa Piling Larang (Akademik). Pareho ang estruktura at layunin ng dalawang pagsusulit upang matiyak ang balidong paghahambing ng resulta. Ang paunang pagsusulit ay hinango mula kina Zabal-Cadiz et al. (2020). Samantala, ang panapos na pagsusulit ay batay sa aklat nina Avanceña et al. (2020). Ginamit sa pagmamarka ang rubrik na binubuo ng tatlong pamantayan: linaw ng posisyon, mahahalagang punto, at tono - at limang antas ng pagganap (5 = Napakahusay, 4 = Mahusay, 3 = Katamtaman, 2 = Kailangang Pagbutihin, 1 = Hindi Katanggap-tanggap). Ang ikalawang bahagi ay isang talatanungan na layuning sukatin ang interes at retensiyon ng mga mag-aaral sa paggamit ng *Canvas LMS*. Ang mga pahayag ay sinagutan gamit ang Limang Antas ng *Likert Scale* na inangkop mula sa pag-aaral ni Tapasao (2023) na pinamagatang "Estratehiyang SQ3R: Maunawang Pagbasa sa Filipino 7." Ang antas ng tugon ay: 5 – Palagi, 4 – Madalas, 3 – Paminsan-minsan, 2 – Bihira, 1 – Hindi Kailanman. Mas mataas na marka ang nagpapahiwatig ng mas mataas na interes at retensiyon sa paggamit ng *Canvas Learning Management System.* Bago ang aktuwal na pangangalap ng datos, sumailalim ang instrumento sa ebalwasyon at beripikasyon ng mga eksperto sa pagtuturo ng Filipino at pananaliksik upang matiyak ang bisa (*validity*) at pagiging maaasahan (*reliability*). Isinaalang-alang ang lahat ng mungkahi ng mga tagasuri upang higit pang mapahusay ang kalidad at kaugnayan ng mga pahayag.

Respondente - Ang mga respondente ng pag-aaral na ito ay binubuo ng animnapung (60) mag-aaral sa *Grade 12* na kasalukuyang kumukuha ng asignaturang Filipino sa Piling Larang (Akademik) sa *University of Cebu-Lapu-Lapu and Mandaue (UCLM) Senior High School Department* sa taong panuruan 2025–2026. Ang mga mag-aaral na ito ay pinili sapagkat sila ang direktang nakararanas ng paggamit ng *Canvas Learning Management System (LMS)* bilang bahagi ng kanilang mga gawaing pampagsusulat at pang-akademiko. Ang pagpili ng mga respondente ay isinagawa sa pamamagitan ng *purposive sampling*, dahil ang mga kalahok ay partikular na napiling lumahok batay sa kanilang pakikilahok sa asignatura at sa paggamit ng *Canvas LMS* sa mga aktibidad sa pagsulat ng posisyong papel. Ang bilang ng animnapung (60) respondente ay itinuturing na sapat upang makuha ang kinakailangang datos para sa pagsusuri ng kabisaan ng *Canvas LMS* bilang interbensiyon sa paglinang ng kasanayan sa akademikong pagsulat sa wikang Filipino.

Pamamaraan sa Paglikom ng Datos - Nilalayon ng bahaging ito na ilarawan ang mga hakbang na isinagawa sa pangangalap ng datos, alinsunod sa mga etikang pamantayan ng pananaliksik, sa *Data Privacy Act of 2012 (Republic Act No. 10173)*, at sa mga protokol ng wastong pangangasiwa at paghawak ng impormasyon. Isinagawa ang proseso ng pangangalap ng datos sa tatlong pangunahing yugto: paunang yugto, yugto ng pangangalap, at yugto ng pagtatapos. Ang bawat hakbang ay isinagawa nang may mataas na antas ng katumpakan, boluntaryong pakikilahok, at pagtiyak sa pagiging kumpidensiyal ng mga tugon ng mga respondente.

Paunang Yugto. Bago sinimulan ang aktuwal na pangangalap ng datos, naghain ang mananaliksik ng pormal na liham ng kahilingan sa Punong-Guro ng University of Cebu – Lapu-Lapu and Mandaue (UCLM) *Senior High School Department* upang humingi ng pahintulot na maisagawa ang pag-aaral sa mga mag-aaral ng Filipino sa Piling Larang (Akademik). Matapos makuha ang pahintulot, nakipag-ugnayan ang mananaliksik sa mga guro ng asignatura upang matukoy ang mga kalahok at maisaayos ang iskedyul ng pagsasagawa ng pagsusulit at pamamahagi ng talatanungan. Bawat respondente ay binigyan ng *Informed Consent Form* na naglalaman ng layunin ng pag-aaral, boluntaryong pakikilahok, pagtiyak sa pagiging lihim ng kanilang pagkakakilanlan, at karapatang umatras sa anumang oras kung nanaisin. Isinagawa rin ang isang maikling oryentasyon upang ipaliwanag ang layunin ng pananaliksik, ang nilalaman ng mga instrumento, at ang paraan ng pagsagot sa mga ito.

Yugto ng Pangangalap ng Datos. Ang aktuwal na pangangalap ng datos ay isinagawa matapos ang pormal na oryentasyon. Animnapung (60) mag-aaral sa Grade 12 na kumukuha ng Filipino sa Piling Larang (Akademik) ang napiling maging mga respondente. Isinagawa muna ang paunang pagsusulit *(pre-test*) upang masukat ang kasalukuyang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng posisyong papel batay sa mga pamantayang tulad ng linaw ng posisyon, mahahalagang punto, at tono. Pagkatapos ng *pre-test*, ipinatupad ng mananaliksik ang

interbensiyon sa pamamagitan ng *Canvas Learning Management System (LMS).* Sa yugtong ito, ang mga mag-aaral ay lumahok sa mga *online writing activities, peer reviews*, at *discussion boards* sa *Canvas* bilang bahagi ng kanilang pagsasanay sa akademikong pagsulat. Matapos maisagawa ang interbensiyon, isinagawa ang panghuling pagsusulit (*post-test*) upang masukat ang mga pagbabago sa pagganap ng mga mag-aaral. Kasabay ng pagsusulit, ipinasagot rin ang mga respondente sa talatanungan hinggil sa kanilang interes at retensiyon sa paggamit ng *Canvas LMS*. Ang mga pahayag sa talatanungan ay sinagutan gamit ang Limang Antas ng *Likert Scale* (Palagi–Hindi Kailanman), na inangkop mula sa pag-aaral ni Tapasao (2023). Ang lahat ng nakolektang datos ay tinipon nang maingat upang mapanatili ang integridad ng mga resulta.

Yugto ng Pagtatapos ng Pangangalap. Matapos makumpleto ang lahat ng pagsusulit at talatanungan, isinagawa ng mananaliksik ang beripikasyon, paglilinis, at pag-*eencode* ng datos upang matiyak na kompleto, wasto, at maayos ang lahat ng sagot. Inihanda ang mga datos para sa pagsusuring estadistikal gamit ang *mean, standard deviation, t-test* para sa magkaugnay na baryabol (*correlated samples*), at *analysis of variance* (*ANOVA*). Ang mga nakuhang resulta ay ginamit sa interpretasyon ng mga natuklasan at sa pagbuo ng *Lesson Exemplar* para sa pagtuturo ng pagsulat ng posisyong papel gamit ang *Canvas LMS*. Sa buong proseso ng pangangalap, mahigpit na sinunod ng mananaliksik ang mga etikong alituntunin upang mapangalagaan ang karapatan, dignidad, at pagiging kumpidensiyal ng lahat ng kalahok.

3. Resulta at Pagtatalakay

Ang kabanatang ito ay tumatalakay sa mga datos na nalikom na may kaugnayan sa mga tiyak na suliranin ng pag-aaral partikular sa paggamit ng *Canvas Learning Management System* bilang interbensiyon sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat ng posisyong papel sa Filipino 12. Kinapapalooban ito ng pagsusuri sa pauna at panghuling pagganap ng mga mag-aaral batay sa linaw ng posisyon, mahahalagang punto, at tono. Sinuri rin ang epekto ng paggamit ng *Canvas Learning Management System* sa interes at retensiyon ng mga mag-aaral, gayundin ang pagkakaiba ng kanilang pagganap bago at pagkatapos ng interbensiyon. Ang mga talahanayan ay magsisilbing biswal na representasyon upang maging mabisa ang paglalahad at pagpapakahulugan ng mga datos sa bawat bahagi ng pag-aaral.

3.1 Paunang pagganap sa pagsulat ng posisyong papel

Inilalahad sa bahaging ito ang paunang pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino 12 sa pagsulat ng posisyong papel gamit ang kombensiyonal na pamamaraan ng pagtuturo. Sinusuri rito ang kanilang kakayahan batay sa linaw ng posisyon, mahahalagang punto, at tono bilang panimulang batayan bago ang pagpapatupad ng interbensiyon. Ang mga resulta ay magsisilbing pundasyon sa paghahambing ng kanilang pagganap matapos gamitin ang *Canvas Learning Management System.*

3.1.1 Paunang pagganap sa pagsulat ng posisyong papel batay sa linaw ng posisyon

Upang matukoy ang paunang pagganap ng mga mag-aaral sa pagsulat ng posisyong papel, inilahad sa bahaging ito ang antas ng kanilang kakayahan batay sa linaw ng posisyon gamit ang kombensiyonal na pamamaraan ng pagtuturo. Ipinapakita sa talahanayan ang pangkalahatang antas ng pagganap ng mga respondente upang mailarawan ang kanilang kakayahan bago ang pagpapatupad ng interbensiyon.

Talahanayan 1

Paunang pagganap sa pagsulat ng posisyong papel batay sa linaw ng posisyon

Linaw ng posisyon	f	%	Mean	S.D.	Verbal Description	Interpretation
Napakahusay	2	3.3%	3.30	0.850	Katamtaman	Nauunawaan ang posisyon ngunit hindi ganap na naipaliwanag ang ilang ideya.
Mahusay	27	45.0%				
Katamtaman	18	30.0%				
Kailangang Pagbutihin	13	21.7%				

Legend: 1.00-1.80=Hindi katanggap-tanggap, 1.81-2.60=Kailangang Pagbutihin, 2.61-3.40=Katamtaman, 3.41-4.20=Mahusay, 4.21-5.00=Napakahusay

Ipinapakita sa Talahanayan 1 ang antas ng **linaw ng posisyon** ng mga respondente bago ang interbensyon. Makikita ng karamihan sa mga mag-aaral ay nasa antas na **Mahusay** (45.0%) at **Katamtaman** (30.0%), samantalang may 21.7% na nangangailangan pang pagbutihin at 3.3% lamang ang napakahusay. Ang kabuuang *mean* na **3.30** ay nasa antas na **Katamtaman**, na nagpapahiwatig na bagama't may ideya ang mga mag-aaral tungkol sa kanilang posisyon, hindi pa ito ganap na malinaw at organisado. Ang *standard deviation* na **0.850** ay nagpapakita na may kaunting pagkakaiba-iba sa kakayahan ng mga respondente. Nangangahulugan ito na bago ang paggamit ng interbensiyon, ang mga mag-aaral ay may kakayahang magpahayag ng kanilang paninindigan ngunit kulang sa kalinawan, detalye, at lohikal na pagpapaliwanag. Ipinapakita rin nito na may pangangailangan pa para sa mas malinaw na paggabay sa pagbuo ng argumento.

Ang kinalabasang ito ay sinusuportahan ng mga makabagong pag-aaral na nagsasabing ang mga mag-aaral ay kadalasang nahihirapan sa malinaw at organisadong paglalahad ng kanilang ideya sa akademikong pagsulat. Ayon kina Nenotek et al. (2022), isa sa mga pangunahing suliranin ng mga mag-aaral ay ang kahinaan sa pagbuo ng *thesis statement* at lohikal na pag-uugnay ng mga ideya, na nagreresulta sa hindi malinaw na posisyon. Gayundin, binigyang-diin ni Noori (2020) na ang akademikong pagsulat ay isang komplikadong gawain na nangangailangan ng malinaw, organisado, at sistematikong presentasyon ng ideya, isang aspekto na madalas na kulang sa mga mag-aaral. Dagdag pa rito, ipinakita sa pag-aaral nina Borabo et al. (2024) na kinakailangan ang mga makabagong interbensiyon sa pagtuturo upang mapahusay ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral, lalo na sa mga kasanayang may kinalaman sa organisasyon at pagpapahayag ng ideya.

3.1.2 Paunang pagganap sa pagsulat ng posisyong papel batay sa mahalagang punto

Ipinapakita sa bahaging ito ang paunang pagganap ng mga mag-aaral batay sa mahalagang punto sa pagsulat ng posisyong papel. Inilalahad rito ang antas ng kanilang kakayahan sa pagbuo at pag-uugnay ng mga ideyang sinusuportahan ng ebidensya bago ang interbensiyon.

Talahanayan 2

Paunang pagganap sa pagsulat ng posisyong papel batay sa mahalagang punto

Mahalagang Punto	f	%	Mean	S.D.	Verbal Description	Interpretation
Mahusay	16	26.7%				
Katamtaman	28	46.7%	3.00	0.736	Katamtaman	Ilan lamang ang mahahalagang puntong may batayang pananaliksik; kulang ang pag- uugnay.
Kailangang Pagbutihin	16	26.7%				

Legend: 1.00-1.80=Hindi katanggap- tanggap, 1.81-2.60=Kailangang Pagbutihin, 2.61-3.40=Katamtaman, 3.41-4.20=Mahusay, 4.21-5.00=Napakahusay

Sa Talahanayan 2, makikita ang distribusyon ng mga marka ukol sa **mahalagang punto** sa kanilang pagsulat. Pinakamarami ang nasa **Katamtaman** (46.7%), habang pantay ang bilang ng **Mahusay** at **Kailangang Pagbutihin** (26.7% bawat isa). Ang *mean* na **3.00** ay nasa antas pa rin ng **Katamtaman**, na nagpapahiwatig na ang mga ideyang inilalahad ng mga mag-aaral ay hindi pa ganap na suportado ng sapat na ebidensya o pananaliksik. Ang *standard deviation* na **0.736** ay nagpapakita ng medyo konsistent na *performance* ng mga respondente. Ipinapahiwatig nito na bagama't may kakayahan ang mga mag-aaral na maglahad ng punto, kulang pa ang lalim ng kanilang pagsusuri at ang koneksyon ng mga ideya. Mahalaga itong aspeto sa pagsulat ng posisyong papel dahil ang lakas ng argumento ay nakasalalay sa kalidad ng mga suportang ebidensya.

Ang mga natuklasan sa pag-aaral ay sinusuportahan ng mga makabagong pananaliksik na nagpapakita na ang mga mag-aaral ay kadalasang nahihirapan sa pagbuo ng mga argumentong may sapat na ebidensya at lohikal na pag-uugnay ng mga ideya. Ayon kina Oguguo et al. (2021), ang kakulangan sa kritikal na pagsusuri at paggamit ng angkop na sanggunian ay isa sa mga pangunahing hamon sa akademikong pagsulat, na nagreresulta sa mababaw na pagtalakay ng mga ideya. Gayundin, natuklasan nina Borabo et al. (2024) na ang pagganap ng mga mag-aaral ay may kaugnayan sa kanilang kakayahang mag-organisa at magpaliwanag ng mga ideya gamit ang suportang ebidensya. Dagdag pa rito, binigyang-diin ni Laflen (2023) na ang malinaw na pag-uugnay ng mga ideya at paggamit ng *feedback* ay mahalaga upang mapalalim ang pagsusuri at mapatatag ang argumento sa pagsulat.

3.1.3 Paunang pagganap sa pagsulat ng posisyong papel batay sa tono

Inilalahad sa bahaging ito ang paunang pagganap ng mga mag-aaral batay sa tono ng kanilang pagsulat ng posisyong papel. Sinusuri rito ang kanilang kakayahan sa paggamit ng angkop at mapanghikayat na wika bago ang pagpapatupad ng interbensiyon.

Talahanayan 3
Paunang pagganap sa pagsulat ng posisyong papel batay sa tono

Tono	f	%	Mean	S.D.	Verbal Description	Interpretation
Mahusay	10	16.7%	2.63	0.802	Katamtaman	May pagtatangkang makapanghikayat ngunit nararamdaman ang kawalan ng balanse.
Katamtaman	20	33.3%				
Kailangang Pagbutihin	28	46.7%				
Hindi katanggap- tanggap	2	3.3%				

Legend: 1.00-1.80=Hindi katanggap- tanggap, 1.81-2.60=Kailangang Pagbutihin, 2.61-3.40=Katamtaman, 3.41-4.20=Mahusay, 4.21-5.00=Napakahusay

Ang talahanayan 3 ay tumutukoy sa **tono** ng pagsulat. Makikita ng pinakamarami ang nasa **Kailangang Pagbutihin** (46.7%), kasunod ang **Katamtaman** (33.3%), at kakaunti lamang ang nasa **Mahusay** (16.7%) at **Hindi Katanggap-tanggap** (3.3%). Ang *mean* na **2.63** ay nasa antas ng **Katamtaman** ngunit malapit sa **Kailangang Pagbutihin**. Ipinapakita nito na nahihirapan ang mga mag-aaral sa paggamit ng angkop na tono - lalo na sa pagiging mapanghikayat at balanseng paglalahad. Ang interpretasyon nito ay ang mga mag-aaral ay may limitadong kakayahan sa paggamit ng retorikal na estilo sa pagsulat. May pagtatangka silang manghikayat, ngunit hindi pa ito ganap na epektibo. Ipinapakita rin nito na kailangan ng mas maraming pagsasanay sa paggamit ng wika at estilo sa akademikong pagsulat.

Ang mga natuklasan sa pag-aaral ay umaayon sa mga pananaliksik na nagpapakita na ang paggamit ng angkop at mapanghikayat na tono ay isa sa mga hamon sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral. Ayon kay Mendoza (2025), ang kakayahan sa pagpapahayag, kabilang ang estilo at tono, ay may malaking impluwensya sa pag-unawa at pakikilahok ng mga mag-aaral sa akademikong gawain. Gayundin, binigyang-diin ni Laflen (2023) na ang malinaw at angkop na paggamit ng wika, kabilang ang tono, ay mahalaga sa paghubog ng epektibong akademikong sulatin, at ang kakulangan dito ay nagreresulta sa hindi balanseng pagpapahayag ng ideya. Dagdag pa rito, natuklasan ni Bezbaruah (2025) na ang mga mag-aaral ay nangangailangan ng mas sistematikong paggabay upang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa paggamit ng wika at estilo sa pagsulat.

3.2 Panghuling pagganap sa pagsulat ng posisyong papel

Inilalahad sa bahaging ito ang panghuling pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino 12 sa pagsulat ng posisyong papel matapos gamitin ang *Canvas Learning Management System* bilang interbensiyon. Sinusuri rito ang kanilang kakayahan batay sa linaw ng posisyon, mahahalagang punto, at tono upang matukoy ang antas ng kanilang pag-unlad. Ang mga resulta ay magsisilbing batayan sa paghahambing ng pauna at panghuling pagganap ng mga mag-aaral.

3.2.1 Panghuling pagganap sa pagsulat ng posisyong papel batay sa linaw ng posisyon

Matapos ang pagpapatupad ng interbensiyon, inilahad sa bahaging ito ang panghuling pagganap ng mga mag-aaral batay sa linaw ng posisyon. Ipinapakita rito ang antas ng kanilang pag-unlad sa malinaw at organisadong pagpapahayag ng kanilang paninindigan.

Talahanayan 4
Paunang pagganap sa pagsulat ng posisyong papel batay sa linaw ng posisyon

Linaw ng Posisyon	f	%	Mean	S.D.	Verbal Description	Interpretation
Napakahusay	26	43.3%	4.43	0.500	Napakahusay	Malinaw at tiyak ang posisyon; madaling nauunawaan ng mambabasa sa unang basa.
Mahusay	34	56.7%				

Legend: 1.00-1.80=Hindi katanggap- tanggap, 1.81-2.60=Kailangang Pagbutihin, 2.61-3.40=Katamtaman, 3.41-4.20=Mahusay, 4.21-5.00=Napakahusay

Matapos ang interbensyon, makikita sa talahanayan 4 ang malaking pagbabago sa **linaw ng posisyon**. Wala nang nasa mababang antas; lahat ay nasa **Mahusay** (56.7%) at **Napakahusay** (43.3%). Ang *mean* na **4.43** ay nasa antas ng **Napakahusay**, na nagpapakita ng malinaw at organisadong pagpapahayag ng posisyon ng mga mag-aaral. Ang mababang *standard deviation* na **0.500** ay nagpapahiwatig ng mas konsistent na *performance*. Ipinapakita nito na naging epektibo ang interbensyon sa pagpapalinaw ng argumento ng mga mag-aaral. Mas naging direkta, tiyak, at madaling maunawaan ang kanilang mga ideya, na mahalagang katangian ng isang mahusay na posisyong papel.

Ang makabuluhang pag-unlad sa linaw ng posisyon ay umaayon sa mga pag-aaral na nagpapakita ng positibong epekto ng paggamit ng *Learning Management System* sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral. Ayon kay Lene (2025), ang integrasyon ng *Learning Management System* sa pagtuturo ay nakatutulong sa pagpapahusay ng organisasyon ng ideya at kabuoang pagganap ng mga mag-aaral. Gayundin, natuklasan ni Cavan Jr (2021) na ang paggamit ng *Learning Management System* ay nagpapataas ng *engagement* at kognitibong partisipasyon ng mga mag-aaral, na mahalaga sa malinaw at lohikal na pagpapahayag ng kanilang paninindigan. Dagdag pa rito, ipinakita nina Koh et al. (2021) na ang paggamit ng *digital feedback tools*, tulad ng nasa *Learning Management System* ay nakatutulong sa paglinang ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagrerebisa at pagpapalinaw ng kanilang mga ideya.

3.2.2 Panghuling pagganap sa pagsulat ng posisyong papel batay sa mahalagang punto

Inilalahad sa bahaging ito ang panghuling pagganap ng mga mag-aaral batay sa mahalagang punto matapos ang interbensiyon. Sinusuri rito ang kanilang kakayahan sa pagbibigay ng matibay na argumento at lohikal na pag-uugnay ng mga ideya.

Talahanayan 5

Paunang pagganap sa pagsulat ng posisyong papel batay sa mahalagang punto

Mahalagang Punto	f	%	Mean	S.D.	Verbal Description	Interpretation
Napakahusay	12	20.0%	3.98	0.651	Mahusay	May sapat na mahahalagang puntong nakabatay sa pananaliksik ngunit may kakulangan sa pagtalakay.
Mahusay	35	58.3%				
Katamtaman	13	21.7%				

Legend: 1.00-1.80=Hindi katanggap- tanggap, 1.81-2.60=Kailangang Pagbutihin, 2.61-3.40=Katamtaman, 3.41-4.20=Mahusay, 4.21-5.00=Napakahusay

Sa talahanayan 5, makikita ang pag-unlad sa aspeto ng **mahalagang punto**. Karamihan ay nasa **Mahusay** (58.3%), may 20.0% na **Napakahusay**, at 21.7% na **Katamtaman**. Ang *mean* na **3.98** ay nasa antas ng **Mahusay**, na nagpapakita ng mas matibay na paggamit ng ebidensya at mas maayos na pag-uugnay ng mga ideya. Ang *standard deviation* na **0.651** ay nagpapakita ng relatibong pagkakapare-pareho ng resulta. Ipinapahiwatig nito na mas naging kritikal at analitikal ang mga mag-aaral sa pagbuo ng kanilang argumento. Gayunpaman, may kaunting kakulangan pa sa lalim ng talakayan, na maaaring pagtuunan pa ng pansin sa susunod na mga gawain.

Ang pag-unlad sa pagbuo ng mahahalagang punto ay sinusuportahan ng mga pag-aaral na nagpapakita na ang paggamit ng *Learning Management Systems* ay nakatutulong sa pagpapalakas ng kritikal at analitikal na pag-iisip ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat. Ayon kay Rumusud (2025), ang paggamit ng *Learning Management System* ay nagpapataas ng *cognitive engagement*, na mahalaga sa pagbuo ng mas malalim at suportadong argumento. Gayundin, natuklasan nina Furqon et al. (2023) na ang integrasyon ng *Learning Management System* ay may positibong epekto sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-oorganisa at pagpapalawak ng kanilang mga ideya sa akademikong gawain. Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Morawski at Budke (2023) na ang paggamit ng *digital feedback* at *revision tools* ay nakatutulong sa pagpapalalim ng pagsusuri at pagpapatibay ng argumento ng mga mag-aaral.

3.2.3 Panghuling pagganap sa pagsulat ng posisyong papel batay sa tono

Ipinapakita sa bahaging ito ang panghuling pagganap ng mga mag-aaral batay sa tono ng kanilang pagsulat. Sinusuri rito ang pag-unlad sa paggamit ng angkop, balanse, at mapanghikayat na pagpapahayag matapos ang

interbensiyon.

Talahanayan 6
Paunang pagganap sa pagsulat ng posisyong papel batay sa tono

Tono	f	%	Mean	S.D.	Verbal Description	Interpretation
Napakahusay	6	10.0%				
Mahusay	30	50.0%	3.70	0.646	Mahusay	Nakapanghihikayat ngunit may ilang bahagi na hindi ganap na akma ang tono.
Katamtaman	24	40.0%				

Legend: 1.00-1.80=Hindi katanggap- tanggap, 1.81-2.60=Kailangang Pagbutihin, 2.61-3.40=Katamtaman, 3.41-4.20=Mahusay, 4.21-5.00=Napakahusay

Ang talahanayan 6 ay nagpapakita ng pagbuti sa **tono** ng pagsulat. Karamihan ay nasa **Mahusay** (50.0%), may 10.0% na **Napakahusay**, at 40.0% na **Katamtaman**. Ang *mean* na **3.70** ay nasa antas ng **Mahusay**, na nagpapakita ng mas epektibong paggamit ng wika upang makahikayat. Ang *standard deviation* na **0.646** ay nagpapakita ng mas pare-parehong kakayahan ng mga respondente. Sa interpretasyon, mas naging angkop at balanse ang tono ng mga mag-aaral, bagama't may ilang bahagi pa na nangangailangan ng *refinement*. Ipinapakita nito na ang interbensiyon ay nakatulong hindi lamang sa nilalaman kundi pati sa estilo ng pagsulat.

Ang pagbuti sa tono ng pagsulat ay umaayon sa mga pag-aaral na nagpapakita na ang paggamit ng *Learning Management Systems* ay nakatutulong sa pagpapahusay ng estilo at pagpapahayag ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat. Ayon kay Simelane-Mnisi (2023), ang paggamit ng *Learning Management System* ay nagpapataas ng *engagement* at komunikatibong kakayahan ng mga mag-aaral na mahalaga sa epektibong pagpapahayag ng ideya. Gayundin, binigyang-diin nina Strobl et al. (2023) na ang *digital feedback* na ibinibigay sa loob ng mga *online platforms* ay nakatutulong upang maging makinis ang estilo ng pagsulat kabilang ang paggamit ng angkop at balanseng tono. Dagdag pa rito, ipinakita ni Silagan (2025) na ang integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ay may positibong epekto hindi lamang sa nilalaman kundi pati na rin sa paraan ng pagpapahayag ng mga mag-aaral.

3.3 Pagkakaiba ng pauna at panghuling pagganap sa pagsulta ng posisyong papel

Upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng interbensiyon, inilahad sa bahaging ito ang resulta ng pagsusuring estadistikal. Ipinapakita rito kung may makabuluhang pagbabago sa linaw ng posisyon, mahalagang punto, at tono ng pagsulat.

Talahanayan 7
Pagkakaiba ng pauna at panghuling pagganap sa pagsulat ng posisyong papel

Pauna at Panghuling Pagganap	t-value	Mean difference	p-value	Decision	Interpretation
Linaw ng posisyon	8.64	1.133	<.001	Reject Ho	Significant
Mahahalagang punto	7.75	0.983	<.001	Reject Ho	Significant
Tono	7.83	1.067	<.001	Reject Ho	Significant

Ang talahanayan 7 ay nagpapakita ng ***significant* na pagkakaiba** sa pagitan ng *pre-test* at *post-test* sa lahat ng aspeto: linaw ng posisyon, mahalagang punto, at tono. Ang mga *t-value* (8.64, 7.75, 7.83) at *p-value* (<.001) ay nagpapakita na ang mga resulta ay *statistically significant* na ibig sabihin ay may makabuluhang pagkakaiba ang *pre-test* at *post-test* sa lahat ng pamantayan. Ipinapahiwatig nito na ang interbensiyon (*Canvas Learning Management System*) ay may malaking epekto sa pagpapabuti ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng posisyong papel. Ang makabuluhang pagtaas ng *mean scores* ay nagpapatunay na ang ginamit na pamamaraan ay epektibo at may positibong kontribusyon sa pagkatuto.

Ang makabuluhang pagkakaibang natukoy sa pagitan ng *pre-test* at *post-test* ay umaayon sa mga pag-aaral na nagpapakita ng positibong epekto ng paggamit ng *Learning Management System* sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ayon kay Bradley (2021), ang integrasyon ng *Learning Management System* sa pagtuturo ay nagdudulot ng makabuluhang pagtaas sa *performance* ng mga mag-aaral sa iba't ibang gawaing akademiko. Gayundin, natuklasan ni Sahni (2019) na ang paggamit ng *Learning Management System* ay nagpapahusay sa

cognitive engagement at *learning outcomes*, na nagreresulta sa mas mataas na antas ng pagkatuto. Dagdag pa rito, binigyang-diin ni Al-Ataby (2021) na ang paggamit ng *Canvas Learning Management System* ay nakatutulong sa mas sistematikong pagkatuto sa pamamagitan ng *structured activities*, *feedback mechanisms*, at patuloy na interaksyon, na nag-aambag sa makabuluhang pag-unlad ng kasanayan ng mga mag-aaral.

3.4 Epekto ng paggamit ng Canvas LMS sa interes at retensyon ng mga mag-aaral sa pagsulat ng posisyong papel

Sa bahaging ito, sinusuri ang epekto ng paggamit ng *Canvas Learning Management System* sa interes at retensiyon ng mga mag-aaral sa pagsulat ng posisyong papel. Tinutukoy dito ang antas ng kanilang motibasyon, pakikilahok, at kakayahang mapanatili at mailapat ang natutuhang kaalaman matapos ang interbensiyon. Ang mga resulta ay magsisilbing batayan sa pag-unawa sa impluwensiya ng teknolohiya sa pagpapahusay ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

3.4.1 Epekto ng paggamit ng Canvas LMS sa interes ng mga mag-aaral sa pagsulat ng posisyong papel

Inilalahad sa bahaging ito ang antas ng interes ng mga mag-aaral sa pagsulat gamit ang *Canvas Learning Management System*. Ipinapakita rito kung paano nakaapekto ang paggamit ng plataporma sa kanilang motibasyon at aktibong pakikilahok sa gawain.

Talahanayan 8

Epekto ng paggamit ng Canvas LMS sa interes ng mga mag-aaral sa pagsulat ng posisyong papel

Interes sa Pagsulat ng Posisyong Papel	*Mean*	*S.D.*	*Description*
Gamit ang *Canvas Learning Management System,* mas ginaganahan akong magsulat ng posisyong papel.	4.23	0.789	Palagi
Nagdudulot sa akin ng panibagong interes ang *Canvas Learning Management System* sa pagsulat ng mga tekstong argumentatibo tulad ng posisyong papel.	4.02	0.833	Madalas
Mas naging malugod ang aking pagsulat ng posisyong papel dahil sa mga interaktibong katangian nito gaya ng mga *modules* at *discussion boards*.	4.12	0.976	Madalas
Pinapahusay ng *Canvas Learning Management System* ang aking *enthusiasm* sa pagsulat ng posisyong papel sapagkat nagbibigay ng *real-time feedback* ang guro.	4.28	0.885	Palagi
Dahil sa *Canvas Learning Management System*, mas gustong- gusto ko nang magsulat ng posisyong papel kaysa sa tradisyonal na paraan.	4.13	0.911	Madalas
Mean Response	4.16	0.879	Madalas

Legend: 1.00-1.80=Hindi Kailanman, 1.81-2.60=Bihira, 2.61-3.40=Minsan, 3.41-4.20=Madalas, 4.21-5.00=Palagi

Ipinapakita sa talahanayan 8 ang mataas na antas ng **interes** ng mga mag-aaral sa pagsulat gamit ang *Canvas Learning Management System*. Ang *overall mean* na **4.16** ay nasa antas ng **madalas**. Pinakamataas ang *item* na may *mean* na **4.28 (*palagi*)**, na nagpapakita na ang *real-time feedback* ay isang mahalagang salik sa pagtaas ng interes ng mga mag-aaral. Ang iba pang mga *item* ay nasa antas ng **madalas**, na nagpapakita ng positibong pagtanggap sa teknolohiya. Ipinapahiwatig nito na ang paggamit ng *Canvas Learning Management System* ay lalong nakapagpapataas ng motibasyon at *engagement* ng mga mag-aaral sa pagsulat dahil sa interaktibong katangian nito.

Sinusuportahan ng mga umiiral na pag-aaral ang mataas na antas ng interes na ipinakita ng mga mag-aaral sa paggamit ng *Canvas Learning Management System*. Ayon kina Veluvali at Surisetti (2022), ang paggamit ng *Learning Management System* ay may positibong epekto sa *engagement* ng mga mag-aaral, lalo na sa aspetong kognitibo at emosyonal, na nagreresulta sa mas aktibong pakikilahok sa mga gawain. Gayundin, natuklasan ni Dang (2020) na ang paggamit ng *Canvas Learning Management System* ay nagpapataas ng *intrinsic* at *extrinsic motivation* ng mga mag-aaral dahil sa *interactive features* at *structured learning environment* nito. Dagdag pa rito, binigyang-diin ni Tuan (2023) na ang mga katangian ng *Canvas*, tulad ng *real-time feedback* at kolaboratibong gawain, ay nakatutulong upang gawing mas kawili-wili at makabuluhan ang proseso ng pagkatuto.

3.4.2 Epekto ng paggamit ng Canvas LMS sa retensyon ng mga mag-aaral sa pagsulat ng posisyong papel

Ipinapakita sa bahaging ito ang antas ng retensiyon ng mga mag-aaral sa kanilang natutuhan sa pagsulat ng posisyong papel. Sinusuri rito ang kanilang kakayahang maalala at magamit ang kaalamang natamo mula sa interbensiyon.

Talahanayan 9

Epekto ng paggamit ng Canvas LMS sa retensyon ng mga mag-aaral sa pagsulat ng posisyong papel

Retensiyon sa Pagsulat ng Posisyong Papel	Mean	S.D.	Description
Natutukoy ko ang kahulugan at kalikasan ng mahahalagang konseptong ginagamit sa pagsulat ng posisyong papel gamit ang *Canvas Learning Management System*.	4.35	0.709	Palagi
Naipaliliwanag ko nang maayos ang mga kaisipang nakapaloob sa aking posisyong papel gamit ang *Canvas Learning Management System*.	4.42	0.766	Palagi
Naisasaayos ko nang mabilis at may kahusayan ang mga ideya sa pagsulat ng posisyong papel gamit ang *Canvas Learning Management System.*	4.35	0.709	Palagi
Mas madali akong natuto ng pagsulat ng posisyong papel gamit ang *Canvas Learning Management System* kaysa sa hindi ito gumagamit.	4.27	0.821	Palagi
Ang *Canvas Learning Management System* ay nagpapabuti ng aking pangkalahatang pagganap sa pagsulat ng posisyong papel.	4.52	0.676	Palagi
Mean Response	4.38	0.736	Palagi

Legend: 1.00-1.80=Hindi Kailanman, 1.81-2.60=Bihira, 2.61-3.40=Minsan, 3.41-4.20=Madalas, 4.21-5.00=Palagi

Sa talahanayan 11, makikita ang napakataas na antas ng **retensiyon** ng kaalaman. Ang overall mean na **4.38** ay nasa antas ng **palagi**. Lahat ng indicators ay nasa **palagi**, na nagpapakita na ang mga mag-aaral ay patuloy na naaalala at nagagamit ang kanilang natutuhan. Pinakamataas ang *mean* na **4.52**, na tumutukoy sa pagpapabuti ng pangkalahatang pagganap. Ipinapakita nito na ang paggamit ng *Canvas Learning Management System* ay hindi lamang epektibo sa agarang pagkatuto kundi pati na rin sa pangmatagalang pag-unawa at aplikasyon ng kaalaman.

Ang mataas na antas ng retensiyon na ipinakita ng mga mag-aaral ay sinusuportahan ng mga pag-aaral na nagpapakita na ang paggamit ng *Learning Management System* ay nakatutulong sa pangmatagalang pagkatuto at pagpapanatili ng kaalaman. Ayon kina Hidayati at Slamet (2025), ang paggamit ng *Learning Management System* ay nagpapahusay sa *cognitive engagement*, na may direktang epekto sa retensiyon at pag-unawa ng mga mag-aaral. Gayundin, natuklasan ni Lin (2025) na ang paggamit ng *Canvas Learning Management System* ay nagpapalakas ng kognitibo, emosyonal, at *behavioral engagement*, na nagreresulta sa mas matibay na pagkatuto. Dagdag pa rito, binigyang-diin ni Shannaq (2025) na ang integrasyon ng *Learning Management System* sa edukasyon ay may positibong epekto sa akademikong pagganap at pagpapanatili ng kaalaman ng mga mag-aaral.

4. Kongklusyon

Inilahad sa bahaging ito ang mga mahahalagang resulta ng pag-aaral batay sa limang suliraning inilahad. Ang mga natuklasan ay nagpapakita ng antas ng pagganap ng mga mag-aaral bago at matapos ang interbensiyon, gayundin ang epekto ng paggamit *ng Canvas Learning Management System* (*LMS*) sa kanilang interes at retensiyon sa pagsulat ng posisyong papel. Lumitaw na ang paunang pagganap ng mga mag-aaral sa pagsulat ng posisyong papel ay nasa antas na katamtaman sa mga pamantayang linaw ng posisyon, mahahalagang punto, at tono. Ipinahihiwatig nito na bagama't may batayang kakayahan ang mga mag-aaral sa pagsulat, kinakailangan pa ng higit na paggabay upang mapalalim ang kanilang argumento, mapahusay ang organisasyon ng ideya, at maging mas angkop ang kanilang estilo ng pagpapahayag. Matapos ang implementasyon ng *Canvas Learning Management System*, kapansin-pansin ang pagtaas ng pagganap ng mga mag-aaral na umabot sa antas na mahusay hanggang sa napakahusay sa lahat ng pamantayan. Ipinapakita nito na ang paggamit ng nasabing plataporma ay nakatulong sa pagpapalinaw ng kanilang paninindigan, pagpapalawak ng mahahalagang punto, at pagpapahusay ng tono sa akademikong pagsusulat.

Ang pagsusuring estadistikal ay nagpakita ng makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pauna at panghuling pagganap ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig nito na ang pag-unlad sa kanilang kakayahan ay hindi nagkataon lamang, kundi may kaugnayan sa sistematikong paggamit ng *Canvas Learning Management System* bilang

interbensiyon sa pagtuturo. Ipinakita ng mga resulta na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng interes sa pagsulat ng posisyong papel gamit ang *Canvas Learning Management System*. Ang mga *interactive* na tampok nito, tulad ng *modules*, *discussion boards*, at *real-time feedback*, ay nakapagpapataas ng motibasyon at pakikilahok ng mga mag-aaral sa mga gawaing pampagsusulat. Gayundin, lumitaw na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng retensiyon sa kanilang natutuhan. Ipinapahiwatig nito na ang paggamit ng *Canvas Learning Management System* ay hindi lamang epektibo sa agarang pagkatuto kundi nakatutulong din sa pangmatagalang pag-unawa at aplikasyon ng mga konseptong may kaugnayan sa pagsulat ng posisyong papel.

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, ipinakita na ang mga mag-aaral ay nagsimula sa katamtamang antas ng kakayahan sa pagsulat ng posisyong papel, partikular sa linaw ng posisyon, pagbuo ng mahahalagang punto, at paggamit ng angkop na tono. Matapos ang implementasyon ng *Canvas Learning Management System*, nagkaroon ng makabuluhang pagtaas sa kanilang pagganap na umabot sa antas na mahusay hanggang sa napakahusay. Ipinakita rin ng resulta na mataas ang antas ng interes at retensiyon ng mga mag-aaral, na nagpapahiwatig ng aktibong pakikilahok at pangmatagalang pagkatuto. Higit pa rito, pinatunayan ng estadistikal na pagsusuri na may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pauna at panghuling pagganap, na nagpapatunay sa bisa ng ginamit na interbensiyon. Sa kabuoan, ipinakikita ng pag-aaral na ang paggamit ng *Canvas Learning Management System (LMS)* ay isang epektibong estratehiya sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsulat ng posisyong papel. Ang mga resulta ay umaayon sa pamamalagay ng pag-aaral na ang paggamit ng *Canvas Learning Management System* ay may direktang impluwensiya sa pagganap, interes, at retensiyon ng mga mag-aaral, kaya't napatunayan ang kahalagahan ng integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng akademikong pagsulat.

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, ang mga sumusunod na rekomendasyon ay inihahain upang higit pang mapahusay ang pagtuturo at pagkatuto sa pagsulat ng posisyong papel gamit ang *Canvas Learning Management System*.

- Sa natukoy na paunang pagganap ng mga mag-aaral na nasa katamtamang antas, inirerekomenda na palakasin ang pundasyon ng kanilang kasanayan sa pagsulat sa pamamagitan ng mas sistematikong pagsasanay. Dapat magbigay ang mga guro ng malinaw na gabay sa pagbuo ng posisyon, pag-oorganisa ng mga ideya, at paggamit ng angkop na tono upang matulungan ang mga mag-aaral na malinang ang kanilang kakayahan bago ang mas komplikadong gawain.

- Kasunod nito, dahil sa pagtaas ng panghuling pagganap ng mga mag-aaral matapos gamitin ang *Canvas Learning Management System*, iminumungkahi na ipagpatuloy at palawakin ang paggamit ng nasabing plataporma sa pagtuturo ng pagsulat. Mahalaga ang tuloy-tuloy na paggamit ng mga tampok nito tulad ng *modules*, *assignments*, at *feedback tools* upang mapanatili at higit pang mapaunlad ang mataas na antas ng pagganap.

- Kaugnay ng makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pauna at panghuling pagganap, nararapat na isama ang *Canvas Learning Management System* bilang bahagi ng *regular* na estratehiya sa pagtuturo ng Filipino sa Piling Larang. Ang sistematikong integrasyon nito ay maaaring magsilbing epektibong paraan upang matiyak ang tuloy-tuloy na pag-unlad ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral.

- Bilang tugon sa mataas na antas ng interes ng mga mag-aaral, hinihikayat ang mga guro na magdisenyo ng mas interaktibo at makabuluhang gawain gamit ang *Canvas Learning Management System*. Maaaring gamitin ang *discussion forums*, *peer review*, at *collaborative activities* upang mapanatili ang kanilang motibasyon at aktibong pakikilahok sa proseso ng pagkatuto.

- Sa huli, kaugnay ng mataas na antas ng retensiyon, iminumungkahi ang patuloy na paggamit ng *digital feedback* at *revising strategies* sa loob ng *Canvas Learning Management System*. Ang pagbibigay ng agarang puna at pagkakataon sa rebisyon ay makatutulong sa pagpapalalim ng pag-unawa at sa pangmatagalang aplikasyon ng mga kasanayang natutuhan sa pagsulat ng posisyong papel.

- Higit sa lahat, inirerekomenda ang paggamit ng nabuong *lesson exemplar* mula sa pag- aaral bilang gabay ng mga guro sa pagtuturo ng pagsulat ng posisyong papel gamit ang *Canvas Learning System.* Ang nasabing *lesson exemplar* ay maaaring magsilbing kongkretong modelo ng integrasyon ng teknolohiya sa akademikong pagsulat, at maaari pang paunlarin at iangkop sa iba't ibang konteksto ng paaralan upang higit na mapahusay ang kalidad ng pagtuturo at pagkatuto.

AI Use Disclosure - Sa paghahanda ng pananaliksik na ito, gumamit ang may-akda ng artipisyal na intelihensya (AI) upang mapadali ang ilang bahagi ng proseso. Partikular, ginamit ang *Gemini* para sa pagbuo ng mga ideya at pag-aayos ng balangkas (*outline*) ng pananaliksik, pagwawasto ng gramatika, pagpapabuti ng daloy ng pagsulat, at pagsasalin ng ilang termino at pagbibigay ng paliwanag sa mga komplikadong konsepto upang mas maging malinaw ang presentasyon. Walang kumpidensyal o personal na datos ang inilagay sa *AI tools.* Ang may-akda ang nagdadala ng buong responsibilidad sa katumpakan, integridad, at nilalaman ng huling bersyon ng dokumentong ito.

5. Mga Sanggunian

Al Dagamseh, R., & Osman, S. Z. (2024). *The effect of Canvas LMS on motivation, engagement, and interaction in Al Ain private schools*. International Journal of Academic Research in Progressive Education and Development, 13(4). https://doi.org/10.6007/IJARPED/v13-i4/23586

Al-Ataby, A. (2021). Hybrid learning using Canvas LMS. *European Journal of Education and Pedagogy*, *2*(6), 27-33. https://doi.org/10.24018/ejedu.2021.2.6.180

Avanceña, J. F., Publico, M. A. (Ed.), Pines, V., Dahiroc, A. L. A., & Diaz, N. E. D. (2020). *Filipino – Ika-12 Baitang: Ikalawang markahan, modyul 1 – Posisyong papel* (Unang ed.). Department of Education – Davao del Norte.

Bezbaruah, R. (2025). *Effective Writing and Style: An Introduction*. Chyren Publication.

Borabo, J. G., Diño, I. E., Gueta, J. A., Espela, D. F., Garcia, L. H., Espinosa, M. L., & Digo, G. S. (2024). Impact of the Utilization of Learning Management System in the Implementation of Distance Learning in Secondary Schools in the Philippines from 2019 to 2023. *Journal of Community Development Research (Humanities and Social Sciences)*, *17*(2), 1-13.

Borabo, J. G., Diño, I. E., Gueta, J. A., Espela, D. F., Garcia, L. H., Espinosa, M. L., & Digo, G. S. (2024). Impact of the Utilization of Learning Management System in the Implementation of Distance Learning in Secondary Schools in the Philippines from 2019 to 2023. *Journal of Community Development Research (Humanities and Social Sciences)*, *17*(2), 1-13. https://doi.org/10.14456/jcdr-hs.2024.9

Bradley, V. M. (2021). Learning Management System (LMS) use with online instruction. *International Journal of Technology in Education*, *4*(1), 68-92. https://doi.org/10.46328/ijte.36

Buhhong, M. J. D., & Guzman, R. B. (2025). *Kaalaman at kasanayan sa masinop na pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral sa Senior High School tungo sa pagbubuo ng kagamitang pampagkatuto*. *Pantao (The International Journal of the Humanities and Social Sciences), 4*(4), 5855–5865. https://doi.org/10.69651/PIJHSS0404539

Cavan Jr, W. (2021). Ang tagapamagitang epekto ng teknolohiya sa pagtuturo at pagkatuto sa ugnayan ng kahandaan sa pagsanib ng ict at kognitibong pagganap ng mga guro (The Mediating Effect of Technology in Teaching and Learning in the The Relationship between Teacher Readiness in Using ICT and Cognitive Performance). https://doi.org/10.2139/ssrn.3898981

Dang, T. (2020). Factors Influencing Students' perception of Usefulness of Canvas as a Learning Management System. http://hdl.handle.net/2077/66991

Emeterio, C. H., & Santiago, R. L. (2024). *Ang akademikong pagsulat ng mga mag-aaral kaugnay sa piling baryabol*. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research, 10*(8). https://doi.org/10.36713/epra20135

Evasco, E. Y., & Ortiz, W. P. (2017). *Filipino: Pagbasa at pagsulat sa piling larangan (Akademik): Batayang aklat sa Filipino sa Senior High School, binagong edisyon.* Quezon City: C & E Publishing, Inc.

Furqon, M., Sinaga, P., Liliasari, L., & Riza, L. S. (2023). The Impact of Learning Management System (LMS) Usage on Students. *Tem Journal*, *12*(2). https://www.ceeol.com/search/article-detail?id=1123847

Hidayati, D., & Slamet, J. (2025). Interactive multimedia via LMS on a reading comprehension course: Enhancing engagement and learning outcomes in Islamic higher education. *Journal of Studies in the English Language*, *20*(1), 95-122. https://doi.org/10.64731/jsel.v20i1.277426

Ismail, S.N., Hamid, S., Ahmad, M., Alaboudi, A., Jhanjhi, N. (2021). Exploring Students Engagement Towards the Learning Management System (LMS) Using Learning Analytics. *Computer Systems Science and Engineering*, *37(1)*, 73–87. https://doi.org/10.32604/csse.2021.015261

Koh, J. H. L., & Kan, R. Y. P. (2021). Students' use of learning management systems and desired e-learning experiences: Are they ready for next generation digital learning environments?. *Higher Education Research & Development*, *40*(5), 995-1010. https://doi.org/10.1080/07294360.2020.1799949

Laflen, A. (2023). Exploring how response technologies shape instructor feedback: A comparison of Canvas Speedgrader, Google Docs, and Turnitin GradeMark. *Computers and composition*, *68*, 102777. https://doi.org/10.1016/j.compcom.2023.102777

Lene, A. (2025). Integrasyon ng Information and Communication Technology Sa Pagtuturo ng Iba't Ibang Anyo ng Panitikan sa Sekondaryang Antas. *Ignation International Journal for Multidisciplinary Research*. https://doi.org/10.5281/zenodo.15311184

Ang musika ay isang makapangyarihang daluyan ng pagpapahayag ng kultura, identidad, at kolektibong karanasan ng isang sambayanan. Higit pa sa pagbibigay-aliw, nagsisilbi itong tagapagdala ng kasaysayan, pagpapahalaga, paniniwala, at mga kahulugang panlipunang humuhubog sa buhay ng mga tao. Ayon sa United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO, n.d.), ang musika ay bahagi ng mga sining ng pagtatanghal na maaaring magpahayag ng kasaysayan ng isang pamayanan at magkaroon ng dimensiyong panlipunan, pampolitika, at pang-ekonomiya. Kaugnay nito, ipinakita nina Negus at Román Velázquez (2002) na ang ugnayan ng musika at identidad ay masalimuot at hindi lamang nakabatay sa simpleng pagsasalamin ng pagkakakilanlan, kundi sa patuloy na ugnayan ng musikang panlipunan at pagbuo ng kahulugan ng sarili at kolektibong karanasan. Sa ganitong pananaw, maaaring suriin ang mga awitin bilang mga tekstong kultural na nagtataglay ng mga pahiwatig tungkol sa realidad ng buhay, ugnayang panlipunan, at karanasan ng isang pamayanan. Binibigyang-diin din ng UNESCO (n.d.) na ang mga pamanang di-nahahawakan, kabilang ang mga sining ng pagtatanghal, ay naipapasa at muling nililikha sa iba't ibang henerasyon, kaya nakatutulong ang mga ito sa pagpapanatili ng identidad at pagpapatuloy ng kulturang pamayanan.

Ang pagsusuri sa mga piling awitin ni Max Surban ay nagbibigay ng pagkakataong maunawaan kung paano inilalarawan ng mga liriko ang mga karanasan, pagpapahalaga, at kalagayang panlipunan ng mga Sebwano. Sa pamamagitan ng Teoryang Reyalismo at tematikong analisis, sinusuri sa pag-aaral na ito ang mga temang may kaugnayan sa buhay sa kanayunan, hanapbuhay, paglalakbay, buhay sa lungsod, tradisyonal na panggagamot, at ilusyon upang maipaliwanag ang ambag ng popular na musikang Sebwano sa pag-unawa sa realidad ng buhay at kulturang lokal.

Sa konteksto ng Pilipinas, mahalagang daluyan ang musika ng pagpapahayag ng pambansang pagkakakilanlan at kolektibong karanasan. Mula sa mga katutubong awit hanggang sa mga makabagong komposisyon, naipahahayag sa mga ito ang mga paniniwala, pagpapahalaga, at karanasang humuhubog sa kamalayang pangkultura ng mga Pilipino. Ayon kina Negus at Román Velázquez (2002), masalimuot ang ugnayan ng musika at identidad sapagkat nakikilahok ang musika sa patuloy na pagbuo at pag-unawa sa pagkakakilanlan ng mga indibidwal at pangkat. Kaugnay nito, kinikilala ng United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO, n.d.-a) ang mga sining ng pagtatanghal, kabilang ang musika, bilang mga anyo ng pagpapahayag na maaaring magtaglay ng kasaysayan at mga dimensiyong panlipunan, pampolitika, at pang-ekonomiya ng isang pamayanan. Ipinahihiwatig nito na ang mga awitin ay hindi lamang nililikha bilang libangan, kundi maaari ring magsilbing daluyan ng mga salaysay tungkol sa ugnayan ng mga tao, kanilang mga pagpapahalaga, at mga kalagayang kanilang nararanasan.

Sa ganitong pananaw, maaaring iturin ang mga liriko ng awitin bilang mga tekstong kultural na naglalarawan ng mga realidad at pagbabagong panlipunan. Ayon sa UNESCO (n.d.-b), ang pamanang di-nahahawakan ay naipapasa at muling nililikha ng mga pamayanan sa paglipas ng panahon, kaya nakatutulong ito sa pagpapanatili ng kanilang identidad at pagpapatuloy ng kanilang kultura. Sa gayon, ang mga awitin ay maaaring magsilbing tala ng mga karanasan at pananaw ng mga mamamayang humaharap sa iba't ibang isyung panlipunan. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga piling awitin ni Max Surban, matutukoy kung paano inilalarawan ng mga liriko ang mga karaniwang karanasan, suliranin, at pagpapahalaga ng mga Sebwano. Sa paggamit ng Teoryang Reyalismo at tematikong analisis, layunin ng pag-aaral na maipaliwanag kung paano nagiging daluyan ang popular na musikang Sebwano ng pag-unawa sa realidad ng buhay at sa patuloy na paghubog ng kulturang lokal.

Isa sa mga kilalang tagapagtaguyod ng musikang Sebwano si Max Surban, na nakilala sa kaniyang mga

novelty song na gumagamit ng katatawanan at mga paksang malapit sa pang-araw-araw na karanasan ng mga mamamayan. Sa halip na ituring lamang na libangan ang kaniyang mga awitin, maaaring suriin ang mga ito bilang mga tekstong kultural na naglalarawan ng mga paniniwala, kaugalian, hanapbuhay, at ugnayang panlipunan ng mga Sebwano. Sa pag-aaral nina Nacorda at Mandado (2023), sinuri ang mga piling novelty song ni Surban batay sa mga elementong kultural, kontekstong pangkasaysayan, at paggamit ng wika. Natuklasan nilang inilalarawan ng mga awitin ang ilang aspekto ng kulturang Bisaya, kabilang ang panliligaw, paniniwala sa tradisyonal na panggagamot, pangingisda, sabong, at pagiging mapagpatuloy. Ipinakikita ng kanilang pag-aaral na ang mga awitin ni Surban ay maaaring pagkunan ng kaalaman tungkol sa mga gawi at pagpapahalagang umiiral sa lipunang Sebwano.

Sinusuportahan din ito ng pag-aaral ni Cabridas (2024), na nagsagawa ng pagsusuring pangnilalaman sa labinlimang piling awitin ni Max Surban. Batay sa kaniyang mga natuklasan, taglay ng mga awitin ang mga temang may kaugnayan sa tradisyon, paniniwala, pagdiriwang, kaugalian, pagpapahalaga, at kasaysayan ng mga Pilipino. Ipinakita rin sa pag-aaral ang potensiyal ng mga lokal na awitin bilang kagamitang pampagtuturo na maaaring magpalalim sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa kulturang kinabibilangan nila. Samakatuwid, ang katatawanan sa mga awitin ni Surban ay hindi dapat ituring na simpleng layuning magbigay-aliw lamang; maaari rin itong maging paraan ng paglalahad ng mga karanasan at kultural na pananaw ng karaniwang mamamayan.

Mahalaga sa pagsusuri sa mga awiting ito ang Teoryang Reyalismo, na nakatuon sa mga paraan ng representasyon ng realidad sa mga akdang pampanitikan at iba pang anyo ng sining. Ipinaliwanag ni Shonkwiler (2020) na ang reyalismo ay may iba't ibang anyo at interpretasyon, ngunit nananatiling mahalaga rito ang usapin ng representasyon ng nagbabago at masalimuot na realidad. Sa ganitong pananaw, maaaring suriin ang mga liriko ni Surban upang matukoy kung paano inilalarawan ang mga karanasan, suliranin, paniniwala, at ugnayang panlipunan ng mga Sebwano. Gayunman, hindi dapat ipalagay na tuwirang katumbas ng aktuwal na buhay ang lahat ng inilalarawan sa awitin; kailangang bigyang-pansin ang paraan ng pagsasalaysay, paggamit ng katatawanan, at kontekstong kultural ng bawat teksto.

Bagama't napagtuunan na ng pansin sa mga naunang pag-aaral ang mga elementong kultural, paggamit ng wika, at mga pagpapahalagang nakapaloob sa mga awitin ni Max Surban (Cabridas, 2024; Nacorda & Mandado, 2023), mahalaga pa ring magsagawa ng pagsusuring nakatuon sa sistematikong pag-uugnay ng mga temang lumilitaw sa mga liriko at ng mga realidad na kinakatawan ng mga ito. Sa pamamagitan ng Teoryang Reyalismo at tematikong analisis, layunin ng kasalukuyang pag-aaral na suriin ang mga piling awitin ni Surban batay sa mga temang may kaugnayan sa buhay sa kanayunan, hanapbuhay, paglalakbay, buhay sa lungsod, tradisyonal na panggagamot, at ilusyon. Sa ganitong paraan, maipapaliwanag kung paano nagiging daluyan ang popular na musikang Sebwano ng mga salaysay tungkol sa buhay at kulturang lokal, gayundin kung paano nakatutulong ang pagsusuri sa mga awitin upang higit na maunawaan ang mga karanasan at pananaw ng mga Sebwano.Bagama't may mga naunang pag-aaral tungkol sa mga awiting Sebwano at pagsusuring pampanitikan sa mga piling awitin ni Max Surban, nananatiling mahalagang siyasatin kung paano inilalarawan ng kaniyang mga awitin ang iba't ibang realidad ng lipunang Sebwano. Partikular na nangangailangan ng masusing pagsusuri ang ugnayan ng mga temang may kinalaman sa buhay sa kanayunan, hanapbuhay, paglalakbay, buhay sa lungsod, tradisyonal na panggagamot, at ilusyon sa mga karanasan, pagpapahalaga, at kalagayang panlipunan ng mga Sebwano. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga temang ito gamit ang Teoryang Reyalismo at tematikong analisis, layunin ng pag-aaral na makapagbigay ng mas sistematikong pag-unawa sa mga awitin ni Max Surban bilang representasyon ng realidad ng buhay at kulturang Sebwano.

Natatangi ang pag-aaral na ito sa sistematikong pagsusuri nito sa sampung piling awitin ni Max Surban sa pamamagitan ng tematikong analisis, sistematikong pagkokoda, at Teoryang Reyalismo. Sa halip na limitahan ang pagsusuri sa pangkalahatang kahulugan o katangiang pampanitikan ng mga awitin, binibigyang-diin nito ang pagkakaugnay ng mga tema sa mga konkretong karanasan at realidad ng lipunang Sebwano. Sa ganitong paraan, nilalayon ng pag-aaral na mapalawak ang pag-unawa sa popular na musikang Sebwano bilang daluyan ng kaalamang panlipunan at kultural, gayundin ang potensiyal nito bilang kagamitang panturo sa pagsusuri ng

panitikan, wika, at kulturang lokal. Sa ganitong pagtalakay, mahalagang iugnay ang pagsusuri sa simbolismo sa mga awitin ni Max Surban sa mas malawak na usapin ng napapanatiling pag-unlad. Ang mga karanasan, pagpapahalaga, at suliraning panlipunang inilalarawan sa kaniyang mga awitin ay may kaugnayan sa mga layuning itinataguyod ng Sustainable Development Goals (SDGs) ng United Nations. Bagama't likhang-sining ang mga awitin, nagsisilbi rin itong tala ng kalagayang panlipunan at kultural na maaaring magbigay ng pag-unawa sa mga hamong kinakaharap ng mga ordinaryong mamamayan. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga simbolong kumakatawan sa kahirapan, kabuhayan, pamilya, pagkakaisa, edukasyon, pananampalataya, kapaligiran, at ugnayang panlipunan, naipakikita kung paano nakapaloob sa kulturang Sebwano ang mga usaping may kaugnayan sa inklusibo at napapanatiling pag-unlad. May tuwirang kaugnayan ang pag-aaral sa SDG 1 (No Poverty) sapagkat inilalarawan sa ilang awitin ang karanasan ng mga karaniwang Sebwano sa kahirapan, kakulangan, at paghahanapbuhay. Sa pamamagitan ng simbolismo, naihahayag ang mga kondisyon ng buhay ng mga indibidwal at pamilyang nagsisikap na makaagapay sa pang-araw-araw na pangangailangan.

Samakatuwid, ang pag-aaral ay may ambag sa tatlong mahalagang larangan: panitikan at musika, kulturang Sebwano, at napapanatiling pag-unlad. Sa larangan ng panitikan at musika, nakatutulong ito sa pagpapalawak ng pag-aaral sa awiting Bisaya bilang tekstong nagtataglay ng masalimuot na kahulugang panlipunan at kultural. Sa larangan ng kulturang Sebwano, nagsisilbi itong dokumentasyon ng wika, pagpapahalaga, karanasan, at pananaw ng isang pamayanan. Sa larangan naman ng napapanatiling pag-unlad, naipakikita nito na ang pangangalaga sa kultura at pagbibigay-halaga sa tinig ng karaniwang mamamayan ay mahalagang bahagi ng pagbuo ng isang inklusibo, makatarungan, at makakulturang lipunan. Sa huli, inaasahang makapag-aambag ang pag-aaral sa pagpapahalaga sa awiting Sebwano bilang mahalagang anyo ng panitikang popular at pamanang kultural. Higit pa sa aliw na hatid nito, ang mga awitin ni Max Surban ay maaaring basahin bilang mga tekstong nag-iingat ng alaala, karanasan, pagpapahalaga, at pananaw ng mga Sebwano. Sa pamamagitan ng paglalantad sa mga simbolismong nakaugat sa realistikong pamumuhay, naipakikita na ang musika ay hindi lamang salamin ng nakaraan kundi isang buhay na daluyan ng kaalaman at kulturang maaaring gamitin sa pag-unawa sa kasalukuyan at sa pagpapatuloy ng pamanang Sebwano sa mga susunod na salinlahi.

2. Metodolohiya ng Pag-aaral

Disenyo ng Pananaliksik - Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kuwalitatibong kontent analisis upang mailarawan ang iba't ibang simbolismo sa reyalistikong pamumuhay ng mga Sebwano. Ginamit ang kontent analisis sa pagsusuri ng mga liriko ng mga piling awitin sapagkat ang pagtuklas sa mga simbolong reyalistiko sa pamumuhay sa mga liriko ng awitin ang magsisilbing pangunahing pag-aaralan, ayon nga kay Prasad ang *content analysis* ay isang pag-aaral ng nilalaman na may kaugnayan sa mga kahulugan, konteksto, at layuning nakapaloob sa mga mensahe (1), kung kaya ang pagsusuring pangnilalaman ay naaayon gamitin.

Pinagmulan ng Datos - Ang mga datos na ginamit sa pag-aaral ay nagmula sa sampung (10) piling awitin ni Max Surban, partikular ang "Kinabuhing Bukidnon," "Payag Luyo sa Bungtod," "Kodaker," "Barkong Karaan," "Sa Syudad ug Bukid," "Albularyong Buta," "Kaming mga Mangingisda," "Karnabal na Pista," "Vendor's Boogie," at "Unang Pagtan-Aw sa Sine." Ginamit ang purposive sampling sa pagpili ng mga awiting tumutugon sa layunin ng pananaliksik. Kabilang sa mga pamantayan sa pagpili ang: (1) malinaw na atribusyon kay Max Surban; (2) pagkakaroon ng liriko na maaaring suriin; (3) pagtalakay sa mga karanasan, kaisipan, at pagpapahalagang panlipunan at pangkultura ng mga Cebuano; at (4) pagkakaroon ng kaugnayan sa pokus ng pag-aaral. Hindi isinama ang mga awiting may hindi matiyak na atribusyon, kulang o hindi mapagkakatiwalaang liriko, at walang tuwirang kaugnayan sa mga layunin ng pananaliksik. Kinuha ang mga liriko mula sa mga pampublikong elektronikong sanggunian, kabilang ang mga websayt at YouTube. Ginamit ang mga ito bilang tekstuwal na datos para sa pagsusuri, kalakip ang wastong pagkilala sa mga pinagmulan at pagsasaalang-alang sa mga karapatang-ari.

Paraan ng Pangangalap ng Datos - Ang pag-aaral ay nakatuon sa pagsusuri ng mga simbolismo sa reyalistikong pamumuhay ng mga Sebwano sa mga piling awitin ni Max Surban gamit ang Teoryang Realismo.

Binigyang-katiyakan sa pagsusuri ang mga pagsasagisag at pananagisagng kanta, kabilang ang tema ng mga isyung panlipunan, at mga sinasalamin na katotohanan.

Sa pagpili ng manunulat at akdang pampanitikan, pinili ng mananaliksik si Max Surban, isang Sebwanong mang-aawit at manunulat, dahil sa kanyang layuning mapreserba ang kulturang Sebwano. Ang kanyang mga obra ay sumasalamin sa reyalistikong pamumuhay at naglalaman ng mga mensaheng panlipunan, kaya angkop sa layunin ng pananaliksik. Kaugnay nito, inihanda ng mananaliksik ang paunang liham-pahintulot na naglalaman ng layunin, saklaw, at limitasyon ng pag-aaral, partikular sa paggamit ng kanyang mga akdang pampanitikan bilang datos para sa layuning akademiko. Ang liham ay ipinadala sa pamamagitan ng email, kalakip ang aprubadong dokumento mula sa etikal na komite ng Unibersidad at kasunduang nagpapatunay ng pahintulot ng manunulat sa paggamit ng kanyang mga obra.

Ang pangangalap ng mga awitin ni Max Surban ay itinakda, simula sa masusing pagpili ng mga awiting naglalaman ng simbolismo, isyung panlipunan, at reyalistikong pamumuhay ng mga Sebwano. Sinundan ito ng pagsusuri sa mga liriko, kung saan inanalisa ang mga sagisag, temang panlipunan, at mga realistang representasyon. Tiniyak na ang bawat awitin ay kaakibat ng layunin ng pananaliksik. Isinagawa ang pagdodokumento sa tatlong hakbang: una, itinala sa isang talahanayan ang mahahalagang simbolismo, temang panlipunan, at reyalistikong katotohanan; ikalawa, nangalap ng kaugnay na literatura tungkol sa panitikang Bisaya, reyalismo sa panitikan at musika, at simbolismo sa awitin; at ikatlo, siniguro ang integridad ng mga datos na ginamit upang mapanatili ang diwang totoo sa layunin ng pananaliksik.

Sa pagkalap ng datos, naging maingat ang mananaliksik sa paggamit ng impormasyon mula sa mga mapagkakatiwalaang sanggunian, at tiniyak ang wastong pagsipi upang mapanatili ang awtentisidad. Kumuha ng pahintulot mula sa may-akda o ahensyang may karapatan sa mga obrang ginamit, na inilaan lamang para sa layuning akademiko, hindi komersyal. Ang mga liriko ay inilathala na hindi binabago, habang ang lahat ng interpretasyon ay nakabatay sa masusing at makatotohanang pagsusuri upang maiwasan ang maling pagbasa. Ang mga resulta ng pananaliksik ay para sa akademikong gamit at maaaring ibahagi sa mga institusyong pang-edukasyon at sektor na may kaugnayan. Siniguro rin na ang pagsusuri ay isinagawa nang may paggalang at pagpapahalaga sa kulturang Sebwano, alinsunod sa mga etikal na pamantayan ng Unibersidad, tungo sa mas malalim na pag-unawa sa kanilang pamumuhay at pananaw.

Pamamaraan ng Pagsusuri ng Datos - Matapos makalap ang mga kinakailangang datos mula sa mga piling awitin ni Max Surban, isinagawa ang sistematiko at masusing pagsusuri gamit ang tematikong analisis (thematic analysis) at sistematikong pagkokoda (systematic coding). Layunin ng pamamaraang ito na matukoy, mauri, at mabigyang-kahulugan ang mga paulit-ulit na padron, kaisipan, karanasan, at representasyon ng realidad na nakapaloob sa mga liriko ng mga awitin. Nagsilbing pangunahing batayan sa pagsusuri ang Teoryang Reyalismo, na nakatuon sa paglalarawan at pagpapakahulugan sa mga katotohanan ng buhay at lipunan sa pamamagitan ng mga akdang pampanitikan. Kaugnay nito, binanggit ni Banao na ang teoryang ito ay nagpapahayag ng pagtanggap sa realidad ng buhay (p. 68). Sa pag-aaral na ito, ginamit ang naturang pananaw upang suriin kung paano inilalarawan ng mga awitin ang pang-araw-araw na karanasan, kalagayang pangkabuhayan, ugnayang panlipunan, at kulturang Sebwano.

Isinagawa ang pagsusuri ng datos sa pamamagitan ng tematikong analisis at sistematikong pagkokoda sa mga piling awitin ni Max Surban. Sinunod ang mga sumusunod na hakbang: 1) Paulit-ulit na binasa at sinuri ang mga liriko upang matukoy ang mahahalagang pahayag, kaisipan, at paglalarawan sa realidad ng pamumuhay ng mga Sebwano. 2) Tinukoy ang mga yunit ng kahulugan at nilapatan ng mga koda batay sa nilalaman, konteksto, at kaugnayan ng mga ito sa mga suliranin ng pag-aaral. 3) Pinagsama-sama ang magkakaugnay na koda upang makabuo ng mga kategoryang naglalarawan sa magkakatulad na karanasan, kaisipan, at penomenong panlipunan. 4) Binuo at pinino ang mga tema batay sa mga kategorya at paulit-ulit na padron na lumitaw sa mga liriko, kalakip ang pagsasaalang-alang sa mga bagong temang maaaring matukoy. 5) Sinuri ang mga tema gamit ang Teoryang Reyalismo upang maipaliwanag ang representasyon ng mga katotohanang panlipunan, karanasang kultural, at

realidad ng buhay ng mga Sebwano. 6) Muling sinuri ang mga koda, kategorya, at tema upang matiyak ang pagkakatugma ng mga ito sa mga tekstuwal na ebidensiya at layunin ng pananaliksik. 7) Inilahad ang mga resulta sa pamamagitan ng mga talahanayan at analitikal na talakay na nag-uugnay sa mga sipi ng liriko, koda, tema, at interpretasyong nakabatay sa Teoryang Reyalismo.

3. Mga Resulta at Talakayan

Sa bahaging ito ay inilalahad ang mga natuklasan at pagtalakay ng mga datos na nakalap ng mga mananaliksik ayon sa mga tiyak na suliranin ng pag-aaral. Inilahad ang mga elemento ng pagsasagisag at pananagisag, tema ng mga isyung panlipunan at pagsasalamin sa katotohanan. Ang paglalahad sa mga datos ay gumamit ng mga talahanayan upang maayos na mailahad ang mga datos ng pag-aaral.

3.1 Mga Elemento ng Pagsasagisag at Pananagisag

Sa unang bahagi ng pagsusuri ay inilalahad ang mga elemento ng pagsasagisag na namumutawi sa mga piling awitin, bawat awitin ay masusing sinuri ang mga salita o parirala o linya na nagpapakita ng mga sagisag kaugnay sa mensahe ng kanta. Tinukoy naman ang mga pananagisag nito batay konteksto ng lipunang Sebwano. Ayon nga kina Subhan at Funck, ang isang akdang pampanitikan ay maaaring bigyang-interpretasyon sa pamamagitan ng kontekstuwal na pagbasa, kung saan ang bawat yugto ay itinuturing na isang konteksto rin (3) dagdag pa nila, sa liriko ng awit, ginagamit ang simbolo bilang kasangkapan ng may-akda upang ilarawan ang proseso sa kanilang isinulat (Subhan at Funck 3).

Table 1
Mga Elemento ng Pagsasagisag at Pananagisag

Mga Awitin	Pagsasagisag	Pananagisag
Kinabuhing Bukidnon	Payag	Kahirapan at pagtitiis, ngunit may pagsusumikap at pag-asa.
Payag Luyo sa Bungtod	Kaingin	Kasipagan at pangunahing ikinabubuhay ng mga mamamayan.
Kodaker	Siyudad	Urbanisasyon at imahe ng pangarap na pag-unlad.
Barkong Karaan Karaan	Mga lumang kagamitan	Simbolo ng mga bagay na may halaga sa nakaraan at gamit ng publiko.
Sa Syudad ug Bukid	Suga / Electrik-fon / Kabaw	Teknolohiyang hindi karaniwan sa probinsya; mas madaling paraan ng pamumuhay sa siyudad.
Manwala na	Pagsasaka	Naglalarawan ng kahirapan at pagbabagong dulot ng modernisasyon.
Albularyong Buta	Albularyo	Tradisyunal na paniniwala at alternatibong paraan ng paggamot.
Kaming mga Mangingisda	Baybayon	Tahimik na pamumuhay ngunit limitado ang oportunidad.
Karnabal na Pista Boy	Mababang uri ng trabaho	Pagkapit sa kahit anong trabaho dulot ng kakulangan ng oportunidad.
Vendor's Boogie	Paradahan / Bangketa / Pantalan	Lugar ng hanapbuhay at daluyan ng kalakal; simbolo ng pag-asa ng mga manininda.
Unang Pagtan-aw sa Sine	Sine	Makabagong impluwensya sa tradisyonal na pamumuhay; bintana tungo sa banyagang kultura at ideolohiya.

Makikita sa Talahanayan 1 na ang mga piling awitin ni Max Surban ay nagsisilbing replektibong salamin ng pamumuhay, pananaw, pagpapahalaga, at kulturang Sebwano. Ang bawat awitin ay nagtataglay ng mga simbolo, tauhan, tagpuan, at imaheng nakaugat sa karanasan ng karaniwang tao; mga magsasaka, mangingisda, manggagawa, negosyante, pamilya, at mga indibidwal na patuloy na humaharap sa kahirapan, pagbabago, at mga hamon ng panahon. Dahil dito, ang mga awitin ay hindi lamang dapat unawain bilang mga tekstong musikal kundi bilang mga salaysay ng buhay na maaaring iugnay sa aktuwal na karanasan ng mga tao sa pamayanan. Sa pamamagitan ng mga simbolismong ginamit ni Surban, nagkakaroon ng pagkakataon ang tagapakinig na kilalanin ang sarili, ang pamilya, at ang kaniyang komunidad sa mga sitwasyong inilalarawan sa awitin. Sa ganitong paraan,

nagiging masining na ugnayan ang wika, kultura, lipunan, at tunay na buhay.

Una, natuklasan sa pagsusuri na ang mga awitin ay nagbibigay-diin sa dignidad ng paggawa at pakikibaka sa kabukiran at dagat. Sa Kinabuhing Bukidnon at Kaming mga Mangingisda, ipinakikita ang kasipagan, pag-asa, at katatagan ng mga taong nananatiling tapat sa kanilang hanapbuhay sa kabila ng kakulangan at kawalang-katiyakan. Sa ganitong pagbasa, ang bukid at dagat ay hindi lamang pisikal na lugar ng paggawa kundi nagsisilbing mga simbolo ng buhay, kabuhayan, at patuloy na pakikipagsapalaran ng karaniwang Sebwano. Maiuugnay ang ganitong representasyon sa kalagayan ng mga pamilyang umaasa sa agrikultura at pangingisda. Ayon sa Food and Agriculture Organization of the United Nations (FAO, 2024), bulnerable ang mga magsasaka at mangingisda sa Pilipinas sa mga panganib na dulot ng pagbabago ng klima, kabilang ang tagtuyot, pagbaha, at mga bagyo. Samantala, natuklasan nina Agbayani et al. (2013) na ang pagbabago ng klima at presyo sa pamilihan ay maaaring magdulot ng malaking pagkalugi sa mga maliliit na fish farmer, na kung minsan ay napipilitang mangutang o pansamantalang huminto sa kanilang operasyon. Sa konteksto ng Cebu at Siquijor, iniulat din ni Rica (2015) na maraming pamayanang malapit sa mga lugar ng aquaculture ang nananatiling mahirap sa kabila ng pagkakaroon ng oportunidad sa trabaho. Sa gayon, maaaring basahin ang mga awitin bilang masining na paglalarawan ng mga karanasang panlipunang kinakaharap ng mga manggagawa. Kapag naririnig ng tagapakinig ang kuwento ng magsasaka o mangingisda, maaari niyang maiugnay ito sa karanasan ng kaniyang magulang, kamag-anak, kapitbahay, o sa sarili niyang pagsisikap na matugunan ang pang-araw-araw na pangangailangan. Samakatuwid, ang mga awitin ay hindi lamang nagtatanghal ng mga kuwento ng hanapbuhay; maaari rin silang magsilbing daluyan ng pagkilala sa dignidad ng paggawa at sa mga hamong kinakaharap ng mga karaniwang mamamayan.

Sinusuportahan ng mga naunang pag-aaral ang interpretasyong ang ugnayan ng tao at kalikasan ay may tuwirang implikasyon sa kabuhayan at pagpapatuloy ng buhay. Iniulat ng Food and Agriculture Organization of the United Nations (FAO, 2007) na sa Gitnang Visayas, ang pagkakalbo ng kagubatan at pagguho ng lupa ay nagdulot ng sedimentasyon sa mga bahura, pagbaba ng kita sa pagsasaka, at pagtaas ng pagdepende ng ilang mamamayan sa pangingisda. Ipinakikita nito na magkakaugnay ang kalagayan ng kagubatan, lupa, dagat, at kabuhayan ng mga pamayanan. Dagdag pa rito, binibigyang-diin ng FAO (n.d.) na mahalaga ang maliliit na pangisdaan sa seguridad sa pagkain at nutrisyon ng maraming Pilipino, ngunit nanganganib ang pagpapanatili ng mga ito dahil sa hindi napapanatiling pamamahala ng yamang-tubig at pagkakalantad sa matitinding pangyayaring dulot ng panahon. Kaugnay nito, iniulat ng World Bank (2023) na ang labis na pangingisda, mapanirang pamamaraan ng pangingisda, pagkasira ng mga tirahan ng yamang-dagat, at mga gawaing panlupa ay nakaaambag sa pagbaba ng mga isdang nahuhuli sa Pilipinas. Sa ganitong konteksto, maaaring unawain ang Payag Luyo sa Bungtod at Barkong Karaan bilang mga tekstong naglalarawan sa kalikasan hindi lamang bilang tagpuan kundi bilang mahalagang bahagi ng karanasan, kabuhayan, at pag-asa ng tao. Ang pagbasa sa bundok, dagat, at paglalakbay bilang mga simbolo ng pinagmulan, panganib, at pagpapatuloy ng buhay ay isang interpretasyong nagmumula sa pagsusuri ng mga liriko; samantala, ang mga pag-aaral na nabanggit ay nagbibigay ng panlipunan at pangkapaligirang kontekstong nagpapatibay sa kabuluhan ng interpretasyong ito.

Ikatlo, lumitaw sa Kodaker at Karnabal sa Pista ang mga sosyo-ekonomikong realidad ng urbanong pamumuhay. Ipinakikita sa interpretasyong ito ang kawalang-katiyakan ng mga manggagawang maralita na, bagama't umaasa sa lungsod para sa kabuhayan, ay patuloy na nakararanas ng kahirapan at marginalisasyon. Ang lungsod ay maaaring ituring na simbolo ng pangarap at oportunidad, ngunit kasabay nito ay sumasagisag din sa kompetisyon, panganib, at hindi pagkakapantay-pantay.

Maiuugnay ang ganitong pagbasa sa pag-aaral ni Awi (2017) tungkol sa mga Sebwanong lumipat sa Metro Manila. Natukoy sa kaniyang pag-aaral na kabilang sa mga nagtutulak sa migrasyon ang kakulangan ng oportunidad at mababang sahod sa pinagmulan. Gayunman, nakaranas din ang mga migrante ng suliraning pinansiyal, kawalan ng seguridad sa trabaho, at mga hamon sa pag-angkop sa bagong kapaligiran. Ipinahihiwatig nito na ang paglipat sa lungsod ay hindi awtomatikong nagdudulot ng mas maayos na kalagayan sa buhay. Sinusuportahan din ito ng World Bank (2016), na nag-ulat na ang pagkakaroon ng trabaho ay hindi palaging nangangahulugan ng pag-ahon sa kahirapan, lalo na kung ang trabaho ay impormal, pansamantala, at mababa ang

sahod. Samantala, ipinakita ng ILO (2004) na ang maliliit na pagtitinda at iba pang gawaing impormal ay nagiging paraan ng paghahanapbuhay ng mga mahihirap at kulang sa trabaho. Sa ganitong pananaw, maaaring unawain ang mga awitin bilang masining na paglalarawan ng tensiyon sa pagitan ng pangarap na umasenso sa lungsod at ng aktuwal na pakikibaka upang mabuhay. Ang ganitong simbolikong pagbasa ay nagmumula sa pagsusuri ng mga liriko, samantalang ang mga nabanggit na pag-aaral ay nagbibigay ng panlipunang kontekstong sumusuporta sa interpretasyon.

Ikaapat, nakilala rin sa mga awitin ang pagpapatuloy ng mga tradisyunal na paniniwala at gawain sa kabila ng modernisasyon. Ang Albularyong Buta, halimbawa, ay maaaring unawain bilang paglalarawan sa pananatili ng mga katutubong gawi sa panggagamot at pananampalataya. Sa ganitong pagbasa, ang albularyo ay nagsisilbing simbolo ng katutubong kaalamang naipapasa mula sa isang salinlahi tungo sa iba. Pinatutunayan ito ng pag-aaral nina Del Fierro at Nolasco (2013), na nagtala sa mga tradisyunal na pamamaraan ng panggagamot at paggamit ng mga halamang-gamot ng mga mananambal sa timog-kanlurang Cebu. Gayundin, natuklasan ni Cerio (2024) na nananatiling mahalagang bahagi ng kaalamang pangkultura ng mga pamayanan sa Partido, Camarines Sur ang mga halamang-gamot at tradisyunal na gawi sa panggagamot, na karaniwang naipapasa sa pamamagitan ng pasalitang pagtuturo. Sinusuportahan din ng World Health Organization (WHO, 2021) ang pagkilala sa tradisyunal na medisina bilang sistema ng kaalaman, kasanayan, at paniniwalang nagmula sa magkakaibang kontekstong pangkasaysayan at pangkultura. Binibigyang-diin ng organisasyon ang pangangailangang paunlarin ang pananaliksik at tiyakin ang kaligtasan at kalidad ng mga tradisyunal na pamamaraang pangkalusugan. Ipinahihiwatig nito na ang pagpapatuloy ng tradisyunal na panggagamot ay hindi lamang usapin ng paniniwala, kundi bahagi rin ng pagpapanatili ng kaalamang lokal at pagkakakilanlang pangkultura. Sa kasalukuyan, bagama't laganap ang makabagong medisina at teknolohiya, may mga pamayanang patuloy na kumikilala sa payo ng matatanda, paggamit ng halamang-gamot, ritwal, at panata bilang bahagi ng kanilang tradisyon. Gayunman, hindi nangangahulugang ang lahat ng ganitong pamamaraan ay napatunayang mabisa o ligtas. Sa halip, mahalagang suriin ang mga ito nang may paggalang sa kultura at batay sa ebidensiyang siyentipiko. Samakatuwid, maaaring basahin ang Albularyong Buta bilang tekstong naglalarawan sa pag-iral ng tradisyon sa gitna ng pagbabago, kung saan nagtatagpo at kung minsan ay nagtutunggali ang katutubong paniniwala at makabagong kaalaman. Sa ganitong paraan, nagiging daluyan ang awitin ng pag-unawa sa ugnayan ng kultura, paniniwala, at pagbabago sa lipunang Sebwano.

Ikalima**,** sa mga awiting gaya ng *Vendor's Boogie* at *Unang Pagtan-aw sa Sine*, makikita ang masalimuot na transisyon ng lipunan mula sa tradisyon tungo sa modernidad. Ipinakikita rito ang pagnanais ng tao na makaranas ng bago at makasabay sa pagbabago, ngunit kasabay nito ay ang posibilidad na unti-unting mawala o mabago ang ilang tradisyunal na gawi at pagpapahalaga. Ang sine, komersiyo, at makabagong pamumuhay ay maaaring magsilbing mga simbolo ng pagbabago ng panlasa, pananaw, at pamumuhay ng mga Sebwano. Maiuugnay ito sa kasalukuyang karanasan ng mga kabataang nakikisalamuha sa digital na teknolohiya, social media, pandaigdigang kultura, at mga bagong paraan ng pagkonsumo ng impormasyon at aliwan. Sa isang banda, nagbubukas ang modernisasyon ng mga bagong posibilidad; sa kabilang banda, nagdudulot ito ng tanong kung paano mapananatili ang sariling wika, kultura, at identidad. Dahil dito, ang mga awitin ni Surban ay nananatiling mahalaga sapagkat naipakikita nila na ang pagbabago ay hindi lamang usapin ng teknolohiya kundi usapin din ng kung paano pinananatili ng isang pamayanan ang kaniyang pagkakakilanlan. Ayon kay Nibalvos (2019), ang ganitong dinamiko ay "palatandaan ng patuloy na paghubog ng identidad at kamalayan ng Pilipino sa gitna ng globalisasyon.".

Sa mas malawak na pagbasa, ang limang temang ito ay magkakaugnay at bumubuo ng isang kabuuang larawan ng realistikong pamumuhay ng mga Sebwano. Ang paggawa ay nakaugnay sa kabuhayan; ang kabuhayan ay nakadepende sa kalikasan; ang kalagayang pang-ekonomiya ay nakaaapekto sa pamilya at komunidad; ang tradisyon ay nagbibigay ng identidad; at ang modernisasyon ay patuloy na humuhubog sa paraan ng pamumuhay. Ibig sabihin, ang isang simbolo sa awitin ay hindi dapat tingnan nang hiwalay sa iba pang aspekto ng buhay. Ang bukid ay hindi lamang bukid, ang dagat ay hindi lamang dagat, ang lungsod ay hindi lamang lungsod, at ang albularyo ay hindi lamang isang tauhan. Ang mga ito ay kumakatawan sa mas malalim na karanasan ng tao sa

paghahanapbuhay, pakikibaka, pag-asa, pagkakakilanlan, at pag-angkop sa pagbabago.

Sa ganitong pananaw, ang mga awitin ni Surban ay nagiging mahalaga sa tunay na buhay sapagkat nagbibigay ang mga ito ng pagkakataon upang makilala ng tagapakinig ang kaniyang sarili sa loob ng kuwento ng ibang tao. Ang karanasan ng magsasaka ay maaaring maging karanasan ng isang pamilya; ang paghihirap ng mangingisda ay maaaring maging repleksiyon ng suliranin ng isang pamayanan; ang pakikipagsapalaran ng manggagawa sa lungsod ay maaaring maging salaysay ng isang pamilyang naghahanap ng mas magandang buhay; at ang tunggalian ng tradisyon at modernidad ay maaaring maging karanasan ng isang kabataang nagsisikap na pagsabayin ang sariling kultura at makabagong pamumuhay. Dahil dito, ang musika ay nagiging tulay sa pagitan ng tekstong musikal at aktuwal na karanasan.

Sa pangkalahatan, ipinakikita ng mga natuklasan na ang mga piling awitin ni Max Surban ay hindi lamang produkto ng sining o libangan kundi makabuluhang kasangkapan sa pag-unawa sa kamalayang panlipunan at pangkulturang Sebwano. Nagiging daluyan ang mga ito ng kolektibong tinig ng masa sa pagsasalaysay ng mga karanasan sa kahirapan, paggawa, pakikibaka, pag-asa, paniniwala, at pagbabago. Sa pamamagitan ng katatawanan, satira, at mga karaniwang tagpo sa buhay, naihaharap ng mga awitin ang mga karanasang maaaring makilala at maiugnay ng mga tagapakinig sa kanilang sariling pamumuhay. Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina Nacorda at Mandado (2023), Sipat-suri-lapat sa pagdalumat sa mga Sebwano novelty songs, na nagsuri sa mga piling awitin ni Surban, kabilang ang Albularyong Buta at Mr. Kodaker. Natuklasan nila na inilalarawan sa mga awitin ang mga aspekto ng kulturang Bisaya, gaya ng panliligaw, paniniwala sa mga tradisyunal na manggagamot, pangingisda, sabong, at pagpapahalaga sa pagiging mapagpatuloy. Napansin din nila ang paggamit ng katatawanan, sarkasmo, at malikhaing wika sa paghahatid ng mga mensahe.

Kaayon nito, natuklasan ni Cabridas (2024) sa kaniyang pagsusuring pangnilalaman sa labinlimang awitin ni Surban na ang mga ito ay nagtatampok ng mga paniniwala, kaugalian, tradisyon, pagdiriwang, pagpapahalaga, at kasaysayan. Ipinakikita ng mga pag-aaral na ito na ang mga awitin ay maaaring suriin bilang mga tekstong kultural na nagtataglay ng mga bakas ng kolektibong karanasan at pagpapahalaga ng pamayanan. Sa mas malawak na pananaw, ipinaliwanag ni Danaher (2010) na mahalaga ang musika sa paghubog ng kolektibong identidad, emosyon, pagkakaisa, at kulturang panlipunan. Ipinahihiwatig nito na ang musika ay hindi lamang personal na karanasan o indibidwal na pagpapahayag; maaari rin itong maging daluyan ng mga ideya at karanasang nag-uugnay sa mga kasapi ng isang pamayanan. Kaugnay nito, kinikilala ng United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO, n.d.) ang mga anyo ng pamanang di-nahahawakan bilang mga gawaing pangkultura na naipapasa sa iba't ibang salinlahi, nagbabago kasabay ng kapaligiran, at nagbibigay ng pagkakakilanlan at pagpapatuloy sa mga pamayanan. Sa ganitong pagtingin, maaaring ituring ang mga piling awitin ni Surban bilang mga buhay na tekstong panlipunan at pangkultura. Hindi lamang nila inilalarawan ang mga karanasan ng nakaraan; nag-aalok din sila ng mga pagkakataong muling suriin ang mga suliranin, pagpapahalaga, at pagbabagong patuloy na nararanasan ng mga Sebwano sa kasalukuyan. Ang kanilang kabuluhan ay nakasalalay hindi lamang sa pagiging popular o nakaaaliw, kundi sa kakayahan nilang magpanatili at magpahayag ng mga lokal na pananaw, karanasan, at kaalamang pangkultura.

Samakatuwid, ang simbolismo at realismo sa mga awitin ay nagiging magkaugnay na paraan ng pag-unawa sa lipunang Sebwano: ang realismo ang naglalantad sa mga karanasang panlipunan, samantalang ang simbolismo ay nagbibigay ng mas malalim na kahulugan sa mga bagay, lugar, hanapbuhay, paniniwala, at gawaing inilalarawan sa mga liriko. Sa pamamagitan ng ganitong pagbasa, naipakikita na ang mga awitin ay maaaring magsilbing batis ng kaalamang pangkultura at panlipunan, bagama't ang kanilang mga representasyon ay dapat unawain bilang masining na paglalarawan at hindi awtomatikong ganap na representasyon ng karanasan ng lahat ng Sebwano. Sa pangkalahatan, ipinakikita ng pag-aaral ang potensiyal ng mga awitin ni Max Surban sa pagpapalalim ng pag-unawa sa sagisag at pananagisag bilang mga paraan ng pagpapahayag at pagbibigay-kahulugan sa kulturang Sebwano. Gayunman, kailangan pa ng karagdagang pananaliksik upang mataya ang bisa ng mga ito sa aktuwal na pagtuturo at pagkatuto.

3.2 Tema ng mga Isyung Panlipunan

Ipinapahayag sa pagsusuri ng talahanayan na ito ang mga tema na naglalantad ng mga isyung panlipunan sa konteksto ng lipunang Sebwano na siyang matutunghayan sa mga piling awitin. Sinabi nga nina Olarte atbp. na ang musika o awitin at karanasan ay palaging magkakaugnay. Dagdag pa, tangan nito ang mahalaga at tiyak na papel sa pagsasalamin ng tunggalian at kultura ng lipunan. Ipinapahayag nito ang damdamin, ibinubunyag ang mga suliraning nararanasan ng mga tao, at humihimok sa mamamayan tungo sa sama-samang pagkilos (2). Ang pagsusuri sa mga temang ito ay naglalantad ng mga isyu na kung saan nasasalamin sa mga pangyayari sa lipunan partikular sa mga lipunang Sebwano at nakakaapekto sa kanilang pamumuhay.

Talahanayan 2
Mga Tema ng mga Isyung Panlipunan

Mga Awitin	Tema	Linya
Kinabuhing Bukidnon	Kakulangan ng Oportunidad sa Pormal na Sektor	Manguha lang ug bagakay (Linya 6)
Payag Luyo sa Bungtod	Kakulangan ng Oportunidad sa Pormal na Sektor	Pabaylo-a'g humay, Pabaylo-a'g buwad nga law-law (Linya 23–24)
Kodaker	Urbanisasyon at Migrasyon	Nipuyo ako's sa siyudad, Kapobre hinuun misamot (Linya 6–7)
Sa Syudad ug Bukid	Hindi Pantay na Kaunlaran	Didto siyudad ilang suga arang hayaga, 'electrik-fon' ilang tawgon (Linya 3)
Sa Syudad ug Bukid	Hindi Pantay na Kaunlaran	Ning baryo nga labing mamingaw, magsakay-sakay sa kabaw (Linya 18)
Karnabal na Pista	Kakulangan ng Oportunidad sa Pormal na Sektor	Mi-apply ko didto, bisan nalang ug boy (Linya 4–5)
Kaming mga Mangingisda	Kakulangan ng Proteksyon at Seguridad sa Trabaho	Lawod among latason-latason, unos, ulan among antuson (Linya 33–34)
Vendor's Boogie	Alternatibong Pagkakakitaan	May vendors sa kadalanan, sa bangketa ug pantalan (Linya 3–4)
Barkong Karaan	Kakulangan sa Serbisyong Pampubliko	Barkong gepasahero, Sigeg ka aberya, Kay karaan kaayo (Linya 1–4)
Albularyong Buta	Paniniwala sa Tradisyunal na Panggagamot at Potensyal na Panganib Nito	Tanang sakit iyang tambalan, Bisan pa ug ma-engkanto (Linya 5–6)
Albularyong Buta	Paniniwala sa Tradisyunal na Panggagamot at Potensyal na Panganib Nito	Apan paglingkod siya nahiulpot, Laing hubag mitubo sa iyang lubot (Linya 27–28)
Unang Pagtan-Aw sa Sine	Kakulangan sa Kaalaman sa Midya at Teknolohiya	Ako na-ignorante kay unsingalan ba kadto, Mangitngit man bisa'g udto (Linya 2–3)
Unang Pagtan-Aw sa Sine	Kakulangan sa Kaalaman sa Midya at Teknolohiya	Nahadlok ko nga ma-igo mikober ko's lingkuranan (Linya 11)

Inilalahad sa Talahanayan 1, natuklasan sa mga piling awitin ni Max Surban, na ang kaniyang mga likha ay hindi lamang simpleng salamin ng karanasang personal o lokal, kundi isang panlipunang dokumento na naglalarawan ng kalagayan, kamalayan, at kulturang Sebwano sa harap ng patuloy na pag-unlad at hindi pagkakapantay-pantay sa lipunan. Ang bawat awitin ay nagsisilbing boses ng mga karaniwang mamamayang magsasaka, mangingisda, manggagawa, at maralitang tagalungsod na kadalasang hindi naririnig sa diskursong pambansa. Sa pamamagitan ng mga awitin, nailahad ni Surban ang mga temang panlipunan tulad ng kahirapan, kakulangan ng oportunidad, migrasyon, urbanisasyon, hindi pantay na kaunlaran, kakulangan ng serbisyong pampubliko, at ang pananatili ng mga tradisyunal na paniniwala sa gitna ng modernisasyon.

Ang temang kahirapan ang isa sa mga pangunahing motibong umuugma sa mga piling awitin ni Max Surban. Sa Kinabuhing Bukidnon at Payag Luyo sa Bungtod, inilalarawan sa interpretasyon ng mga liriko ang kawalan ng katiyakan sa kabuhayan, kakulangan ng ani, at paghihirap ng mga magsasakang umaasa sa limitadong pinagkukunan ng kita. Ipinakikita ng mga awitin na ang kahirapan ay hindi lamang maipapaliwanag bilang bunga ng katamaran o kakulangan sa pagsisikap ng isang indibidwal. Maaari rin itong unawain bilang bunga ng mga estruktural na suliranin, gaya ng hindi pantay na akses sa lupa, puhunan, kagamitang pangproduksiyon, at mga oportunidad sa pamilihan.

May batayang empirikal ang ganitong pagbasa. Ayon sa Philippine Statistics Authority (PSA, 2025), noong 2023, umabot sa 27.0% ang poverty incidence sa mga magsasaka at 27.4% sa mga mangingisda. Ipinakikita ng mga bilang na ito na nananatiling mabigat na suliranin ang kahirapan sa mga sektor na mahalaga sa produksiyon ng pagkain at pagpapanatili ng kabuhayan sa kanayunan. Dagdag pa rito, iniulat ng World Bank (2021) na ang mababang kita ng mga sambahayang umaasa sa pagsasaka at pangingisda ay may kaugnayan sa kakulangan ng mga kagamitang pangproduksiyon, limitadong akses sa pautang, at mahinang akses sa pamilihan. Ipinahihiwatig ng mga natuklasang ito na kahit masipag ang mga manggagawa sa kanayunan, maaaring manatiling limitado ang kanilang pag-angat sa buhay kung hindi sapat ang mga yamang pangkabuhayan at oportunidad na kanilang napakikinabangan.

Kaugnay nito, naitala ng PSA (2025) na 21.8% lamang ng tinatayang 19.68 milyong indibidwal na kabilang sa populasyong agrikultural ang nag-ulat na nagmamay-ari o may ligtas na karapatan sa lupang agrikultural. Bagama't hindi direktang katumbas ng kawalan ng lupa ang datos na ito, ipinakikita nito ang kahalagahan ng pagsusuri sa akses at seguridad sa pagmamay-ari o paggamit ng lupa bilang bahagi ng pag-unawa sa kalagayan ng mga magsasaka. Sa ganitong konteksto, maaaring basahin ang bukid sa mga awitin ni Surban bilang higit pa sa lugar ng pagtatrabaho: maaari rin itong maging sagisag ng pagsisikap, limitadong oportunidad, at pakikibaka para sa pang-araw-araw na pangangailangan.

Sa teoretikal na antas, maiuugnay ang ganitong pagsusuri sa pananaw nina Kellner at Share (2005) sa critical media literacy. Binibigyang-diin nila ang pangangailangang suriin ang mga tekstong pangmidya at pangkultura hindi lamang batay sa nilalaman ng mga ito, kundi pati sa mga ideolohiya, pagpapahalaga, at ugnayan ng kapangyarihang maaaring nakapaloob sa kanilang representasyon. Sa paglalapat nito sa mga awitin ni Surban, nagiging mahalagang tanong kung paano inilalarawan ang mahihirap na manggagawa, anong mga kondisyong panlipunan ang nakaaapekto sa kanilang buhay, at kung paano ipinahihiwatig ng mga liriko ang ugnayan ng personal na pagsisikap at mga estruktural na suliranin.

Sa madaling sabi, ang mga awitin ay maaaring magsilbing daluyan ng kritikal na pag-unawa sa kahirapan sa kanayunan. Sa halip na ilarawan lamang ang paghihirap bilang personal na kapalaran, maaaring ipakita ng mga ito ang mas malawak na kontekstong panlipunan na humuhubog sa karanasan ng mga magsasaka. Gayunman, ang ganitong interpretasyon ay dapat nakabatay sa aktuwal na mga linya at imaheng matatagpuan sa mga liriko, habang ginagamit ang mga estadistika at pag-aaral bilang kontekstuwal na patunay sa umiiral na mga suliraning pangkabuhayan.Kasunod nito, natuklasan na ang urbanisasyon at migrasyon ay mahalagang bahagi ng lipunang Sebwano. Sa mga awiting "*Kodaker*" at "*Sa Syudad ug Bukid*," makikita ang pagnanais ng mga taga-probinsiya na makamit ang pag-unlad sa siyudad, subalit kadalasan ay nauuwi ito sa pagkadismaya at panibagong anyo ng kahirapan. Ipinakita ni Awi na ang migrasyon ng mga Sebwano sa Metro Manila ay dulot ng pag-asa sa mas mataas na kita, ngunit karaniwang nauuwi sa pagharap sa mababang sahod at impormal na trabaho ("Urban–Urban Migration"). Samantala, ayon kina Chua et al., patuloy ang lumalaking agwat ng kita at oportunidad sa pagitan ng rural at urban na lugar, na nagdudulot ng hindi pantay na pag-unlad sa bansa ("Urban-Rural Income and Wage Gaps in the Philippines").

Naitala rin sa mga awitin ang kakulangan ng proteksiyon at seguridad sa trabaho. Sa Karnabal na Pista, Vendor's Boogie, at Kaming mga Mangingisda, maaaring suriin ang mga karanasan ng mga manggagawang umaasa sa impormal at pabagu-bagong pagkakakitaan. Sa ganitong pagbasa, inilalantad ng mga awitin ang kawalang-katiyakan ng hanapbuhay ng mga maralitang manggagawa, na bagama't nagsisikap na kumita, ay maaaring manatiling bulnerable sa mababang kita, kakulangan ng benepisyo, at kawalan ng matatag na oportunidad.

May batayan sa literatura ang ganitong interpretasyon. Ayon kay Yu (2004), sa ulat ng International Labour Organization (ILO), ang impormal na paggawa sa Pilipinas ay may kaugnayan sa mga suliranin sa kondisyon ng trabaho, akses sa mga produktibong yaman, pautang, at sistemang panlipunang panseguridad. Kabilang sa mga karaniwang halimbawa nito ang pagtitinda sa lansangan at pagpapatakbo ng maliliit na tindahan bilang paraan ng

pagtugon sa pang-araw-araw na pangangailangan. Ipinakikita ng pag-aaral na ang impormal na kabuhayan ay hindi lamang bunga ng indibidwal na pagpili, kundi may kaugnayan din sa limitadong oportunidad sa pormal na ekonomiya.

Kaugnay nito, binibigyang-diin ng ILO (n.d.) na nananatiling hamon sa Pilipinas ang pagpapalawak ng saklaw ng social security, lalo na para sa mga manggagawang hindi regular na kabilang sa pormal na sektor. Kapag hindi sapat ang proteksiyong panlipunan, higit na nanganganib ang mga manggagawa at kanilang pamilya kapag nagkasakit, nawalan ng kita, o nakaranas ng iba pang hindi inaasahang pangyayari. Pinagtitibay rin ng OECD Economic Surveys: Philippines 2026 na malaking bahagi ng mga manggagawa sa bansa ang nasa impormal na sektor at hindi ganap na nasasaklaw ng mga proteksiyon sa paggawa, pensiyon, at iba pang benepisyo. Gayunman, hindi lamang kahinaan at paghihirap ang maaaring makita sa mga awitin. Mahalaga ring bigyang-pansin ang katatagan at kakayahang umangkop ng mga Sebwano sa harap ng limitadong oportunidad. Ang patuloy na pagtatrabaho, paghahanap ng alternatibong pagkakakitaan, at pag-angkop sa nagbabagong kalagayan ay maaaring basahin bilang mga pagpapakita ng resilience o katatagang panlipunan at pangkabuhayan. Sa ganitong pananaw, ang mga manggagawa ay hindi lamang inilalarawan bilang mga biktima ng kahirapan; kinikilala rin ang kanilang pagkilos at pagsisikap upang mapanatili ang kabuhayan ng pamilya.

Samakatuwid, ang mga awitin ni Surban ay maaaring unawain bilang mga tekstong naglalantad sa dalawang magkaugnay na realidad: una, ang mga estruktural na limitasyong humahadlang sa pagkakaroon ng matatag at marangal na trabaho; at ikalawa, ang kakayahan ng mga karaniwang mamamayan na magpatuloy at humanap ng paraan upang mabuhay sa kabila ng mga limitasyong ito. Ang ganitong interpretasyon ay dapat iugnay sa mga tiyak na linya ng bawat awitin upang maipakita kung paano inilalarawan sa mga liriko ang kawalang-katiyakan sa trabaho at ang katatagan ng mga manggagawa.

Sa aspekto ng serbisyong pampubliko at tradisyunal na paniniwala, inilalarawan sa Albularyong Buta ang papel ng albularyo sa pag-unawa at pagtugon sa mga pangangailangang pangkalusugan ng pamayanan. Maaaring basahin ang tauhan ng albularyo bilang sagisag ng katutubong kaalamang panggamot at ng paniniwalang patuloy na umiiral sa kabila ng pag-unlad ng makabagong medisina. Sa pag-aaral nina Berdon et al. (2016), na pinamagatang Unveiling Cebuano Traditional Healing Practices, naitala ang iba't ibang gawaing panambal sa mga pamayanang nasa kabundukan ng Cebu, kabilang ang paggamit ng halamang-gamot, hilot, orasyon, at iba pang ritwal. Ipinaliwanag din sa pag-aaral na ang mga kasanayang ito ay maaaring matutuhan sa pamamagitan ng pagmamasid, pagsasanay, at pagpapasa ng kaalaman sa loob ng pamilya. Ipinakikita ng mga natuklasang ito na ang tradisyunal na panggagamot ay hindi lamang paraan ng pagtugon sa karamdaman kundi bahagi rin ng kaalamang pangkultura at identidad ng ilang pamayanang Sebwano.

Sinusuportahan din ito nina Del Fierro at Nolasco (2013), na nagsuri sa mga halamang-gamot at paraan ng paghahanda at paggamit ng mga ito ng walong mananambal sa apat na bayan sa timog-kanlurang Cebu. Naitala nila ang mga halamang ginagamit sa karaniwang karamdaman at ang mga lokal na kaalamang kaugnay ng panggagamot. Gayunman, ang pagkakaroon ng tradisyunal na gamit ng isang halaman ay hindi awtomatikong nangangahulugang napatunayan na ang bisa at kaligtasan nito sa lahat ng kondisyon. Dahil dito, mahalagang ihiwalay ang kahalagahang pangkultura ng isang gawi sa siyentipikong pagsusuri sa pagiging mabisa at ligtas nito.

May kaugnayan din sa pagpapatuloy ng mga gawaing ito ang akses sa serbisyong pangkalusugan. Sa pag-aaral nina Serafica et al. (2025), tinalakay ang mga hadlang sa pagkuha ng serbisyong pangkalusugan sa mga pamayanang Pilipinong kulang sa serbisyong medikal. Ipinakikita ng kanilang pagsusuri na nakaaapekto sa mga desisyon sa pangangalagang pangkalusugan ang lokasyon, kalagayang panlipunan, kultura, at pagkakaroon ng pasilidad. May mga pamilyang gumagamit ng tradisyunal na panggagamot kasabay ng serbisyong mula sa mga klinika, bagama't nangangailangan ng pag-iingat ang pagsasabay ng mga halamang-gamot at iniresetang gamot kung hindi nasusuri ang posibleng interaksiyon ng mga ito.

Sa ganitong konteksto, maaaring unawain ang Albularyong Buta bilang representasyon ng pananatili ng paniniwala sa albularyo sa ilang pamayanan. Gayunman, hindi sapat ang isang awitin upang patunayang lahat ng

Sebwano ay naniniwala sa tradisyunal na panggagamot o na ang kawalan ng akses sa modernong serbisyong medikal ang tanging dahilan ng paglapit sa albularyo. Mas angkop na sabihing inilalarawan ng awitin ang isang paniniwala at gawaing may kaugnayan sa ilang karanasang pangkultura at panlipunan.

Bukod sa usapin ng panggagamot, mahalagang suriin ang ipinahihiwatig ng awitin hinggil sa pangangalaga sa katawan at dignidad ng pasyente. Kung may mga bahagi ng liriko na nagpapahiwatig ng paglabag sa personal na hangganan, lalo na sa pribadong bahagi ng katawan ng kababaihan, maaari itong basahin bilang kritikal na komentaryo sa panganib ng pang-aabuso sa ilalim ng pagkukunwari ng panggagamot. Gayunman, kailangang ibatay ang interpretasyong ito sa tiyak na linya o tagpo sa awitin at huwag ituring na patunay na karaniwang nang-aabuso ang mga albularyo. Binibigyang-diin ng World Health Organization (WHO, n.d.) na nakasalalay ang kaligtasan sa pangangalagang pangkalusugan sa kakayahan ng tagapagbigay ng serbisyo, maayos na komunikasyon, kalidad ng mga ginagamit na produkto, at sapat na regulasyon. Sa anumang uri ng panggagamot, mahalaga ang paggalang sa pasyente, malinaw na pagpapaliwanag sa gagawing pamamaraan, at pagkuha ng malaya at may-kaalamang pahintulot. Ibig sabihin, hindi dapat ipagpalagay na ang paghingi ng tulong sa isang albularyo ay nangangahulugan ng pagsuko ng karapatan ng pasyente sa kaligtasan, dignidad, at sariling pagpapasya.

Ang Albularyong Buta ay maaaring suriin bilang awiting nagtatampok sa ugnayan ng katutubong kaalaman, paniniwala, serbisyong pangkalusugan, at kapangyarihan sa pagitan ng tagapagpagaling at pasyente. Ang simbolismo ng albularyo ay maaaring maglaman ng dalawang magkaibang dimensiyon: sa isang banda, siya ay kinatawan ng tradisyong naipapasa sa mga salinlahi; sa kabilang banda, ang awitin ay maaaring magbukas ng kritikal na pagtalakay sa pangangailangan ng siyentipikong kaalaman, pananagutan, pahintulot, at proteksiyon laban sa pang-aabuso. Sa ganitong pagbasa, naipakikita ang kahalagahan ng tradisyon nang hindi isinasantabi ang karapatan at kaligtasan ng mga taong naghahanap ng lunas.Bukod sa mga aspektong sosyo-ekonomiko, ipinakita rin ni Surban ang pagbabago ng kamalayan sa pamamagitan ng midya at teknolohiya. Sa "*Unang Pagtan-Aw sa Sine*," inilarawan ang unang karanasan ng mga tao sa panonood ng sine, isang simbolo ng modernisasyon at pagpasok ng banyagang impluwensya. Ayon kina Kellner at Share, ang media ay may kapangyarihang baguhin ang pananaw at paniniwala ng mga tao, kaya't mahalagang suriin ito sa konteksto ng critical media literacy upang maiwasan ang manipulasyon ng kamalayan. Ang awiting ito ay nagpapakita ng simbolismo ng sine sa unang panahon. Ang simbolismo ng isang manonood na walang kamuwang-muwang sa kung ano ang makikita sa sinehan. Ang awiting ito ay isang paalala sa lahat na ang pelikula sa sinehan ay hindi totoo at pawang kathang-isip lamang.

Sa kabuuan, natuklasan sa pagsusuring ito na ang mga awitin ni Max Surban ay sumasalamin sa kabuuang katotohanang panlipunan ng mga Sebwano, isang lipunang patuloy na nakikibaka sa pagitan ng tradisyon at modernidad, ng pag-asa at kawalan, ng rural at urban, at ng kahirapan at pag-asa. Ang mga awitin ay hindi lamang sining ng musika kundi daluyan ng sosyolohikal at kultural na repleksyon ng sambayanang Pilipino. Ang ganitong uri ng panitikan ay nagbibigay-daan sa mas malalim na pag-unawa sa ugnayan ng wika, kultura, at lipunan, at nagsisilbing panawagan tungo sa mas makatao, makatarungan, at inklusibong pag-unlad. Ipinakikita ng pag-aaral ang potensiyal ng mga awitin ni Max Surban bilang daluyan ng pagsusuri sa mga isyung panlipunan at pag-unawa sa realidad ng buhay ng mga Sebwano. Gayunman, kailangan pa ng karagdagang pananaliksik upang mataya ang bisa ng mga ito sa aktuwal na pagtuturo at pagkatuto.

3.3 Pagsasalamin sa Katotohanan

Sa talahanayan na ito inilahad ang mga sinasalamin na katotohan ng mga napiling awitin. Ang mga sinsalamin na katotohanan na ito reyalistiko sa konteksto ng lipunang Sebwano, sa lente ng teoryang reyalismo nailantad ang mga reyalistikong pamumuhay ng mga Sebwano mula sa nalirip na mga katotohanan sa mga awitin. Ayon kay Battad, na nabanggit sa pag-aaral ni Battad (2014), ang teoryang realismo ay tumatalakay sa katotohanan sa lipunan. Dagdag pa niya, karaniwan nitong pinapaksa ang kalagayan na nangyayari sa lipunan tulad ng korapsyon, katiwalian, kahirapan at diskriminasyon. Madalas din itong nakapokus sa lipunan at gobyerno (69). Inilalantad sa lente ng teoryang reyalismo ang iba't ibang reyalistikong sitwasyon na nararanasan ng mga

mamamayan sa lipunang ginagalawan.

Talahanayan 3

Pagsasalaming Katotohanan sa Buhay ng mga Sebwano

Mga Awitin	Tema	Linya
Kinabuhing Bukidnon	Kakulangan ng Oportunidad sa Pormal na Sektor	Manguha lang ug bagakay (Linya 6)
Payag Luyo sa Bungtod	Kakulangan ng Oportunidad sa Pormal na Sektor	Pabaylo-a'g humay, Pabaylo-a'g buwad nga law-law (Linya 23–24)
Kodaker	Urbanisasyon at Migrasyon	Nipuyo ako's sa siyudad, Kapobre hinuun misamot (Linya 6–7)
Sa Syudad ug Bukid	Hindi Pantay na Kaunlaran	Didto siyudad ilang suga arang hayaga, 'electrik-fon' ilang tawgon (Linya 3)
Sa Syudad ug Bukid	Hindi Pantay na Kaunlaran	Ning baryo nga labing mamingaw, magsakay-sakay sa kabaw (Linya 18)
Karnabal na Pista	Kakulangan ng Oportunidad sa Pormal na Sektor	Mi-apply ko didto, bisan nalang ug boy (Linya 4–5)
Kaming mga Mangingisda	Kakulangan ng Proteksyon at Seguridad sa Trabaho	Lawod among latason-latason, unos, ulan among antuson (Linya 33–34)
Vendor's Boogie	Alternatibong Pagkakakitaan	May vendors sa kadalanan, sa bangketa ug pantalan (Linya 3–4)
Barkong Karaan	Kakulangan sa Serbisyong Pampubliko	Barkong gepasahero, Sigeg ka aberya, Kay karaan kaayo (Linya 1–4)
Albularyong Buta	Paniniwala sa Tradisyunal na Panggagamot at Potensyal na Panganib Nito	Tanang sakit iyang tambalan, Bisan pa ug ma-engkanto (Linya 5–6)
Albularyong Buta	Paniniwala sa Tradisyunal na Panggagamot at Potensyal na Panganib Nito	Apan paglingkod siya nahiulpot, Laing hubag mitubo sa iyang lubot (Linya 27–28)
Unang Pagtan-Aw sa Sine	Kakulangan sa Kaalaman sa Midya at Teknolohiya	Ako na-ignorante kay unsingalan ba kadto, Mangitngit man bisa'g udto (Linya 2–3)
Unang Pagtan-Aw sa Sine	Kakulangan sa Kaalaman sa Midya at Teknolohiya	Nahadlok ko nga ma-igo mikober ko's lingkuranan (Linya 11)

Makikita sa Talahanayan 3, na ang mga piling awitin ni Max Surban ay nagsisilbing makabuluhang salamin ng lipunang Sebwano, na nagpapakita ng tunay na kalagayan ng mga mamamayan sa iba't ibang antas ng kanilang pamumuhay. Sa pamamagitan ng malikhaing liriko, naipapahayag ng mga awitin ang mga karanasan, pangarap, at pakikibaka ng karaniwang tao sa harap ng kahirapan, kakulangan, at patuloy na pagbabago ng lipunan. Ang mga natuklasan ay nagpapahiwatig na ang musika ni Surban ay hindi lamang likhang sining, kundi isang dokumentong panlipunan na naglalarawan ng reyalidad sa buhay ng mga Sebwano.

Ang mga awitin ay nagpapakita ng anim na namumukod na tema: (1) pangkaraniwang pamumuhay sa kanayunan, (2) karanasan sa paghahanapbuhay, (3) karanasan sa paglalakbay, (4) pamumuhay sa kalunsuran, (5) tradisyonal na pagpapagamot, at (6) pag-iilusyon. Ang mga temang ito ay bumabalangkas sa kabuuang larawan ng lipunan, kung saan makikita ang malalim na ugnayan ng kultura, ekonomiya, at pananampalataya sa pang-araw-araw na karanasan. Sa ganitong pagtingin, ang mga awitin ay hindi lamang mga likhang musikal na naglalayong magbigay-aliw; nagsisilbi rin ang mga ito bilang tekstuwal na daluyan ng mga salaysay, paniniwala, suliranin, at pagpapahalagang umiiral sa lipunang Cebuano. Ayon kay Bernardete, ang reyalismo ay "ang tala ng buhay, ang totoo, ang tunay" (qtd. in Tadjibayev et al. 148), kaya't maaaring makita sa mga awitin ni Surban ang masining na paglalarawan ng katotohanan sa pamamagitan ng liriko, tauhan, tagpuan, at mga sitwasyong hango sa pang-araw-araw na buhay.

Sa paggamit ng teoryang reyalismo, na binigyang-diin ni Panare bilang "sukdulan ng katotohanan" (qtd. in Banao 69), higit na nagiging malinaw ang ugnayan ng sining at lipunan. Ang mga awitin ay nagiging paraan upang maipahayag ang karanasan ng mga mamamayan, na ayon kay Mandado, ay "paglalarawan ng mga bagay at tao sa lipunan na nag-uugnay ng kapwa, pagbabago, at pag-unlad" (24). Sa ganitong pananaw, ang musika ay hindi lamang anyo ng aliwan kundi daluyan din ng kamalayang panlipunan. Sa pamamagitan ng mga sitwasyon at karanasang inilalarawan sa mga liriko, naihahayag ang mga tensiyon sa pagitan ng pangangailangan at oportunidad,

tradisyon at pagbabago, gayundin ng personal na mithiin at mga limitasyong dulot ng kalagayang panlipunan.

Una, sa temang pangkaraniwang pamumuhay sa kanayunan, naipakikita ang ugnayan ng tao sa lupa, tahanan, kalikasan, at mga gawaing nakaugat sa pamayanang rural. Ang mga awiting gaya ng "Kinabuhing Bukidnon" at "Payag Luyo sa Bungtod" ay maaaring suriin batay sa paglalarawan ng pamumuhay sa bukid, payak na tirahan, at mga karanasang nagpapakita ng ugnayan ng tao sa kaniyang kapaligiran. Gayunman, hindi dapat ipakahulugan ang pagiging payak ng pamumuhay bilang awtomatikong tanda ng kahirapan; sa halip, kailangang tingnan kung paano inilalarawan ng liriko ang mga kondisyon, pagpapahalaga, at suliraning kinakaharap ng mga tauhan. Sa mas malawak na konteksto, mahalaga ang usapin ng pag-unlad sa kanayunan sapagkat ang limitadong oportunidad sa kabuhayan at mga serbisyong panlipunan ay maaaring makaapekto sa kakayahan ng mga pamayanan na mapabuti ang kanilang kalagayan. Kaugnay nito, binibigyang-diin sa mga talakay tungkol sa inklusibong pag-unlad ang pangangailangang isaalang-alang ang mga rehiyong nahaharap sa kakulangan ng oportunidad upang hindi maiwan ang mga ito sa pag-unlad ng lipunan (Rivera 106).

Ikalawa, sa temang karanasan sa paghahanapbuhay, lumilitaw ang pagsisikap ng mga manggagawa, manininda, at iba pang naghahanap ng paraan upang matugunan ang pangangailangan ng kanilang pamilya. Sa mga awiting gaya ng "Vendor's Boogie" at "Kaming mga Mangingisda," maaaring makita ang paghahanapbuhay bilang gawaing nangangailangan ng tiyaga, pisikal na paggawa, at pakikibagay sa pabago-bagong kalagayan ng ekonomiya. Ang ganitong representasyon ay maaaring iugnay sa kalagayan ng mga manggagawang nasa impormal na ekonomiya, na kadalasan ay may limitadong proteksiyong panlipunan at hindi palaging nakikinabang sa mga benepisyong karaniwang kaugnay ng pormal na trabaho. Sa pag-aaral tungkol sa impormal na paggawa sa Pilipinas, tinatalakay ang mga hamong kinakaharap ng mga manggagawa sa ganitong sektor, kabilang ang kawalan ng sapat na seguridad sa trabaho at kahinaan ng proteksiyong panlipunan (Yu). Kaugnay nito, inilalarawan nina Macusi et al. ang ilang uri ng kabuhayan bilang mahalagang sandigan ng mga taong may limitadong mapagpipiliang oportunidad (99). Sa gayon, ang mga awitin tungkol sa paghahanapbuhay ay maaaring basahin bilang representasyon ng pagpupunyagi at pag-asa, ngunit maaari ring magsiwalat ng mga estruktural na suliraning nagpapahirap sa pagkamit ng matatag na kabuhayan.

Ikatlo, sa temang karanasan sa paglalakbay, gaya ng maaaring suriin sa "Barkong Karaan" at "Sa Syudad ug Bukid," nagiging mahalagang elemento ang paggalaw ng tao mula sa isang lugar tungo sa iba. Ang paglalakbay ay maaaring kumatawan sa paghahanap ng kabuhayan, pagnanais na magkaroon ng bagong karanasan, o pagharap sa pagkakaiba ng pamumuhay sa kanayunan at kalunsuran. Sa ganitong pagbasa, hindi lamang pisikal na paglipat ang maaaring katawanin ng paglalakbay; maaari rin itong sumagisag sa pagbabago ng pananaw, pagharap sa kawalang-katiyakan, at paghahanap ng mas mabuting kalagayan. Gayunman, kailangang ibatay ang ganitong interpretasyon sa mga tiyak na pahayag at sitwasyong makikita sa mga liriko upang maiwasan ang pagbibigay ng kahulugang hindi naman malinaw na sinusuportahan ng teksto.

Ikaapat, sa temang pamumuhay sa kalunsuran, maaaring ilantad ng mga awitin ang pagkakaiba ng mga karanasan sa lungsod at sa kanayunan. Ang kalunsuran ay maaaring katawanin bilang espasyo ng oportunidad, hanapbuhay, teknolohiya, at modernisasyon; subalit maaari rin itong maglantad ng kompetisyon, kawalan ng katiyakan, at mga suliraning kaakibat ng paghahanap ng ikabubuhay. Sa pagsusuri sa "Kodaker" at "Sa Syudad ug Bukid," mahalagang tukuyin kung paano inilalarawan ang mga tauhan, gawain, at ugnayang panlipunan sa kapaligirang urban. Sa pamamagitan nito, masusuri kung ang lungsod ay inilalahad bilang lugar ng pag-asenso, bilang pinagmumulan ng mga bagong hamon, o bilang kapaligirang nagpapatingkad sa agwat ng mga oportunidad. Ang ganitong pagsusuri ay umaayon sa pananaw na ang reyalismo ay hindi lamang pagkopya sa panlabas na anyo ng buhay; mahalaga rin ang pagpapakita sa mga puwersang panlipunan at pang-ekonomiyang humuhubog sa karanasan ng tao.

Ikalima, sa temang tradisyonal na pagpapagamot, gaya ng makikita sa "Albularyong Buta," lumilitaw ang ugnayan ng paniniwala, kaalamang katutubo, at pangangailangang pangkalusugan. Sa pag-aaral nina Berdon et al. (2016), naidokumento ang ilang tradisyonal na gawaing panggagamot sa mga pamayanang Cebuano, kabilang ang

paggamit ng halamang-gamot, hilot, orasyon, at mga ritwal. Kaugnay nito, tinalakay nina Del Fierro at Nolasco (2013) ang kaalamang etnomedisinal ng mga tradisyonal na manggagamot sa timog-kanlurang bahagi ng Cebu. Pinatutunayan ng mga pag-aaral na ito ang pag-iral ng mga tradisyonal na sistemang panggagamot sa ilang pamayanang Cebuano, bagaman hindi nito nangangahulugang pare-pareho ang paniniwala o praktika ng lahat ng Cebuano. Sa konteksto ng awitin, maaaring katawanin ng albularyo ang pagpapatuloy ng katutubong kaalaman at ang paghahanap ng lunas sa mga karamdaman. Gayunman, mahalagang pag-ibahin ang pagkilala sa kulturang tradisyonal at ang pagsusuri sa kaligtasan ng panggagamot. Ang anumang gawaing medikal ay dapat isaalang-alang ang kaligtasan, pahintulot, dignidad, at karapatan ng pasyente; hindi rin dapat ipagpalagay na ang isang awitin ay sapat na ebidensiya upang patunayang laganap ang pang-aabuso sa hanay ng mga tradisyonal na manggagamot.

Ikaanim, sa temang pag-iilusyon, maaaring suriin ang mga awitin batay sa agwat sa pagitan ng inaasam ng tauhan at ng aktuwal na kalagayang kaniyang nararanasan. Maaaring lumitaw dito ang mga pangarap, maling akala, pagnanais na makatakas sa suliranin, o pagbuo ng imahen ng isang buhay na hindi ganap na tumutugma sa realidad. Sa pananaw ng reyalismo, mahalagang siyasatin kung paano inilalantad ng ganitong agwat ang mga limitasyon, kahinaan, at kontradiksiyon sa karanasan ng tao. Hindi lamang nito ipinakikita ang personal na pag-iilusyon; maaari rin nitong ipahiwatig kung paano hinuhubog ng kalagayang panlipunan ang mga inaasam at pagpapasya ng mga indibidwal. Gayunman, kailangang tukuyin ang tiyak na mga pahayag sa liriko na sumusuporta sa ganitong interpretasyon upang maging matibay ang pagsusuri.

Sa kabuuan, ang anim na temang natukoy sa mga piling awitin ni Max Surban ay nagpapakita ng iba't ibang mukha ng karanasang panlipunan ay mula sa pang-araw-araw na pamumuhay sa kanayunan hanggang sa paghahanapbuhay, paglalakbay, urbanisasyon, tradisyonal na panggagamot, at pagharap sa mga ilusyon o inaasam sa buhay. Sa lente ng reyalismo, nagiging mahalaga ang mga awitin sapagkat inilalapit ng mga ito sa tagapakinig ang mga sitwasyon at suliraning maaaring nag-uugat sa aktuwal na kalagayan ng lipunan. Sa pamamagitan ng masusing pagbasa sa liriko at pag-uugnay nito sa mga kaugnay na pag-aaral, naipakikita na ang musika ay hindi lamang salamin ng indibidwal na karanasan kundi maaari ring maging lunan ng pag-unawa sa kultura, kabuhayan, paniniwala, at pagbabago sa lipunang Cebuano.Ang mga awitin ukol sa paglalakbay, tulad ng *Barkong Karaan*, ay sumasalamin sa karanasan ng mga mamamayan sa harap ng lumang sistema ng serbisyo publiko. Gaya ng binanggit ni Watanabe, ramdam ng bawat Pilipino "mula sa mas mataas na gastos ng pamumuhay hanggang sa kakulangan ng serbisyo publiko" ("Ang Epekto…"). Sa kabilang dako, ang *Sa Syudad ug Bukid* ay naglalarawan ng kontrast sa pagitan ng buhay sa lungsod at sa kabukiran, kung saan ang modernisasyon ay nagiging simbolo ng pag-unlad ngunit nagpapalalim din ng hindi pagkakapantay-pantay sa oportunidad. Tulad ng pahayag nina Conception at Acala, may malinaw na agwat sa oportunidad ng mayayaman at mahihirap (148), na siyang repleksyon ng sosyo-ekonomikong hindi pagkakapantay-pantay.

Ang Albularyong Buta ay nagsisiwalat ng kalagayang pangkalusugan ng mga Sebwano sa mga liblib na lugar, kung saan maaaring maging mahalagang takbuhan ang mga tradisyonal na manggagamot dahil sa mga limitasyon sa pag-access sa serbisyong pangkalusugan. Ayon kina Doorslaer et al. (as cited in Cerio, n.d., p. 39), ang kakulangan ng akses sa serbisyong pangkalusugan ay isa sa mga hadlang na nakaaapekto sa kapakanan at pag-unlad ng mga mahihirap. Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina Serafica et al. (2025), na tumukoy sa mga suliraning kinakaharap ng mga pamayanang rural sa Pilipinas, kabilang ang kakulangan ng mga tauhang pangkalusugan, limitadong suplay ng abot-kayang gamot, at kakulangan sa edukasyong pangkalusugan. Samantala, dokumentado rin sa mga pag-aaral nina Berdon et al. (2016) at Del Fierro at Nolasco (2013) ang pagpapatuloy ng mga tradisyonal na gawaing panggagamot sa ilang pamayanang Cebuano, kabilang ang paggamit ng halamang-gamot at iba pang katutubong pamamaraan ng pagpapagaling. Ipinahihiwatig ng mga pag-aaral na ito na ang tradisyonal na panggagamot ay hindi lamang maaaring unawain bilang bunga ng paniniwala, kundi bilang bahagi rin ng kaalamang pangkultura at ng mga estratehiyang ginagamit ng ilang pamayanan sa pagtugon sa kanilang pangangailangang pangkalusugan. Gayunman, hindi nangangahulugang lahat ng Sebwano ay umaasa sa mga tradisyonal na manggagamot; mahalagang isaalang-alang ang pagkakaiba-iba ng paniniwala, karanasan, at akses sa serbisyong medikal.

Samantala, ang Unang Pagtan-Aw sa Sine ay maaaring suriin bilang representasyon ng pagkamangha, ilusyon, at limitadong pamilyaridad ng mga tauhan sa teknolohiyang biswal at sa karanasang dulot ng sine. Sa ganitong pagbasa, ang kanilang reaksiyon ay hindi lamang maaaring magpahiwatig ng kakulangan sa kaalaman, kundi maaari ring maglantad ng pagkakaiba-iba ng karanasan at oportunidad sa pagitan ng mga pamayanang may magkakaibang antas ng akses sa mga makabagong teknolohiya. Ayon kay Flor (as cited in Cerio, n.d., pp. 40–41), ang kakulangan ng impormasyon at akses sa teknolohiya ay maaaring maglimita sa mga oportunidad ng tao para sa pag-unlad. Kaugnay nito, binigyang-diin ng UNESCO at SEAMEO (2023) na hindi pantay ang akses sa digital na teknolohiya sa mga pamayanan sa Timog-Silangang Asya at na ang mga pagkakaibang ito ay maaaring magpalawak sa umiiral na agwat sa edukasyon. Sa konteksto ng Pilipinas, iniulat din ng World Bank (2025) na nananatiling hamon ang abot-kayang koneksiyon sa internet at ang hindi pantay na pag-access sa digital na imprastraktura. Bagaman nakatuon ang mga sangguniang ito sa mas malawak na usapin ng teknolohiya at digital na akses, nagbibigay ang mga ito ng kontekstong panlipunan upang maunawaan ang kahalagahan ng oportunidad sa pagkatuto at pagharap sa mga bagong karanasan. Sa kabuuan, ipinakikita ng dalawang awitin na ang mga karanasan sa kalusugan at teknolohiya ay hindi lamang personal na usapin; maaari rin itong maiugnay sa mga kondisyon ng pamayanan, pagkakaroon ng mga serbisyo, at pagkakapantay-pantay ng mga oportunidad.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga natuklasan na ang mga awitin ni Max Surban ay hindi lamang mga likhang musikal na naglalayong magbigay-aliw, kundi nagsisilbi ring makabuluhang komentaryong panlipunan na naglalarawan sa iba't ibang mukha ng karanasan ng mga Sebwano. Sa pamamagitan ng anim na temang natukoy gaya ng pangkaraniwang pamumuhay sa kanayunan, karanasan sa paghahanapbuhay, paglalakbay, pamumuhay sa kalunsuran, tradisyonal na pagpapagamot, at pag-iilusyon na naipakikita ng mga liriko ang ugnayan ng kultura, kabuhayan, paniniwala, at pagbabago sa lipunan. Ang mga karaniwang sitwasyon, tauhan, at karanasang inilalarawan sa mga awitin ay nagiging salamin ng mga kalagayang panlipunang humuhubog sa pang-araw-araw na buhay, kabilang ang mga hamon sa paghahanapbuhay, pagkakaiba ng mga oportunidad, pagpapatuloy ng mga tradisyonal na paniniwala, at pagharap sa mga bagong karanasan.

Sa lente ng teoryang reyalismo, nagkakaroon ng higit na malalim na kahulugan ang mga awitin sapagkat inilalantad ng mga ito ang mga karanasan at kontradiksiyong umiiral sa lipunan sa pamamagitan ng masining na paglalarawan ng mga tauhan, tagpuan, at pangyayari. Hindi lamang inilalarawan ng mga liriko ang panlabas na anyo ng realidad; maaari rin nilang pukawin ang kamalayan ng tagapakinig sa mga suliranin, pagpapahalaga, at pananaw na nakaugat sa kanilang kapaligiran. Sa ganitong paraan, nagiging daluyan ang musika ng kamalayang kultural at panlipunan, habang naipakikita ang pagkakakilanlang Cebuano sa pamamagitan ng wika, pagpapatawa, mga karanasang pangkomunidad, at mga pagpapahalagang nakapaloob sa mga awitin.

Samakatuwid, ipinakikita ng pag-aaral na ang mga awitin ni Max Surban ay maaaring ituring na mahalagang tekstong kultural na nagtataglay ng mga representasyon ng buhay at lipunang Cebuano. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga liriko, higit na nauunawaan ang kakayahan ng musika na magdokumento ng karanasan, magpanatili ng mga pagpapahalagang kultural, at magbukas ng kritikal na pagtalakay sa mga umiiral na kalagayang panlipunan. Sa huli, pinagtitibay ng pag-aaral ang pananaw na ang sining, sa ilalim ng lente ng reyalismo, ay hindi lamang sumasalamin sa realidad kundi nagbibigay rin ng pagkakataong suriin, unawain, at pagnilayan ang mga puwersang humuhubog sa buhay ng tao at sa lipunang kaniyang kinabibilangan. Maaaring ipagamit ng mga guro ang mga piling awitin ni Max Surban sa pagsusuri ng mga sagisag at ipinahihiwatig na kahulugan ng mga liriko, pagtukoy sa mga isyung panlipunan, at paghahambing ng mga karanasang inilalarawan sa awitin sa realidad ng buhay. Para sa mga mag-aaral, maaaring isagawa ang interpretasyon ng mga piling saknong, pagsusuri sa mga temang panlipunan, at pagsulat ng replektibong sanaysay batay sa mga mensahe ng awitin. Para sa mga paaralan, maaaring maging batayan ang mga natuklasan sa pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo, tulad ng gabay sa pagsusuri ng liriko, mga tanong sa talakayan, at mga gawaing pagtataya na nakatuon sa pag-unawa sa wika, panitikan, at kulturang Sebwano. Sa ganitong paraan, nagiging kongkretong materyal ang mga awitin sa paglinang ng kritikal na pagbasa, interpretasyon, at kamalayang panlipunan at pangkultura ng mga mag-aaral.

Limitado ang pag-aaral na ito sa sampung awitin ni Max Surban na pinili sa pamamagitan ng purposive sampling, at pangunahing nakatuon sa pagsusuri ng mga liriko ng mga ito. Samakatuwid, ang mga natuklasan ay kumakatawan sa mga interpretasyon sa mga piling teksto at hindi sa kabuuan ng mga likhang musikal ni Surban o sa mga karanasan ng lahat ng pamayanang Sebwano. Ginagamit din ng pag-aaral ang Teoryang Reyalismo bilang pangunahing lente sa pagsusuri; kaya maaaring makabuo ng iba pang interpretasyon kung gagamit ng mga alternatibong pananaw, gaya ng sosyolingguwistika, pag-aaral pangkultura, at musikolohiya. Bukod dito, hindi direktang sinusuri ng pag-aaral ang pagtanggap ng mga tagapakinig sa mga awitin ni Surban o ang bisa ng mga ito bilang kagamitang pampagtuturo.

4. Konklusyon at Rekomendasyon

Sa kabuuan, ang mga piling awitin ni Max Surban ay nagsisilbing salamin ng tunay na kalagayan ng mga Sebwano at ng lipunang Pilipino sa pangkalahatan. Ipinakikita ng mga ito ang malalim na ugnayan ng sining at lipunan kung paanong ang musika ay nagiging mabisang kasangkapan sa pagpapahayag ng mga karanasan, damdamin, at adhikain ng karaniwang mamamayan. Sa paggamit ng teoryang reyalismo, napatunayan na ang mga awitin ay hindi lamang aliwan kundi makapangyarihang midyum ng kamalayan panlipunan na nagbubunyag ng mga isyung gaya ng kahirapan, migrasyon, at pagkakakilanlan. Higit pa rito, malinaw na ang ganitong anyo ng sining ay may makabuluhang ambag sa pagpapanatili ng kulturang Pilipino, sapagkat nagiging instrumento ito sa pagpapalaganap ng mga katotohanang panlipunan at pagpapalalim ng pag-unawa sa karanasan ng karaniwang tao. Samakatuwid, ang musika bilang panitikan ay nananatiling buhay, dinamiko, at may kapangyarihang magmulat at magpabago sa kamalayan ng sambayanan**.**

Iminumungkahi ng pag-aaral na higit pang palawakin ang pagsusuri sa mga awitin bilang daluyan ng panlipunang kamalayan at kulturang Pilipino. Mainam na isagawa ang mga pananaliksik na gumagamit ng interdisiplinaryong paglapit upang higit na maunawaan ang ugnayan ng sining, wika, at lipunan. Inirerekomenda rin na bigyang-pansin ng mga guro, mananaliksik, at tagapagtaguyod ng kultura ang paggamit ng mga katutubong awitin bilang mabisang midyum sa pagtuturo ng pagpapahalagang panlipunan at identidad kultural. Sa ganitong paraan, mapapanatili ang bisa ng musika bilang instrumento ng pagkamulat at pagbabago sa kamalayang Pilipino**.** Maaaring magsagawa ang mga susunod na pag-aaral ng mas malawak na pagsusuri sa mga awitin ni Max Surban at paghambingin ang kaniyang mga likha sa mga awitin ng iba pang kompositor at mang-aawit na Sebwano. Maaari ring gumamit ang mga mananaliksik ng mga karagdagang teoretikal na pananaw upang siyasatin ang paggamit ng wika, pagkakakilanlang kultural, kritisismong panlipunan, at pagpapahayag na musikal. Sa larangan ng edukasyon, maaaring tuklasin ng mga guro ang paggamit ng mga piling awiting Sebwano bilang karagdagang kagamitang panturo sa panitikan, wika, at kamalayang pangkultura. Higit pa rito, maaaring magsagawa ng mga pananaliksik na kinasasangkutan ng mga guro at mag-aaral upang mataya ang kaangkupan ng mga awiting ito bilang kagamitang pampagtuturo at ang mga kinalabasan ng pagkatuto mula sa paggamit ng mga ito.

AI Declaration Statement **-** ChatGPT (OpenAI) was used solely for language refinement, clarification of methodological procedures, and reference formatting. AI did not generate research data, conduct data analysis, or determine the study's findings and interpretations. All outputs were reviewed and edited by the author, who assumes full responsibility for the study's accuracy and integrity. No confidential or personally identifiable data were entered into the AI tool.

Authors Contributions Statement **-** The authors conceptualized the study, conducted the literature review, collected and analyzed the data, interpreted the findings, and prepared the manuscript. Both the authors reviewed and approved the final version and accepts responsibility for the integrity of the research.

5. Mga Sanggunian

Agbayani, R. F., Baticados, D. B., Quinitio, E. T., & Tormon-West, D. H. (2013). Resiliency of small-holder fishfarmers to climate change and market prices in selected communities in the Philippines. In M. G. Bondad-Reantaso & R. P. Subasinghe (Eds.), Enhancing the contribution of small-scale aquaculture to food security, poverty alleviation and socioeconomic development (FAO Fisheries and Aquaculture

Proceedings No. 31, pp. 171–179). Food and Agriculture Organization of the United Nations. http://hdl.handle.net/10862/2212

Awi, E. N. (2017). Urban–urban migration: Experiences of the Cebuano migrants in Metro Manila. Luz y Saber, 11(2). https://www.ejournals.ph/article.php?id=12106

Berdon, Z. J. S., Ragosta, E. L., Inocian, R. B., Manalag, C. A., & Lozano, E. B. (2016). Unveiling Cebuano traditional healing practices. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, 4(1), 51–59. https://www.apjmr.com/wp-content/uploads/2016/02/APJMR-2016.4.1.07.pdf

Cabridas, P. M. (2024). Pagsusuring pangnilalaman sa mga piling awitin ni Max Surban: Mungkahing gabay ng pagtuturo. UB Advancing Filipino Research Journal, 1(1), 14–27. https://doi.org/10.15631/ubafrj.v1i1.195

Cerio, C. (2024). Ethnobotanical documentation of plants used as traditional therapies by Partido Albularyo in the Philippines. Interdisciplinary Research Review, 19(1). https://ph02.tci-thaijo.org/index.php/jtir/article/view/249147

Chua, K. K., Limkin, L., Nye, J., & Williamson, J. (2015). Urban-rural income and wage gaps in the Philippines: Measurement error, unequal endowments, or factor market failure? Philippine Review of Economics, 52(2), 1–21. https://pre.econ.upd.edu.ph/index.php/pre/article/view/921

Danaher, W. F. (2010). Music and social movements. Sociology Compass, 4(9), 811–823. https://doi.org/10.1111/j.1751-9020.2010.00310.x

Del Fierro, R. S., & Nolasco, F. A. (2013). An exploration of the ethno-medicinal practices among traditional healers in Southwest Cebu, Philippines. ARPN Journal of Science and Technology, 3(12), 1182–1188. https://www.ejournalofscience.org/archive/vol3no12/vol3no12_2.pdf

Food and Agriculture Organization of the United Nations. (2007). Report of the national workshop on micro-enterprise development in coastal communities in the Philippines: Sharing of experiences and lessons learned. https://www.fao.org/4/a1451e/a1451e00.htm

Food and Agriculture Organization of the United Nations. (2024, July 4). Cultivating resilience in a food-secure and climate-ready Philippines. https://www.fao.org/philippines/news/detail/en/c/1697753/

Food and Agriculture Organization of the United Nations. (n.d.). The Republic of the Philippines. https://www.fao.org/voluntary-guidelines-small-scale-fisheries/in-action/where-we-work/philippines/

International Labour Organization. (n.d.). Social security in the Philippines. https://www.ilo.org/regions-and-countries/asia-and-pacific/philippines/social-security-philippines

Kellner, D., & Share, J. (2005). Toward critical media literacy: Core concepts, debates, organizations, and policy. Discourse: Studies in the Cultural Politics of Education, 26(3), 369–386. https://doi.org/10.1080/01596300500200169

Nacorda, R. F., & Mandado, J. O. (2023). Sipat-suri-lapat sa pagdalumat sa mga Sebwano novelty songs. International Journal of Research Studies in Education, 12(2), 39–52. https://doi.org/10.5861/ijrse.2023.25

Negus, K., & Román Velázquez, P. (2002). Belonging and detachment: Musical experience and the limits of identity. Poetics, 30(1–2), 133–145. https://doi.org/10.1016/S0304-422X(02)00003-7

Nibalvos, I. M. P. (2019). Lipunan at panitikan: Pag-uugat ng Kapilipinohan sa pagbubuo ng literaturang pambansa. Malay, 32(1), 99–114. https://doi.org/10.59588/2243-7851.1103

Organisation for Economic Co-operation and Development. (2026). OECD economic surveys: Philippines 2026. https://www.oecd.org/en/publications/oecd-economic-surveys-philippines-2026_f0e0c581-en/full-report/strengthening-formal-employment-and-social-protection_9c646caa.html

Philippine Statistics Authority. (2025a, January 2). 2022 Census of Agriculture and Fisheries: Agricultural population with ownership or secure rights over agricultural land (SDG 5a.1). https://psa.gov.ph/content/2022-census-agriculture-and-fisheries-agricultural-population-ownership-or-secure-rights

Philippine Statistics Authority. (2025b, March 31). Poverty incidence declined from 2021 to 2023 in ten basic sectors. https://psa.gov.ph/statistics/poverty/node/1684075985

Prasad, B. D. (2008). Content analysis: A method of social science research. In D. K. Lal Das & V. Bhaskaran

(Eds.), Research methods for social work (pp. 173–193). Rawat Publications.

Rica, R. L. V. (2015). Socio-economic considerations of the aquaculture industries in Cebu and Siquijor, Central Visayas, Philippines. Tropical Technology Journal, 19, Article 14. https://doi.org/10.7603/s40934-015-0014-0

Serafica, R., Reyes, A. T., Cacciata, M. C., Kawi, J., Leyva, E. W. A., Sy, F. S., & Evangelista, L. S. (2025). Bridging the gap: Reducing health inequities in access to preventive health care services in rural communities in the Philippines. Journal of Transcultural Nursing, 36(1), 24–33. https://doi.org/10.1177/10436596241271270

Shonkwiler, A. (2020). Realisms. Oxford Research Encyclopedia of Literature. https://doi.org/10.1093/acrefore/9780190201098.013.1086

The Freeman. (2019, April 10). Top 100 Cebuano personalities: Max Surban. Philstar.com. https://www.philstar.com/the-freeman/cebu-entertainment/2019/04/10/1908892/top-100-cebuano-personalities-max-surban

United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization. (n.d.-a). Performing arts (such as traditional music, dance and theatre). https://ich.unesco.org/en/performing-arts-00054

United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization. (n.d.-b). What is intangible cultural heritage? https://ich.unesco.org/en/what-is-intangible-cultural-heritage-00003

United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization, & Southeast Asian Ministers of Education Organization. (2023). Global education monitoring report 2023, Southeast Asia: Technology in education: A tool on whose terms? UNESCO. https://www.unesco.org/gem-report/en/publication/2023-southeast-asia-report-technology-education

United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization. (n.d.). Performing arts (such as traditional music, dance and theatre). https://ich.unesco.org/en/performing-arts-00054

United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization. (n.d.). What is intangible cultural heritage? https://ich.unesco.org/en/what-is-intangible-cultural-heritage-00003

World Bank. (2021, March 31). Reducing poverty in rural areas: Increasing productivity and incomes of farmers and fisherfolk in the Philippines. https://www.worldbank.org/en/projects-operations/results/2021/03/31/reducing-poverty-in-rural-areas

World Bank. (2023, May 31). New fisheries initiative will benefit over a million people in the Philippines. https://www.worldbank.org/en/news/press-release/2023/05/31/new-fisheries-initiative-will-benefit-over-a-million-people-in-the-phi

World Bank. (2025, July 2). Unlocking the Philippines' digital transformation by increasing internet connectivity. https://www.worldbank.org/en/results/2025/07/02/unlocking-the-philippines-digital-transformation-by-increasing-internet-connectivity

World Health Organization. (n.d.). Traditional medicine. https://www.who.int/news-room/questions-and-answers/item/traditional-medicine

World Health Organization, Regional Office for South-East Asia. (2021). Traditional medicine in the WHO South-East Asia Region: Review of progress 2014–2019. https://www.who.int/publications/i/item/9789290228295

Yu, S. O. (2004). The challenge of informal work in the Philippines (Working Paper No. 10). International Labour Organization, ILO Subregional Office for South-East Asia and the Pacific. https://researchrepository.ilo.org/esploro/outputs/encyclopediaEntry/The-challenge-of-informal-work-in/995328533402676

International Journal of Research Studies in Education
2026 Volume 15 Number 22, 69-81

Reciprocal teaching para sa pag-unawa sa maikling kuwentong Asyano ng Baitang 9

Rosaceña, Rina D. ✉
Daanbantayan National High School, Philippines (rosacenarina24@gmail.com)



Received: 30 September 2026 **Revised**: 15 October 2026 **Accepted**: 19 October 2026
Available Online: 20 October 2026 **DOI**: 10.5861/ijrse.2026.26429

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Abstrak

Nilayon ng pag-aaral na ito na masuri ang kahusayan ng paggamit ng *reciprocal teaching* bilang estratehiya sa pagtuturo sa mga mag-aaral sa pag-unawa sa maikling kuwento ng Baitang 9 sa Daanbantayan National High School sa taong panuruan 2025–2026 bilang batayan sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo. Gumamit ang pananaliksik ng *One Group Pretest–Posttest Quasi-experimental Design* na nilahukan ng 50 mag-aaral ng Baitang 9. Dalawang pangunahing instrumento ang ginamit: test kwestyuner at sarbey kwestyuner na binuo alinsunod sa mga pamantayan ng *K to 12 Basic Education Curriculum*. Sinukat ang antas ng pag-unawa sa binasa bago at pagkatapos ng interbensiyon, ang makabuluhang pagkakaiba ng pauna at panghuling pagganap, at ang pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng *Reciprocal Teaching*. Ipinakita ng mga resulta na bago ang interbensiyon, ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa maikling kuwentong Asyano ay nasa *katamtamang antas*. Pagkatapos ng paggamit ng *Reciprocal Teaching*, tumaas ang kanilang pagganap sa *mahusay* hanggang *napakahusay* na antas sa lahat ng kasanayang sinukat. Pinatunayan ng paired t-test na may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pauna at panghuling pagganap na may *p-value* na <0.001, dahilan upang iwaksi ang *null hypothesis*. Ipinahihiwatig ng mga natuklasan na ang *Reciprocal Teaching* ay mabisang estratehiya sa pagpapalalim ng kritikal, analitikal, at interpretatibong pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagbasa ng maikling kuwentong Asyano sa antas sekundarya. Inirerekomendang gamitin ang awtput ng pag-aaral na *enhanced lesson exemplar* bilang awtput ng pag-aaral.

Susing-salita: reciprocal teaching, kritikal na pag-unawa, maikling kuwento, estartehiya, pagbasa

© The Author(s) / Attribution-ShareAlike CC BY-SA

Reciprocal teaching para sa pag-unawa sa maikling kuwentong Asyano ng Baitang 9

1. Panimula

Ang pag-unawa sa binasa ay isang pangunahing kasanayan na may malaking impluwensya sa akademikong pagganap at panghabambuhay na pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa konteksto ng makabagong siglo, ang pag-unawa ay hindi na lamang tumutukoy sa simpleng pagkilala sa mga salita, kundi sa malalim na pagproseso ng impormasyon na kinapapalooban ng kritikal na pag-iisip, pagsusuri, pagbibigay-kahulugan, at pagbuo ng makabuluhang kongklusyon mula sa mga tekstong binabasa. Kasabay ng patuloy na pag-unlad ng pandaigdigang pamantayan sa edukasyon, higit na nagiging mahalaga ang paggamit ng mga estratehiyang panturong nakatuon sa pagpapalago ng independiyente, kolaboratibo, at makabuluhang pagkatuto ng mga mag-aaral (Mafarja et al., 2023; Vuong & Steklács, 2025). Sa pandaigdigang antas, ipinakita ng Programme for International Student Assessment (PISA) 2022 ang pagbaba ng karaniwang pagganap sa pagbasa sa mga bansang kasapi ng Organisation for Economic Co-operation and Development (OECD, 2023). Ipinapakita ng mga resultang ito ang kahalagahan ng mga interbensyong pedagogikal na hindi lamang nakatuon sa pagtuturo kung paano bumasa, kundi sa pagpapalalim ng kakayahang umunawa, magsuri, at magpuna ng binabasa (Dew et al., 2021).

Sa Pilipinas, patuloy na binibigyang-diin ng Department of Education (DepEd) ang pag-unawa sa binasa bilang pangunahing pokús ng K–12 Kurikulum. Gayunpaman, batay sa PISA 2022, 24% lamang ng mga Pilipinong mag-aaral na lumahok sa pagtatasa ang nakaabot sa hindi bababa sa Level 2 ng kasanayan sa pagbasa, kumpara sa karaniwang 74% sa mga bansang kasapi ng OECD (OECD, 2023). Ayon pa sa ulat ng Department of Education, Southeast Asian Ministers of Education Organization, at United Nations Children's Fund (2021) tungkol sa Southeast Asia Primary Learning Metrics (SEA-PLM) 2019, mas mababa ang karaniwang pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 5 sa Pilipinas sa pagbasa, pagsulat, at matematika kumpara sa karaniwang marka ng iba pang mga bansang lumahok sa pagtatasa. Ipinapakita ng mga resultang ito ang pangangailangang paunlarin ang mga kasanayang mahalaga sa mas mataas na antas ng pag-unawang pagbasa. Ayon sa pag-aaral nina Sevilla et al. (2025) sa Davao City, ang paggamit ng Reciprocal Teaching ay nagpakita ng mas mataas na pag-unlad sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa Baitang 9 kumpara sa tradisyonal na pamamaraan ng pagtuturo. Ang mga estratehiyang panturo, gaya ng Reciprocal Teaching, na gumagamit ng mga kasanayang paghuhula, pagtatanong, paglilinaw, at pagbubuod ay nagpapakita ng malaking potensyal sa pagpapaunlad ng pag-unawa sa binasa (Vuong & Steklács, 2025).

Sa pagtuturo ng mananaliksik ng maikling kuwento sa Baitang 9, napansin na marami sa kanila ang nahihirapang bumuo ng sariling paghatol o pagmamatuwid batay sa akda. Hirap din silang magbigay ng denotatibo at konotatibong kahulugan sa mga piling salita, at higit sa lahat, mababa ang kanilang kakayahan sa pagsusuri ng mga pangyayari at pag-uugnay ng mga ito sa kasalukuyang konteksto ng lipunang Asyano. Sa kabila ng masusing talakayan at gabay, nananatiling mabagal ang pag-unlad ng kanilang pag-unawa, lalo na sa bahagi ng malalim na pag-aanalisa. Dahil dito, ninais ng mananaliksik na tuklasin ang potensyal ng Reciprocal Teaching bilang isang alternatibong estratehiya sa pagtuturo ng pag-unawa sa binasa. Ayon kina Ruangprasertkun at Chinwonno (2023), ang Reciprocal Teaching ay maaaring makatulong sa pagpapaunlad ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa sekondarya sa pamamagitan ng aktibong paggamit ng mga estratehiya sa pagbasa. Sa halip na umasa lamang sa pagtuturong nakasentro sa guro, kailangan ng mga mag-aaral ng aktibong partisipasyon sa proseso ng pagkatuto. Ang Reciprocal Teaching ay isang pamamaraang pedagogikal na gumagamit ng apat na kasanayan: paghuhula, pagtatanong, paglilinaw, at pagbubuod upang mapalalim ang pag-unawa at mapalakas ang kolaborasyon sa loob ng klase (Mafarja et al., 2023; Vuong & Steklács, 2025).

Ipinakita rin sa mga pag-aaral nina Dew et al. (2021) at Mafarja et al. (2023) na ang Reciprocal Teaching ay nakatutulong sa pagpapabuti ng partisipasyon, metakognitibong kasanayan, at pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagbasa sa iba't ibang asignatura at antas. Gayunpaman, sa lokal na konteksto ng Pilipinas, partikular sa mga

pampublikong paaralan, mahalagang magkaroon ng karagdagang ebidensyang sumusuporta sa pagpapatupad ng pamamaraang ito, lalo na sa asignaturang Filipino. Dahil dito, layunin ng pananaliksik na ito na makatulong sa pagpuno sa kakulangan sa literatura at masuri ang bisa ng Reciprocal Teaching bilang isang estratehiya sa pagtuturo na nakatuon sa pagpapahusay ng kasanayan sa pag-unawa sa binasa, partikular sa maikling kuwento sa Panitikang Asyano. Inaasahan na ang pag-aaral na ito ay makatutulong sa mga guro sa Filipino sa pagdidisenyo ng mas epektibong estratehiya sa pagtuturo ng pag-unawa at pagsusuri ng akdang pampanitikan sa konteksto ng pagkatuto sa ika-21 siglo (Ruangprasertkun & Chinwonno, 2023; Sevilla et al., 2025).

Layunin ng Pag-aaral - Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito na masuri ang kahusayan ng Reciprocal Teaching bilang pamamaraan ng pagtuturo sa pagpataas ng kakayahan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa Baitang 9 ng Daanbantayan National High School para sa Taong Panuruan 2025-2026, na magsisilbing batayan sa pagbuo ng isang lesson exemplar. Titiyakin ng pananaliksik na ito ang antas ng pauna at panghuling pagganap ng mga mag-aaral sa pagbasa batay sa pagkilala sa mga pangyayari at katangian ng akda, pagtukoy sa angkop na pang-ugnay, at pagbibigay-kahulugan sa kilos, gawi, at karakter ng mga tauhan mula sa diyalogo. Susuriin din kung may makabuluhang pagkakaiba ang resulta ng pauna at panghuling pagganap ng mga mag-aaral, kasabay ng pag-alam sa kanilang mga pananaw hinggil sa paggamit ng Reciprocal Teaching bilang estratehiya sa pagtuturo, upang makabuo ng angkop at mabisang kagamitang panturo sa pagbasa.

Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral - Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagsusuri sa kahusayan at epekto ng paggamit ng *Reciprocal Teaching* bilang estratehiya sa pagtuturo upang mapataas ang antas ng pag-unawa sa binasa. Sinuri nito ang tatlong pangunahing kasanayan sa pagbasa: ang pagkilala sa mga pangyayari at katangian ng akda, ang pagtukoy sa angkop na pang-ugnay na hudyat ng pagsusunod-sunod ng mga pangyayari, at ang pagbibigay-kahulugan sa kilos, gawi, at karakter ng mga tauhan batay sa diyalogo. Ang sakop na paksa at kagamitang pampagtuturo ay nakatutok sa mga maikling kuwentong Asyano na nakadisenyo para sa asignaturang Filipino sa ikasiyam na baitang, alinsunod sa mga pamantayan ng K to 12 Basic Education Curriculum at Most Essential Learning Competencies (MELCs). Ang pangunahing awtput ng pananaliksik na ito ay ang pagbuo ng isang *Enhanced Lesson Exemplar* na naglalayong magsilbing pinagbuting gabay sa pagtuturo ng pagbasa para sa mga guro.

Isinagawa ang pananaliksik sa Daanbantayan National High School (DNHS) na matatagpuan sa Daanbantayan, Hilagang Cebu, sa taong panuruan 2025–2026. Gumamit ang pag-aaral ng *One-Group Pretest–Posttest Quasi-experimental Design* na kinapapalooban ng limampung (50) mag-aaral mula sa Baitang 9 na pinili sa pamamagitan ng *purposive sampling*. Ang pagkalap ng datos ay nilimitahan sa paggamit ng dalawang pangunahing instrumento: isang *test na kwestyuner* na ginamit sa pauna (*pretest*) at panghuling (*posttest*) pagganap upang masukat ang kakayahan sa pagbasa, at isang *sarbey-kwestyuner* na may 4-point Likert Scale upang alamin ang pananaw at saloobin ng mga mag-aaral hinggil sa estratehiya.

Ang limitasyon ng pag-aaral na ito ay nakasalalay sa paggamit ng iisang pangkat ng mga kalahok (*one group*) nang walang hiwalay na kontroladong grupo (*control group*), na idinisenyo dahil sa mga praktikal na limitasyon sa iskedyul, oras, at lohistika ng paaralan. Bukod dito, ang saklaw ng mga respondente ay limitado lamang sa isang partikular na pampublikong paaralan sa antas ng Baitang 9 at sa partikular na kategorya ng mga akdang pampanitikan (maikling kuwentong Asyano). Dahil dito, ang mga natuklasan at konklusyon ng pananaliksik na ito ay pangkalahatang umaangkop at naglalarawan lamang sa konteksto ng mga napiling kalahok at hindi agad maipapalagay bilang pangkalahatang representasyon ng lahat ng mag-aaral sa ibang baitang, paaralan, o iba pang uri ng babasahin.

Kahalagahan ng Pag-aaral

- **Administrasyon**. Makikinabang ang pamunuan ng paaralan, partikular ng mga pampublikong mataas na paaralan, sa mga resulta ng pananaliksik na ito bilang batayan sa muling pagsusuri at pagpapabuti ng kurikulum sa pagbasa. Ang paglalapat ng *Reciprocal Teaching* bilang isang metakognitibo at kooperatibong estratehiya sa pagtuturo ay maaaring isaalang-alang sa pagdidisenyo ng mga

interbensyon o programa sa pagbasa, lalo na para sa mga mag-aaral na nahihirapang umunawa ng binabasa.

- **Mga Guro sa Filipino**. Ang mga guro ay makakakuha ng konkretong gabay at modelo sa paggamit ng *Reciprocal Teaching* upang gawing mas makabuluhan, interaktibo, at angkop sa antas ng kakayahan ng mag-aaral ang pagtuturo ng pagbasa. Sa halip na tradisyonal na *lecture-based approach*, ang estratehiyang ito ay nagbibigay-daan sa aktibong partisipasyon ng mag-aaral sa talakayan at pag-unawa sa teksto. Makakatulong ito sa mga guro sa pagdisenyo ng mga gawain sa pagbasa na naglalaman ng paghuhula, pagtatanong, paglilinaw, at pagbubuod mga kasanayang kritikal sa akademikong tagumpay.

- **Mga Mag-aaral.** Ang mga mag-aaral sa Baitang 9 ang pangunahing makikinabang sa paggamit ng *Reciprocal Teaching* dahil ito ay nagbibigay sa kanila ng sistematikong paraan ng pag-unawa sa binabasa. Sa pamamagitan ng aktibong paglahok sa diskurso ng pagbasa, inaasahang mas mapapalalim ang kanilang komprehensyon, analitikal na pag-iisip, at tiwala sa pagharap sa mas kompleks na babasahin.

- **Mga Mananaliksik sa hinaharap**. Ang pananaliksik na ito ay maaaring magsilbing batayang literatura at metodolohikal na gabay para sa mga susunod na mananaliksik na nagnanais pag-aralan ang epekto ng *Reciprocal Teaching* o iba pang *strategy-based approaches* sa pag-unawa ng teksto. Maaari rin itong palawakin upang maisama ang iba pang mga antas ng baitang, genre ng babasahin, o konteksto tulad ng *remedial reading, special education, o second-language learning.*

2. Metodolohiya

Disenyo ng Pag-aaral - Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng *One Group Pretest-Posttest Quasi-Experimental Design*, isang disenyo ng pananaliksik na karaniwang ginagamit upang masukat ang epekto ng isang interbensyon sa iisang grupo ng mga kalahok kahit walang pagkukumparahan sa ibang grupo. Sa pamamagitan ng disenyo na ito, isang pangkat lamang ng mga mag-aaral sa Baitang 9 ang ginamit bilang kalahok. Sila ay isinailalim sa parehong pauna at panghuling pagganap upang matukoy ang pagbabago sa kanilang kasanayan matapos ang paggamit ng *Reciprocal Teaching* bilang estratehiya sa pagtuturo. Ang layunin ng disenyo ay masukat kung may makabuluhang pag-unlad sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binasa matapos ang interbensyon. Ito ay isang uri ng quasi-experimental research na nakatuon sa pagsusuri ng performans ng mga kalahok bago at pagkatapos ng isang tiyak na estratehiya. Wala itong kontroladong grupo, ngunit ito ay epektibo sa mga pananaliksik sa edukasyon kung saan nais tukuyin kung ang isang bagong paraan ng pagtuturo ay may positibong epekto sa mga mag-aaral. Sa konteksto ng pananaliksik na ito, ipinapalagay na ang anumang pagbabago sa resulta ng panghuling pagganap ay maaaring maiugnay sa paggamit ng *Reciprocal Teaching*. Gayunman, kinikilala rin ng disenyo ang posibilidad ng ibang salik na maaaring nakaapekto sa resulta. Sa kabila nito, ito ay nananatiling praktikal at angkop, lalo na sa mga pampublikong paaralan kung saan may limitasyon sa oras, seksyon, iskedyul, at iba pang logistical na aspeto.

Respondente - Ang mga respondente ng pag-aaral ay binubuo ng 50 mag-aaral mula sa Baitang 9 na kasalukuyang naka-enrol sa asignaturang Filipino 9 sa isang pampublikong mataas na paaralan. Ang pagpili sa kanila ay isinagawa gamit ang *purposive sampling,* batay sa mga sumusunod na pamantayan: (1) sila ay aktibong kalahok sa klase ng Filipino 9 sa panahon ng pagsasagawa ng pananaliksik; (2) hindi pa sila sumailalim sa anumang interbensyon o estratehiyang nauugnay sa *Reciprocal Teaching*; (3) may regular na atendans at sapat na oras para makibahagi sa buong proseso ng pag-aaral, kabilang ang paunang pagganap, implementasyon ng estratehiya, at panghuling pagganap; at (4) may pahintulot mula sa magulang o tagapag-alaga na lumahok sa pananaliksik. Ang mga pamantayang ito ay itinakda upang matiyak ang pagiging angkop, representatibo, at integridad ng datos na malilikom hinggil sa bisa ng *Reciprocal Teaching* sa pagpapahusay ng kasanayan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral.

Instrumento ng Pananaliksik - Upang masukat ang epekto ng *Reciprocal Teaching* sa kasanayan sa pag-

unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa Baitang 9, gumamit ang mananaliksik ng dalawang pangunahing instrumento: test kwestyuner at sarbey kwestyuner. Ang mga ito ay maingat na binuo batay sa mga tiyak na pamantayan ng *K to 12 Basic Education Curriculum* at isinasaalang-alang ang layunin ng pananaliksik. Ang test kwestyuner ay ginamit upang matukoy ang antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng implementasyon ng *Reciprocal Teaching*. Kabilang sa mga kasanayang sinukat ng pagsusulit ang pagkilala sa ilang pangyayari at mga katangian ng akdang binasa; pagtukoy sa angkop na pang-ugnay na hudyat ng pagsusunod-sunod ng pangyayari; at pagbibigay kahulugan ng kilos, gawi at karakter ng mga tauhan batay sa diyalogo ng akdang sinuri. Ang mga tanong sa pagsusulit ay sumasalamin sa iba't ibang antas ng *reading comprehension* gaya ng *literal, inferential,* at *evaluative comprehension.* Pareho ang format ng *pre-test at post-test* upang matiyak ang pagiging maaasahan at balido ng resulta.

Samantala, ang sarbey kwestyuner ay ginamit upang masukat ang pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa paggamit ng *Reciprocal Teaching* bilang estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa. Ito ay ginamitan ng *4-point Likert Scale* na tumutukoy sa kanilang saloobin tungkol sa kahusayan, kahalagahan, kahirapan, at bisa ng naturang estratehiya. Layunin nitong alamin kung paano tinanggap ng mga mag-aaral ang *Reciprocal Teaching* at kung paano ito nakaapekto sa kanilang motibasyon, pakikilahok, at kasanayan sa pag-unawa. Ang mga instrumento ay dumaan sa masusing pagsusuri ng mga eksperto sa larangan ng wika at panitikan upang matiyak ang kalidad at pagiging angkop nito sa konteksto ng pananaliksik.

Pamamaraan sa Paglikom ng Datos - Isinagawa ng mananaliksik ang sistematikong proseso ng pangangalap ng datos upang masukat ang bisa ng *Reciprocal Teaching* bilang estratehiya sa pagpapahusay ng kasanayan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa Baitang 9 sa mataas na paaralan. Nahati ang prosesong ito sa tatlong yugto: yugtong bago ang pangangalap ng datos, yugtong habang nangangalap ng datos, at yugtong pagkatapos ng pangangalap ng datos.

Yugto bago ang pangangalap ng datos - Sa bahaging ito, inihanda ng mananaliksik ang mga kinakailangang dokumento at pahintulot upang maisagawa nang maayos ang pananaliksik. Unang inihahanda at ipinadala ang *transmittal letter* sa Superbisor ng Tanggapan ng Dibisyon ng mga Paaralan ng Lungsod ng Cebu upang humiling ng pahintulot sa pagsasagawa ng pag-aaral. Kapag ito ay naaprubahan, susunod namang bibigyan ng liham ang Punongguro ng paaralan, at pagkatapos ay ang guro sa Filipino na siyang magiging katuwang ng mananaliksik sa pagpili ng mga mag-aaral na magsisilbing mga respondante. Kasama rin sa yugtong ito ang pagpapaalam sa mga mag-aaral at pagbibigay ng maikling oryentasyon ukol sa layunin ng pag-aaral, proseso ng pagsusuri, at katiyakan ng pagiging kumpidensyal ng kanilang sagot.

Yugto habang nangangalap ng datos - Sa yugtong ito, aktwal nang isinagawa ang pagkolekta ng datos. Matapos maibigay ang liham, ibinigay ng mananaliksik ang paunang pagganap sa mga piling mag-aaral ng Baitang 9 gamit ang tradisyunal na paraan ng pagtuturo. Dito ay ginamit ang karaniwang estratehiya tulad ng talakayan, indibidwal na pagbasa, at pagsagot ng mga tanong ukol sa binasang teksto. Layunin ng paunang pagganap na matukoy ang panimulang antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral bago ipinatupad ang interbensyon. Matapos makuha ang resulta ng paunang pagganap, isinagawa ng mananaliksik ang integrasyon ng *Reciprocal Teaching* bilang pamamaraang batay sa estratehiya. Sa loob ng ilang linggo, isinagawa ang pagtuturo ng pagbasa gamit ang apat na hakbang ng *Reciprocal Teaching*: paghuhula, pagtatanong, paglilinaw, at pagbubuod. Tiniyak ng mananaliksik na naipaliwanag at nagamit nang wasto ng mga mag-aaral ang mga hakbang na ito sa talakayan.

Nang matiyak ng mananaliksik na naunawaan ng mga mag-aaral ang proseso ng *Reciprocal Teaching*, isinagawa ang panghuling pagganap. Sumunod na isinagawa ang pagsusuri kung may makabuluhang pagkakaiba sa resulta ng pauna at panghuling pagganap ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binasa. Layunin nitong masukat kung nagkaroon ng pagbabago o pag-unlad sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral matapos ang interbensyon. Pagkatapos nito, nagsagawa ang mananaliksik ng pagtatanong ukol sa pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng *Reciprocal Teaching* bilang estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa. Pinakahuli, bumuo ang mananaliksik ng pinagbuting banghay-aralan batay sa mga datos na nakuha mula sa pag-aaral.

Yugto pagkatapos ng pangangalap ng datos - Sa yugtong ito, inayos at inipon ng mananaliksik ang lahat ng datos na nakuha mula sa pauna at panghuling pagganap. Ang mga nakuhang iskor ng mga mag-aaral ay itinala at inayos sa sistematikong paraan. Pagkatapos nito, ang nakolektang datos ay ibinigay sa isang kredibadong statistician upang maisagawa ang angkop na *statistical treatment* at analisis, tulad ng pagkuha ng *mean, standard deviation*, at pagsusuri ng pagkakaiba gamit ang *t-test.* Ang mga resulta ng pagsusuri ay ginamit ng mananaliksik upang maipaliwanag ang bisa ng *Reciprocal Teaching* sa pagpapahusay ng kasanayan sa pag-unawa sa binasa. Mula sa mga ito, nakabuo ng kongkretong rekomendasyon at output tulad ng modyul, gabay sa pagtuturo, o mungkahing estratehiya na maaaring gamitin ng mga guro sa Filipino upang mapataas ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa binabasa.

3. Resulta at Pagtatalakay

Inilahad sa kabanatang ito ang mga nakalap na datos mula sa isinagawang pananaliksik, kasama ang masusing pagsusuri at pagpapakahulugan sa mga ito. Ang mga datos ay inayos, inilahad, at sinuri gamit ang angkop na pamamaraan upang matukoy ang mga mahahalagang impormasyong tumugon sa mga suliranin ng pag-aaral. Sa pamamagitan ng sistematikong pagsusuri, nabigyang-linaw ang kahulugan ng mga resulta at ang kaugnayan ng mga ito sa layunin ng pananaliksik.

3.1 Antas ng Pag-unawa sa Binasa ng mga Mag-aaral sa Baitang 9 sa Tradisyunal na Pagtuturo

Ang pagtukoy sa antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa Baitang 9 sa Tradisyunal na pagtuturo ay isang mahalagang hakbang sa pananaliksik sapagkat nagbibigay ito ng malinaw na larawan ng kanilang panimulang kakayahan sa pagbasa at pag-unawa sa teksto. Sa yugtong ito, sinusuri ang kakayahan ng mga mag-aaral na umunawa ng tahasang impormasyon, magbigay-interpretasyon, at magsagawa ng payak na pagsusuri batay sa mga tekstong kanilang binabasa gamit ang karaniwang estratehiya sa pagtuturo.

Talahanayan 1

Antas ng Pag-unawa sa Binasa ng mga Mag-aaral sa Baitang 9 sa Tradisyunal na Pagtuturo

KOMPETENSI	N	MA	K	MY	NK	Mean	S.D.	BD
Pagkilala sa ilang pangyayari at mga katangian ng akdag binasa	2 (4%)	10 (20%)	17 (34%)	15 (30%)	6 (12%)	11	3.85	Katamtaman
Pagtukoy sa angkop na pang-ugnay na hudyat ng pagsusunod sunod ng pangyayari	3 (6%)	8 (16%)	20 (40%)	18 (36%)	1 (2%)	11	3.80	Katamtaman
Pagbibigay kahulugan ng kilos ,gawi at karakter ng mga tauhan batay sa diyalogo ng akdang sinuri.	3 (6%)	5 (10%)	16 (32%)	20 (40%)	6 (12%)	12	3.96	Katamtaman

Legend: 0–4=Napakababa (N), 5–8=Mababa (M), 9–12=Katamtaman (K), 13–16=Mahusay, 17–0=Napakahusay (NK)

Batay sa Talahanayan 1, malinaw na ang antas ng kritikal na pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa Baitang 9 sa Tradisyunal na pagtuturo ay nasa katamtamang antas, na nangangahulugang may pundamental na pag-unawa ngunit hindi pa sapat upang maituring na mataas o malalim ang antas ng pagpapakahulugan at pagsusuri. Ang ganitong resulta ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay nakaaabot sa literal at bahagyang hinuhaing pag-unawa, subalit nangangailangan pa ng mas sistematikong paggabay upang maabot ang antas ng masuri at mapanuring pag-iisip. Ang mga panimulang datos mula sa paunang pagganap ay nagsisilbing mahalagang batayan sa pagdidisenyo ng interbensiyon sapagkat ipinakikita nito kung saang bahagi partikular na nangangailangan ng pagpapalakas ang mga mag-aaral bago isagawa ang panghuling pagganap (Duke & Cartwright, 2021; OECD, 2023).

Sa unang kompetensi ang pagkilala sa ilang pangyayari at mga katangian ng akdang binasa ang mean na 11.00

(Katamtaman) ay nagpapahiwatig na hindi pa ganap na nahuhubog ang kakayahan ng mga mag-aaral sa malikhaing rekonstruksiyon ng teksto. Ang ganitong gawain ay nangangailangan ng mas mataas na antas ng pag-iisip, kabilang ang pagsusuri, pagsasama-sama ng ideya, at paghusga. Ayon sa pag-aaral nina Dew et al. (2021), ang paggamit ng Reciprocal Teaching ay may positibong epekto sa pagpapataas ng pag-unawa sa binasa sa iba't ibang kontekstong pang-edukasyon. Gayundin, ipinakita nina Vuong at Steklács (2025) na ang estrukturadong talakayan at metakognitibong pagtatanong sa loob ng Reciprocal Teaching ay nakatutulong sa mga mag-aaral na mapalalim ang kanilang pagpoproseso ng teksto at pagbuo ng kahulugan. Ipinahihiwatig nito na ang katamtamang resulta sa unang kompetensi ay indikasyon ng pangangailangang magpatupad ng mas aktibong estratehiya sa pagbasa.

Sa ikalawang kompetensi hinggil sa paggamit ng angkop na pang-ugnay sa pagsusunod-sunod ng pangyayari, ang mean na 11.00 ay nagpapakita na may kakayahan ang mga mag-aaral na makabuo ng naratibo ngunit kulang pa sa organisasyon at pagkakaugnay-ugnay ng ideya. Ang ganitong kakulangan ay nakaaapekto sa lohikal na daloy ng kaisipan at pagbuo ng kahulugan. Ayon kina Duke at Cartwright (2021), ang kasanayan sa pag-unawa sa wika, pag-uugnay ng impormasyon, at aktibong pagproseso ng teksto ay mahahalagang bahagi ng pag-unawa sa binasa. Sinusuportahan din ito ng kanilang pag-aaral na nagsasabing ang mga prosesong estratehiko at sariling regulasyon sa pagbasa ay nakatutulong sa paglinang ng mas mataas na antas ng pag-unawa. Samakatuwid, ang katamtamang resulta sa bahaging ito ay nagpapakita ng pangangailangan ng kolaboratibong talakayan at malinaw na pagmomodelo ng organisasyon ng ideya mga elementong maaaring isama sa estratehiya ng Reciprocal Teaching.

Sa ikatlong kompetensi ang pagbibigay-kahulugan sa kilos, gawi, at karakter ng tauhan ang mean na 12.00 ay bahagyang mas mataas ngunit nananatili sa Katamtamang antas. Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral ay may kakayahang bumuo ng hinuha ngunit hindi pa ito ganap na sistematiko at malalim. Ayon sa OECD (2023) sa balangkas ng pagbasa ng PISA, ang pagbuo ng hinuha, pagsasama-sama ng impormasyon, at kritikal na pagsusuri ng teksto ay kabilang sa mahahalagang proseso ng mas mataas na pag-unawa sa binasa. Dagdag pa rito, ipinakita nina Duke at Cartwright (2021) na ang aktibong sariling regulasyon sa pagbasa ay mahalagang bahagi ng matagumpay na pag-unawa sa teksto. Dahil dito, ang patuloy na pangangailangan ng gabay sa bahaging ito ay nagpapahiwatig na ang interaktibong talakayan at estrukturadong pagtatanong sa Reciprocal Teaching ay mahalagang interbensiyon.

Sa kabuuan, ang interpretasyon ng Talahanayan 1 ay nagpapakita na bago ang implementasyon ng Tradisyunal na pagtuturo, ang mga mag-aaral ay nasa antas ng bahagyang pag-unawa at nangangailangan ng metakognitibo at kolaboratibong estratehiya upang mapaunlad ang kritikal na pagbasa. Ang mga natuklasan ay umaayon sa mga kontemporaryong pag-aaral na nagpapakita ng mga limitasyong maaaring maranasan sa pag-unawa sa binasa at ng potensiyal ng Reciprocal Teaching sa pagpapataas ng pag-unawa sa teksto, kakayahang pangdiskurso, at inferensyal na pag-iisip (Mafarja et al., 2023; Sevilla et al., 2025).

3.2 Antas ng Pag-unawa sa Binasa Gamit ang Reciprocal Teaching

Ang pagtukoy sa antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa Baitang 9 matapos ang paggamit ng *Reciprocal Teaching* ay mahalagang bahagi ng pag-aaral sapagkat ito ang nagsisilbing pangunahing batayan sa pagsusuri ng bisa at epekto ng naturang estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa. Sa yugtong ito, sinuri kung paano nakaimpluwensiya ang paggamit ng *Reciprocal Teaching na* kinabibilangan ng paghuhula, pagtatanong, paglilinaw, at pagbubuod sa kakayahan ng mga mag-aaral na umunawa ng teksto sa mas malalim at mas organisadong paraan.

Batay sa Talahanayan 2, malinaw na nagkaroon ng makabuluhang pagtaas sa antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral matapos ang paggamit ng Reciprocal Teaching. Ang kawalan ng mga mag-aaral sa antas na Napakababa at Mababa at ang pagdami ng nasa Mahusay at Napakahusay ay nagpapakita ng malinaw na pag-unlad sa akademikong pagganap. Ang ganitong distribusyon ay indikasyon na ang interbensiyon ay hindi lamang nakaapekto sa iilang mag-aaral kundi sa kabuuang pangkat. Sa unang kasanayan pagkilala sa mga pangyayari at

katangian ng akda ang mean na 16.00 (Mahusay) ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay nagkaroon ng mas organisado at masusing pagpoproseso ng teksto. Ang pagtaas ng bilang sa antas na Napakahusay (50%) ay nagpapakita ng paglipat mula sa literal patungo sa mas masuri at mapanuring pag-unawa. Ayon sa pag-aaral nina Brinda at Jannah (2021), ang mga mag-aaral na tinuruan gamit ang Reciprocal Teaching ay nagpakita ng makabuluhang pagtaas sa kakayahang tukuyin ang mahahalagang detalye at estruktura ng teksto kumpara sa tradisyunal na pamamaraan. Ipinahihiwatig nito na ang estratehikong pagtatanong at pagbubuod ay nakatulong sa paglilinaw ng pangunahing ideya at mahahalagang elemento ng kuwento.

Talahanayan 2

Antas ng Pag-unawa sa Binasa Gamit ang Reciprocal Teaching

KOMPETENSI	N	MA	K	MY	NK	Mean	S.D.	B. D
Pagkilala sa ilang pangyayari at mga katangian ng akdag binasa	-	-	8 (16%)	17 (34%)	25 (50%)	16	2.99	Mahusay
Pagtukoy sa angkop na pang-ugnay na hudyat ng pagsusunod sunod ng pangyayari	-	-	9 (18%)	16 (32%)	25 (50%)	16	3.22	Mahusay
Pagbibigay kahulugan ng kilos ,gawi at karakter ng mga tauhan batay sa diyalogo ng akdang sinuri.	-	-	4 (8%)	13 (26%)	33 (66%)	17	2.57	Napakahusay

Legend: 0–4=Napakababa (N), 5–8=Mababa (M), 9–12=Katamtaman (K), 13–16=Mahusay, 17–0=Napakahusay (NK)

Sa ikalawang kasanayan, ang pagtukoy sa angkop na pang-ugnay ay may mean na 16.00 (Mahusay) ay nagpapakita ng pag-unlad sa organisasyon at kohesyon ng pag-iisip. Ang pagtaas ng porsiyento sa Mahusay at Napakahusay ay nagpapahiwatig na mas naging lohikal at sistematiko ang pagpoproseso ng mga pangyayari. Sa pag-aaral nina Mafarja et al. (2023), natuklasan na ang mga kolaboratibong estratehiya sa pagbasa, tulad ng Reciprocal Teaching, ay nakatutulong sa paglinang ng kakayahang pangdiskurso at kasanayan sa maayos na pagsulat ng mga mag-aaral sa sekondarya. Ipinapakita nito na ang interaktibong talakayan ay nagpapalakas ng kakayahang mag-ugnay-ugnay ng mga ideya at bumuo ng mas malinaw na daloy ng salaysay.

Sa ikatlong kasanayan, pagbibigay-kahulugan sa kilos, gawi, at karakter ng tauhan, ang mean na 17.00 (Napakahusay) at 66% sa pinakamataas na antas ay nagpapakita ng malalim na inferensyal na pag-unawa. Ang kakayahang ito ay indikasyon ng pag-unlad sa kritikal na pag-iisip at sa metakognisyon. Ayon kina Juhkam et al. (2023), ang paggamit ng mga metakognitibong estratehiya sa pagbasa ay may tuwirang epekto sa pagpapalalim ng inferensyal na pag-unawa at sa pagsusuri sa mga karakter sa mga tekstong pampanitikan. Dagdag pa rito, ipinakita nina Nur'aini et al. (2025) na ang estrukturadong talakayang pangkapwa sa loob ng reciprocal na balangkas ay nagpapataas ng analitikal na pangangatwiran at ng interpretasyong tekstuwal ng mga mag-aaral sa mga paaralang mataas.

Ang mga resulta ay nagpapakita na ang Reciprocal Teaching ay epektibong nakapagpataas ng antas ng pag-unawa mula sa sapat tungo sa mas malalim at masusing pagpoproseso ng teksto. Ipinahihiwatig nito na ang kombinasyon ng metakognitibong estratehiya at kolaboratibong pagkatuto ay mahalagang sangkap sa pagpapahusay ng pag-unawa sa binabasa. Ang estratehiya ay maaaring iangkop sa iba pang uri ng teksto at antas ng pag-aaral upang higit pang mapahusay ang kritikal na pag-iisip. Batay sa mga datos at kaugnay na pag-aaral, malinaw na ang paggamit ng Reciprocal Teaching ay nagdulot ng makabuluhang pag-angat sa antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa Baitang 9. Ang paglipat ng karamihan sa antas na Mahusay at Napakahusay ay patunay na ang estratehiyang ito ay nakapagpalalim ng pag-unawa, nag-ayos ng organisasyon ng mga ideya, at nagpalakas ng inferensyal na pagsusuri. Samakatuwid, maaaring iturin ang Reciprocal Teaching bilang isang empirikal na suportado at napatunayang mabisang estratehiyang pedagogikal sa pagpapataas ng kritikal na pag-unawa sa pagbasa.

3.3 Pagkakaiba ng Pauna at Panghuling Pagganap ng mga Mag-aaral sa Pag-unawa sa Binasa

Ang pagsuri sa pagkakaiba ng resulta ng pauna at panghuling pagganap ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binasa ay isang mahalagang bahagi ng pag-aaral sapagkat ito ang nagbigay ng kongkretong batayan sa pagtukoy kung may naganap na makabuluhang pagbabago sa kanilang antas ng pag-unawa matapos ang isinagawang interbensyon. Sa pamamagitan ng paghahambing sa mga iskor bago at pagkatapos ng paggamit ng *Reciprocal Teaching*, natukoy kung ang estratehiyang ginamit ay naging epektibo sa pagpapahusay ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binasang teksto. Ang pagkakaibang ito sa resulta ng pauna at panghuling pagganap ay nagpakita kung paano nakapekto ang sistematikong paggamit ng mga estratehiya tulad ng paghuhula, pagtatanong, paglilinaw, at pagbubuod sa kakayahan ng mga mag-aaral na umunawa, magsuri, at magbigay-kahulugan sa kanilang binabasa.

Talahanayan 3
Pagkakaiba ng Pauna at Panghuling Pagganap ng mga Mag-aaral sa Pag-unawa sa Binasa

KOMPETENSI	t-value	Df	Mean difference	p-value	Desisyon	Interpretasyon
Pagkilala sa ilang pangyayari at mga katangian ng akdag binasa	-8.36	49	-4.68	<0.001	Reject H_0	Significant
Pagtukoy sa angkop na pang-ugnay na hudyat ng pagsusunod sunod ng pangyayari	-6.75	49	-5.12	<0.001	Reject H_0	Significant
Pagbibigay kahulugan ng kilos ,gawi at karakter ng mga tauhan batay sa diyalogo ng akdang sinuri.	-6.59	49	-4.88	<0.001	Reject H_0	Significant

Batay sa Talahanayan 3, malinaw na may makabuluhang pagkakaiba sa resulta ng pauna at panghuling pagganap ng mga mag-aaral sa lahat ng sinuring kasanayan. Ang mga nakuha na t-value (-8.36, -6.75, -6.59) na may p-value < 0.001 ay nagpapakita ng napakataas na antas ng estadistikong kabuluhan. Ang pagtanggi sa null hypothesis (H_0) ay nangangahulugan na ang pagtaas sa marka ng mga mag-aaral ay hindi lamang dulot ng pagkakataon, kundi bunga ng ipinatupad na interbensiyon. Ang negatibong mean difference ay nagpapakita ng malinaw na pag-angat ng panghuling pagganap kumpara sa paunang pagganap.

Sa unang kasanayan, sa pagkilala sa mga pangyayari at katangian ng akda ang t-value na -8.36 at mean difference na -4.68 ay nagpapakita ng malakas na epekto ng Reciprocal Teaching sa literal at organisadong pag-unawa. Ang laki ng diperensiya ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay nagkaroon ng mas sistematikong pagpoproseso ng impormasyon matapos ang interbensiyon. Ayon sa pag-aaral nina Oo et al. (2021), ang mga mag-aaral na sumailalim sa Reciprocal Teaching ay nagpakita ng estadistikong makabuluhang pagtaas sa pag-unawa sa binasa kumpara sa pangkat na hindi gumamit ng estratehiya, partikular sa pagkuha ng pangunahing ideya at detalye ng teksto. Ipinapakita nito na ang estratehikong pagtatanong at pagbubuod ay may tuwirang epekto sa pag-unlad ng pag-unawa.

Sa ikalawang kasanayan, ang pagtukoy sa angkop na pang-ugnay ang t-value na -6.75 at mean difference na -5.12 ay nagpapakita rin ng makabuluhang pagbabago. Ipinahihiwatig nito na ang kolaboratibong talakayan at metakognitibong pagmamanman sa loob ng Reciprocal Teaching ay nakatulong sa paglinang ng lohikal at kohesibong pag-iisip. Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina Juhkam et al. (2023) na nag-ulat na ang estrukturadong dayalogo sa loob ng reciprocal na pamamaraan ay nakapagpapabuti ng kamalayan sa organisasyon ng teksto at

pagpoproseso ng diskurso sa mga mag-aaral sa sekondarya. Ang ganitong resulta ay nagpapakita na ang pag-unlad ay hindi lamang sa nilalaman ng pag-unawa kundi pati sa estruktura at daloy ng teksto.

Sa ikatlong kasanayan, ang pagbibigay-kahulugan sa kilos at karakter ng tauhan ang t-value na -6.59 at mean difference na -4.88 ay nagpapakita rin ng estadistikong makabuluhang pag-angat. Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral ay nagkaroon ng mas malalim na inferensyal at analitikal na pag-unawa. Ayon kina Ruangprasertkun at Chinwonno (2023), ang paggamit ng metakognitibong paggabay tulad ng Reciprocal Teaching ay may positibong epekto sa inferensyal na pag-unawa at kasanayan sa kritikal na interpretasyon ng mga mag-aaral sa mataas na paaralan. Gayundin, ipinakita nina Nur'aini et al. (2025) na ang ginabayang pagtatanong ng magkakapangkat ay nakapagpapataas ng mas mataas na antas ng kasanayan sa pag-iisip at pangangatwirang tekstuwal.

Ang mga resulta ng paired sample t-test ay nagpapakita na ang Reciprocal Teaching ay hindi lamang epektibo sa antas ng paglalarawan ng datos kundi napatunayang may estadistikong epekto sa pagpapataas ng pag-unawa sa binasa. Ang malalaking t-value at napakababang p-value ay indikasyon ng matibay na epekto ng interbensiyon. Ipinahihiwatig nito na ang pagsasama ng metakognitibong estratehiya, interaksiyong pangkapwa, at sistematikong talakayan ay mahalagang sangkap sa pagpapalakas ng kritikal na pagbasa. Maaaring iangkop ang estratehiyang ito sa iba pang asignatura at tekstong akademiko upang higit pang mapaunlad ang pag-unawa at analitikal na kasanayan ng mga mag-aaral.

Sa kabuoan, malinaw na may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pauna at panghuling pagganap, na nagpapatunay sa bisa ng Reciprocal Teaching bilang interbensiyong pampagtuturo. Ang pagtanggi sa null hypothesis sa lahat ng kasanayan ay patunay na ang pag-unlad ng mga mag-aaral ay sistematiko at hindi nagkataon lamang. Batay sa mga datos at kaugnay na pag-aaral, maaaring ipagpalagay na ang Reciprocal Teaching ay isang epektibo, empirikal, at estadistikong napatunayang estratehiya sa pagpapataas ng antas ng kritikal at inferensyal na pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa Baitang 9.

3.4 Antas ng Pananaw ng mga Mag-aaral sa Reciprocal Teaching

Ipinakita sa talahanayang ito ang antas ng pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng *Reciprocal Teaching* bilang estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa. Sinusukat ang kanilang antas ng pagsang-ayon batay sa mga pahayag na may kaugnayan sa pag-unawa sa binasa, aktibong partisipasyon sa talakayan, paglinang ng bokabularyo, at pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip.

Talahanayan 4

Antas ng Pananaw ng mga Mag-aaral sa Reciprocal Teaching

Tanong	Mean	S.D.	Verbal Description	Interpretation
Q1	3.82	0.44	Lubos na Sumasang-ayon (LS)	Lubos na positibong pananaw
Q2	3.54	0.54	Lubos na Sumasang-ayon (LS)	Lubos na positibong pananaw
Q3	3.52	0.58	Lubos na Sumasang-ayon (LS)	Lubos na positibong pananaw
Q4	3.46	0.61	Lubos na Sumasang-ayon (LS)	Lubos na positibong pananaw
Q5	3.68	0.59	Lubos na Sumasang-ayon (LS)	Lubos na positibong pananaw
Q6	3.70	0.51	Lubos na Sumasang-ayon (LS)	Lubos na positibong pananaw
Q7	3.54	0.58	Lubos na Sumasang-ayon (LS)	Lubos na positibong pananaw
Q8	3.64	0.53	Lubos na Sumasang-ayon (LS)	Lubos na positibong pananaw
Q9	3.52	0.54	Lubos na Sumasang-ayon (LS)	Lubos na positibong pananaw
Q10	3.68	0.47	Lubos na Sumasang-ayon (LS)	Lubos na positibong pananaw
Q11	3.66	0.52	Lubos na Sumasang-ayon (LS)	Lubos na positibong pananaw
Q12	3.48	0.54	Lubos na Sumasang-ayon (LS)	Lubos na positibong pananaw
Q13	3.54	0.54	Lubos na Sumasang-ayon (LS)	Lubos na positibong pananaw
Q14	3.42	0.64	Lubos na Sumasang-ayon (LS)	Lubos na positibong pananaw
Q15	3.66	0.52	Lubos na Sumasang-ayon (LS)	Lubos na positibong pananaw
Overall Mean	3.59	0.54	Lubos na Sumasang-ayon (LS)	Lubos na positibong pananaw

Batay sa Talahanayan 4, ang overall mean na 3.59 na may berbal na deskripsyong Lubos na Sumasang-ayon ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay may lubos na positibong pananaw sa paggamit ng Reciprocal Teaching. Lahat ng labinlimang pahayag ay nakapagtala ng mean na nasa pagitan ng 3.42 hanggang 3.82, na pawang kabilang

sa pinakamataas na kategorya sa iskala. Ang mababang standard deviation (0.44–0.64) ay nagpapahiwatig na ang mga tugon ay magkakalapit at magkakatugma, na nangangahulugang karamihan sa mga mag-aaral ay nagkakaisa sa kanilang positibong persepsyon sa estratehiya.

Ang mataas na antas ng pagsang-ayon ay nagpapahiwatig na naranasan ng mga mag-aaral ang malinaw na benepisyo ng Reciprocal Teaching sa kanilang pagkatuto. Ang ganitong resulta ay indikasyon ng mataas na antas ng pakikilahok, pagganyak, at aktibong partisipasyon sa proseso ng pagbasa. Ang positibong pananaw ng mga mag-aaral ay mahalagang salik sa tagumpay ng isang interbensiyon sapagkat ang saloobin at persepsyon ay may direktang kaugnayan sa pagganap sa mga akademikong gawain. Ayon sa pag-aaral nina Ruangprasertkun at Chinwonno (2023), ang mga mag-aaral na may positibong pananaw sa mga metakognitibong estratehiya sa pagbasa ay nagpapakita ng mas mataas na pag-unawa at mas aktibong pamamahala sa sariling pagkatuto.

Dagdag pa rito, ipinakita nina Khan at Ch. (2021) na ang kolaboratibong lapit sa pagbasa ay nagdudulot ng mas mataas na antas ng pakikisangkot at pagganyak sa sekondarya. Ang positibong pananaw ay hindi lamang indikasyon ng kasiyahan kundi patunay na ang estratehiya ay nakapagbigay ng makabuluhang karanasan sa pagkatuto. Sa pag-aaral naman nina Wahyudi at Rozimela (2024), natuklasan na ang mga estratehiyang nakasentro sa mag-aaral ay may malakas na ugnayan sa pagtaas ng tiwala sa sarili at paniniwala sa sariling kakayahang akademiko. Gayundin, ayon kina Zakiyah et al. (2021), ang mga pamamaraang nakatuon sa talakayang pangkapwa at ginabayang pagtatanong ay nagdudulot ng mas mataas na antas ng interaksiyon sa loob ng silid-aralan at mas malalim na pakikisangkot sa pag-iisip, na nagreresulta sa positibong saloobin sa pagkatuto. Ang mga natuklasang ito ay sumusuporta sa resulta ng Talahanayan 4 na nagpapakita ng kolektibong pagtanggap at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa Reciprocal Teaching.

Ang lubos na positibong pananaw ng mga mag-aaral ay nagpapahiwatig na ang Reciprocal Teaching ay hindi lamang epektibo sa aspektong pang-akademiko kundi pati sa aspektong pandamdamin ng pagkatuto. Ang mataas na antas ng pagganyak at pakikilahok ay maaaring magdulot ng pangmatagalang epekto sa kanilang pagganap sa pagbasa, maging sa pauna at panghuling pagganap. Ipinahihiwatig nito na ang estratehiya ay maaaring gawing regular na bahagi ng pagtuturo sa Filipino at iba pang asignatura upang mapanatili ang aktibong partisipasyon at mapalalim ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.

Sa kabuuan, ipinakita ng Talahanayan 4 na ang mga mag-aaral ay may lubos na positibong pananaw sa Reciprocal Teaching, na sinusuportahan ng mataas na mean at mababang standard deviation sa lahat ng pahayag. Ang resulta ay umaayon sa mga pag-aaral na nagpatunay na ang mga estratehiyang nakasentro sa mag-aaral at metakognisyon ay nagpapataas ng pakikisangkot, pagganyak, at paniniwala sa sariling kakayahan. Samakatuwid, maaaring ipagpalagay na ang positibong pananaw ng mga mag-aaral ay isa sa mga pangunahing salik na nag-ambag sa makabuluhang pagtaas ng kanilang antas ng pag-unawa sa binasa, at nagsisilbing karagdagang ebidensiya sa bisa ng Reciprocal Teaching bilang isang makabagong estratehiyang pedagohikal.

4. Kongklusyon

Natuklasan sa tradisyunal na pagtuturo na ang mga mag-aaral ay nasa katamtamang antas ng pag-unawa sa pagbasa. Sa kasanayang pagkilala sa ilang pangyayari at katangian ng akdang binasa, nakakuha sila ng *mean* na 11.00 na may interpretasyong *bahagyang pag-unawa at nangangailangan ng gabay*. Sa pagtukoy naman sa angkop na pang-ugnay sa pagsusunod-sunod ng pangyayari, nakakuha rin sila ng mean na 11.00, habang sa pagbibigay-kahulugan sa kilos, gawi, at karakter ng mga tauhan ay nakakuha ng mean na 12.00.

Pagkatapos gamitin ang *Reciprocal Teaching*, tumaas ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral mula sa *Katamtaman* tungo sa *Mahusay* at *Napakahusay*. Sa pagkilala sa mga pangyayari at katangian ng akda, nakakuha sila ng mean na 16.00 na may interpretasyong *may sapat na pag-unawa sa binasa*. Gayundin, sa pagtukoy sa angkop na pang-ugnay ay nakakuha rin ng mean na 16.00. Samantala, sa pagbibigay-kahulugan sa kilos, gawi, at karakter ng tauhan ay nakakuha sila ng mean na 17.00 na may interpretasyong *malalim na pag-unawa sa binasa*.

May makabuluhang pagkakaiba sa resulta ng pauna at panghuling pagganap ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa pagbasa. Ang lahat ng kompetensi ay nagtala ng p-value na <0.001, kaya tinanggihan ang *null hypothesis*. Ipinapakita ng mga nakuha na t-value na -8.36, -6.75, at -6.59 na nagkaroon ng estadistikong makabuluhang pagtaas sa pagganap ng mga mag-aaral matapos gamitin ang *Reciprocal Teaching*.

Natuklasan na ang mga mag-aaral ay may lubos na positibong pananaw sa paggamit ng *Reciprocal Teaching*. Nakapagtala ito ng *overall mean* na 3.59 na may interpretasyong *Lubos na Sumasang-ayon*. Ipinapakita nito na naging makabuluhan at kapaki-pakinabang para sa mga mag-aaral ang paggamit ng estratehiyang ito sa kanilang pagkatuto sa pagbasa.

Napatunayang epektibo ang *Reciprocal Teaching* sa pagpapataas ng antas ng kritikal na pag-unawa sa maikling kuwentong Asyano ng mga mag-aaral sa Baitang 9. Mula sa katamtamang antas bago ang interbensiyon, makabuluhang umangat ang kanilang pagganap sa antas na Mahusay hanggang Napakahusay matapos ang sistematikong paggamit ng estratehiya. Ipinakikita ng estatistikal na resulta na ang pag-unlad na ito ay hindi naganap nang sapalaran kundi bunga ng *Reciprocal Teaching*, kaya't maaari itong iturin na isang mabisang estratehiyang pampagtuturo sa pagbasa sa antas sekundarya.

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, ang mga sumusunod ay inirerekomenda:

1. Batay sa natuklasan, katamtaman lamang ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral bago gamitin ang *Reciprocal Teaching,* inirerekomenda na gumamit ang mga guro ng mas interaktibo at metakognitibong estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa upang higit na malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri, pag-unawa, at pagbibigay-kahulugan sa binasang akda.

2. Dahil tumaas sa antas na *Mahusay* at *Napakahusay* ang pag-unawa sa pagbasa matapos gamitin ang *Reciprocal Teaching*, inirerekomenda na regular itong gamitin sa pagtuturo ng maikling kuwento at iba pang akdang pampanitikan sa Filipino upang higit na mapalalim ang kritikal at inferensyal na pag-unawa ng mga mag-aaral.

3. Batay sa natuklasang may makabuluhang pagkakaiba sa pauna at panghuling pagganap ng mga mag-aaral, inirerekomenda na suportahan ng mga administrador ng paaralan ang paggamit ng *Reciprocal Teaching* sa pamamagitan ng seminar, pagsasanay, at pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo na nakabatay sa estratehiyang ito.

4. Dahil nagkaroon ng lubos na positibong pananaw ang mga mag-aaral sa paggamit ng *Reciprocal Teaching*, inirerekomenda na hikayatin ang mga guro na magpatupad ng mga gawaing kolaboratibo at nakasentro sa mag-aaral upang mapataas ang motibasyon, aktibong partisipasyon, at interes ng mga mag-aaral sa pagbasa.

5. Inirerekomenda ang awtput ng pag-aaral sa pagbuo at paggamit ng isang *Enhanced Lesson Exemplar* sa Pagtuturo ng Maikling Kuwento gamit ang *Reciprocal Teaching* upang magsilbing gabay ng mga guro sa mas sistematiko, interaktibo, at epektibong pagtuturo ng pagbasa at pagsusuri ng maikling kuwento sa Filipino.

5. AI Use Disclosure

Gumamit ang mananaliksik ng mga kagamitang nakabatay sa *Artificial Intelligence (AI)*, partikular ang ChatGPT, Google Translate at Grammarly, bilang pantulong sa pagsasalin at pagpapalinaw ng mga ideya at konseptong mula sa wikang Ingles tungo sa Filipino. Ang lahat ng impormasyong nabuo sa tulong ng mga nasabing teknolohiya ay maingat na sinuri, bineripika, at nirebisa upang matiyak ang katumpakan, kalinawan, at kaangkupan nito sa konteksto ng pag-aaral. Tiniyak din na walang personal, sensitibo, o kumpidensyal na impormasyong ibinahagi sa mga nasabing kagamitan. Nananatili sa mananaliksik ang buong pananagutan sa kawastuhan, orihinalidad, at integridad ng lahat ng nilalamang ginamitan ng *AI*.

6. Mga Sanggunian

Brinda, S., & Jannah, C. E. W. (2021). The effectiveness of reciprocal teaching strategy to teach reading comprehension in narrative text to the eleventh-grade students of SMAN 1 Kutorejo. Jurnal Ilmu Pendidikan Muhammadiyah Kramat Jati, 2(2), 47–58. https://doi.org/10.55943/jipmukjt.v2i2.19

Department of Education, Southeast Asian Ministers of Education Organization, & United Nations Children's Fund. (2021). Southeast Asia Primary Learning Metrics 2019: National report of the Philippines. UNICEF. https://www.unicef.org/philippines/reports/sea-plm-metrics-2019-national-report-philippines

Dew, T. P., Swanto, S., & Pang, V. (2021). The effectiveness of reciprocal teaching as reading comprehension intervention: A systematic review. Journal of Nusantara Studies, 6(2), 156–184. https://doi.org/10.24200/jonus.vol6iss2pp156-184

Duke, N. K., & Cartwright, K. B. (2021). The science of reading progresses: Communicating advances beyond the Simple View of Reading. Reading Research Quarterly, 56(S1), S25–S44. https://doi.org/10.1002/rrq.411

Juhkam, M., Jõgi, A.-L., Soodla, P., & Aro, M. (2023). Development of reading fluency and metacognitive knowledge of reading strategies during reciprocal teaching: Do these changes actually contribute to reading comprehension? Frontiers in Psychology, 14, Article 1191103. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2023.1191103

Khan, S., & Ch., A. H. (2021). Effect of reciprocal teaching on the reading motivation: Experimental evidence from a classroom intervention. Global Social Sciences Review, 6(3), 80–87. https://doi.org/10.31703/gssr.2021(VI-III).09

Mafarja, N., Mohamad, M. M., Zulnaidi, H., & Fadzil, H. M. (2023). Using of reciprocal teaching to enhance academic achievement: A systematic literature review. Heliyon, 9(7), Article e18269. https://doi.org/10.1016/j.heliyon.2023.e18269

Nur'aini, H. F., Wahyuna, Y. T., & Puspitaloka, N. (2025). Adapting reciprocal teaching strategy to improve EFL students' reading comprehension: A case study at junior secondary level. Pendas: Jurnal Ilmiah Pendidikan Dasar, 10(3). https://doi.org/10.23969/jp.v10i03.29488

Oo, T. Z., Magyar, A., & Habók, A. (2021). Effectiveness of the reflection-based reciprocal teaching approach for reading comprehension achievement in upper secondary school in Myanmar. Asia Pacific Education Review, 22(4), 675–698. https://doi.org/10.1007/s12564-021-09707-8

Organisation for Economic Co-operation and Development. (2023). PISA 2022 results (Volume I and II): Country notes—Philippines. https://www.oecd.org/en/publications/pisa-2022-results-volume-i-and-ii-country-notes_ed6fbcc5-en/philippines_a0882a2d-en.html

Ruangprasertkun, P., & Chinwonno, A. (2023). Reciprocal teaching: An instructional strategy to enhance English reading comprehension of secondary school students. An Online Journal of Education, 18(1), Article OJED1801007. https://doi.org/10.14456/ojed.2023.7

Sevilla, M. M., Badol, M. P., Dalumbay, J. S., & Fernandez, E. J. (2025). The use of reciprocal teaching method to reading comprehension of Grade 9 learners. Asian Journal of Language, Literature and Culture Studies, 8(2), 351–361. https://doi.org/10.9734/ajl2c/2025/v8i2243

Vuong, T. L., & Steklács, J. (2025). Trends in research on reciprocal teaching: A systematic review. Cogent Education, 12(1), Article 2491963. https://doi.org/10.1080/2331186X.2025.2491963

Wahyudi, R., & Rozimela, Y. (2024). The reciprocal teaching and reading interest impact on students' reading comprehension. Elsya: Journal of English Language Studies, 6(3), 209–230. https://doi.org/10.31849/elsya.v6i3.22593

Zakiyah, M., Rahmawati, M., & Ridwan, I. (2021). Students' perception on learning reading comprehension through reciprocal teaching strategy. ELTIN Journal: Journal of English Language Teaching in Indonesia, 9(1), 39–47. https://doi.org/10.22460/eltin.v9i1.p39-47

International Journal of Research Studies in Education
2026 Volume 15 Number 22, 83-94



Psychological safety and knowledge sharing behavior of public elementary school teachers in Bambang II District

Urban, Eden Joy S.
Department of Education-SDO Nueva Vizcaya, Philippines
Vadil, Carlo F. ✉
Nueva Vizcaya State University, Philippines (drvadil888@yahoo.com)
Agustin, Arnel A.
Nueva Vizcaya State University, Philippines

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 14 August 2026 **Revised**: 25 September 2026 **Accepted**: 30 September 2026
Available Online: 24 October 2026 **DOI**: 10.5861/ijrse.2026.26433

Abstract

This study examined the relationship between psychological safety and knowledge-sharing behavior among public elementary school teachers in Bambang II District during School Year 2025–2026. Specifically, it assessed psychological safety in terms of interpersonal risk-taking, openness in communication, respect and inclusion, supportive leadership, and error tolerance and learning from mistakes, as well as knowledge-sharing behavior in terms of sharing instructional strategies, sharing teaching materials, mentoring and peer coaching, collaborative problem-solving, and participation in professional learning communities. Employing a quantitative descriptive-correlational research design, the study gathered data through valid and reliable research instruments. Weighted means were used to determine the levels of psychological safety and knowledge-sharing behavior, while the Spearman Rank Correlation Coefficient was employed to examine the relationships between the variables at the 0.05 level of significance. Findings revealed that psychological safety was assessed at a very good level (M = 4.41), with supportive leadership receiving the highest rating (M = 4.53). Knowledge-sharing behavior was likewise rated very good (M = 4.37), with mentoring and peer coaching obtaining the highest rating (M = 4.52). A weak but statistically significant positive relationship was found between psychological safety and knowledge-sharing behavior ($r = 0.259$, $p = 0.007$). Among the dimensions, supportive leadership demonstrated the strongest significant relationship with knowledge-sharing behavior ($r = 0.374$, $p = 0.001$). Based on the findings, Project SAFE-KNOW, a values-based capacity-building program, was developed to strengthen psychological safety, professional collaboration, and knowledge-sharing practices among teachers. The study underscores the importance of supportive leadership and open communication in fostering a collaborative and knowledge-sharing school culture.

Keywords: knowledge-sharing behavior, professional collaboration, psychological safety, public elementary school teachers, school culture

© The Author(s) / Attribution CC BY

Psychological safety and knowledge sharing behavior of public elementary school teachers in Bambang II District

1. Introduction

In today's rapidly evolving educational landscape around the world, the effectiveness of teaching extends beyond subject knowledge and pedagogical skills. Teachers are increasingly expected to collaborate, share best practices, and engage in innovative approaches that foster student learning and holistic development. Central to achieving these outcomes is the concept of psychological safety, which allows educators to voice ideas, experiment with new teaching strategies, and engage in reflective professional discussions without fear of negative judgment. In parallel, knowledge sharing behavior among teachers has emerged as a critical mechanism for sustaining continuous improvement and enhancing instructional quality. Understanding the interplay between psychological safety and knowledge sharing behavior is therefore essential for creating collaborative and growth-oriented school cultures.

Globally, the shift toward collaborative professional practices has been emphasized in various educational frameworks, including the United Nations Sustainable Development Goal 4, which advocates for inclusive, equitable, and quality education. The ability of teachers to openly share knowledge, mentoring strategies, and resources is pivotal in addressing diverse student needs and promoting a culture of innovation in schools. At the national level, the Philippines has underscored the importance of professional collaboration through policies such as the Department of Education's (DepEd) School-Based Management (SBM) initiatives and Learning Action Cells (LACs), which encourage teachers to reflect on instructional practices collectively and improve student outcomes. These frameworks highlight the necessity of psychologically safe environments in which educators feel supported to take risks, voice concerns, and contribute to school-wide improvements.

Recent research emphasizes the significance of psychological safety in educational settings. Edmondson (2018) defines psychological safety as "a shared belief held by members of a team that the team is safe for interpersonal risk-taking," highlighting its relevance for encouraging open communication, respectful interactions, and error reporting as learning opportunities. In the school context, teachers who perceive high levels of psychological safety are more likely to experiment with innovative teaching methods, provide constructive feedback to peers, and engage in collaborative problem-solving (Frazier et al., 2018). Key dimensions of psychological safety, including interpersonal risk-taking, openness in communication, respect and inclusion, supportive leadership, and error tolerance, provide a practical framework for assessing how schools cultivate environments conducive to professional growth and mutual trust.

Knowledge sharing behavior, on the other hand, encompasses deliberate actions by teachers to exchange instructional strategies, teaching materials, and professional expertise with colleagues. Nonaka and Takeuchi's SECI model (2019) underscores the processes of knowledge socialization, externalization, combination, and internalization as critical for converting individual expertise into collective organizational learning. Empirical studies have shown that when teachers actively share knowledge through mentoring, peer coaching, collaborative problem-solving, and participation in professional learning communities, student learning outcomes improve and schools exhibit enhanced organizational performance (Al-Rahmi et al., 2019; Wang et al., 2020). Moreover, knowledge sharing reinforces the implementation of evidence-based practices, strengthens professional networks, and fosters continuous professional development.

The local scenario in Bambang II District mirrors these global and national trends, as public elementary schools face increasing demands for teacher collaboration to improve student performance and adapt to diverse learning needs. Despite policy support for collaborative practices, challenges such as hierarchical leadership structures, limited trust among staff, and fear of criticism can inhibit both psychological safety and knowledge

sharing behaviors. Research indicates that schools with high levels of trust, inclusivity, and support from school leaders tend to cultivate stronger knowledge-sharing practices, which in turn enhance teacher effectiveness and morale (Li & Yan, 2021; Choi & Lee, 2022). In this context, examining the relationship between psychological safety and knowledge sharing behavior among teachers in Bambang II District is both timely and critical, as it provides insights into how local schools can foster professional cultures that are collaborative, innovative, and responsive to learners' needs.

By investigating the interplay between psychological safety and knowledge sharing behavior, this study aims to contribute to evidence-based strategies for improving school culture, teacher engagement, and instructional quality. The findings will inform school administrators, policymakers, and professional development programs on the mechanisms that facilitate a supportive, risk-tolerant environment, where knowledge flows freely and teachers are empowered to collectively enhance student learning outcomes.

The present study is anchored on global, national, and institutional research priorities that emphasize quality education, teacher professional development, and collaborative learning. At the global level, the study aligns closely with Sustainable Development Goal 4 (SDG 4), which calls for inclusive, equitable, and quality education and the promotion of lifelong learning opportunities for all (United Nations, 2019). SDG 4 emphasizes the need for competent, collaborative, and innovative educators who can effectively respond to diverse learner needs. In this context, psychological safety and knowledge sharing among teachers are vital, as they provide the interpersonal and organizational conditions necessary for fostering innovation, reflective practice, and evidence-based teaching (Frazier et al., 2018; Choi & Lee, 2022). By exploring these constructs, the study contributes to achieving global education targets that focus on enhancing teacher quality, professional collaboration, and student learning outcomes.

Nationally, the study reflects priorities outlined in the Philippine National Research Agenda on Teacher Education (NRATE) 2017–2022, which underscores research on teacher well-being, instructional competence, and professional learning communities (Commission on Higher Education [CHED], 2018). NRATE emphasizes the importance of understanding how school environments support teacher growth and knowledge management. Investigating psychological safety and knowledge sharing behavior provides empirical evidence on how teachers in public elementary schools collaborate, share best practices, and build professional capacities. Such findings are instrumental in informing interventions that strengthen teacher resilience, motivation, and continuous professional development, which are key NRATE objectives (Apostol et al., 2020; Al-Rahmi et al., 2019).

The study is further anchored on the Department of Education (DepEd) Research Agenda, which identifies teacher development, instructional innovation, and school climate as critical areas for educational research (DepEd, 2018). DepEd emphasizes the promotion of collaborative and supportive school cultures where teachers actively participate in mentoring, peer coaching, and professional learning communities. By assessing psychological safety and knowledge sharing behavior, the research aligns with DepEd's goals of fostering teacher collaboration, improving instructional quality, and enhancing learner outcomes. The study also supports evidence-based policy-making, particularly in guiding school leaders on the creation of psychologically safe environments that encourage risk-taking, innovation, and continuous improvement (Edmondson, 2018; Li & Yan, 2021).

At the institutional level, the study aligns with the Nueva Vizcaya State University (NVSU) Research Agenda, which prioritizes research that contributes to the professional development of teachers, educational leadership, and school improvement (NVSU, 2019). By examining how psychological safety influences knowledge sharing behavior among elementary school teachers, the research provides actionable insights into building collaborative school cultures and strengthening organizational capacity for learning. This institutional anchorage ensures that the study contributes not only to theory but also to the practical improvement of local educational practices, consistent with NVSU's mandate for community-responsive research.

Finally, the study resonates with the College of Teacher Education (CTE) Research Agenda, which emphasizes evidence-based interventions that enhance teacher competencies, professional ethics, and collaborative practices

in the classroom (CTE, 2020). Knowledge sharing behavior is central to the CTE agenda, as it promotes peer learning, mentoring, and instructional innovation, while psychological safety ensures that teachers feel confident and supported in engaging in such collaborative practices. Through this lens, the research addresses the dual objectives of fostering teacher well-being and promoting professional collaboration, thereby advancing the CTE's mission of preparing competent, reflective, and globally-minded educators.

It is noted by the current researcher that this research is anchored in globally recognized educational priorities, national research directives, and institutional research agendas. It addresses critical gaps in understanding the mechanisms that enable teachers to collaborate, share knowledge, and feel safe to engage in professional risk-taking. By situating psychological safety and knowledge sharing behavior within these strategic frameworks, the study contributes to both policy and practice, promoting sustainable improvements in teacher development and school effectiveness.

Despite growing recognition of the importance of psychological safety and knowledge sharing in educational settings, several gaps persist in the context of Philippine public elementary schools. Existing studies have primarily focused on corporate or higher education settings, leaving limited empirical evidence on how psychological safety influences collaborative behaviors among K–12 teachers (Choi & Lee, 2022; Frazier et al., 2018). Moreover, research on knowledge sharing behavior often emphasizes formal knowledge management systems or administrative support, while overlooking the interpersonal and cultural dynamics that affect teachers' willingness to share instructional strategies and mentor peers in daily classroom practice (Li & Yan, 2021; Al-Rahmi et al., 2019).

Mula sa tatlong pinagmulan ng datos—panayam, digital ethnographic observation, at digital artifact analysis—maaaring buuin ang isang pinagsamang interpretasyon. Una, lumilitaw na ang lokal na wika ay patuloy na may mahalagang gamit sa digital na komunikasyon ng kabataan. Hindi ito basta alternatibo lamang sa Filipino o English; madalas itong pinipili dahil sa antas ng intimacy at pagkakakilanlan na kaakibat ng relasyon sa kausap—magkaiba ang tono at leksikon kapag kaibigan, kamag-anak, o mas pormal na audience. Bukod pa rito, ang pagpili ng lokal na wika ay nakadepende sa layunin ng mensahe (magpatawa, mag-kwento, mag-reklamo, mag-bigay-impormasyon) at sa teknikal na konteksto (chat thread, comment, caption, voice note), kaya malinaw na may stratehikong paggamit at hindi simpleng alternasyon lang.

Ikalawa, ipinakikita ng mga digital practice na ang lokal na wika ay dynamic. Sumasailalim ito sa code-switching, code-mixing, pagbabago sa baybay, slang formation, at pagsasanib sa iba pang digital resources; halimbawa, may mga bagong orthographic conventions at shortcut forms na lumilitaw sa chat at social media. Ang mga pagbabagong ito ay hindi awtomatikong nangangahulugan ng pagkawala ng lokal na wika; sa halip, madalas silang paraan ng pag-repertoaryo—pagbuo ng bagong mga anyo at estratehiya na nagpapadali ng komunikasyon sa mabilis at multimodal na espasyo ng internet. Ikatlo, higit sa lahat, ang lokal na wika ay nagsisilbing identity resource. Sa paggamit nito, naipapakita ng kabataan ang lokal na pinagmulan, pakikipagkapuwa, pagiging kabilang, at personal na estilo; ang wika ay nagiging marker ng regional pride at social positioning. Sa digital na espasyo, ang wika ay bahagi ng kanilang self-presentation: ginagamit ito sa pagbuo ng persona, sa pag-curate ng audience, at sa pag-signal ng grupong kinabibilangan—mga function na mahalaga sa paghubog ng online networks at reputasyon.

Ikaapat, lumilitaw na may positibong emosyonal at kultural na pagpapahalaga sa lokal na wika. Maraming kabataan ang nagtataglay ng sentimental attachment at nakikitang cultural value ang mga lokal na anyo—ito ay nakikita sa pag-share ng lokal na jokes, kanta, at memorya. Gayunman, hindi nito inaalis ang malakas na impluwensiya ng Filipino, English, at global internet culture; ang interplay ng mga ito ay nagreresulta sa hybrid practices kung saan ang lokal na wika ay nakikipagpalitan at nakikibagay nang hindi tuluyang nawawala ang sariling katangian. Ikalima, ipinakikita ng comparative dimension na bagaman magkakaiba ang partikular na linguistic forms ng Waray at Bikol Sorsogon, pareho silang maaaring gumanap bilang simbolikong yaman ng lokal na identidad sa digital na panahon. Ang pagkakaibang leksikal, idiomatic, at referential ay nagbibigay ng natatanging repertoire para sa bawat komunidad, habang ang magkakatulad na gamit bilang identity marker at communicative resource ay nagpapakita ng pangkalahatang pattern: lokal na wika bilang buhay, nagbabagong sistema na sabay na nagtataguyod ng continuity at inobasyon.

5. Kongklusyon at Rekomendasyon

Batay sa lumabas na resulta at interpretasyon, ipinagpapalagay na ang lokal na wika ay nananatiling makabuluhang bahagi ng identidad ng kabataan kahit sa isang digital at multilingual na kapaligiran. Ang pagpasok ng kabataan sa social media at iba pang digital na espasyo ay hindi nangangahulugang awtomatikong napapalitan ang lokal na wika ng Filipino o English; sa halip, nagiging mas stratehiko ang pagpili ng wika batay sa audience, layunin, at platform. Nakikita rin na ang paggamit ng lokal na wika sa online na interaksyon ay may iba't ibang anyo—mula sa maikling chat at meme captions hanggang sa voice notes at video content—kaya nagkakaroon ng mas malawak na pagkakataon para sa pagpapahayag ng regional na identidad sa iba-ibang modaliti.

Ang Waray at lokal na baryedad ng Bikol sa Sorsogon ay kapwa maaaring magsilbing wika ng pakikipagkapuwa, pagkakabilang, at identity expression; sa digital na espasyo, nagiging instrumento ang mga ito sa pagbuo ng grupong online, pag-signal ng regional pride, at pag-preserba ng kolektibong memorya. Ang kanilang pag-iral sa digital spaces ay nagbibigay ng bagong espasyo para sa pagpapanatili at pagpapalawak ng gamit ng lokal na wika—halimbawa, sa paglikha ng user-generated content, lokal na humor, at community archives—na maaaring magdulot ng intergenerational transmission at pagdokumenta ng mga lokal na anyo. Gayundin, ang visibility ng mga lokal na baryedad online ay maaaring magbukas ng oportunidad para sa kolaborasyon, pagkatuto, at pagbuo ng mga bagong genre na sumasalamin sa buhay ng kabataan.

Samakatuwid, ang digital na panahon ay maaaring tingnan hindi lamang bilang hamon sa lokal na wika kundi bilang isang bagong larangan kung saan maaaring patuloy na mabuhay, magbago, at muling bigyang-kahulugan ang lokal na identidad. Ang adaptasyon sa teknolohiya—tulad ng orthographic play, multimodal mixing, at strategic code-switching—ay nagpapakita ng resiliency at creativity ng mga lokal na baryedad; sa parehong pagkakataon, ipinapakita nito ang pangangailangan ng suportang kultural at institusyonal (hal., edukasyon, lokal na media, at community initiatives) upang mapalakas ang kapasidad ng mga wika na mag-prosper sa digital age. Sa huli, ang patuloy na paggamit at inobasyon ng kabataan ang magiging susi sa pagpapanatili at pagyabong ng lokal na wika sa mas malawak at nagbabagong konteksto.

Kaugnay ng mga natuklasan, inirerekomenda ng mananaliksik ang pagkakaroon ng karagdagang pag-aaral tungkol sa lokal na wika sa iba’t ibang digital platforms at iba’t ibang pangkat ng edad. Hinihikayat din ang pagsasagawa ng mas malawak na comparative studies sa iba pang lokal na wika at baryedad sa Pilipinas. Bukod dito, mahalagang bumuo ng mga programang pangwika at pangkultura na gumagamit ng social media at iba pang digital platforms upang mahikayat ang kabataan na gamitin ang kanilang lokal na wika. Panghuli, inirerekomendang isaalang-alang sa edukasyon ang aktuwal na digital language practices ng kabataan upang maging higit na kontekstuwal at makabuluhan ang pagtuturo ng wika at kultura.

Deklarasyon sa Paggamit ng AI - Ang pananaliksik na ito buong ginawa ng may-akda gamit ang kanyang angking kaalaman at kasanayan, bagamat masasabi na ginamit ang AI sa pagbuo ng pananaliksik, ito ay naging pantulong lamang sa limitadong mga aspeto ng sulatin, kagaya ng pagsasaayos ng gramatika, pagpapalinaw sa mga konsepto at ideya, at naging sanligang kasangkapan na rin sa mabilisang pag-aanalisa sa mga nakalap na datos na siyang nakatulong sa tagumpay ng pananaliksik. Lubos na nakakasiguro ang mananaliksik na matatag ang integridad ng pananaliksik na ito. Layunin nitong makibahagi sa patuloy na pag-unlad ng karunungan, maging kontribusyon sa pagbabago ng kaalaman at maging bahagi ng solusyon sa mga suliraning patuloy na nararanasan ng mundo.

6. Talasanggunian

Androutsopoulos, J. (2006). Multilingualism, diaspora, and the Internet: Codes and identities on German-based diaspora websites. Journal of Sociolinguistics, 10 (4), 520–547. https://doi.org/10.1111/j.1467-9841.2006.00291.x

Androutsopoulos, J. (2014). Online data. In N. Coupland (Ed.), The handbook of language and globalization (pp. 349–366). Wiley-Blackwell.

Androutsopoulos, J. (2015). Networked multilingualism: Some language practices on Facebook and their

implications. International Journal of Bilingualism, 19 (2), 133–152. https://doi.org/10.1177/1367006913489198

Barbaza, P. R. E. (2014). Wika at identidad: Wikang Bikol bilang lunan ng Bikolnon, 1890–1956. Daluyan: Journal ng Wikang Filipino, 20, 73–80.

Belmar, G., & Glass, M. (2019). Virtual communities as breathing spaces for minority languages: Re-framing minority language use in social media. Adeptus, 14, 1–24. https://doi.org/10.11649/a.1968

Bingham, A. J. (2023). From data management to actionable findings: A five-phase process of qualitative data analysis. International Journal of Qualitative Methods, 22. https://doi.org/10.1177/16094069231183620

Bucholtz, M., & Hall, K. (2005). Identity and interaction: A sociocultural linguistic approach. Discourse Studies, 7(4–5), 585–614. https://doi.org/10.1177/1461445605054407

Carter, N., Bryant-Lukosius, D., DiCenso, A., Blythe, J., & Neville, A. J. (2014). The use of triangulation in qualitative research. Oncology Nursing Forum, 41(5), 545–547. https://doi.org/10.1188/14.ONF.545_547

Cole, R. (2024). Inter-rater reliability methods in qualitative case study research. Sociological Methods & Research, 53(4), 1944–1975. https://doi.org/10.1177/00491241231156971 Cunanan, F. C. (2015). Ang dialect area ng Bikol-Sorsogon: Isang paunang suri. Daluyan: Journal ng Wikang Filipino, 21(1), 32–64.

Eckert, P. (2012). Three waves of variation study: The emergence of meaning in the study of sociolinguistic variation. Annual Review of Anthropology, 41, 87–100. https://doi.org/10.1146/annurev-anthro-092611-145828

Escarda, G. M., Edera-Petiluna, S., Perdaus, S. A. M., Mendoza, R., Campuso, E., Saldua, M., & Omaña, E. (2024). Navigating the influence of social media on translingual patterns of Cebuano youth in an ESL milieu. Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal, 23(9), 1174–1182. https://doi.org/10.5281/zenodo.13335506

Georgakopoulou, A. (2017). Sharing the moment as small stories: The interplay between practices and affordances in the social media-curation of lives. Narrative Inquiry, 27(2), 311–333. https://doi.org/10.1075/ni.27.2.06geo

Kallio, H., Pietilä, A.-M., Johnson, M., & Kangasniemi, M. (2016). Systematic methodological review: Developing a framework for a qualitative semi-structured interview guide. Journal of Advanced Nursing, 72(12), 2954–2965. https://doi.org/10.1111/jan.13031

Liang, M.-Y. (2022). Enregistering emojis in online socialization: Linguaculturally diverse university students' affective translingual practices. Journal of Multilingual and Multicultural Development, 45(6), 1956–1970. https://doi.org/10.1080/01434632.2022.2036166

Maa, J., & Taguchi, N. (2022). Using L2 interactional-pragmatic resources in CMC: A case of Japanese orthography and emoji. Language Teaching Research, 26(2), 190–212. https://doi.org/10.1177/13621688211064934

Mollejon, H. V. (2025). 'Last hour of bonding' and beyond: Multilingual practices and the social meaning of language choice in Cebuano students' Facebook posts. International Journal of Multilingualism. Advance online publication. https://doi.org/10.1080/14790718.2025.2605162

Nibalvos, I. M. P. (2018). An mga siday han mga Samarnon ug Leytenhon: Identidad, kasaysayan, mga isyu, at kalagayan nito sa kasalukuyan. Malay, 31(1), 55–67. https://doi.org/10.59588/2243-7851.1121

Pink, S., Horst, H., Postill, J., Hjorth, L., Lewis, T., & Tacchi, J. (2016). Digital ethnography: Principles and practice. SAGE Publications.

Seargeant, P., & Tagg, C. (2014). Introduction: The language of social media. In P. Seargeant & C. Tagg (Eds.), The language of social media: Identity and community on the internet (pp. 1–20). Palgrave Macmillan. https://doi.org/10.1057/9781137029317_1

Tagg, C., & Seargeant, P. (2014). Audience design and language choice in the construction and maintenance of translocal communities on social network sites. In P. Seargeant & C. Tagg (Eds.), The language of social media: Identity and community on the internet (pp. 161–185). Palgrave Macmillan. https://doi.org/10.1057/9781137029317_8

Tibus, E. D., Oyzon, V. A., Bendulo, H. O., & Abalajen-Bande, R. (2021). Prevalence of English (L2) lexicon in conversations of Waray (L1) speakers: What are we doing with these children? Journal of Educational and Human Resource Development, 9, 22–34. https://doi.org/10.61569/6cg2qc57 UNESCO. (2024). Empowering Indigenous languages in the digital age: A toolkit for action. https://www.unesco.org/en/articles/empowering-indigenous-languages-digital-age-toolkit-action

Zenk, S. N., Schulz, A. J., Mentz, G., House, J. S., Gravlee, C. C., Miranda, P. Y., Miller, P., & Kannan, S. (2007). Inter-rater and test-retest reliability: Methods and results for the neighborhood observational checklist. Health & Place, 13(2), 452–465. https://doi.org/10.1016/j.healthplace.2006.05.003

International Journal of Research Studies in Education
2026 Volume 15 Number 22, 129-142

Implikasyon ng mga pamahiin sa buhay ng tao



Manzanares, Maricel Gumal ✉
Salvacion Elementary School, Philippines
Marbella, Felisa D.
Sorsogon State University, Philippines (felisa.marbella@sorsu.edu.ph)

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

Received: 15 September 2026 **Revised**: 28 October 2026 **Accepted**: 30 October 2026
Available Online: 31 October 2026 **DOI**: 10.5861/ijrse.2026.26440

OPEN ACCESS

Abstrak

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa implikasyon ng mga pamahiin sa buhay ng tao sa Magallanes, Sorsogon, batay sa mga kategoryang pagsilang, kasalan, at kamatayan, gayundin sa mga implikasyon ng mga ito sa aspektong sikolohikal, sosyolohikal, at pang-ekonomiya. Ginamit sa pananaliksik ang palarawang pagsusuri at pasalaysay na pamamaraan. Nangalap ng datos sa pamamagitan ng di-pormal na interbyu at pagmamasid sa 160 residente mula sa labing-anim na barangay gamit ang Purposive Sampling. Naitala ang kabuuang 130 pamahiin, kung saan 65 ang may kaugnayan sa pagsilang, 24 sa kasalan, at 41 sa kamatayan. Ipinakita ng mga natuklasan na ang mga pamahiin ay may implikasyon sa pag-iisip, pag-aalala, pag-asa, pag-iingat, at pagpapasya ng tao. Nakaaapekto rin ang mga ito sa ugnayan ng pamilya at komunidad, pagpapatuloy ng mga tradisyon, at mga gawaing pang-ekonomiya. Bilang produkto ng pag-aaral, nabuo ang babasahing "Gawi asin Pagtubod: Mga Pamahiin ng Magallanes" upang maidokumento at maipakilala ang mga lokal na pamahiin at ang mga implikasyon ng mga ito. Inirerekomenda ang patuloy na dokumentasyon at mapanuring pagtalakay sa mga pamahiin upang mapanatili ang kulturang lokal at higit na maunawaan ang epekto ng mga ito sa buhay ng tao.

Susing Salita: pamahiin, pagsilang, kasalan, kamatayan, implikasyon

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

Implikasyon ng mga pamahiin sa buhay ng tao

1. Introdusyon

Ang kasaysayan at kultura ng isang lahi ay nagbibigay-linaw sa pinagmulan, pagkakakilanlan, at paraan ng pamumuhay ng mga mamamayan. Kabilang sa mahahalagang bahagi ng kultura ang mga tradisyon, paniniwala, at kaugaliang minana sa mga ninuno at naipapasa mula sa isang henerasyon tungo sa susunod. Sa pamamagitan ng mga ito, napapanatili ang ugnayan ng nakaraan at kasalukuyan. Ayon sa United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO, 2024), mahalagang pangalagaan ang pamanang kultural na di-nahahawakan sapagkat nakatutulong ito sa pagpapanatili ng pagkakakilanlan ng mga pamayanan. Kabilang dito ang mga ritwal, kaugalian, at paniniwalang sumasalamin sa karanasan at paraan ng pamumuhay ng mga tao.

Sa Pilipinas, bawat pangkat ng mga mamamayan ay may kani-kaniyang paniniwala at kaugalian na bahagi ng kanilang pagkakakilanlan. Kabilang dito ang mga pamahiing minana sa mga ninuno at patuloy na naipapasa sa bawat henerasyon. Ayon kina Turgo at Sampson (2025), nananatiling bahagi ng buhay ng mga Pilipinong marino ang mga pamahiin sa kabila ng pagbabago ng panahon at kapaligiran. Samantala, pinag-aralan ni Casinillo (2025) ang mga paniniwala at persepsyon ng mga Pilipinong kabilang sa Generation Z tungkol sa mga pamahiin sa patay. Ipinakikita ng mga pag-aaral na ito na patuloy na umiiral ang mga pamahiin sa lipunang Pilipino at nananatiling mahalagang bahagi ng pag-unawa sa kultura at paniniwala ng mga mamamayan.

May mga pag-aaral ding tumalakay sa mga paniniwalang may kaugnayan sa mahahalagang yugto ng buhay ng tao. Sa pag-aaral ni Ocbian (2012), naitala ang mga paniniwala at gawaing pangkultura ng mga Sorsogueño tungkol sa pagbubuntis at panganganak. Samantala, tinalakay ni Bulloch (2023) ang mga ritwal at paniniwalang may kaugnayan sa suwerte, pagbubuntis, pagsilang, at kasalan sa ilang pamayanang Pilipino. Sinuri naman ni Borong (2024) ang mga katutubong konseptong nakapaloob sa mga pamahiin tungkol sa kasal at kamatayan sa mga piling bayan ng Leyte. Ipinakikita ng mga pag-aaral na ito ang pagkakaiba-iba ng mga paniniwala sa bawat pamayanan at ang kahalagahan ng pagdodokumento sa mga ito upang higit na maunawaan ang kanilang papel sa kultura at pamumuhay ng mga mamamayan.

Ang pamahiin ay tumutukoy sa mga paniniwalang nakaugat sa nakagisnang kultura at tradisyon at karaniwang nagsisilbing gabay o babala sa ilang pangyayari at gawain sa buhay. Maaaring maiugnay ang mga ito sa mahahalagang yugto ng buhay ng tao, tulad ng pagsilang, kasalan, at kamatayan. Sa mga pagkakataong ito, may mga paniniwalang sinusunod bilang pagpapakita ng paggalang sa mga nakatatanda, pag-iwas sa inaakalang kamalasan, o pagpapanatili ng nakaugaliang tradisyon. Gayunman, maaaring magkaroon ng iba't ibang implikasyon ang mga pamahiin sa buhay ng mga tao. Sa aspektong sikolohikal, maaari itong makaapekto sa kanilang pag-iisip, damdamin, at pagpapasiya. Sa aspektong panlipunan, maaari nitong maimpluwensiyahan ang ugnayan ng mga kasapi ng pamilya at pamayanan. Sa aspektong pang-ekonomiya, maaari rin itong maiugnay sa mga gastusin at pagpapasyang pinansiyal na kaakibat ng pagsasagawa ng ilang kaugalian at ritwal.

Sa bayan ng Magallanes, Sorsogon, mahalagang maitala at masuri ang mga pamahiing may kaugnayan sa pagsilang, kasalan, at kamatayan na pinaniniwalaan at isinasagawa ng mga mamamayan. Bagama't may mga naunang pag-aaral tungkol sa mga pamahiin at kaugaliang Pilipino, mahalaga pa ring matukoy ang mga natatanging paniniwala sa lokal na pamayanan at masuri ang mga implikasyon ng mga ito sa buhay ng mga mamamayan. Ang pagdodokumento sa mga paniniwalang ito ay makatutulong sa pagpapanatili ng kaalamang kultural ng Magallanes at sa pag-unawa sa kanilang kaugnayan sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Dahil dito, ang pag-aaral na pinamagatang Implikasyon ng mga Pamahiin sa Buhay ng Tao ay naglalayong matukoy at masuri ang mga pamahiing umiiral sa Magallanes, Sorsogon, na may kaugnayan sa pagsilang, kasalan, at kamatayan, gayundin ang mga implikasyon ng mga ito sa aspektong sikolohikal, panlipunan, at pang-ekonomiya. Sa pamamagitan ng panayam at pagmamasid, layunin ng pag-aaral na makalap at maidokumento ang mga

paniniwala at karanasan ng mga mamamayan hinggil sa mga pamahiin. Bilang karagdagang ambag, bubuuin ang babasahing pinamagatang Gawi asin Pagtubod: Mga Pamahiin ng Magallanes upang maitala at maipakilala ang mga pamahiing bahagi ng lokal na kultura. Inaasahang makatutulong ang pag-aaral sa pagpapanatili ng pamanang kultural ng Magallanes at sa pagpapalawak ng kaalaman ng mga guro, mag-aaral, mamamayan, at iba pang interesadong mambabasa tungkol sa mga paniniwalang patuloy na umiiral sa pamayanan.

Layunin ng pag-aaral - Ang pangkalahatang layunin ng pag-aaral na ito ay suriin ang mga pamahiin sa bayan ng Magallanes at ang mga implikasyon ng mga ito sa buhay ng mga tao. Partikular na nilalayon nitong (1) alamin ang mga pamahiin sa bayan ng Magallanes, (2) tukuyin ang mga kategorya ng mga ito batay sa pagsilang, kasalan, at kamatayan, (3) suriin ang mga implikasyon ng mga pamahiin sa aspektong sikolohikal, sosyolohikal, at pang-ekonomiya ng buhay ng mga tao, at (4) bumuo ng mungkahing gawain batay sa mga resulta ng pag-aaral.

2. Metodolohiya

Isinagawa ang pag-aaral na ito sa pamamagitan ng palarawang disenyo ng pananaliksik upang matukoy at mailarawan ang mga pamahiin sa kategoryang pagsilang, kasalan, at kamatayan sa bayan ng Magallanes, gayundin ang mga implikasyon ng mga ito sa aspektong sikolohikal, sosyolohikal, at pang-ekonomiya ng buhay ng mga tao. Ang palarawang disenyo ay angkop sa mga pag-aaral na naglalayong ilarawan ang mga katangian, kalagayan, at penomenong umiiral nang hindi minamanipula ang mga baryabol (Creswell & Creswell, 2018). Isinaalang-alang din ang pasalaysay na paraan upang mailarawan ang mga paniniwala, karanasan, at paliwanag ng mga kalahok hinggil sa mga pamahiin sa kanilang komunidad.

Ginamit ang purposive sampling sa pagpili ng 160 residente mula sa 16 na barangay sa bayan ng Magallanes bilang mga kalahok sa pag-aaral. Isinaalang-alang ang tiyak na krayterya sa edad upang matyak ang sapat at balanseng representasyon ng iba't ibang henerasyon sa pagbabahagi ng kaalaman at karanasan tungkol sa mga lokal na pamahiin. Sa kabuuang bilang, 56 o 35% ang may edad 20–40, 56 o 35% ang may edad 41–60, at 48 o 30% ang may edad 61 pataas. Ginamit ang di-pormal na panayam at pagmamasid bilang mga pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos. Ang panayam at pagmamasid ay angkop sa mga pag-aaral na naglalayong maunawaan at mailarawan ang mga karanasan, pananaw, at penomenong panlipunan mula sa datos na nakalap sa mga kalahok (Kim et al., 2017). Personal na nagtungo ang mananaliksik sa mga napiling barangay sa Magallanes upang makapanayam ang mga kalahok ayon sa kanilang pangkat ng edad at matukoy ang mga pamahiing kanilang kinikilala at pinaniniwalaan. Isinaalang-alang din ang mga mungkahing pagbabago upang mapakinis at mabuo ang pinal na instrumento sa paglikom ng datos at pagsagot sa mga layunin ng pag-aaral.

Sinimulan ang pangangalap ng datos sa paghahanda ng mga liham para sa Alkalde at mga Punong Barangay upang humingi ng pahintulot na makapanayam ang mga residente sa kanilang nasasakupan. Matapos makuha ang pahintulot, nagtungo ang mananaliksik sa labing-anim na barangay sa bayan ng Magallanes upang isagawa ang di-pormal na panayam. Itinala at inayos ang mga sagot ng mga kalahok bilang batayan sa pagsusuri. Nagsagawa rin ng pagmamasid hinggil sa mga pamahiing kinikilala at isinasabuhay ng mga mamamayan, lalo na ang mga may kaugnayan sa pagbubuntis at pagsilang, kasalan, at kamatayan. Personal na pinamahalaan ng mananaliksik ang mga panayam upang makuha ang mga paniniwala at paliwanag ng mga kalahok hinggil sa mga pamahiing saklaw ng pag-aaral.

Ang mga nakalap na datos at kasagutan ay inayos ayon sa kategorya upang masuri, maanalisa, at mabigyan ng interpretasyon. Isinagawa ang palarawang pagsusuri upang mailarawan ang mga kondisyong umiiral batay sa panayam at pagmamasid at matukoy ang mga implikasyon ng mga pamahiin sa buhay ng mga tao sa bayan ng Magallanes. Sinuri ang mga pamahiin sa kategoryang pagsilang, kasalan, at kamatayan at inuri ang mga implikasyon ng mga ito sa aspektong sikolohikal, sosyolohikal, at pang-ekonomiya. Ang mga resulta ng pagsusuri ay nagsilbing batayan sa pagbuo ng mungkahing gawain batay sa mga natuklasan ng pag-aaral.

3. Resulta at Pagtalakay

Inilalahad sa bahaging ito ang mga natuklasan, pagsusuri, at interpretasyon ng mga datos na nakalap hinggil sa mga pamahiin sa bayan ng Magallanes. Inayos ang presentasyon ng mga resulta batay sa mga tiyak na layunin ng pag-aaral, na kinabibilangan ng (1) pagtukoy sa mga pamahiin sa bayan ng Magallanes; (2) pag-uuri sa mga ito ayon sa kategoryang pagsilang, kasalan, at kamatayan; (3) pagsusuri sa mga implikasyon ng mga pamahiin sa aspektong sikolohikal, sosyolohikal, at pang-ekonomiya ng buhay ng mga mamamayan; at (4) pagbuo ng mga mungkahing gawain batay sa mga natuklasan ng pag-aaral.

3.1 Mga Pamahiin sa Bayan ng Magallanes

Ipinapakita sa Talahanayan 1 ang mga pamahiing nakalap sa bayan ng Magallanes. Inayos ang mga ito ayon sa tatlong kategoryang saklaw ng pag-aaral: pagsilang, kasalan, at kamatayan. Nagsilbing batayan ang talaang ito sa pagsusuri sa mga uri ng pamahiin at sa mga implikasyon ng mga ito sa buhay ng mga mamamayan.

Talahanayan 1
Mga Pamahiin sa Bayan ng Magallanes

Pagsilang
Bawal kumain ng talong ang buntis.
Bawal kumain ng puso ng saging ang isang buntis.
Huwag kumain ng kambal na saging ang isang buntis.
Bawal lumabas ng bahay kapag gabi ang buntis.
Bawal mahanginan ang bagong panganak na ina.
Bawal pahawakan ang buhok ng ina sa bata.
Bawal maglagay ng tuwalya ang buntis sa balikat.
Bawal magtahi ang buntis.
Bawal magsampay ng damit sa albas paggabi ang buntis.
Bawal pumunta sa lamay ang buntis.
Bawal pumunta sa kamposanto ang buntis.
Kapag may buntis sa bahay, huwag mag-istambay sa pinto.
Bawal lumabas ang buntis kapag may solar eclipse.
Sa unang paglihi ng ina, kapag bunga ng punong kahoy ang napaglihian, lalaki ang magiging anak.
Magsuot ng panguntra ang buntis.
Bawal makilibing ang buntis.
Bawal matulog ang buntis kapag palubog na ang araw.
Bawal umupo ang buntis sa pintuan na nakaharap palabas.
Bawal maabutan ng lindol ang buntis sa labas ng bahay.
Iwasang kaumain ng malalamig na pagkain o kaya uminom ng malalamig na inumin.
Hindi maaaring magduyan ang buntis.
Bawal magsuot ng kwentas, relo at porselas ang buntis.
Punasan ng hamog ng tuhod ng bata.
Mas mabuting sa baybayin turuang maglakad ang bata.
Bawal ipasok sa simbahan ang batang wala pang binyag.
Lagyan ng krus gamit ang pulang lipstick ang noo ng bata kung siya ay ipapasyal.
Bawal gupitan ng buhok ang batang wala pang isang taong gulang.
Lagyan ng maliit na papel o kaya sinulid ang noo ng bata kung siya ay ipapasyal.
Bawal magpasuso ang isang ina na nakalabas ang tiyan.
Huwag magbibigay ng apoy sa sinumang manghing habang hindi pa magaling ang pusod ng bata.
Kailangang unang ilabas sa simbahan ang bata pagkatapos ng binyag.
Masama ang tumanggi na maging ninang o ninong ng bata.
Lagyan ng bigkig ang bata lalo na ung siya ay babae.
Bawal paliguan ang bata kapag araw ng Martes at Biyernes.
Huwag suotan ng bagong damit ang bagong panganak na bata.
Huwag hayaang ang bata ang gising nang mag-isa kapag hating gabi.
Lagyang ng panguntra ang bata.
Huwag ilagay ang bata sa madilim na lugar.
Huwag pigaan ang lampin kapag naglaba ng unang ginamit sa bagong panganak na sanggol.
Huwag puputulan ng kuko ang bata na wala pang isang buwan.
Kapag ang isang bagong silang na sanggol ay ginamitan ng lumang damit.
Ang sinumang bagong silang na sanggol ay umiyak ng malakas, senyales na hahaba ang kanyang buhay.
Huwag papaluin ang bata ng walis tingting.
Huwag kakargahin ang bata kapag umaga.
Bawal iharap ang bata sa salamin.

Huwag babatiin ang namamalat na balat ng bata.
Huwag pahahalikan ang bata sa kapwa bata na hindi pa nagsasalita.
Bawal uminom ng malamig na tubig ang inang nagpapasuso.
Bantayan ang pagtanggal ng pusod ng bata at itago
Huwag patawanin ng sobra ang bata paggabi.
Huwag gastusin ang perang bigay ng ninong sa binyag.
Ang unang gupit sa bata kailangang iipit sa aklat.
Kailangang isabit ang pinutol na pusod ng sanggol upang hindi makuha ng daga.
Kailangang tuwing lunes lang putulan ng kuko ang bata.
Kapag sinipsip ng bata ang kanyang daliri sa paa.
Ang sanggol pag unang dalaw sa ibang bahay kailangan bigyan ng pera.
Bawal magpangako sa paghawak sa binyag kung hindi man lang tutuparin.
Kapag naghawak sa binyag kailangang sumagot ng malakas sa dasal.
Kapag binisita ang bagong panganak na bata kailangang bigyan ng pera.
Ilibing ang bahay bata malapit sa bintana o pintuan.
Bawal umiyak ang bata bago matulog.
Tabihan ng walis tingting ang bata habang natutulog.
Huwag pahamugan ng lampin.
Humiram ng bigkis sa taong nanganak ng babae kung gusto mo.
Huwag talikuran ang bata kapag tulog.
Kasalan
Bawal isukat ang trahe de buda na gagamitin sa kasal.
Bawal isangla ang singsing na ginamit sa kasal.
Magpakasal na kabilugan ng buwan huwag lang ang pawala na ang buwan.
Sa bagong kasal, ang sinumang maunang gumasta matapos ang kasal, siyang magiging domenante sa kanilang pagsasama.
Hindi puwedeng ang byuda ang magsalubong sa bagong kasal.
Bawal matulog ang lalaki sa bahay ng babae bago ang kasal.
Pag-ikakasal dapat ang lalaki ang laging nauna lalo na sa simbahan at pag naglakad dapat magkasabay.
Ang ikinasal dapat salubungin ng babaeng may asawa na hindi palaaway.
Mag-ingat palagi ang ikakasal.
Paglabas ng simbahan, kung sino sa bagong kasal ang maunang humakbang palabas ay siyang parating masusunod sa pamamahay.
Sa unang pag-away ing mag-asawa hindi dapat magtalo.
Huwag gagastusin ang unang perang papasok sa bahay ng bagong kasal.
Bawal mamatay ang sindi ng kandila sa oras ng kasal.
Bawal makita ng lalaking ikakasal ang babaeng mapapangasawa isang araw bago ikasal.
Kailangang magpalipad ng dalawang kalapati ang bagong kasal.
Kung sino ang makasalo ng bouquet ng bride, siya ang susunod na ikakasal.
Bawal ikasal ang magkapatid sa loob ng isang taon.
Bawal mahulog ang aras at singsing sa oras ng kasal.
Dapat maunang lumabas ang babae sa simbahan pagkatapos ng kasal.
Dapat mauna ang babae lumabas ng simbahan at siya naman ang dapat maunang pumasok sa loob ng bahay.
Bawal mamasyal ang ikakasal.
Bawal magpakasal na panapos na ang taon.
Swerte sa bagong kasal ang regaluhan ng arenola.
ago pumasok ng bahay kailangang pakainin ng asukal at painumin ng tubig ang bagong kasal.
Kamatayan
Bawal magwalis, magsuklay at maligo kapag may patay.
Bawal magluto ng pananim na gumagapang. Hal. Sitaw
Paggaling sa libing, ang pamilya na naulila ay sama-samang kakain sa isang pinggan.
Bawal magdala ng pagkain galing sa patay.
Bawal magmano kung may patay.
Bawal magsalo sa isang pinggan kapag nasa burol.
Bawal magpaalam kung aalis na sa lamay.
Bawal magkaway.
Bawal magkaway.
Bawal patuluan ng luha ang kabaong ng patay.
Bawal maggulay ng dahon ng gabi.
Bawal magkutohan sa burol.
Bawal mag-ihaw kung may patay.
Bawal pumunta sa lamay ang may buwanang dalaw.
Bawal magsalamin kapag mayroong patay.
Bawal maglaba at maglinis ng bahay kapag mayroong patay.
Magpalipad ng puting lobo kapag may inililibing.
Maglagay ng sisiw sa ibabaw ng kabaong kung ito ay kagagawan ng Krimen.
Kailangang may sugalan sa isang lamay.
Bawal magpalit ng kandila ang kapamilya ng patay at magpagawa o gumawa ng bulaklak para sa patay.

Huwag paupuan ang upuan ng asawa ng namatay.
Kailangang maghugas ng kamay sa planggana na may mga dahon ang nakipaglibing.
Kailangang basagin ang nilagyan ng abuloy pag-alis ng patay.
Kung napanaginipan mo na naglaglagan ang iyong mga ngipin ay may mamamatay.
Kapag napanaginipan mo na maraming kuto ibig sabihin may mamamatay.
Pag may patay hindi puwede ang palingon-lingon sa oras ng libing.
Hindi puwedeng pagpatung-patungin ang pinggang pinagkainan kapag may patay.
Bawal ang maghabol sa kamposanto kung makikipaglibing.
Kapag ikatlong araw ng libing bisitahin ang puntod at magsindi ng kandila.
Bawal punasan ang tumulong luha sa kabaong.
Bawal sa patay ang iwanan o tulugan na walang bantay.
Kapag galing sa burol, huwag nang dumaan sa iba pang burol.
Bawal maggulay ng langka kung may patay.
Bawal kumain ng bilog na prutas kung may patay.
Kapag may naghuni na uwak sa gabi.
Pagkatapos mailibing ang patay ng may asawa paglipas ng tatlong araw sa unang paglabas na byuda ang siyang Makita ay mabubyuda rin.
Huwag babatiin ang anumang bagay na Makita sa kabaong ng patay.
Magpabaon ng bulaklak kapag ang patay ay inilagay na sa kanyang puntod.
Huwag ipapasok ang damit na suot paggaling sa patay.
Kapag nailibing na ang patay, kailangang sunugin ang mga barahang ginamit sa lamay.
Dapat ipaubos ang mga pagkain kapag ililibing na ang patay.

Batay sa mga nakalap na datos, may kabuuang 130 pamahiin na naitala sa tatlong kategorya. Pinakamarami ang may kaugnayan sa pagsilang, na may 65 pamahiin, sinundan ng kamatayan na may 41, at kasalan na may 24. Ipinakikita ng mga bilang na ito ang pagkakaiba-iba ng mga paniniwalang kinikilala ng mga Magalleno sa iba't ibang yugto ng buhay. Gayunman, ang dami ng naitalang pamahiin sa bawat kategorya ay hindi nangangahulugang mas matibay o mas malawak ang paniniwala ng mga mamamayan sa isang kategorya kaysa sa iba.

Ayon kay Lopez (2011), ang mga pamahiin at katutubong paniniwala ay bahagi ng pag-aaral ng kuwentong-bayan at kulturang Pilipino. Ipinakikita nito na ang mga pamahiin ay hindi lamang mga indibidwal na paniniwala kundi mga bahagi rin ng mga kaugaliang naipapasa sa loob ng isang pamayanan. Kaugnay nito, maaaring unawain ang mga pamahiing nakalap sa Magallanes bilang bahagi ng lokal na kaalamang pangkultura na patuloy na naipapahayag sa pamamagitan ng mga nakasanayang gawain, payo, at paniniwala ng mga mamamayan.

A. Mga Pamahiin sa Pagsilang

Ang kategoryang pagsilang ang may pinakamaraming naitalang pamahiin, na may kabuuang 65. Kabilang dito ang mga paniniwala tungkol sa pagkain at pagkilos ng buntis, pangangalaga sa bagong panganak na ina, pag-aalaga sa sanggol, binyag, at mga gawaing pinaniniwalaang nagdudulot ng suwerte at proteksiyon sa bata. Ipinakikita ng mga ito na mahalagang yugto sa buhay ng pamilya ang pagbubuntis at pagsilang, kaya maraming tuntunin at paniniwalang iniuugnay sa kaligtasan, kalusugan, at kinabukasan ng ina at anak.

Makikita sa salaysay ng isang kalahok ang paniniwalang, “Bawal ang mahanginan ang bag-ong aki ta pag nahanginan naboboa siya.” Ipinahihiwatig ng pahayag na ito ang takot na maaaring mapahamak ang bagong panganak kapag nalantad sa hangin. Sa pananaw ng kalahok, ang pagsunod sa pamahiin ay isang paraan ng pag-iingat sa ina at sanggol. Gayunman, ang paniniwalang ito ay dapat unawain bilang bahagi ng lokal na kultura at hindi bilang medikal na katotohanan.

Isa pang halimbawa ang pahayag na, “Kun magbisita ka sa bag-ong mundag taw-an mo ki barya asin ipagugum mo saiya ta magdadara ini ki suwerti sa aki lalo na sa paghanap ki trabaho.” Ipinakikita nito ang paniniwalang ang pagbibigay ng barya sa bagong silang na sanggol ay maaaring maghatid ng suwerte at magandang kinabukasan, lalo na sa paghahanap ng trabaho. Higit sa materyal na halaga ng barya, makikita sa gawaing ito ang pagpapahayag ng mabuting hangarin ng mga nakatatanda para sa bata.

Sinusuportahan ng pagtalakay ni Lopez (2011) sa mga pamahiin at katutubong paniniwala sa Pilipinas ang pag-unawa sa ganitong mga gawain bilang bahagi ng kulturang naipapasa sa mga susunod na henerasyon. Samantala, ipinakikita nina Lindeman at Aarnio (2007) na ang mga pamahiin ay maaaring maiugnay sa mga

paniniwalang nagbibigay ng kahulugan sa mga pangyayaring walang malinaw na ugnayang sanhi at bunga. Sa konteksto ng pag-aaral, ipinahihiwatig nito na ang mga pamahiin sa pagsilang ay maaaring magsilbing gabay ng mga pamilya sa kanilang mga kilos at pagpapasya, bagaman hindi nangangahulugang napatutunayan sa siyensiya ang mga inaasahang resulta ng mga ito.

B. Mga Pamahiin sa Kasalan

Mayroong 24 na pamahiin na naitala sa kategoryang kasalan. Nakatuon ang mga ito sa paghahanda para sa kasal, mga seremonya sa simbahan, mga kilos ng bagong kasal, at mga paniniwalang may kaugnayan sa kanilang pagsasama at kabuhayan. Kabilang sa mga halimbawa ang pagbabawal sa pagsukat ng damit-pangkasal bago ang seremonya, paniniwalang ang unang gagastos pagkatapos ng kasal ang magiging dominante sa pagsasama, at paniniwalang hindi dapat gastusin ang unang perang papasok sa tahanan ng bagong kasal.

Isang halimbawa ang pahayag ng mga kalahok na, "Magpalayog ki kalapati para sa habangbuhay na pagkakaminuotan kan bag-ong kasal." Ipinakikita ng paniniwalang ito na iniuugnay ang pagpapalipad ng dalawang kalapati sa pag-asang magtatagal ang pagmamahalan ng bagong kasal. Sa simbolikong antas, maaaring kumatawan ang gawaing ito sa pagkakaisa at patuloy na pagsasama ng mag-asawa.

Kaugnay nito, sinabi rin ng mga kalahok na, "Dai paggastuson ang unang kwartang maglaog sa bag-ong mag-agom." Ipinahihiwatig ng paniniwalang ito ang pagnanais na mapanatili ang pera at magkaroon ng maayos na kabuhayan ang bagong mag-asawa. Bagaman walang katiyakang ang hindi paggastos sa unang perang matatanggap ay magdudulot ng kasaganaan, ipinakikita ng paniniwala ang pagpapahalaga sa pag-iimpok at katatagang pinansiyal.

Ayon kay Lopez (2011), kabilang ang mga kaugalian at paniniwala sa mahahalagang bahagi ng kulturang-bayan na maaaring magpaliwanag sa mga nakasanayang gawain ng isang pamayanan. Sa ganitong pananaw, ang mga pamahiin sa kasalan sa Magallanes ay maaaring unawain bilang mga simbolikong gawain na nagpapahayag ng pag-asa para sa maayos na pagsasama, pagmamahalan, at kabuhayan ng bagong mag-asawa. Ipinakikita rin ng mga ito kung paano naiuugnay ang mga tradisyon sa mga inaasahan ng pamilya at komunidad tungkol sa buhay mag-asawa.

C. Mga Pamahiin sa Kamatayan

Sa kategoryang kamatayan, naitala ang 41 pamahiin na sumasalamin sa mga paniniwala at kaugaliang sinusunod ng mga mamamayan ng Magallanes sa panahon ng pagpanaw ng isang tao. Kabilang dito ang mga pagbabawal sa ilang gawaing-bahay habang may patay, mga tuntunin sa pakikilahok sa lamay at libing, mga paniniwala tungkol sa mga panaginip, at mga ritwal bago at pagkatapos mailibing ang yumao. Ipinakikita ng mga pamahiing ito ang kahalagahan ng mga nakaugaliang paniniwala sa pagharap ng mga mamamayan sa kamatayan at sa pagpapakita ng paggalang sa mga yumao.

Kabilang sa mga halimbawang ibinahagi ng mga kalahok ang "Bawal magpaalam kung aalis na sa lamay" at "Bawal magwalis, magsuklay at maligo kung may patay." Ipinakikita ng mga paniniwalang ito ang mga tuntuning sinusunod ng ilang mamamayan habang nakaburol ang isang yumao. Sa kanilang pananaw, ang pagsunod sa mga pagbabawal ay maaaring makatulong upang maiwasan ang pinaniniwalaang kapahamakan. Ipinahihiwatig din nito na ang mga gawain sa panahon ng pagluluksa ay ginagabayan hindi lamang ng personal na paniniwala kundi pati ng mga nakasanayang kaugalian sa pamayanan.

May kaugnayan dito ang pag-aaral ni Hornedo (1994) tungkol sa mga paniniwala at gawaing may kaugnayan sa kamatayan at buhay pagkatapos nito sa mga Ivatan. Ipinakikita ng kanyang pagtalakay na ang mga kaugalian sa kamatayan ay maaaring maunawaan sa pamamagitan ng partikular na kontekstong pangkultura ng isang pamayanan. Bagaman magkaiba ang konteksto ng mga Ivatan at ng mga Magalleno, nagbibigay ito ng batayan upang suriin ang mga paniniwala sa kamatayan bilang bahagi ng lokal na kultura at mga ritwal sa pagluluksa.

Dagdag pa rito, tinalakay sa literatura ang posibleng kaugnayan ng mga pamahiin sa pagharap ng mga tao sa

kawalan ng katiyakan at pagkabalisa. Sa isang pag-aaral, sinuri ni Wong (2012) ang ugnayan ng mga pamahiin, paniniwala tungkol sa kamatayan, at pagkabalisa sa kamatayan sa mga mag-aaral sa Hong Kong. Gayunman, hindi dapat direktang ilapat ang resulta nito sa mga Magalleno dahil magkaiba ang mga kalahok at konteksto ng dalawang pag-aaral. Sa kasalukuyang pananaliksik, ipinahihiwatig lamang ng mga salaysay na ang pagsunod sa mga pamahiin ay maaaring magbigay sa ilang mamamayan ng pakiramdam na nasusunod nila ang mga nakasanayang tuntunin sa panahon ng pagluluksa.

Ipinakikita ng mga pamahiing nakalap sa bayan ng Magallanes na ang mga paniniwala tungkol sa pagsilang, kasalan, at kamatayan ay nakaugat sa mga nakasanayang gawain at pagpapahalaga ng mga mamamayan. Ang mga ito ay maaaring magpahayag ng pagnanais na mapangalagaan ang ina at anak, magkaroon ng maayos na pagsasama ang bagong kasal, at maiwasan ang pinaniniwalaang kapahamakan sa panahon ng pagluluksa. Gayunman, mahalagang ihiwalay ang kultural na kahulugan ng mga pamahiin sa mga pahayag na nangangailangan ng siyentipikong pagpapatunay. Nagsisilbing mahalagang batayan ang mga natuklasang ito sa susunod na pagsusuri tungkol sa mga implikasyon ng mga pamahiin sa aspektong sikolohikal, sosyolohikal, at pang-ekonomiya ng buhay ng mga Magalleno.

3.2 Kategorya ng mga Pamahiin

Ipinakikita sa Talahanayan 2 ang distribusyon ng mga pamahiing nakalap sa bayan ng Magallanes ayon sa tatlong kategorya: pagsilang, kasalan, at kamatayan. Sa kabuuang 130 pamahiing naitala, 65 o 50.00% ang may kaugnayan sa pagsilang, 41 o 31.54% sa kamatayan, at 24 o 18.46% sa kasalan. Ipinakikita ng mga datos na pinakamaraming pamahiin ang may kaugnayan sa pagsilang, samantalang pinakamababa ang bilang ng mga pamahiin tungkol sa kasalan. Nagbibigay ang distribusyong ito ng pangkalahatang larawan ng mga paniniwalang bahagi ng kultura at pamumuhay ng mga mamamayan sa Magallanes.

Talahanayan 2
Kategorya ng mga Pamahiin

Kategorya	Bilang ng Pamahiin	Bahagdan
Pagsilang	65	50.00%
Kasalan	24	18.46%
Kamatayan	41	31.54%
Kabuuan	130	100.00%

Batay sa mga natuklasan, nangunguna ang mga pamahiin tungkol sa pagsilang, na bumubuo sa kalahati ng kabuuang naitalang pamahiin. Kabilang dito ang mga paniniwala at pagbabawal na may kaugnayan sa pagbubuntis, panganganak, pangangalaga sa ina, at pag-aalaga sa sanggol. Ipinakikita ng mga ito ang lawak ng mga tradisyunal na paniniwalang nakapaligid sa pagsisimula ng buhay at sa pagnanais ng pamilya na mapangalagaan ang kaligtasan at kinabukasan ng bata. Samantala, ang malaking bilang ng mga pamahiin tungkol sa kamatayan ay nagpapakita ng pagkakaroon ng iba't ibang paniniwala at kaugaliang sinusunod sa panahon ng burol, libing, at pagluluksa. Ang mga pamahiin naman tungkol sa kasalan ay nakatuon sa mga ritwal, kilos, at paniniwalang iniuugnay sa pagmamahalan, katatagan ng pagsasama, at kabuhayan ng bagong mag-asawa.

Maiuugnay ang mga natuklasang ito sa pagtalakay ni Lopez (2011) sa mga pamahiin at katutubong paniniwala bilang bahagi ng kulturang-bayan ng Pilipinas. Ipinakikita ng kaniyang akda ang kahalagahan ng pagdodokumento sa mga paniniwala at kaugaliang naipapasa sa iba't ibang henerasyon upang higit na maunawaan ang kultura ng isang pamayanan. Sa ganitong pananaw, ang mga pamahiing naitala sa Magallanes ay hindi lamang mga tuntuning sinusunod sa ilang pagkakataon, kundi mga bahagi rin ng lokal na tradisyong nagpapahayag ng mga pagpapahalaga, inaasahan, at karanasan ng mga mamamayan.

Dagdag pa rito, ipinaliwanag nina Lindeman at Aarnio (2007) na ang mga pamahiin ay maaaring maiugnay sa mga paniniwalang nag-uugnay ng mga pangyayari kahit walang malinaw na siyentipikong batayan para sa inaakalang sanhi at bunga. Mahalaga ang pananaw na ito sa pagsusuri sa mga pamahiin sa Magallanes sapagkat nakatutulong itong maunawaan kung paano binibigyang-kahulugan ng mga mamamayan ang mga pangyayari sa

buhay sa pamamagitan ng mga nakagisnang paniniwala. Gayunman, ang pagkakaroon ng mga pamahiin sa isang pamayanan ay hindi nangangahulugang lahat ng mamamayan ay naniniwala o sumusunod sa mga ito.

Ipinakikita ng distribusyon na ang mga pamahiin sa Magallanes ay sumasaklaw sa mahahalagang yugto ng buhay ng tao, mula sa pagsilang hanggang sa pagbuo ng pamilya at pagharap sa kamatayan. Ang pagkakaiba-iba ng bilang sa bawat kategorya ay nagbibigay-linaw sa lawak ng mga pamahiing naitala sa mga yugto ng buhay na ito. Gayunman, hindi dapat ipakahulugan na ang pinakamaraming naitalang pamahiin ang siyang pinaniniwalaan o sinusunod ng pinakamaraming mamamayan, sapagkat bilang lamang ng mga pamahiin ang ipinakikita ng talahanayan. Nagsisilbi ang mga natuklasang ito bilang batayan sa mas malalim na pagsusuri sa mga implikasyon ng mga pamahiin sa aspektong sikolohikal, sosyolohikal, at pang-ekonomiya ng buhay ng mga Magalleno.

3.3 Implikasyon ng mga Pamahiin sa Aspektong Sikolohikal, Sosyolohikal, at Pang-ekonomiya

Sa ikatlong suliranin, ang mga implikasyon ay tinalakay nang hiwalay ayon sa tatlong baryabol ng pag-aaral: sikolohikal, sosyolohikal, at pang-ekonomiya. Dahil ang mga nakalap na datos ay pangunahing pasalaysay at walang hiwalay na frequency count para sa bawat uri ng implikasyon, ang mga talahanayan at talakayan sa bahaging ito ay nakabatay sa tematikong pagsusuri sa nilalaman ng mga pamahiin, paliwanag ng mga kalahok, at konteksto ng bawat paniniwala.

Aspektong Sikolohikal

Ang mga pamahiing may kaugnayan sa pagsilang ay nagpapakita ng impluwensiya ng mga nakaugaliang paniniwala sa pag-iisip, damdamin, at pagpapasya ng mga magulang, lalo na sa pangangalaga sa buntis at bagong silang na sanggol. Ang mga paniniwalang nagbabawal sa ilang pagkain, gawain, at paglabas ng bahay ay maaaring maghikayat ng pag-iingat at magbigay sa mga magulang ng pakiramdam na may nagagawa sila upang mapangalagaan ang ina at sanggol. Gayunman, ang paniniwalang maaaring magdulot ng kapahamakan ang hindi pagsunod sa mga ito ay maaari ring magbunga ng takot, pangamba, at pagkabalisa. Samantala, ang mga pamahiing nag-uugnay sa ilang ritwal sa suwerte, kalusugan, katalinuhan, at magandang kinabukasan ng bata ay maaaring magbigay ng pag-asa at kapanatagan sa mga magulang. Ipinakikita nito na ang mga pamahiin ay maaaring magsilbing gabay sa pagpapasya, ngunit maaari ring magdulot ng hindi kinakailangang pag-aalala kapag itinuturing na tiyak na mangyayari ang mga ipinahihiwatig na bunga.

Sa mga pamahiing may kaugnayan sa kasalan, makikita ang impluwensiya ng paniniwala sa inaasahan ng mga mag-asawa tungkol sa kanilang pagsasama, katatagan ng pamilya, at magiging kapalaran sa hinaharap. Ang mga paniniwalang nag-uugnay sa pagpapakasal sa takdang panahon, pagsasagawa ng mga ritwal, at pagsunod sa ilang kaugalian sa suwerte at pangmatagalang pagmamahalan ay maaaring magbigay ng kumpiyansa at positibong pananaw sa bagong yugto ng buhay. Gayunman, ang mga pamahiing nagbababala sa kamalasan, pagkabalo, aksidente, at hindi pagkakasundo kapag hindi nasunod ang ilang kaugalian ay maaaring magdulot ng kaba at pangamba. May mga paniniwala rin tungkol sa kung sino ang unang gagastos o unang lalabas ng simbahan na nagpapahiwatig ng inaasahang kapangyarihan at papel ng bawat isa sa tahanan. Sa ganitong paraan, ang mga pamahiin ay hindi lamang nakaaapekto sa emosyon ng mga ikakasal kundi maaari ring humubog sa kanilang pananaw tungkol sa relasyon at mga tungkulin sa pag-aasawa.

Samantala, ang mga pamahiing may kaugnayan sa kamatayan ay nagpapakita ng pagtatangkang maunawaan at mapangasiwaan ng mga mamamayan ang kawalan ng katiyakan na kaakibat ng pagluluksa. Ang pagsasagawa ng mga ritwal, tulad ng pagsisindi ng kandila, pagdalaw sa puntod, pagdarasal, at iba pang gawaing nakaugnay sa pag-alala sa namatay, ay maaaring magbigay ng kapanatagan at pakiramdam ng pagpapatuloy ng ugnayan sa yumao. Ang mga gawaing nagpapakita ng pagkakaisa ng pamilya ay maaari ring makatulong sa pagharap sa dalamhati. Gayunman, ang mga pamahiing nag-uugnay sa panaginip, huni ng uwak, paglingon sa libing, at hindi pagsunod sa ilang pagbabawal sa lamay sa posibilidad ng kasunod na kamatayan ay maaaring magpalala ng takot at pagkabalisa. Maaari ring makaramdam ng pag-aalala ang mga naulila kapag iniisip nilang may masamang mangyayari dahil sa hindi sinasadyang paglabag sa isang kaugalian.

Kaayon nito, tinalakay nina Placek, Madhivanan, at Hagen (2017) kung paano nakaaapekto ang mga paniniwalang naipapasa sa kultura sa mga pagpili at gawain ng mga buntis. Samantala, sinuri nina James at Wells (2002) ang kaugnayan ng mga paniniwala tungkol sa kamatayan at pamahiin sa pagkabalisa hinggil sa kalusugan. Bagama't hindi direktang tumatalakay ang mga pag-aaral na ito sa mga pamahiin sa Magallanes, nagbibigay ang mga ito ng batayan sa pag-unawa kung paano maaaring maiugnay ang mga paniniwalang pangkultura sa pag-iisip at emosyon ng mga tao. Ang implikasyong sikolohikal ng mga pamahiin sa bayan ng Magallanes ay maaaring maging positibo o negatibo. Maaari silang magbigay ng pag-asa, kapanatagan, at pakiramdam ng kontrol sa mga pangyayaring hindi tiyak, gaya ng pagsilang, pag-aasawa, at kamatayan. Sa kabilang banda, maaari rin silang magdulot ng takot, pangamba, at pagkabalisa kapag ang mga paniniwala ay iniuugnay sa tiyak na kapahamakan o kamalasan. Ipinakikita nito na ang sikolohikal na epekto ng mga pamahiin ay nakasalalay sa kahulugang ibinibigay ng mga mamamayan sa mga ito at sa antas ng kanilang paniniwala sa mga posibleng kahihinatnan ng pagsunod o hindi pagsunod sa mga nakaugaliang gawain.

Aspektong Sosyolohikal

Ipinakikita ng mga pamahiing nakalap sa bayan ng Magallanes na may mahalagang papel ang mga paniniwalang ito sa pagpapanatili ng mga ugnayang panlipunan, kaugalian, at tradisyon sa loob ng pamilya at komunidad. Sa kategoryang pagsilang, ang mga payo at pagbabawal na may kaugnayan sa pagbubuntis, panganganak, at pag-aalaga sa bata ay karaniwang naipapasa ng mga nakatatanda sa nakababatang henerasyon. Ang mga paniniwalang ito ay nagsisilbing gabay sa mga nakasanayang paraan ng pag-aalaga at pagprotekta sa ina at sanggol. Samantala, ang mga pamahiing may kaugnayan sa binyag, pagbibigay ng regalo, at pagtupad sa tungkulin bilang ninong o ninang ay nagpapakita ng kahalagahan ng ugnayang pampamilya at panrelihiyon. Sa pamamagitan ng mga gawaing ito, napagtitibay ang pakikilahok ng mga kasapi ng pamilya at komunidad sa mahahalagang yugto ng buhay ng isang tao.

Sa kategoryang kasalan, makikita ang impluwensiya ng mga pamahiin sa mga inaasahang gampanin ng babae at lalaki, gayundin sa mga ritwal na sinusunod ng bagong mag-asawa. Ang mga paniniwala tungkol sa pagsasagawa ng mga seremonya, pagpili ng panahon ng kasal, at pagkakasunod-sunod ng mga kilos ng mag-asawa ay nagsisilbing gabay sa mga nakaugaliang pamantayan ng lipunan. May mga paniniwala ring nagbibigay-diin sa pagkakapantay-pantay at kapangyarihan sa loob ng pagsasama, samantalang ang iba ay nagpapakita ng tradisyonal na pananaw sa tungkulin ng bawat isa sa pamilya. Ipinakikita nito na ang pamahiin ay hindi lamang personal na paniniwala kundi maaari ring makaimpluwensiya sa mga inaasahan at asal na pinananatili sa loob ng ugnayang mag-asawa at pamilya.

Mentorship as Organisational Knowledge Transfer - Mentorship received the highest level of support. This finding indicates that participants value practical experience as a distinct form of professional knowledge. Construction supervision involves uncertainty, negotiation and judgement. Written procedures can guide behaviour, but they cannot anticipate every implementation problem. Mentorship provides a mechanism through which experienced professionals can transfer tacit knowledge to less experienced school heads. This interpretation is compatible with the community-of-practice perspective advanced by Gougou and Paschal (2024). Moreover, Paschal and Gougou (2022) emphasise the need for continuous opportunities to update professional skills. In the present context, mentorship provides one practical route through which such continuous development can occur. The implication is that mentorship should not be treated merely as an informal support activity. It can serve as a deliberate institutional mechanism for developing supervisory judgement.

Supported Autonomy Rather Than Isolated Decentralisation - The 89.2% support for district financial and technical assistance demonstrates that participants do not perceive decentralisation as a justification for technical isolation. School heads require sufficient knowledge to supervise responsibly, but specialised functions still require specialised expertise. This finding aligns with Mwaiseje et al. (2024a, 2024b), whose studies emphasise the importance of procurement management, risk management, internal controls and professional oversight. It also corresponds with Paschal's (2022) observation that professional responsibility in educational settings is influenced by the availability of appropriate resources. Although the substantive context differs, the principle is relevant: assigning responsibility without ensuring access to the resources and expertise needed to perform it can weaken institutional effectiveness. In this reality, decentralisation should therefore be understood as supported autonomy:

local actors receive meaningful responsibility while retaining access to higher-level professional expertise.

Monitoring Cannot Substitute for Competence - Government monitoring and audits received 94.0% agreement. This is consistent with Principal–Agent Theory because monitoring reduces information asymmetry and provides opportunities for corrective intervention. However, the findings indicate that monitoring alone is insufficient. A monitoring system can identify a technical or financial weakness without necessarily giving the school head the expertise needed to correct it. The strongest accountability architecture is therefore likely to combine monitoring with capacity development and technical assistance.

Transparency as Information Infrastructure - The 90.4% support for transparency and accountability systems demonstrates the importance of documentation. Proper records reduce uncertainty, enable verification and preserve institutional memory. They also allow school committees, district authorities and auditors to reconstruct project decisions. This is consistent with Godson (2026), who highlights the importance of data, reporting and feedback in construction-project performance. The finding also connects with the wider educational literature on professional capacity. Where responsibilities are complex, actors require access to relevant information and institutional resources to make informed decisions. Transparency therefore should not be treated simply as an audit requirement; it is part of the information infrastructure needed for responsible management.

Ethical Professionalism and Public Resource Stewardship - Ethical practices also received 90.4% agreement. This finding is consistent with Paschal (2024), who treats ethical conduct as integral to professional practice and responsible educational environments. In public construction, ethical professionalism includes responsible resource stewardship, transparency, compliance with procedures and avoidance of conflicts of interest. The implication is that technical competency and ethical competence should be developed together. A technically capable actor who lacks integrity may still undermine accountability. Conversely, ethical commitment without sufficient technical competence may leave an actor unable to identify or manage important project risks. The present study therefore treats ethical practice as part of supervisory competency rather than as an external requirement added after technical training.

Collaboration and Institutional Relationships - The findings also reinforce the importance of collaboration in decentralised construction management. School heads cannot reasonably possess all the technical, financial and procurement expertise required for construction projects. They therefore need to coordinate with actors who possess complementary competencies. The emphasis on collaboration is compatible with Paschal et al. (2020), whose work on cooperative learning highlights the value of interaction and shared participation. Although the study concerns educational learning rather than construction management, the principle of collaborative practice is relevant to institutional coordination. This suggests that school-head competency should include the ability to identify when expertise is required, communicate effectively with specialists and integrate professional advice into project decisions.

A Capacity-and-Control Perspective - Taken together, the findings support a capacity-and-control perspective on decentralised accountability. Capacity consists of knowledge, skills, judgement and access to professional expertise. Control consists of monitoring, auditing, documentation, transparency and ethical safeguards. The two are complementary. Capacity without control can leave accountability vulnerable to weak oversight. Control without capacity can place local actors under scrutiny without adequately equipping them to perform. The study therefore contributes a more balanced interpretation of Principal–Agent Theory in decentralised public construction. Accountability should not be understood solely as the capacity to detect and constrain undesirable behaviour. It should also include the capacity to enable responsible performance.

6. Theoretical Contribution

The principal theoretical contribution of this study is the extension of Principal–Agent Theory from a predominantly control-oriented interpretation towards a capacity-and-control model of accountability. Conventional agency reasoning emphasises information asymmetry, monitoring and incentives. The findings

demonstrate that these mechanisms should be considered alongside the competence of the agent and the institutional support available to the agent. In decentralised school construction, the school head is simultaneously an accountability subject and a capacity-dependent professional actor.

Training and mentorship build capability. District support supplements specialised expertise. Monitoring and audits provide institutional control. Transparency reduces information asymmetry. Ethical standards strengthen the integrity of decision-making. This integrated perspective also connects public-sector accountability with educational professional development. Gougou and Paschal (2024) and Paschal and Gougou (2022) emphasise continuous professional development, learning and skills updating, while Paschal (2024) demonstrates the importance of ethical professionalism. Paschal et al. (2026) further illustrate the broader importance of competency development within educational settings.

Applied to decentralised school construction, the implication is that supervisory competence should be understood as a multidimensional capability comprising technical knowledge, managerial judgement, professional learning, communication, ethical conduct and the ability to mobilise institutional support. This broader conception strengthens the study's capacity-and-control perspective by showing that accountability depends partly on the professional identity and developmental environment of the actors responsible for implementation.

Practical and Policy Implications - The findings have direct implications for decentralised school-infrastructure policy. First, professional development for school heads should include construction-management competencies. Relevant areas include budgeting, procurement, project monitoring, quality assurance, financial documentation, risk management and ethical conduct. Second, structured mentorship should be institutionalised, especially for newly appointed school heads. Experienced education administrators and technical professionals can provide practical guidance and support. Third, district authorities should establish accessible channels for engineering, procurement and financial assistance. School-level responsibility should not be equated with technical independence. Fourth, monitoring should be developmental as well as regulatory. Monitoring findings should trigger corrective guidance and capacity support where weaknesses are identified. Fifth, documentation should be treated as a core project-management function. Financial reports, procurement records, meeting minutes, materials records and project-progress documentation should provide a traceable accountability trail. Sixth, ethical standards should be integrated into professional-development programmes and construction oversight. Ethical conduct should be treated as part of professional competence rather than as an external compliance requirement. Seventh, collaborative professional-learning arrangements should be encouraged. Communities of practice, peer learning and mentorship can provide mechanisms through which school heads share implementation experiences and develop practical judgement.

Limitations and Future Research - The study has three principal limitations. First, the study was conducted within one local government context. Its findings therefore provide contextually grounded evidence rather than statistical representation of all Tanzanian councils. Second, the quantitative findings reflect participants' perceptions of appropriate strategies rather than objective estimates of the strategies' effects on construction outcomes. Third, the study does not statistically test whether the proposed strategies cause improvements in project quality, cost, completion time or value for money. Future studies could examine multiple councils, use longitudinal designs and connect supervisory competency measures with objective project-performance indicators. Experimental or quasi-experimental research could also examine whether structured mentorship and professional-development interventions produce measurable improvements in construction-management performance.

7. Conclusion

The study examined participants' perceptions of strategies for strengthening school heads' supervisory competencies and accountability practices in managing public primary-school construction projects in Handeni District Council, Tanzania. The findings demonstrate strong support for six complementary strategies: training, mentorship, district technical and financial support, monitoring and audits, transparency and documentation, and

ethical controls. The most important implication is not that one strategy should replace another. Rather, effective decentralised accountability requires these mechanisms to operate as an interconnected system. The study therefore advances a capacity-and-control perspective in which accountability depends simultaneously on the ability of local actors to perform delegated responsibilities and on the institutional mechanisms used to monitor and verify that performance. This conclusion has broader implications for decentralised public-sector governance. Delegating responsibility without providing adequate capability risks creating accountability without capacity. Conversely, aligning responsibility with professional development, technical support, transparent information and credible oversight creates stronger conditions for accountable performance. For public school construction, therefore, the central governance challenge is not simply to make school heads more accountable. It is to make accountability practicable, supportable and institutionally credible.

8. References

Aldossari, K. M. (2024). Client project managers' knowledge and skill competencies for managing public construction projects. Results in Engineering, 24, Article 103546. https://doi.org/10.1016/j.rineng.2024.103546

Braun, V., & Clarke, V. (2006). Using thematic analysis in psychology. Qualitative Research in Psychology, 3(2), 77–101. https://doi.org/10.1191/1478088706qp063oa

Changalima, I. A., & Mwagike, L. R. (2024). The moderating role of staff competency on communication and the effectiveness of Force Account approach: An empirical study from Tanzania. Cogent Social Sciences. https://doi.org/10.1080/23311886.2024.2363600

Creswell, J. W., & Plano Clark, V. L. (2018). Designing and conducting mixed methods research (3rd ed.). SAGE.

Daud, N., & Slawe, D. (2024). Evaluating the impact of the Force Account Method on value for money in public construction projects in Tanzania. NG Journal of Social Development, 14(2), 71–84. https://doi.org/10.4314/ngjsd.v14i2.4

Godson, E. (2026). Influence of monitoring and evaluation practices on performance of construction projects in public secondary schools in Ifakara Town Council, Tanzania. Rural Planning Journal, 28(1), 46–57. https://doi.org/10.59557/rpj.28.1.2026.231

Gougou, S. A.-M., & Paschal, M. J. (2024). Nurturing professional development in TESOL: A community of practice perspective. International Journal of Qualitative Research, 4(2), 111–123. https://doi.org/10.47540/ijqr.v4i2.1403

Jensen, M. C., & Meckling, W. H. (1976). Theory of the firm: Managerial behaviour, agency costs and ownership structure. Journal of Financial Economics, 3(4), 305–360. https://doi.org/10.1016/0304-405X(76)90026-X

Magania, F. M., Tekka, R. S., & Chengula, D. H. (2025). Review of key performance factors in implementing public construction projects using Force Account Method in Tanzania. Mbeya University of Science and Technology Journal of Research and Development, 6(1), 19–30. https://doi.org/10.62277/mjrd2025v6i10002

Mayani, S. M., & Mwagike, L. (2024). Influence of Force Account on value for money in construction projects in Tanzania. International Journal of Scientific Research and Management, 12(8), 7000–7014. https://doi.org/10.18535/ijsrm/v12i08.em02

Mwaiseje, S. S., Mchopa, A. D., Panga, F. P., & Nkuhi, M. S. (2024a). Exploring the nexus between procurement contract administration and quality attainment of Force Account construction projects in Tanzania. Cogent Engineering, 11(1), Article 2432516. https://doi.org/10.1080/23311916.2024.2432516

Mwaiseje, S. S., Panga, F. P., Mchopa, A. D., & Nkuhi, M. S. (2024b). Procurement contract risks management and the performance of Force Account construction projects in Tanzania: Does the regulatory framework matter? SAM Advanced Management Journal, 89(3), 272–294. https://doi.org/10.1108/SAMAMJ-07-2024-0036

Paschal, M. J. (2022). Integrating global citizenship education in higher education in Tanzania: Lessons from the

literature. Global Research in Higher Education, 5(2), 24–43. https://doi.org/10.22158/grhe.v5n2p24

Paschal, M. J. (2024). Ethics in the teaching profession: A practical approach to teachers' professionalism. International Journal of Social Sciences & Educational Studies, 10(3), 82–94. https://doi.org/10.23918/ijsses.v10i3p82

Paschal, M. J., Ngoboka, K. B., & Joel, N. (2026). Between policy silence and classroom reality: Assessing social and emotional learning in public secondary schools in Nyamagana District, Tanzania. Journal of Research in Education and Pedagogy, 3(2), 248–262. https://doi.org/10.70232/jrep.v3i2.164

Paschal, M. J., Nyoni, T. T., & Mkulu, D. G. (2020). The role of cooperative learning in attaining inclusive education in the classroom, creativity and innovation in secondary schools in Mwanza Region, Tanzania. International Journal of English Literature and Social Sciences, 5(2), 364–373. https://doi.org/10.22161/ijels.52.5

Paschal, M. J., & Gougou, S. A.-M. (2022). Promoting 21st century skills in English language teaching: A pedagogical transformation in Ivory Coast. Global Journal of Educational Studies, 8(2), 50–74. https://doi.org/10.5296/gjes.v8i2.20333

Paschal, M. J., & Mkulu, D. G. (2020). Teacher-students' relationship and students' academic performance in public secondary schools in Magu District, Tanzania. Journal of Research in Education and Society, 11(1), 20–37.

Rusasa, S., Mwila, P. M., & Ndomba, R. (2025). Efficiency of resource utilisation under the Force Account approach in managing public secondary school infrastructures in Kishapu District, Tanzania. International Journal of Education Foundations, 3(1), 143–152. https://doi.org/10.33687/ijef.003.01.0091

International Journal of Research Studies in Education
2026 Volume 15 Number 22, 157-171

Process writing strategy bilang estratehiya sa pagpapahusay ng pagsulat ng posisyong papel sa Filipino 10



Bacho, Ralp J. ✉
Don Vicente Rama Memorial National High School, Philippines (ralp.bacho@deped.gov.ph)

Received: 19 September 2026 **Revised**: 28 October 2026 **Accepted**: 30 October 2026
Available Online: 31 October 2026 **DOI**: 10.5861/ijrse.2026.26443

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Abstract

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang matukoy ang bisa ng *Process Writing Strategy* sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsulat ng posisyong-papel ng 86 mag-aaral sa Baitang 10 ng *Don Vicente Rama Memorial National High School*. Gumamit ang pag-aaral ng *one-group pretest-posttest design* at *total enumeration sampling*, na binubuo ng 44 mag-aaral sa *St. Augustine* at 42 sa *St. Benedict*. Sa paunang pagsukat gamit ang tradisyunal na pamamaraan, nakapagtala ng *mean* at *standard deviation* na 3.06 (0.99) sa malinaw na paninindigan, 2.83 (0.90) sa katibayan at datos, 2.72 (0.82) sa organisasyon ng kaisipan, at 2.17 (1.26) sa gramatika at mekaniks. Matapos gamitin ang *Process Writing Strategy*, umangat ang mga resulta sa 4.26 (0.69), 3.88 (0.50), 4.57 (0.86), at 4.41 (0.69), ayon sa pagkakasunod ng mga pamantayan. Sa pagsusuri ng pagkakaiba, nakapagtala ng *mean difference* na 1.20, 1.06, 1.85, at 2.23, ayon sa pagkakasunod, na may $df = 85$ at $p < 0.001$ sa lahat ng pamantayan; kaya tinanggihan ang *null hypothesis* at itinuturing na makabuluhan ang pagkakaiba. Sa saloobin, ang Pagpapahusay ng Kasanayan sa Pagsulat ay may *overall mean* na 3.38 (0.96), samantalang ang Interes at Karanasan sa Pagsulat ay 3.34 (0.98), kapwa Niyutral. Sa unang aspekto, ang mga *mean* (S.D.) ay 3.34 (1.07), 3.07 (1.18), 3.67 (0.77), 3.13 (1.00), at 3.69 (0.80). Sa ikalawang aspekto, 2.78 (1.17), 3.50 (0.84), 3.36 (0.94), 3.38 (1.04), at 3.70 (0.92). Ipinahihiwatig ng mga resulta na higit na napahusay ang organisasyon, paninindigan, at gramatika, habang nananatiling nangangailangan ng dagdag na pagsasanay ang paggamit ng katibayan at datos. Batay sa resulta, binuo ang Pinagyamang Hulwarang Aralin sa Pagsulat ng Posisyong-Papel.

Keywords: process writing strategy, posisyong-papel, kasanayan sa pagsulat, Baitang 10, writing strategy

© The Author(s) / Attribution-ShareAlike CC BY-SA

Process writing strategy bilang estratehiya sa pagpapahusay ng pagsulat ng posisyong papel sa Filipino 10

1. Panimula

Ang pagsulat ng posisyong-papel ay isang mahalagang kasanayan na humuhubog sa kakayahan ng mga mag-aaral na magpahayag ng matibay na paninindigan hinggil sa isang napapanahong isyu gamit ang lohikal na pangangatwiran at sapat na ebidensiya. Sa pamamagitan nito, natututuhan nilang magsuri ng iba't ibang pananaw, magtimbang ng mga impormasyon, at bumuo ng makatwirang argumento. Ipinakita nina Urbano, et.al (2022) na mahalagang matukoy ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa akademikong pagbasa at pagsulat upang makapagdisenyo ng mga gawaing makatutugon sa pagpapaunlad ng kanilang kakayahan sa akademikong pagsulat. Napatunayan din ni Mamidted (2023) na ang organisasyon, estilo, at wastong paggamit ng wika ay mahahalagang salik sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Higit pa rito, natuklasan ni Martinez (2025) na ang mga mag-aaral ay nakararanas ng iba't ibang hamon sa pagsulat ng pormal na sanaysay sa Filipino, lalo na sa organisasyon ng ideya at pagpapahayag ng kaisipan, kaya kinakailangan ang mas sistematikong paggabay sa proseso ng pagsulat posisyong-papel.

Batay sa mga kaugnay na literatura at pag-aaral, maraming mag-aaral ang nakararanas ng kahirapan sa pagsulat ng posisyong-papel. Kabilang sa mga karaniwang suliranin ang kakulangan sa pagbuo ng malinaw na paninindigan, hindi sapat na paggamit ng mga ebidensiya, at kahinaan sa organisasyon ng mga argumento. May mga pagkakataon ding hindi masyado silang magsuri ng impormasyon mula sa iba't ibang sanggunian at gamitin ito upang suportahan ang kanilang mga pananaw. Sa sitwasyon sa loob ng silid-aralan, madalas na napapansin na maraming mag-aaral ang hindi alam kung paano magsimula ng kanilang sulatin, bumuo ng malinaw na paninindigan, maglahad ng sapat na argumento at ebidensiya, at mag-organisa ng kanilang mga ideya. Sinusuportahan ito ng mga naunang pag-aaral na nagpapakitang ang mga mag-aaral ay nakararanas din ng iba't ibang suliranin sa akademikong pagsulat. Ayon kina Policios at Pilayan (2025), nakararanas ang mga mag-aaral ng mga suliranin sa gramatika, bokabularyo, at sintaks na nakaaapekto sa malinaw at mapanghikayat na pagsulat ng posisyong-papel. Samantala, natuklasan nina Ada at Funa (2025) na nananatiling hamon sa mga mag-aaral ang coherence o maayos na pagkakaugnay at daloy ng mga ideya sa pagsulat. Ipinakita rin ni Roxas (2020) na ang mga mag-aaral sa *Senior High School* ay nakararanas ng iba't ibang kahirapan sa proseso ng akademikong pagsulat, kaya iminungkahi ang pagbuo ng mas angkop na modelo sa pagtuturo nito.

Ipinakikita ng mga pag-aaral na ang mga suliranin sa pagsulat ay hindi lamang nakatuon sa wastong paggamit ng gramatika, kundi maging sa pagbuo, pag-oorganisa, at malinaw na pagpapahayag ng mga ideya. Dahil dito, mahalagang gumamit ng estratehiyang nagbibigay ng malinaw at sunod-sunod na gabay sa proseso ng pagsulat. Sa pamamagitan ng *Process Writing Strategy*, maaaring matulungan ang mga mag-aaral na maplano ang kanilang mga ideya, makabuo ng burador, maisaayos ang kanilang mga argumento, marebisa ang nilalaman, at maitama ang mga kamalian bago makabuo ng pinal na posisyong-papel. Sa ganitong paraan, mas magiging sistematiko ang kanilang pagsulat at mas mapauunlad ang kanilang kakayahang maglahad ng malinaw na paninindigan, gumamit ng sapat na ebidensiya, mag-organisa ng mga ideya, at gumamit ng wastong gramatika at mekaniks.

Upang matugunan ang mga suliraning ito, mahalagang magpatupad ng mga interbensiyong nakatuon sa pagpapaunlad ng kasanayan sa argumentatibong pagsulat. Maaaring gumamit ng mga gawaing nagpapalakas sa paghahanay ng datos, pagkalap ng ebidensiya, pagbuo ng tesis, at organisasyon ng mga argumento. Mahalaga rin ang pagbibigay ng malinaw na gabay, modelo ng posisyong-papel, at regular na pidbak upang matulungan ang mga mag-aaral na mapahusay ang kanilang pagsulat. Sa pamamagitan ng mga interbensiyong ito, mas magiging handa ang mga mag-aaral sa pagpapahayag ng kanilang mga pananaw sa paraang lohikal at makatwiran.

Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng posisyong-

papel at masuri ang mga salik na nakaaapekto sa kanilang pagganap. Nilalayon din nitong makapagbigay ng mga mungkahing estratehiya at interbensiyon na makatutulong sa pagpapaunlad ng kanilang kakayahan sa argumentatibong pagsulat. Mahalaga ang pag-aaral na ito sapagkat makatutulong ito sa mga guro sa pagdisenyo ng mga angkop na gawaing pampagtuturo at magsisilbing gabay sa pagpapabuti ng pagtuturo ng pagsulat sa asignaturang Filipino.

Sa kabuuan, ang pagsulat ng posisyong-papel ay isang mahalagang kasanayan na nangangailangan ng masusing paglinang upang mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa kritikal na pag-iisip, paghahanay, at pagpapahayag ng paninindigan. Ipinakikita ng mga kaugnay na pag-aaral at mga karanasang nakikita sa silid-aralan na may mga hamon pa ring kinahaharap ang mga mag-aaral sa pagsulat ng ganitong uri ng akademikong sulatin. Dahil dito, mahalagang magsagawa ng mga pag-aaral at interbensiyong makatutulong sa pagpapaunlad ng kanilang kasanayan. Sa pamamagitan nito, inaasahang higit na mapalalakas ang kanilang kakayahan sa akademikong pagsulat at magiging mas epektibo silang tagapaglahad ng kanilang mga pananaw at argumento.

Layunin ng Pag-aaral - Layunin ng pananaliksik na ito na masuri ang bisa ng *Process Writing Strategy* sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsulat ng posisyong-papel ng mga mag-aaral sa Baitang 10 ng Don Vicente Rama Memorial National High School. Tiyak nitong tinutukoy ang antas ng pauna at panghuling pagganap ng mga mag-aaral sa paglalahad ng paninindigan, paggamit ng katibayan at datos, organisasyon ng kaisipan, at wastong gramatika at mekaniks. Nilalayon din nitong alamin kung may makabuluhang pagkakaiba sa kanilang iskor bago at pagkatapos ang interbensiyon, gayundin ang kanilang saloobin sa ginamit na estratehiya. Mula sa mga natuklasan, layunin ng pag-aaral na makabuo ng isang Pinagyamang Hulwarang Aralin upang mapabuti ang pagtuturo at pagkatuto ng akademikong pagsulat.

Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral - Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagsusuri ng bisa ng *Process Writing Strategy* sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsulat ng posisyong-papel ng mga mag-aaral sa Baitang 10 ng Don Vicente Rama Memorial National High School, Lungsod ng Cebu, sa Taong Panuruan 2026–2027. Ang mga respondente ay binubuo ng walumpu’t anim (86) na mag-aaral mula sa seksyong St. Augustine at St. Benedict sa pamamagitan ng *total enumeration sampling*. Sinasaklaw ng pagtataya ang apat na pangunahing pamantayan: ang paglalahad ng malinaw na paninindigan, paggamit ng mga katibayan at datos, organisasyon ng kaisipan, at wastong gamit ng gramatika at mekaniks sa pagsulat, pati na rin ang saloobin at karanasan ng mga mag-aaral. Gumamit ang pananaliksik ng *one-group pretest-posttest design* upang mabatid ang pagbabago sa pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ilapat ang interbensiyon. Ang hangganan ng pag-aaral na ito ay nagtatapos sa pagbuo ng isang Pinagyamang Hulwarang Aralin sa Pagsulat ng Posisyong-Papel na magsisilbing gabay at kagamitang pampagtuturo.

Kahalagahan ng Pag-aaral - Makakatulong ang pag-aaral na ito sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsulat ng posisyong-papel ng mga mag-aaral sa Baitang 10 sa pamamagitan ng paggamit ng *Process Writing Strategy*.

DepEd o Administrasyon. Ang pag-aaral na ito ay maaaring magsilbing gabay sa pagbuo ng mga programang makatutulong sa pagpapabuti ng pagtuturo at pagkatuto sa paaralan.

Mga Guro. Ang resulta ng pag-aaral ay maaaring makatulong sa mga guro sa pagpili ng mga epektibong estratehiya at gawain upang mapahusay ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral.

Mga Mag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay makatutulong sa mga mag-aaral na mapabuti ang kanilang kakayahan sa pagsulat ng posisyong-papel at malinaw na maipahayag ang kanilang mga pananaw at ideya.

Mga Mananaliksik sa Hinaharap. Ang pag-aaral na ito ay maaaring magsilbing sanggunian para sa mga susunod na pag-aaral na may kaugnayan sa pagsulat at *Process Writing Strategy*.

2. Metodolohiya

Disenyo ng Pag-aaral - Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng *one-group pretest-posttest design*, isang uri ng

pre-experimental na disenyo ng pananaliksik, upang matukoy ang bisa ng *Process Writing Strategy* sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsulat ng posisyong-papel ng mga mag-aaral sa Baitang 10. Napili ang disenyong ito dahil layunin nitong masukat kung may pagbago sa antas ng kanilang kasanayan sa pagsulat bago at pagkatapos gamitin ang nasabing estratehiya. Ayon nina Fraenkel, Wallen, at Hyun (2019) na ang *One-Group Pretest-Posttest Design* ay angkop gamitin sa mga pag-aaral sa edukasyon kung saan nais masukat ng mananaliksik ang epekto ng isang estratehiya o programang pang-edukasyon sa iisang pangkat ng mga respondente. Bagama't wala itong control group, nakatutulong ito sa paunang pagsusuri ng bisa ng isang interbensiyon sa aktuwal na kalagayan ng silid-aralan.

Sa pag-aaral na ito, dalawang pangkat lamang ng mga mag-aaral ang respondente. Sinukat muna ang kanilang paunang kasanayan sa pagsulat ng posisyong-papel sa pamamagitan ng paunang pagganap. Pagkatapos nito, ipinatupad ang *Process Writing Strategy* bilang estratehiya sa pagtuturo sa loob ng itinakdang panahon. Matapos ang implementasyon, muling sinukat ang kanilang kasanayan gamit ang panghuling pagganap. Ang paghahambing ng mga resulta ng pauna at panghuling pagganap ang nagsilbing batayan upang malaman kung nagkaroon ng pagbabago sa kanilang kasanayan sa pagsulat. Ang mga datos na nakalap mula sa pauna at panghuling pagganap ay sumailalim sa angkop na istadistikal na pagsusuri upang matukoy ang bisa ng haypotesis ng pag-aaral. Ang mga markang nakuha ng mga mag-aaral ay magsisilbing batayan sa pagsusuri ng kanilang antas ng kasanayan sa pagsulat ng posisyong-papel. Sa pamamagitan nito, nagkaroon ng malinaw na batayan kung naging mabisa ang paggamit ng *Process Writing Strategy* bilang estratehiya sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Baitang 10.

Respondente - Ang mga respondente ng pag-aaral na ito ay binuo ng walumpu't anim (86) na mag-aaral mula sa *Don Vicente Rama Memorial National High School*. Kabilang dito ang apatnapu't apat (44) na mag-aaral mula sa seksyong *St. Augustine* at apatnapu't dalawa (42) na mag-aaral mula sa seksyong *St. Benedict*. Sila ay napiling lumahok sa pananaliksik sapagkat sila ang mga mag-aaral na saklaw ng pag-aaral at inaasahang makapagbibigay ng kinakailangang datos kaugnay ng kasanayan sa pagsulat ng posisyong-papel. Pinili ang mga seksyong ito dahil sila ang direktang makikinabang sa mga estratehiya at interbensiyong ilalapat sa pag-aaral, at ang kanilang mga karanasan at pagganap ay mahalagang batayan sa pagsusuri ng kasalukuyang antas ng kanilang kasanayan sa pagsulat. Sa pagpili ng mga respondente, ginamit ang *total enumeration sampling*, isang uri ng *sampling technique* kung saan ang buong populasyon ng target na grupo ay isinama sa pananaliksik. Sa paraang ito, lahat ng mag-aaral mula sa seksyong St. Augustine at St. Benedict ay naging kalahok ng pag-aaral upang matiyak na ang lahat ng kaugnay na datos ay makakalap at maisasama sa pagsusuri.

Instrumento ng Pananaliksik - Gumamit ng tatlong instrument ang mananaliksik upang masukat at makuha ang kinakailangang datos sa pag-aaral. Kabilang dito ang paunang pagganap, panghuling pagganap at isang talatanungan upang masukat ang saloobin ng mga respondente patungkol sa pagsulat ng posisyon-papel. Bago ginamit ang talatanungan sa aktuwal na pangangalap ng datos, isinagawa muna ang *content validation* sa tulong ng mga eksperto sa larangan ng Filipino at pananaliksik. Ang kanilang mga mungkahi at rekomendasyon ay isinama upang higit na mapabuti ang nilalaman ng instrumento. Matapos ang proseso ng balidasyon, isinagawa ang *pilot testing* sa tatlumpung (30) mag-aaral na hindi kabilang sa mga respondente ng pag-aaral upang masuri ang kalinawan, pagiging angkop, at kabisaan ng talatanungan.

Ang pauna at panghuling pagganap ay binuo ng gawaing pagsulat ng posisyong-papel na nakabatay sa isang napapanahong isyu. Ang mga sulating ito ay susuriin gamit ang itinakdang rubrik na nakatuon sa sumusunod na pamantayan: (1) paglalahad ng malinaw na paninindigan, (2) paggamit ng mga katibayan at datos, (3) organisasyon ng kaisipan, at (4) wastong gamit ng gramatika at mekaniks sa pagsulat. Sa pamamagitan ng paghahambing ng resulta ng pauna at panghuling pagganap, matutukoy ang antas ng pag-unlad ng mga respondente sa pagsulat ng posisyong-papel. Samantala, ang talatanungan na binuo ng mananaliksik ay naglalaman ng mga pahayag na susukat sa saloobin, karanasan, at pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa kanilang karanasan sa pagsulat ng posisyong-papel at sa mga gawaing isinagawa sa kabuuan ng pag-aaral.

Pamamaraan sa Paglikom ng Datos - Una, humingi ng pahintulot ang mananaliksik sa punong-guro ng *Don Vicente Rama Memorial National High School* na siyang pagtutuunan ng pag-aaral na hayaan o payagan ang mga mag-aaral sa Baitang 10 sekyon ng St. Augustine at St. Benedict na maging respondente ng pag-aaral. Ikalawa, sa paunang pagganap, gumamit ang guro ng kumbensiyonal na paraan ng pagtuturo sa pagsulat ng posisyong-papel. Matapos ang talakayan, ang mga mag-aaral ay pasusulatin ng posisyong-papel tungkol sa isang napapanahong isyu upang masukat ang kanilang kasalukuyang antas ng kasanayan sa pagsulat batay sa mga itinakdang pamantayan tulad ng paglalahad ng malinaw na paninindigan, paggamit ng mga katibayan at datos, organisasyon ng kaisipan, at wastong gamit ng gramatika at mekaniks sa pagsulat.

Ikatlo, sa panghuling pagganap, ginamitan ng mananaliksik ang mga respondente ng *Process Writing Strategy* bilang makabagong paraan sa pagtuturo ng pagsulat ng posisyong-papel. Isinama sa pagtuturo ang sunod-sunod na hakbang ng estratehiya: (1) *Prewriting*, kung saan pipili at magsusuri ang mga mag-aaral ng isang napapanahong isyu at magtitipon ng mga datos at impormasyon bilang paghahanda sa pagsulat; (2) *Drafting*, kung saan bubuo sila ng unang burador ng kanilang posisyong-papel batay sa kanilang paninindigan at mga nakalap na ebidensiya; (3) *Revising*, kung saan rerepasuhin at pagbubutihin nila ang nilalaman, organisasyon ng mga argumento, at kalinawan ng pagpapahayag; (4) *Editing*, kung saan iwawasto ang mga kamalian sa gramatika, baybay, bantas, at iba pang mekaniks sa pagsulat; at (5) *Publishing*, kung saan ihahanda at ilalahad ang pinal na bersiyon ng kanilang posisyong-papel. Sa pamamagitan ng mga hakbang na ito, inaasahang higit na mapauunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat.

Ikaapat, pagkatapos makuha at makolekta ang mga datos sa pauna at panghuling pagganap, isinagawa ang pagsusuri sa makabuluhang pagkakaiba ng resulta gamit ang istadistikal na kasangkapang *Paired Samples T-test*. Sa pamamagitan nito, natukoy na nagkaroon ng makabuluhang pagbabago sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng posisyong-papel bago at pagkatapos gamitin ang Process Writing Strategy. Ikalima, gumamit ng talatanungan na nasa anyong *5-Point Likert Scale* upang masukat ang saloobin ng mga respondente hinggil sa paggamit ng *Process Writing Strategy* sa pagsulat ng posisyong-papel. Mula rito, matutukoy ang kanilang pananaw, karanasan, at pagtanggap sa estratehiyang ginamit sa pag-aaral. Panghuli, batay sa mga datos na makakalap, nakabuo ang mananaliksik ng isang kagamitang pampagtuturo na maaaring magamit ng mga guro bilang gabay sa pagtuturo ng pagsulat ng posisyong-papel. Ang mga natuklasan sa pag-aaral ay magsisilbing batayan sa pagbuo ng kongklusyon, implikasyon, at mga rekomendasyong makatutulong sa pagpapabuti ng pagtuturo at pagkatuto ng pagsulat sa Filipino.

3. Resulta at Pagtatalakay

3.1 Paunang Pagganap ng mga Mag-aaral sa Antas 10 sa Pagsulat ng Posisyong Papel gamit ang Tradisyonal na Pagtuturo

Ipinakikita sa bahaging ito ang paunang iskor ng mga mag-aaral sa Baitang 10 sa pagsulat ng posisyong-papel gamit ang tradisyunal na pamamaraan. Sinusuri ang kanilang pagganap batay sa malinaw na paninindigan, paggamit ng katibayan at datos, organisasyon ng kaisipan, at wastong gamit ng gramatika at mekaniks sa pagsulat. Ang mga resultang ito ay magsisilbing batayan sa pagtukoy ng kanilang antas ng kasanayan bago gamitin ang *Process Writing Strategy*.

Talahanayan 1
Paunang Pagganap ng mga Mag-aaral sa Antas 10 sa Pagsulat ng Posisyong Papel gamit ang Tradisyonal na Pagtuturo

Pamantayan	*Mean*	*S.D.*	*Description*	Berbal na Interpretasyon
Paglalahad ng malinaw na paninindigan	3.06	0.99	*Neutral* / Niyutral	Medyo malinaw ang paninindigan.
Paggamit ng mga katibayan at datos	2.83	0.90	*Neutral* / Niyutral	May ilang angkop na katibayan.

Organisasyon ng kaisipan	2.72	0.82	*Neutral* / Niyutral	Katamtaman ang kaayusan ng mga ideya.
Wastong gamit ng gramatika at mekaniks sa pagsulat	2.17	1.26	Hindi Sumasang-ayon	Maraming kamalian.

Legend: 1.00–1.80=Lubos na Hindi Sumasang-ayon, 1.81 – 2.60=Hindi Sumasang-ayon, 2.61 – 3.40=*Neutral* / Niyutral, 3.41 – 4.20=Sumasang-ayon, 4.21 – 5.00=Lubos na Sumasang-ayon

Batay sa Talahanayan 1, makikita ang paunang pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 10 sa pagsulat ng posisyong-papel gamit ang tradisyunal na pamamaraan bago ipatupad ang *Process Writing Strategy*. Sinuri ang kanilang kasanayan batay sa apat na pamantayan: paglalahad ng malinaw na paninindigan, paggamit ng mga katibayan at datos, organisasyon ng kaisipan, at wastong gamit ng gramatika at mekaniks sa pagsulat. Ipinakikita ng mga resulta na hindi magkakapantay ang antas ng kanilang kasanayan sa bawat pamantayan. Ang pinakamataas na *mean* ay 3.06 sa paglalahad ng malinaw na paninindigan, samantalang pinakamababa ang 2.17 sa wastong gamit ng gramatika at mekaniks. Ipinahihiwatig nito na bago gamitin ang interbensiyon, may mga pangunahing kakayahan na ang mga mag-aaral sa pagpapahayag ng kanilang posisyon, ngunit higit silang nangangailangan ng paggabay sa pagpapatibay ng argumento, pagsasaayos ng mga ideya, at wastong paggamit ng wika sa pagsulat.

Sa paglalahad ng malinaw na paninindigan, nakakuha ang mga mag-aaral ng *mean* na 3.06 at *standard deviation* na 0.99, na may berbal na interpretasyong *Neutral* o Niyutral, at paglalarawang Medyo malinaw ang paninindigan. Ang *mean* na 3.06 ang pinakamataas sa apat na pamantayan. Ipinakikita nito na bagama't hindi pa ganap na mahusay ang mga mag-aaral sa paglalahad ng kanilang paninindigan, ito ang bahaging higit nilang kayang gawin kumpara sa iba pang kasanayang sinusukat. Maaaring nakapagpapahayag na sila ng sariling opinyon o posisyon tungkol sa isang isyu dahil bahagi na ito ng karaniwang gawaing pasulat at talakayan sa klase. Gayunman, ang pagiging *Neutral* ng resulta ay nagpapakita na ang kanilang paninindigan ay hindi palaging malinaw, tiyak, at matatag. Maaaring may mga sulating nagsasaad lamang ng "sang-ayon" o "hindi sang-ayon" ngunit hindi agad naipakikita ang eksaktong posisyon o pangunahing argumento na nais nilang patunayan. Maaari ring malinaw ang unang pahayag ngunit hindi ito nasusundan ng mga argumento na tunay na nakauugnay dito.

Ang *standard deviation* na 0.99 ay nagpapakita naman na may kapansin-pansing pagkakaiba sa kakayahan ng mga mag-aaral sa bahaging ito. Ibig sabihin, may mga mag-aaral na nakapaglahad ng mas malinaw at tiyak na paninindigan, samantalang may iba na nahirapang tukuyin at ipahayag ang kanilang posisyon. Ang ganitong pagkakaiba ay maaaring mangyari dahil magkakaiba ang dating karanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng argumentatibong teksto, pagbabasa ng mga isyu, at pagpapahayag ng sariling pananaw. Sa tradisyunal na pamamaraan, karaniwang nakatuon ang pagtuturo sa pagpapaliwanag ng konsepto, bahagi, at katangian ng posisyong-papel bago ipagawa ang aktuwal na pagsulat. Dahil dito, maaaring alam ng mga mag-aaral kung ano ang posisyong-papel ngunit hindi pa sapat ang kanilang karanasan sa sunod-sunod na proseso ng pagbuo, pagsusuri, at pagpapatibay ng kanilang paninindigan. Kaya, bagama't ito ang may pinakamataas na *mean*, hindi pa rin umabot ang resulta sa mas mataas na antas ng pagganap.

Sa paggamit ng mga katibayan at datos, nakakuha ang mga mag-aaral ng *mean* na 2.83 at *standard deviation* na 0.90, na may berbal na interpretasyong *Neutral* o Niyutral, at paglalarawang May ilang angkop na katibayan. Ipinakikita ng resulta na may pagtatangka ang mga mag-aaral na suportahan ang kanilang paninindigan, ngunit hindi pa sapat at hindi pa palagian ang paggamit nila ng mga katibayan at datos. Maaaring nakapagbibigay sila ng sariling dahilan, halimbawa, karanasan, o pangkalahatang impormasyon upang suportahan ang kanilang posisyon, ngunit maaaring kulang ang mga konkretong datos, resulta ng pag-aaral, estadistika, o mapagkakatiwalaang sanggunian na makapagpapatibay sa kanilang argumento. Sa isang posisyong-papel, mahalagang hindi lamang magkaroon ng opinyon ang manunulat; kailangang maipakita kung bakit makatwiran ang kaniyang paninindigan sa pamamagitan ng sapat at angkop na ebidensiya.

Ang *mean* na 2.83, na mas mababa kaysa 3.06 sa paglalahad ng paninindigan, ay nagpapahiwatig na mas madali para sa mga mag-aaral na magsabi ng kanilang posisyon kaysa magbigay ng matibay na patunay para rito. Maaaring isa sa mga dahilan nito ay ang limitadong oras o pagkakataon para sa pangangalap at pagsusuri ng

impormasyon bago sila sumulat. Sa tradisyunal na pamamaraan, maaaring naibigay na sa kanila ang paliwanag at halimbawa ng posisyong-papel, ngunit hindi nangangahulugang nagkaroon sila ng sapat na aktuwal na pagsasanay sa paghahanap, pagpili, pagsusuri, at pagsasama ng ebidensiya sa kanilang sariling sulatin. Ang *standard deviation* na 0.90 ay nagpapakita rin na may pagkakaiba sa kakayahan ng mga mag-aaral. May ilan na marunong nang gumamit ng angkop na katibayan, samantalang ang iba ay maaaring umaasa lamang sa sariling opinyon o pangkalahatang pahayag. Dahil dito, nanatili ang resulta sa antas na *Neutral*.

Sa organisasyon ng kaisipan, nakakuha ang mga mag-aaral ng *mean* na 2.72 at *standard deviation* na 0.82, na may berbal na interpretasyong *Neutral* o Niyutral, at paglalarawang Katamtaman ang kaayusan ng mga ideya. Ipinakikita nito na may kakayahan ang mga mag-aaral na maglahad ng mga ideya, ngunit hindi pa palaging maayos ang pagkakasunod-sunod at pagkakaugnay ng mga ito. Sa aktuwal na pagsulat, maaaring mayroon silang panimula, katawan, at wakas, ngunit hindi sapat ang ugnayan ng mga argumento sa isa't isa. Maaari ring may mga ideyang nauulit, may biglaang paglipat mula sa isang argumento patungo sa iba, o may mga pahayag na hindi sapat na naipaliwanag bago lumipat sa susunod na punto.

Ang *mean* na 2.72 ay nagpapakitang hindi pa ganap na nahuhubog ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagpaplano ng kabuuang daloy ng kanilang sulatin. Sa tradisyunal na pamamaraan, ang mga mag-aaral ay maaaring direktang inaatasang sumulat matapos ang talakayan tungkol sa kahulugan, katangian, at bahagi ng posisyong-papel. Bagama't nakatutulong ang ganitong paraan sa pagbibigay ng pangunahing kaalaman, maaaring hindi nito sapat na nabibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na dumaan sa isang hiwalay at sistematikong yugto ng pagpaplano, tulad ng pagtatala ng ideya, pagbuo ng balangkas, pagsasaayos ng mga argumento, at pagtukoy kung aling ebidensiya ang ilalagay sa bawat bahagi. Dahil dito, maaaring alam ng mag-aaral kung ano ang isusulat ngunit nahihirapan siyang tukuyin kung saan, paano, at sa anong pagkakasunod-sunod ito dapat ilahad. Ang *standard deviation* na 0.82 ay nagpapakitang mas magkakalapit ang kakayahan ng mga mag-aaral sa organisasyon kumpara sa kanilang kakayahan sa gramatika at mekaniks. Gayunman, nananatili pa rin ang pangangailangan para sa higit na paggabay sa pagsasaayos ng kanilang mga kaisipan.

Sa wastong gamit ng gramatika at mekaniks sa pagsulat, nakakuha ang mga mag-aaral ng pinakamababang *mean* na 2.17 at *standard deviation* na 1.26, na may berbal na interpretasyong Hindi Sumasang-ayon at paglalarawang Maraming kamalian. Ito ang pinakamababang resulta sa apat na pamantayan at malinaw na nagpapakita na ang wastong paggamit ng wika ang pinakamalaking kahinaan ng mga mag-aaral sa kanilang paunang pagsulat. Ang resulta ay maaaring makita sa mga kamalian sa pagbuo ng pangungusap, wastong gamit ng salita, baybay, bantas, paggamit ng malaking titik, at iba pang mekaniks ng pagsulat. Ang ganitong mga kamalian ay hindi lamang usapin ng pormat o anyo ng pagsulat sapagkat maaari rin nitong maapektuhan ang linaw ng mensahe at pag-unawa ng mambabasa sa argumento.

Magandang bigyang-pansin ang *standard deviation* na 1.26, sapagkat ito ang pinakamataas sa apat na pamantayan. Ipinakikita nito na pinakamalaki ang pagkakaiba-iba ng kakayahan ng mga mag-aaral sa gramatika at mekaniks. Maaaring may ilang mag-aaral na medyo maayos na ang paggamit ng wika, samantalang mayroon namang nakagagawa ng maraming kamalian. Ibig sabihin, hindi pare-pareho ang kanilang pangangailangan sa aspektong ito. Maaaring may mga mag-aaral na may sapat nang pundasyon sa pagsulat dahil sa kanilang dating karanasan sa pagbabasa at pagsulat, habang ang iba naman ay nangangailangan pa ng masinsinang pagsasanay. Sa tradisyunal na pamamaraan, maaaring naipaliwanag ang mga tuntunin sa gramatika at mekaniks, ngunit ang simpleng pagpapaliwanag ng tuntunin ay hindi laging sapat upang matiyak na magagamit ito nang wasto ng mga mag-aaral sa isang aktuwal at mahabang sulatin. Kailangan nilang makita ang sariling pagkakamali, maunawaan kung bakit ito mali, maitama ito, at magamit ang natutuhan sa susunod na pagsulat. Ang ganitong paulit-ulit na proseso ng pagsulat, pagrerebisa, at pagwawasto ay hindi gaanong nabibigyang-diin kapag ang pangunahing gawain ay direktang pagsulat ng pinal na produkto.

Kung paghahambingin ang apat na pamantayan, makikitang 3.06 ang pinakamataas sa paglalahad ng malinaw na paninindigan, sinundan ng 2.83 sa paggamit ng katibayan at datos, 2.72 sa organisasyon ng kaisipan, at 2.17 sa

wastong gamit ng gramatika at mekaniks. Ang pagkakasunod-sunod na ito ay mahalagang tingnan sapagkat ipinakikita nito ang partikular na kalagayan ng mga mag-aaral bago gamitin ang interbensiyon. Mas may kakayahan silang magsabi ng kanilang posisyon kaysa magpatibay nito gamit ang sapat na ebidensiya. Mas kaya rin nilang maglahad ng mga ideya kaysa ayusin ang mga ito sa isang malinaw at lohikal na daloy. Higit sa lahat, kahit mayroon silang mga ideya at paninindigan, nahihirapan silang maipahayag ang mga ito nang wasto dahil sa mga kamalian sa gramatika at mekaniks. Ipinakikita nito na ang pangunahing pangangailangan ay hindi lamang pagtuturo ng konsepto ng posisyong-papel kundi pagbibigay ng isang proseso kung saan ang bawat bahagi ng pagsulat ay maaaring mabuo, masuri, at mapahusay.

Dahil dito, naging mahalagang batayan ang mga resulta ng paunang pagganap sa pagpapatupad ng *Process Writing Strategy*. Sa halip na isang beses lamang isagawa ang pagsulat ng posisyong-papel, binibigyan ng estratehiyang ito ang mga mag-aaral ng pagkakataong dumaan sa pagpaplano, pagsulat ng burador, pagrerebisa, at pagwawasto. Sa yugto ng pagpaplano, maaari nilang linawin ang kanilang paninindigan, magtipon ng mga ideya at ebidensiya, at ayusin ang magiging daloy ng kanilang argumento. Sa pagsulat ng burador, maaari nilang maisalin sa isang buong sulatin ang kanilang mga ideya nang hindi kinakailangang maging perpekto agad ang unang bersiyon. Sa pagrerebisa, maaari nilang suriin kung malinaw ang paninindigan, sapat ang ebidensiya, at maayos ang pagkakasunod-sunod ng mga argumento. Sa pagwawasto naman, maaari nilang matukoy at maitama ang mga kamalian sa gramatika at mekaniks. Sa ganitong paraan, ang mababang resulta sa paunang pagganap ay hindi lamang nagsisilbing paglalarawan ng kanilang kasalukuyang kalagayan kundi nagsisilbi ring batayan kung anong mga kasanayan ang higit na kailangang tugunan ng interbensiyon.

Sa pag-aaral ni Lorenzo (2025) tungkol sa paggamit ng ebidensiya sa *position papers* ng mga mag-aaral sa Baitang 11, sinuri ang mga pahayag na nakabatay sa ebidensiya ng 133 mag-aaral gamit ang isang angkop na rubrik. Natuklasan na karamihan sa mga mag-aaral ay nasa antas na *Developing* sa kanilang kasanayan sa paggamit ng ebidensiya. Ipinakita rin na mas madalas nilang gamitin ang mga pahayag na sumusuporta sa kanilang sariling paninindigan kaysa sa iba pang uri ng ebidensiya. Mahalaga ang resultang ito sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat ang *mean* na 2.83 sa paggamit ng mga katibayan at datos ay nagpapakita rin na ang mga mag-aaral ay mayroon lamang ilang angkop na katibayan upang suportahan ang kanilang paninindigan. Ipinahihiwatig nito na bagama't may kakayahan ang mga mag-aaral na gumamit ng ebidensiya, kailangan pa nilang mapaunlad ang kakayahang pumili at gumamit ng higit na sapat, angkop, at mapanghikayat na katibayan sa pagsulat ng posisyong-papel.

Kaugnay nito**,** sa pag-aaral nina Du at List (2021), sinuri ang paggamit ng ebidensiya ng mga mag-aaral sa pagsulat ng argumento batay sa maraming teksto. Ipinakita ng kanilang pag-aaral na ang paggamit ng ebidensiya sa argumentatibong pagsulat ay nangangailangan hindi lamang ng pagkuha ng impormasyon kundi ng wastong pagpili at paggamit nito upang masuportahan ang argumento. Mahalaga ito sa kasalukuyang resulta dahil ang *mean* na 2.83 sa paggamit ng mga katibayan at datos ay nagpapakitang may ilang angkop na ebidensiya ang mga mag-aaral ngunit hindi pa ganap na nadebelop ang kanilang kakayahang gamitin ang impormasyon bilang matibay na suporta sa kanilang paninindigan. Ang resulta ay nagpapahiwatig na kinakailangan ang higit na pagsasanay sa paghahanap, pagsusuri, pagpili, at pag-uugnay ng mga katibayan sa pangunahing argumento ng isang posisyong-papel.

Makikita sa mga resulta na ang mga mag-aaral ay mayroon nang pangunahing kakayahan sa pagsulat ng posisyong-papel, ngunit hindi pa ganap na nadebelop ang lahat ng kasanayang kinakailangan upang makabuo ng isang malinaw, matibay, organisado, at wastong sulatin. Mas naipakikita nila ang kakayahang maglahad ng sariling pananaw kaysa sa mga kasanayang nangangailangan ng mas malalim na proseso ng pangangatwiran, pagsuporta sa argumento, pagsasaayos ng mga ideya, at pagwawasto ng wika. Nangangahulugan ito na alam na ng mga mag-aaral kung ano ang kanilang paninindigan, ngunit kailangan pa nilang matutuhan kung paano ito mapalalakas sa pamamagitan ng sapat na katibayan, lohikal na organisasyon, at wastong paggamit ng gramatika at mekaniks.

Sa kabuuan, mahihinuha sa resulta na ang pangunahing hamon ng mga mag-aaral ay hindi lamang ang pagbuo ng ideya, kundi ang pagpapaunlad ng ideya hanggang maging isang malinaw, suportado, organisado, at wastong

posisyong-papel. May pundasyon na sila sa pagpapahayag ng sariling pananaw, ngunit kailangan pa nilang malinang ang kakayahang suportahan ang kanilang paninindigan ng angkop na katibayan, ayusin ang kanilang mga ideya sa lohikal na pagkakasunod-sunod, at gamitin nang wasto ang gramatika at mekaniks. Samakatuwid, higit na magiging makabuluhan ang pagtuturo ng posisyong-papel kung hindi lamang ito nakatuon sa mga bahagi o katangian ng isang posisyong-papel kundi maging sa aktuwal na proseso ng pagbuo nito.

3.2 Panghuling Pagganap ng mga Mag-aaral sa Antas 10 sa Pagsulat ng Posisyong Papel gamit ang Process Writing Strategy

Ipinakikita sa bahaging ito ang panghuling iskor ng mga mag-aaral sa Baitang 10 sa pagsulat ng posisyong-papel matapos gamitin ang *Process Writing Strategy*. Sinusuri ang kanilang pagganap batay sa malinaw na paninindigan, paggamit ng mga katibayan at datos, organisasyon ng kaisipan, at wastong gamit ng gramatika at mekaniks sa pagsulat. Ang mga resultang ito ay magsisilbing batayan sa pagtukoy sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng posisyong-papel matapos silang sumailalim sa mga hakbang ng pagpaplano, pagsulat ng burador, pagrerebisa, at pagwawasto.

Talahanayan 2

Panghuling Pagganap ng mga Mag-aaral sa Antas 10 sa Pagsulat ng Posisyong Papel gamit ang Process Writing Strategy

Pamantayan	*Mean*	*S.D.*	*Description*	Berbal na Interpretasyon
Paglalahad ng malinaw na paninindigan	4.26	0.69	Lubos na Sumasang-ayon	Napakalinaw ang paninindigan.
Paggamit ng mga katibayan at datos	3.88	0.50	Sumasang-ayon	Karamihan sa mga katibayan ay angkop.
Organisasyon ng kaisipan	4.57	0.86	Lubos na Sumasang-ayon	Napakaayos ng pagkakasunod-sunod ng mga ideya.
Wastong gamit ng gramatika at mekaniks sa pagsulat	4.41	0.69	Lubos na Sumasang-ayon	Halos walang kamalian.

Legend: 1.00–1.80=Lubos na Hindi Sumasang-ayon, 1.81 – 2.60=Hindi Sumasang-ayon, 2.61 – 3.40=*Neutral* / Niyutral, 3.41 – 4.20=Sumasang-ayon, 4.21 – 5.00=Lubos na Sumasang-ayon

Batay sa Talahanayan 2, makikita ang panghuling pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 10 sa pagsulat ng posisyong-papel matapos gamitin ang *Process Writing Strategy*. Sinuri ang kanilang kasanayan batay sa apat na pamantayan: paglalahad ng malinaw na paninindigan, paggamit ng mga katibayan at datos, organisasyon ng kaisipan, at wastong gamit ng gramatika at mekaniks sa pagsulat. Ipinakikita ng mga resulta na mataas ang naging antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa lahat ng pamantayan. Tatlo sa apat na pamantayan ay may berbal na interpretasyong *Lubos na Sumasang-ayon*, samantalang ang paggamit ng mga katibayan at datos ay may interpretasyong *Sumasang-ayon*. Ang pinakamataas na *mean* ay makikita sa organisasyon ng kaisipan, samantalang pinakamababa ang paggamit ng mga katibayan at datos. Ipinahihiwatig nito na matapos gamitin ang *Process Writing Strategy*, higit na naging mahusay ang mga mag-aaral sa pagsasaayos ng kanilang mga ideya, paglalahad ng malinaw na paninindigan, at paggamit ng wastong gramatika at mekaniks, habang ang paggamit ng sapat at angkop na katibayan at datos ay nananatiling bahaging maaari pang higit na mapaunlad.

Sa paglalahad ng malinaw na paninindigan, nakakuha ang mga mag-aaral ng *mean* na 4.26 at *standard deviation* na 0.69, na may berbal na interpretasyong *Lubos na Sumasang-ayon*, at paglalarawang Napakalinaw ang paninindigan. Ipinakikita ng resulta na matapos gamitin ang *Process Writing Strategy*, naging mas malinaw at mas tiyak ang pagpapahayag ng mga mag-aaral ng kanilang posisyon tungkol sa napili nilang isyu. Hindi lamang sila nakapaglahad ng sariling pananaw, kundi mas naipakita rin nila kung ano mismo ang kanilang ipinagtatanggol o tinututulan. Maaaring naging mahalaga rito ang yugto ng pagpaplano sapagkat bago sila nagsimulang bumuo ng kanilang posisyong-papel, nagkaroon sila ng pagkakataong tukuyin ang paksa at malinaw na buuin ang kanilang paninindigan. Dahil dito, nagkaroon sila ng malinaw na direksiyon sa kanilang pagsusulat.

Ang *mean* na 4.26 ay nagpapakita rin na karamihan sa mga mag-aaral ay nakapagpanatili ng malinaw na posisyon sa kanilang sulatin. Ang resulta ay maaaring maiugnay sa proseso ng pagrerebisa kung saan muling

sinusuri ng mga mag-aaral kung ang kanilang pangunahing paninindigan ay malinaw at kung ang mga argumento sa katawan ng kanilang sulatin ay nakauugnay dito. Sa halip na tanggapin agad ang unang bersiyon ng kanilang sulatin, nagkaroon sila ng pagkakataong baguhin ang mga pahayag na malabo, dagdagan ang kulang na paliwanag, at alisin ang mga ideyang hindi nakatutulong sa kanilang pangunahing posisyon. Ang *standard deviation* na 0.69 ay nagpapakitang hindi gaanong malaki ang pagkakaiba-iba ng kanilang mga resulta. Ibig sabihin, karamihan sa mga mag-aaral ay nagpakita ng magkakalapit na mataas na antas ng kakayahan sa paglalahad ng kanilang paninindigan. Ipinahihiwatig nito na ang malinaw na pagpapahayag ng posisyon ay naging isa sa mga kasanayang higit na napalakas sa pamamagitan ng sistematikong proseso ng pagsulat.

Sa paggamit ng mga katibayan at datos, nakakuha ang mga mag-aaral ng *mean* na 3.88 at *standard deviation* na 0.50, na may berbal na interpretasyong *Sumasang-ayon*, at paglalarawang Karamihan sa mga katibayan ay angkop. Ipinakikita ng resulta na natutuhan ng mga mag-aaral na suportahan ang kanilang mga paninindigan sa pamamagitan ng mga katibayan at datos na may kaugnayan sa kanilang mga argumento. Ibig sabihin, hindi na lamang nakabatay sa sariling opinyon ang kanilang pagsulat dahil nagsikap silang magbigay ng mga dahilan, halimbawa, impormasyon, at iba pang suporta para sa kanilang mga pahayag. Gayunman, ito ang may pinakamababang *mean* sa apat na pamantayan. Ipinahihiwatig nito na bagama't naging maayos ang kanilang paggamit ng katibayan, ito pa rin ang kasanayang nangangailangan ng higit na paggabay at pagsasanay.

Maaaring naging ganito ang resulta dahil ang paggamit ng katibayan at datos ay nangangailangan ng mas mataas na antas ng pagsusuri kaysa sa simpleng pagpapahayag ng sariling paninindigan. Kailangang matukoy ng mag-aaral kung anong impormasyon ang angkop, sapat, kapani-paniwala, at direktang nakauugnay sa kaniyang argumento. Sa *Process Writing Strategy*, nabigyan ang mga mag-aaral ng pagkakataong mag-isip at maglista muna ng mga posibleng katibayan sa yugto ng pagpaplano bago sila sumulat ng burador. Sa pagrerebisa, maaari nilang suriin kung ang bawat katibayan ay talagang nakatutulong sa pagpapatibay ng kanilang posisyon. Ang prosesong ito ay maaaring nakatulong upang maging mas angkop ang paggamit nila ng ebidensiya. Gayunman, maaaring mayroon pa ring ilang katibayan na hindi ganap na napalakas ng sapat na paliwanag o hindi kasingtibay ng iba pang ginamit na suporta. Ang *standard deviation* na 0.50 ay nagpapakitang magkakalapit ang pagganap ng mga mag-aaral sa pamantayang ito. Ipinahihiwatig nito na bagama't mataas ang kanilang pagganap, mayroon pa ring pangkalahatang pangangailangan na higit pang linangin ang kasanayan sa pagpili at wastong paggamit ng katibayan at datos.

Sa organisasyon ng kaisipan, nakakuha ang mga mag-aaral ng *mean* na 4.57 at *standard deviation* na 0.86, na may berbal na interpretasyong *Lubos na Sumasang-ayon*, at paglalarawang Napakaayos ng pagkakasunod-sunod ng mga ideya. Ang *mean* na 4.57 ang pinakamataas sa apat na pamantayan. Ipinakikita nito na naging napakahusay ng mga mag-aaral sa pagsasaayos ng kanilang mga ideya sa kanilang panghuling posisyong-papel. Nangangahulugan ito na naging mas malinaw ang daloy ng kanilang kaisipan at mas maayos nilang naiuugnay ang kanilang panimula, mga argumento, katibayan, at pangwakas na pahayag.

Maaaring ang mataas na resulta sa pamantayang ito ay direktang naiugnay sa pagpaplano at pagrerebisa, na kapwa mahalagang bahagi ng *Process Writing Strategy*. Sa pagpaplano, nagkaroon ang mga mag-aaral ng pagkakataong maglista ng mga ideya, tukuyin ang pangunahing argumento, at ayusin ang mga suportang detalye bago isulat ang buong papel. Sa pagsulat ng burador, nailagay nila sa isang aktuwal na teksto ang mga ideyang kanilang napagplanuhan. Pagkatapos, sa pagrerebisa, maaari nilang suriin kung may mga ideyang nauulit, may hindi magkakaugnay na argumento, o may bahagi ng sulatin na nangangailangan ng karagdagang paliwanag. Maaari nilang ilipat ang mga ideya, magdagdag ng detalye, mag-alis ng hindi kinakailangang impormasyon, at ayusin ang pagkakasunod-sunod ng mga argumento. Dahil dito, naging mas organisado ang kanilang panghuling sulatin.

Ang *standard deviation* na 0.86 ay nagpapakitang may kaunting pagkakaiba sa antas ng organisasyon ng mga mag-aaral, ngunit nananatili silang nasa mataas na antas ng pagganap. Ibig sabihin, bagama't may ilang mag-aaral na maaaring mas mahusay sa pagsasaayos ng kanilang mga ideya kaysa sa iba, sa pangkalahatan ay naging maayos

ang kanilang pagkakasunod-sunod ng mga kaisipan. Ang mataas na resulta ay nagpapakita na ang pagbibigay ng pagkakataong magplano at magrebisa ay maaaring naging mahalagang salik sa pagbuo ng mas organisadong posisyong-papel.

Sa wastong gamit ng gramatika at mekaniks sa pagsulat, nakakuha ang mga mag-aaral ng *mean* na 4.41 at *standard deviation* na 0.69, na may berbal na interpretasyong *Lubos na Sumasang-ayon*, at paglalarawang Halos walang kamalian. Ipinakikita ng resulta na naging mas maingat ang mga mag-aaral sa paggamit ng wika sa kanilang panghuling sulatin. Kabilang dito ang wastong pagbuo ng pangungusap, paggamit ng salita, baybay, bantas, malaking titik, at iba pang mekaniks ng pagsulat. Ipinahihiwatig nito na hindi lamang nila napahusay ang nilalaman ng kanilang posisyong-papel kundi maging ang teknikal na paraan ng pagpapahayag ng kanilang mga ideya.

Ang mataas na resulta ay maaaring maiugnay sa yugto ng pagwawasto o *editing* ng *Process Writing Strategy*. Sa yugtong ito, hindi na lamang nakatuon ang mga mag-aaral sa kung ano ang kanilang sasabihin kundi partikular nilang sinusuri kung paano nila ito naisulat. Matapos nilang mabuo ang burador at marebisa ang nilalaman at organisasyon, nagkaroon sila ng hiwalay na pagkakataong hanapin at itama ang mga kamalian sa gramatika at mekaniks. Ang pagkakaroon ng ganitong tiyak na yugto ng pagwawasto ay maaaring nakatulong upang mapansin ng mga mag-aaral ang mga pagkakamaling maaaring hindi nila nakita kung ang kanilang gawain ay isang beses lamang isinulat at agad na ipinasa.

Ang *standard deviation* na 0.69 ay nagpapakitang magkakalapit ang pagganap ng mga mag-aaral sa pamantayang ito. Ipinahihiwatig nito na ang mataas na antas ng kawastuhan ay hindi lamang makikita sa iilang mag-aaral kundi sa malaking bahagi ng pangkat. Ang berbal na interpretasyong “Halos walang kamalian” ay nagpapakita na naging epektibo ang pagkakataong ibinigay sa mga mag-aaral upang muling basahin, suriin, at iwasto ang kanilang sariling sulatin bago ito maging pinal na bersiyon.

Kung paghahambingin ang apat na pamantayan, makikitang organisasyon ng kaisipan ang may pinakamataas na resulta, sinundan ng wastong gamit ng gramatika at mekaniks, paglalahad ng malinaw na paninindigan, at paggamit ng mga katibayan at datos. Ang ganitong pagkakasunod-sunod ay nagpapakita na pinakamalakas ang pagganap ng mga mag-aaral sa pagsasaayos ng kanilang mga ideya. Maaaring ito ay dahil ang *Process Writing Strategy* ay nagbibigay ng malinaw na pagkakataon para sa pagpaplano at pagrerebisa, dalawang yugto na direktang tumutulong sa pagbuo ng maayos na daloy ng kaisipan. Samantala, mataas din ang resulta sa gramatika at mekaniks dahil nagkaroon ng hiwalay na yugto para sa *editing*. Ang paglalahad ng paninindigan ay naging napakalinaw dahil malinaw muna itong binuo sa pagpaplano at muling sinuri sa pagrerebisa. Ang paggamit naman ng katibayan at datos ang nanatiling pinakamababang pamantayan sapagkat nangangailangan ito ng mas malalim na kasanayan sa pagpili, pagsusuri, at pag-uugnay ng ebidensiya sa argumento.

Sa kabuuan, ipinakikita ng panghuling resulta na ang paggamit ng *Process Writing Strategy* ay nagbigay sa mga mag-aaral ng mas sistematiko at malinaw na paraan ng pagsulat ng posisyong-papel. Ang bawat yugto ng estratehiya ay may partikular na ginampanang tungkulin sa pagpapaunlad ng kanilang sulatin. Sa pagpaplano, nabuo ang malinaw na paninindigan at mga pangunahing ideya; sa pagsulat ng burador, nailagay sa papel ang mga ideya at argumento; sa pagrerebisa, napahusay ang kalinawan, organisasyon, at ugnayan ng mga argumento; at sa pagwawasto, natukoy at naitama ang mga kamalian sa gramatika at mekaniks. Dahil dito, nagkaroon ang mga mag-aaral ng higit na pagkakataon na pag-isipan at pagbutihin ang kanilang sulatin bago ito maging pinal.

Sa pag-aaral ni Carbonero (2023), sinuri ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat sa pamamagitan ng paggamit ng *Self-Directed Learning Tool*. Gumamit ang pag-aaral ng *quasi-experimental design* kung saan inihambing ang pangkat na gumamit ng karaniwang modyul at ang pangkat na gumamit ng karagdagang interbensiyon. Lumabas sa resulta na parehong nagsimula ang mga pangkat sa antas na hindi pa nakaaabot sa inaasahang pagganap, ngunit nagkaroon ng makabuluhang pagkakaiba matapos gamitin ang interbensiyon. Ipinakita nito na ang isang karagdagang kagamitang may malinaw na gabay ay maaaring makatulong sa pagpapaunlad ng kaalaman at kasanayan sa akademikong pagsulat. Mahalaga ang resultang ito sa

kasalukuyang pag-aaral sapagkat kapwa nagpapakita ang resulta ng pangangailangan sa isang sistematikong kagamitang gumagabay sa mga mag-aaral sa pagsulat. Kaugnay nito, ang mataas na panghuling pagganap ng mga mag-aaral matapos gamitin ang *Process Writing Strategy* ay maaaring ipaliwanag sa pamamagitan ng malinaw na mga hakbang na kanilang sinusunod sa pagbuo, pagsusuri, at pagpapahusay ng kanilang sulatin.

Samantala, Caigas (2024) ay nagsagawa ng pag-aaral na pinamagatang *Sulat Dalumat: Mga Mungkahing Teknik sa Pagtuturo ng Pagsulat ng Akademikong Sulatin sa mga Mag-aaral ng Senior High School*. Nakatuon ang pag-aaral sa paggamit ng mga teknik na *Dinig-Tinig, Matalikha, Sanaysalin,* at *Kwendugtungan* sa pagtuturo ng akademikong pagsulat. Layunin nitong tuklasin ang pagiging kapaki-pakinabang ng mga teknik sa pagtuturo ng mga makabuluhang sulatin sa mga mag-aaral sa Senior High School. Mahalaga ito sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat ipinakikita nito na ang pagpapaunlad ng pagsulat ay nangangailangan ng mga estratehiyang aktibong gumagabay sa mag-aaral habang binubuo niya ang kaniyang sulatin. Ang mataas na resulta sa kasalukuyang pag-aaral, lalo na sa organisasyon ng kaisipan at malinaw na paninindigan, ay maaaring iugnay sa pagbibigay ng mga gawaing may tiyak na proseso at layunin sa pagsulat.

Ipinakikita ng mga resulta ng panghuling pagganap na matapos gamitin ang *Process Writing Strategy*, naging mas malinaw at mas sistematiko ang paraan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng kanilang posisyong-papel. Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral ay nakabuo ng mas maayos na gawi sa pagsulat kung saan hindi na lamang sila nakatuon sa mabilis na pagtatapos ng isang sulatin, kundi nabigyan sila ng pagkakataong pag-isipan, buuin, suriin, baguhin, at pagbutihin ang kanilang mga ideya. Ang ganitong resulta ay maaaring maiugnay sa katangian ng *Process Writing Strategy* na naghahati sa pagsulat sa magkakasunod na yugto. Sa pamamagitan ng pagpaplano, pagsulat ng burador, pagrerebisa, at pagwawasto, nagkaroon ang mga mag-aaral ng malinaw na direksiyon sa bawat bahagi ng kanilang gawain. Ipinahihiwatig nito na ang mataas na pagganap ay hindi lamang nakasalalay sa kaalaman ng mag-aaral tungkol sa posisyong-papel, kundi sa pagkakaroon niya ng malinaw na proseso kung paano ito bubuuin at pagpapabubutihin.

Sa kabuuan, ipinahihiwatig ng resulta na ang mga mag-aaral ay nangangailangan hindi lamang ng kaalaman kung ano ang posisyong-papel, kundi ng malinaw na kaalaman kung paano ito bubuuin, susuportahan, aayusin, susuriin, at pag-iigihin. Ito ang mahalagang ipinahihiwatig ng mataas na panghuling pagganap. Ang mahusay na pagsulat ay hindi lamang bunga ng pagkakaroon ng magandang ideya; nangangailangan ito ng pagpaplano, sapat na ebidensiya, organisadong paglalahad, pagrerebisa, at maingat na paggamit ng wika. Dahil dito, ipinahihiwatig ng resulta na ang patuloy na paggamit ng prosesong nakatuon sa pagpaplano, pagbuo, pagrerebisa, at pagwawasto ay maaaring maging mahalagang bahagi ng pagtuturo ng posisyong-papel at iba pang akademikong sulatin.

3.3 *Pagkakaiba sa Pagganap ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Posisyong Papel Bago at Pagkatapos gamitin ang Process Writing Strategy*

Ipinakikita sa bahaging ito ang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 10 sa pagsulat ng posisyong-papel bago at pagkatapos gamitin ang *Process Writing Strategy*. Sinusuri ang kanilang pagganap batay sa apat na mahahalagang pamantayan, kabilang ang malinaw na paglalahad ng paninindigan, paggamit ng mga katibayan at datos, organisasyon ng kaisipan, at wastong gamit ng gramatika at mekaniks sa pagsulat.

Talahanayan 3

Pagkakaiba sa Pagganap ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Posisyong Papel Bago at Pagkatapos gamitin ang Process Writing Strategy

Pamantayan	*Mean Difference*	*df*	*p-value*	*Decision*	*Interpretation*
Paglalahad ng malinaw na paninindigan	1.20	85	<.001	Reject H_0	*Significant*
paggamit ng mga katibayan at datos	1.06	85	<.001	Reject H_0	*Significant*
organisasyon ng kaisipan	1.85	85	<.001	Reject H_0	*Significant*
wastong gamit ng gramatika at mekaniks sa pagsulat	2.23	85	<.001	Reject H_0	*Significant*

Batay sa talahanayan 3, makikita ang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral sa pagsulat ng posisyong-papel bago at pagkatapos gamitin ang *Process Writing Strategy*. Sinuri ang pagbabago sa apat na pangunahing pamantayan: paglalahad ng malinaw na paninindigan, paggamit ng mga katibayan at datos, organisasyon ng kaisipan, at wastong gamit ng gramatika at mekaniks sa pagsulat. Ang bawat pamantayan ay may positibong *mean difference*, na nangangahulugang mas mataas ang naging pagganap ng mga mag-aaral pagkatapos nilang sumailalim sa mga hakbang ng *Process Writing Strategy*. Ang lahat ng pamantayan ay nakapagtala rin ng *p-value* na <0.001, kaya ang mga pagkakaibang nakita sa pagitan ng paunang at panghuling pagganap ay *significant*. Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral ay nagpakita ng malinaw na pagbabago sa kanilang kasanayan sa iba't ibang bahagi ng pagsulat ng posisyong-papel matapos maranasan ang sistematikong proseso ng pagpaplano, pagsulat ng burador, pagrerebisa, at pagwawasto.

Sa pag-aaral nina Mabalhin at Marbas (2020), sinuri ang paggamit ng *Eklektik na Dulog sa Paglinang ng Kasanayan sa Pagsulat ng mga Mag-aaral sa Senior High School*. Gumamit ang mga mananaliksik ng pamamaraang pinagsasama ang iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng pagsulat, kabilang ang mga gawaing nakatuon sa proseso ng pagsulat at metakognitibong pagkatuto. Sinuri ang mga sulatin ng mga mag-aaral batay sa nilalaman, organisasyon, bokabularyo, gamit ng wika, at mekaniks. Ipinakita ng resulta na mas mataas ang naging pagganap ng mga mag-aaral na sumailalim sa eklektik na dulog kaysa sa mga mag-aaral na gumamit ng tradisyunal na paraan. Mahalaga ang pag-aaral na ito sa kasalukuyang pananaliksik sapagkat ipinakikita nitong ang paggamit ng sistematiko at iba-ibang hakbang sa pagsulat ay maaaring makatulong sa pagpapaunlad ng nilalaman, organisasyon, wika, at mekaniks. Ipinahihiwatig nito na ang makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral sa kasalukuyang pag-aaral ay maaaring maiugnay sa pagbibigay ng malinaw na proseso kung saan ang pagsulat ay hindi lamang nakatuon sa panghuling produkto kundi sa mga hakbang na dinaraanan bago ito maging pinal.

Sa kabuuan, ang mga pag-aaral na ito ay nagpapakita ng magkakatulad na pananaw na ang pagsulat ay higit na napauunlad kapag ang mga mag-aaral ay binibigyan ng sistematikong proseso, malinaw na gabay, pagkakataong magsulat ng burador, panahon para sa pagrerebisa, at pagkakataong iwasto ang kanilang sariling gawa. Ang mga lokal na pag-aaral ay nagpapakita na ang mga mag-aaral sa kontekstong Pilipino ay maaaring makaranas ng mga suliranin sa organisasyon, gramatika, mekaniks, pagpapahayag ng ideya, at paggamit ng wika. Samantala, ang mga internasyonal na pag-aaral ay nagbibigay ng karagdagang suporta sa paggamit ng *Process Writing*, *revision*, *metacognition*, at *pretest-posttest intervention* sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat. Kaugnay nito, ang resulta ng kasalukuyang pag-aaral na nagpapakita ng *significant* na pagkakaiba sa lahat ng apat na pamantayan ay maaaring maunawaan bilang bunga ng isang sistematikong karanasan sa pagsulat kung saan ang mga mag-aaral ay hindi lamang nagsulat ng posisyong-papel kundi nagplano, bumuo ng burador, nagsuri, nagrebisa, at nagwasto ng kanilang sariling sulatin.

4. Kongklusyon

Natuklasang bago gamitin ang *Process Writing Strategy*, ang mga mag-aaral ay may kakayahang maglahad ng sariling paninindigan ngunit nakararanas pa ng kahirapan sa paggamit ng sapat na katibayan at datos, maayos na organisasyon ng mga ideya, at wastong paggamit ng gramatika at mekaniks. Ipinakikita nito na may pundamental na kakayahan ang mga mag-aaral sa pagsulat ng posisyong papel, ngunit nangangailangan pa sila ng sistematikong paggabay upang higit na mapaunlad ang kanilang mga kasanayan sa pagsulat. Matapos gamitin ang *Process Writing Strategy*, natuklasang naging mataas ang pagganap ng mga mag-aaral sa pagsulat ng posisyong papel. Naging mas malinaw ang kanilang paninindigan, mas maayos ang pagkakasunod-sunod ng mga ideya, mas wasto ang paggamit ng gramatika at mekaniks, at mas angkop ang paggamit ng mga katibayan at datos. Ipinahihiwatig nito na nakatulong ang sistematikong proseso ng pagpaplano, pagsulat ng burador, pagrerebisa, at pagwawasto sa pagpapaunlad ng kanilang kasanayan sa pagsulat. Natuklasang may makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang *Process Writing Strategy*. Ipinahihiwatig nito na nagkaroon ng malinaw na pagbabago sa kanilang kakayahan sa paglalahad ng paninindigan, paggamit ng mga katibayan at datos, organisasyon ng kaisipan, at wastong gamit ng gramatika at mekaniks. Maaaring maiugnay ang

pagbabagong ito sa sistematikong mga hakbang ng estratehiya na nagbigay sa mga mag-aaral ng pagkakataong planuhin, buuin, suriin, at paunlarin ang kanilang sariling sulatin.

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, napagpasyahan na ang paggamit ng *Process Writing Strategy* ay nagdulot ng positibong pagbabago sa kasanayan ng mga mag-aaral sa Baitang 10 sa pagsulat ng posisyong papel, partikular sa paglalahad ng malinaw na paninindigan, paggamit ng mga katibayan at datos, organisasyon ng kaisipan, at wastong paggamit ng gramatika at mekaniks. Ang sistematikong pagsasagawa ng pagpaplano, pagsulat ng burador, pagrerebisa, at pagwawasto ay nagbigay ng malinaw na gabay sa mga mag-aaral sa bawat yugto ng pagsulat, na sinusuportahan ng makabuluhang pagkakaiba sa kanilang pagganap bago at pagkatapos ng interbensiyon. Samakatuwid, ang *Process Writing Strategy* ay isang kapaki-pakinabang na estratehiya sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat ng posisyong papel, bagama't kinakailangan pa rin ang patuloy na pagsasanay at paggabay upang higit na malinang ang paggamit ng mga katibayan at datos at mapalakas ang positibong saloobin ng mga mag-aaral sa proseso ng pagsulat.

Batay sa mga natuklasan at kongklusyon ng pag-aaral, inirerekomenda ang sumusunod:

- Ipagpatuloy at paigtingin ang pagtuturo ng pagsulat ng posisyong papel, partikular sa paglalahad ng malinaw na paninindigan, paggamit ng mga katibayan at datos, organisasyon ng kaisipan, at wastong gamit ng gramatika at mekaniks, sa pamamagitan ng mga gawaing angkop sa antas, kakayahan, at pangangailangan ng mga mag-aaral sa Baitang 10.

- Ipagpatuloy ang paggamit ng *Process Writing Strategy* bilang sistematiko at nakatuong estratehiya sa pagtuturo ng pagsulat ng posisyong papel upang higit na malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagpaplano, pagsulat ng burador, pagrerebisa, at pagwawasto ng kanilang mga sulatin.

- Maglaan ng karagdagang pagsasanay at mga gawaing pampagkatuto para sa mga kasanayang nangangailangan pa ng higit na paglinang, lalo na sa paggamit at pagpili ng angkop na mga katibayan at datos, upang higit na mapatatag ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsuporta sa kanilang mga paninindigan at argumento.

- Hikayatin ang mga guro sa Baitang 10 na gumamit ng mga angkop na kagamitang pampagtuturo at gawaing nakabatay sa *Process Writing Strategy*, tulad ng mga gabay sa pagpaplano, balangkas ng ideya, drafting activities, mga gabay sa pagrerebisa, at mga editing checklist, upang maging mas organisado at sistematiko ang proseso ng pagsulat ng mga mag-aaral.

- Maglaan ng higit na pagkakataon para sa aktuwal at paulit-ulit na pagsulat upang magkaroon ang mga mag-aaral ng sapat na karanasan sa pagpaplano, pagsulat, pagrerebisa, at pagwawasto. Sa pamamagitan nito, maaaring higit na maging pamilyar at positibo ang kanilang karanasan sa paggamit ng *Process Writing Strategy*.

AI Use Disclosure **-** Sa paghahanda ng pananaliksik na ito, gumamit ng may-akda ng atipisyal na intelihensya (AI) upang mapadali ang ilang bahagi ng proseso. Partikular, ginamit ang *Gemini* para sa pagbuo ng mga ideya at pag-aayos ng balangkas (*outline*) ng pananaliksik, pagwawasto ng gramatika, pagpapabuti ng daloy ng pagsulat, at pagsasalin ng ilang termino at pagbibigay ng paliwanag sa mga komplikadong konsepto upang mas maging malinaw ang presentasyon. Walang kumpedinsyal o personal na datos ang inilagay sa *AI tools*. Ang may-akda ang nagdadala ng buong responsibilidad sa katumpakan, integridad, at nilalaman ng huling bersyon ng dokumentong ito.

5. Mga Sanggunian

Ada, H. C., & Funa, A. A. (2025). Struggling for coherence: Analyzing essay writing difficulties among Filipino junior high school students. Journal of Research in Education and Pedagogy, 2(4), 541–554.

Caigas, J. A. (2024). Sulat Dalumat: Mga mungkahing teknik sa pagtuturo ng pagsulat ng akademikong sulatin sa mga mag-aaral ng Senior High School. International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation, 2(3), 58–66. https://doi.org/10.17613/2mb2-xs71 IJMERI

Carbonero, L. M. (2023). Pagtataya sa antas kaalaman ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat sa pamamagitan ng kasangkapang pansariling pagkatuto (Self-Directed Learning Tool). LAMDAG, 13(1), 39–60. Philippine EJournals

Du, H., & List, A. (2021). Evidence use in argument writing based on multiple texts. Reading Research Quarterly, 56(4), 715–735. https://doi.org/10.1002/rrq.366

Lorenzo, A. P. (2025). Analyzing the use of evidence in Grade 11 learners' position papers. Journal of Interdisciplinary Perspectives, 3(4), 442–451. https://doi.org/10.69569/jip.2025.081

Mabalhin, J. Q., & Marbas, J. U. (2020). Eklektik na dulog sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Senior High School. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, 8(2), 22–26. apjmr.com

Mamidted, A. A. (2023). Writing skills of freshman students of the College of Education. Asia Pacific Journal of Educational Perspectives. https://ejournals.ph/article.php?id=21087

Martinez, V. C. (2025). Formal writing in Filipino: Common experiences in writing Filipino essays of ninth-grade students in special curriculum programs. International Journal for Multidisciplinary Research, 7(3). https://doi.org/10.36948/ijfmr.2025.v07i03.45087

Policios, E. L. M., & Pilayan, J. S. (2025). Back to basics: A phenomenological inquiry on the writing mechanics of position papers among senior high school students. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research, 11(2). https://doi.org/10.36713/epra20193

Roxas, M. J. D. (2020). Exploring senior high school students' academic writing difficulties: Towards an academic writing model. IOER International Multidisciplinary Research Journal, 2(1), 10–19.

Urbano, C. M., Gumangan, M. A., Gustilo, L., & Capacete, M. P. A. (2022). Reading and writing needs of senior high school students: The case of Filipino students in the Philippines. Philippine Social Science Journal, 5(2), 95–107. https://tinyurl.com/54etuw4r

International Journal of Research Studies in Education
2026 Volume 15 Number 22, 173-183



Human behavior in local government organizations: Convergent-parallel study of academic performance and insights of students in the Master in Public Administration program

Salinas, Edilberto H.
Nueva Vizcaya State University, Philippines
Del Mundo, Fernando C.
Nueva Vizcaya State University, Philippines
Bautista, Jezza-Lyn L.
Nueva Vizcaya State University, Philippines
Vadil, Carlo F. ✉
Nueva Vizcaya State University, Philippines (drvadil888@yahoo.com)

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 22 August 2026 **Revised**: 11 October 2026 **Accepted**: 30 October 2026
Available Online: 31 October 2026 **DOI**: 10.5861/ijrse.2026.26250

Abstract

This study examined the academic performance and perspectives of Master in Public Administration (MPA) students on Human Behavior in Organization, focusing on group dynamics and interpersonal relationships, leadership and managerial communication, and employee motivation and conflict management. It employed a convergent-parallel mixed-methods research design involving twelve (12) MPA students enrolled at the College of Arts and Sciences, Nueva Vizcaya State University–Bambang Campus, during the First Semester of Academic Year 2025–2026. Quantitative data were obtained from a 75-item scenario-based final-term examination, while qualitative data were gathered through three open-ended questions aligned with the examination's thematic dimensions. Quantitative data were analyzed using mean scores, while qualitative responses were examined through thematic analysis. The findings revealed that the respondents achieved an overall mean score of 69.75 out of 75 points, described as Very Satisfactory. Specifically, they obtained Very Satisfactory performance in Group Dynamics and Interpersonal Relationships (M = 12.75) and Leadership, Managerial Communication, and Organizational Influence (M = 18.25), while Employee Motivation and Conflict Management received an Excellent rating (M = 38.75). Qualitative findings identified four categories under each theme, emphasizing communication, cooperation, trust, accountability, participative leadership, transparency, constructive feedback, employee recognition, professional growth, well-being, and collaborative conflict resolution. The integration of findings demonstrated consistency between the respondents' examination performance and their expressed understanding of organizational behavior concepts. The study

© The Author(s) / Attribution CC BY

concluded that the respondents possessed substantial knowledge of human behavior in organizational settings, particularly in employee motivation and conflict management. It recommended strengthening instructional activities through contextualized case analyses, leadership simulations, workplace-based learning, and collaborative problem-solving exercises.

Keywords: human behavior in organization, group dynamics, leadership practices, employee motivation, conflict management, convergent-parallel design

Human behavior in local government organizations: Convergent-parallel study of academic performance and insights of students in the Master in Public Administration program

1. Introduction

Human behavior in organizations played a significant role in determining how employees interacted, performed their responsibilities, responded to challenges, and contributed to organizational goals. In local government units (LGUs), where public service delivery depended on coordination among officials and employees, understanding workplace behavior was essential to promoting efficiency, accountability, and responsiveness to community needs. The performance of an LGU was influenced not only by organizational structures, policies, and available resources but also by the attitudes, motivations, leadership practices, interpersonal relationships, and conflict-management approaches of its personnel. Examining these behavioral factors provided valuable insights into improving organizational processes and strengthening public service.

One important aspect of human behavior in local government organizations was group dynamics and interpersonal relationships. Employees regularly worked in teams, coordinated administrative responsibilities, and collaborated in implementing programs and services. Effective communication, mutual trust, respect, role clarity, and inclusive participation strengthened cooperation and facilitated the resolution of workplace disagreements. Conversely, misunderstandings, unclear responsibilities, and strained relationships could disrupt teamwork and affect the timely completion of tasks. Understanding these interactions was therefore important in identifying the conditions that supported a cooperative and productive working environment.

Another essential dimension was leadership practices and managerial communication. Local government leaders influenced employee behavior through decision-making, communication, delegation, supervision, and the establishment of workplace expectations. Clear instructions, transparent decisions, constructive feedback, ethical conduct, and participative leadership encouraged employees to understand organizational priorities and take responsibility for their duties. In contrast, inconsistent communication and limited employee involvement could create confusion, weaken coordination, and reduce confidence in management. Examining leadership and communication practices helped explain how managerial behavior influenced employee participation and the pursuit of organizational objectives.

A third dimension concerned employee motivation and conflict management. Employees were motivated by recognition, fair treatment, opportunities for professional growth, meaningful responsibilities, supportive relationships, and a sense of accomplishment. However, differences in opinions, competing priorities, workload distribution, and resource limitations could generate workplace conflicts. When handled through dialogue, fairness, collaboration, and constructive problem-solving, such conflicts provided opportunities for learning and improvement. Understanding the relationship between motivation and conflict management helped identify practices that supported employee well-being, performance, and organizational effectiveness.

Despite the importance of these interconnected dimensions, examining them through a single methodological approach could provide only a partial understanding of organizational behavior. Quantitative data described the levels and patterns of employee perceptions, while qualitative data explained the experiences, interpretations, and workplace situations underlying those perceptions. Accordingly, this study employed a convergent-parallel mixed-methods design, in which quantitative and qualitative data were collected and analyzed separately during the same general phase and subsequently integrated. Comparing the findings helped identify areas of convergence, complementarity, and divergence between numerical results and participants' accounts.

Specifically, this study examined human behavior in local government organizations through group dynamics,

leadership practices, employee motivation, and conflict management. By integrating quantitative evidence with qualitative insights, the research sought to develop a more comprehensive understanding of workplace behavior and its implications for organizational functioning. The findings provided an evidence-based foundation for recommendations intended to strengthen teamwork, leadership communication, employee motivation, and constructive conflict resolution in local government units.

2. Related Literature

The review focuses on empirical studies related to the four dimensions of the research: group dynamics and interpersonal relationships, leadership practices and managerial communication, employee motivation, and conflict management. It includes Philippine and international literature relevant to organizational behavior and public-sector workplaces. The studies are discussed in relation to their implications for local government organizations. Philippine studies have demonstrated that employee behavior, motivation, communication, and workplace relationships are closely associated with organizational commitment and performance. Lantajo (2018) examined 500 local government employees from seven cities in the Davao Region and found that respondents had very high motivation and high organizational commitment. Motivation was moderately but significantly associated with commitment, suggesting that employee motivation contributed to stronger attachment to public organizations. Similarly, Dagohoy and Dura (2022) studied 400 employees from six city governments in the Davao Region. Their findings indicated that public leadership and organizational culture significantly influenced public service motivation.

In Bohol, Jimenez et al. (2021) investigated organizational communication among local government employees in Panglao. They found significant relationships between communication effectiveness and affective and continuance commitment. Their findings emphasized the importance of interpersonal and face-to-face communication in strengthening employee relationships with the organization. Meanwhile, Orpiada and Tamayo (2024) examined 390 local government employees across six LGUs in Albay. Their findings showed that employees were generally satisfied with their jobs, with interpersonal relationships receiving the highest ratings. Management practices and career advancement, however, remained areas for improvement. Other Philippine research also highlighted the importance of interpersonal relationships and work conditions. Corre et al. (2017), in their study of 348 government employees in Metro Manila, found that interpersonal relationships were positively associated with work-life balance, whereas role conflict had a negative association. These findings suggested that supportive workplace relationships and clearly defined responsibilities were important to employee well-being.

International research likewise established the importance of trust, leadership, communication, motivation, and conflict management. Lee and Rasdi (2025) examined 307 employees across 71 teams in Malaysian organizations. Their findings showed that trust in leaders strengthened trust among team members, promoted cooperation, and contributed to team performance. Park and Lee (2023), using data from 2,047 public and private sector employees in South Korea, found that public service motivation positively influenced job satisfaction and organizational commitment. Hameduddin and Engbers (2022), through a systematic synthesis of leadership and public service motivation studies, emphasized the role of leadership in shaping public employees' motivation. Newman et al. (2020) also reported a positive relationship between leaders' communication effectiveness and perceived team performance. In the area of conflict management, Rispens and Demerouti (2016) found that workplace relationship and process conflicts were associated with negative emotions, which subsequently affected employee performance. These findings highlighted the importance of constructive approaches to resolving workplace disagreements.

Taken together, the reviewed studies showed that organizational behavior involved interconnected individual, interpersonal, and managerial factors. Philippine studies provided evidence from government and LGU settings, while foreign studies offered further explanations of trust, leadership, motivation, communication, and conflict. However, the reviewed literature also indicated a need to examine these dimensions collectively and through complementary quantitative and qualitative evidence. The present study addressed this need by integrating

numerical assessments with employees' accounts of group dynamics, leadership practices, motivation, and conflict management in local government organizations.

3. Methodology

Research Design. This study employed a convergent-parallel mixed-methods research design to examine the prevailing human behavior in government organizations, particularly in relation to group dynamics and interpersonal relationships, leadership and managerial communication, employee motivation, and conflict management. This design involved the simultaneous collection and separate analysis of quantitative and qualitative data, followed by the integration of the two sets of findings to obtain a more comprehensive understanding of human behavior in organizational settings. The quantitative component focused on the students' performance in a scenario-based examination, while the qualitative component explored their perspectives and experiences concerning the manifestation of human behavior in their respective organizations.

Research Environment. The study was conducted at the College of Arts and Sciences, Nueva Vizcaya State University (NVSU)–Bambang Campus, located in Bambang, Nueva Vizcaya, Philippines. The college served as the academic setting where the Master in Public Administration (MPA) course, particularly the subject Human Behavior in Organization, was offered. The research setting provided an appropriate context for examining organizational behavior concepts as understood and experienced by students who were exposed to administrative and organizational environments.

Respondents of the Study. The respondents consisted of twelve (12) students enrolled in the subject Human Behavior in Organization under the Master in Public Administration program of the College of Arts and Sciences, Nueva Vizcaya State University–Bambang Campus, during the First Semester of Academic Year 2025–2026. They were selected as the participants of the study because of their enrollment in the subject and their exposure to concepts and principles of human behavior in organizations. Their academic performance and insights regarding workplace experiences served as the primary sources of quantitative and qualitative data, respectively.

Research Instruments. The study utilized two sources of data. The quantitative data were obtained from the results of the final-term examination, which consisted of seventy-five (75) scenario-based multiple-choice items contextualized in government and local government organizational settings. The examination covered three major thematic areas: (1) Group Dynamics and Interpersonal Relationships, consisting of fifteen (15) items; (2) Leadership, Managerial Communication, and Organizational Influence, consisting of twenty (20) items; and (3) Employee Motivation and Conflict Management, consisting of forty (40) items.

For the qualitative component, the respondents were provided with three (3) open-ended questions aligned with the same thematic areas covered by the examination. These questions were designed to elicit their perspectives, observations, and experiences regarding group interactions, leadership practices, managerial communication, employee motivation, and conflict-management approaches in their respective organizations. The use of aligned quantitative and qualitative instruments facilitated the comparison and integration of findings from the two data sources.

Data Analysis. The quantitative data were analyzed using frequency, percentage, and mean, as appropriate, to describe the respondents' performance in the final-term examination. The mean scores were used to determine their overall performance and performance across the three thematic areas. The examination results were interpreted in relation to the human behavior concepts and organizational situations presented in the scenario-based questions. However, the examination scores were treated as indicators of the respondents' understanding and application of organizational behavior concepts rather than direct measurements of actual workplace behavior.

The qualitative data obtained from the three open-ended questions were analyzed through thematic analysis. The responses were organized, reviewed, coded, and grouped according to recurring ideas, similarities, and patterns relevant to the three major themes. **Midi Lite**, an online application used to assist in organizing and

analyzing qualitative text data, was utilized as a supporting tool in the analysis. The resulting codes and categories were examined to identify recurring patterns and develop meaningful themes reflecting the respondents' perspectives and workplace experiences. The interpretation of the qualitative findings remained grounded in the actual responses of the participants.

Finally, the quantitative and qualitative findings were integrated in accordance with the convergent-parallel design. The results were compared to determine areas of convergence, complementarity, and divergence. This integration provided a broader understanding of how the respondents' demonstrated knowledge of human behavior in organizations related to their reported observations and experiences in government workplaces.

4. Results and Discussion

4.1 Problem 1. What is the academic performance of the MPA students in Human Behavior in Organization according to the three dimensions as reflected in the final term examinations?

Table 1 presents the academic performance of the twelve (12) Master in Public Administration students in Human Behavior in Organization, as reflected in their final-term examination results across the three dimensions. The findings revealed that the students obtained an overall mean score of 69.75 out of 75 points, verbally described as Very Satisfactory. This result indicated that the respondents demonstrated a high level of understanding and application of concepts and principles related to human behavior in organizational settings, particularly those contextualized in government organizations.

Among the three dimensions, Employee Motivation and Conflict Management obtained the highest mean score of 38.75 out of 40 points, with a qualitative description of Excellent. This finding suggested that the students demonstrated a strong understanding of the factors influencing employee motivation, workplace relationships, and conflict-management strategies. Their performance reflected their ability to recognize the importance of employee recognition, fair treatment, professional development, constructive communication, and collaborative approaches to resolving organizational conflicts. This result further indicated that the respondents were particularly knowledgeable in analyzing workplace situations involving employee behavior, motivation, and conflict resolution.

Table 1
Academic Performance of MPA Students in Human Behavior in Organization (n=12)

Content Evaluated	Mean Score	Qualitative Description
Group Dynamics and Interpersonal Relationships (15 points)	12.75	Very Satisfactory
Leadership, Managerial Communication, and Organizational Influence (20 points)	18.25	Very Satisfactory
Employee Motivation and Conflict Management (40 points)	38.75	Excellent
Overall Performance	69.75	Very Satisfactory

Meanwhile, Leadership, Managerial Communication, and Organizational Influence obtained a mean score of 18.25 out of 20 points, verbally interpreted as Very Satisfactory. This result indicated that the respondents possessed a considerable understanding of leadership practices and managerial communication in organizational settings. Their performance suggested an appreciation of how leadership styles, decision-making, transparency, communication, and employee participation influenced workplace coordination and the attainment of organizational objectives. It also highlighted the importance of effective leadership in directing employee behavior and maintaining organizational effectiveness.

Similarly, Group Dynamics and Interpersonal Relationships registered a mean score of 12.75 out of 15 points, also described as Very Satisfactory. This finding indicated that the students demonstrated a favorable understanding of teamwork, cooperation, interpersonal communication, mutual respect, trust, and role clarification within an organization. Their performance suggested that they recognized the importance of positive interpersonal relationships in promoting collaboration, managing differences, and maintaining a harmonious working environment.

Layunin ng Pag-aaral - Ang pananaliksik na ito ay naglalayong suriin ang bisa ng *Peer Assisted Reading Instruction* (PARI) sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Antas 11 batay sa *Budget of Work* (BOW) para sa Taong Panuruan 2026–2027. Nilalayon nitong tukuyin ang paunang pagganap ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa pagbasa gamit ang tradisyonal na paraan ng pagtuturo bago ilapat ang interbensiyon. Hinahangad din nitong alamin ang panghuling pagganap ng mga mag-aaral matapos gamitin ang estratehiyang *Peer Assisted Reading Instruction* (PARI). Sinusuri rin sa pag-aaral kung may makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa pagbasa bago at pagkatapos nilang dumaan sa nasabing interbensiyon. Bukod dito, tinutukoy ang nahihinuhang epekto ng paggamit ng PARI ayon sa ipinamalas na interes, partisipasyon, at retensyon ng mga mag-aaral. Hinihimok din ng pag-aaral na ito na makabuo ng isang Hulwarang Banghay Aralin bilang kagamitang pampagtuturo at interbensiyon batay sa mga naging resulta ng mga natuklasan.

Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral - Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagsusuri sa bisa ng *Peer Assisted Reading Instruction* (PARI) bilang isang estratehiya sa pagpapaunlad ng antas ng pag-unawa sa pagbasa batay sa *Budget of Work* (BOW). Sinuri sa pananaliksik na ito ang paunang pagganap ng mga mag-aaral gamit ang tradisyonal na paraan ng pagtuturo at ang kanilang panghuling pagganap matapos mailapat ang interbensiyong PARI. Tiningnan din ang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pauna at panghuling pagganap ng mga mag-aaral, pati na rin ang nahihinuhang epekto ng PARI sa kanilang interes, partisipasyon, at retensyon sa pag-aaral. Ang pangunahing awtput ng pananaliksik na ito ay ang pagbuo ng isang Hulwarang Banghay Aralin bilang kagamitang pampagtuturo at interbensiyon.

Isinagawa ang pag-aaral sa Tina-an National High School-Senior High School na matatagpuan sa Naga, Cebu sa Taong Panuruan 2026–2027. Sakop ng pananaliksik na ito ang tatlumpung (30) mag-aaral mula sa Antas 11 bilang mga pangunahing respondente gamit ang *quasi-experimental research design*, partikular ang *One-Group Pretest-Posttest Design*. Ang mga datos ay nakalap gamit ang paunang pagsusulit (*pretest*), panghuling pagsusulit (*posttest*), at talatanungang batay sa *Likert Scale*.

Limitado lamang ang pag-aaral na ito sa antas ng pag-unawa sa pagbasa batay sa mga kasanayang nakapaloob sa *Budget of Work* (BOW) para sa Antas 11 at sa mga napiling tatlumpung (30) mag-aaral lamang ng nasabing paaralan. Hindi na saklaw ng pananaliksik na ito ang iba pang antas ng baitang, ibang asignatura sa labas ng asignaturang Filipino, o iba pang salik sa labas ng mga sukatan ng interes, partisipasyon, at retensyon na tinukoy sa pag-aaral.

Kahalagahan ng Pag-aaral - Ang mga sumusunod na tao at institusyon ay makikinabang mula sa mga natuklasan ng pag-aaral na ito upang mapaunlad ang kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Kagawaran ng Edukasyon. Ang mga resulta ng pag-aaral ay kapakipakinabang sa departamento upang mapaunlad ang mga kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral gamit ang estratehiyang Peer Assisted Reading Insruction.

Administrador. Ang resulta sa pag-aaral na ito ay nakatulong sa mga administrador ng paaralan upang naipabatid sa kanilang mga guro ang kahalagahan sa paggamit ng angkop at epektibong estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa sa mag-aaral sa pamamagitan ng pagsasagawa ng LAC Session at Focus Group Discussion (FGD).

Mananalisik. Ang pag-aaral na ito ay nagsisilbing mahalagang karanasan upang mapataas ang kanilang kasanayan sa pagsasagawa ng siyentipikong pananaliksik at pagbuo ng mga epektibong kagamitang pampagtuturo.

Mga Guro. Ang pag-aaral na ito ay nakatulong sa mga guro na naglalayong mapahusay at mapalinang ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral na may pag-unawa, at makabuo ng sariling programang pang-interbensyon o paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa sa mga mag-aaral.

Sa Mga Mag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay nakatulong sa mga estudyante na pagtuunan ng pansin ang pagpapahusay at paglilinang sa kasanayan sa pagbasa ng may pag-unawa gamit ang estratehiyang Peer Assisted Reading Instruction (PARI).

Mga Mananaliksik sa Hinaharap. Ang pag-aaral ay maaaring magsilbing batayan para sa mga susunod na pananaliksik.

2. Metodolohiya

Disenyo ng Pag-aaral - Sa pag-aaral na ito ginamit ng mananaliksik ang *one group pre-test post-test quasi-exsperimental design* sa pagsusuri ng mga datos na kinakailangan ng pag-aaral. Ginamit ang disenyong ito sa pagsisiyasat sa mga datos upang masuri ang kabuluhan at epekto sa paggamit ng estratehiyang PARI sa pagtuturo ng maunawang pagbasa sa mga mag-aaral na nasa Antas 11 ng Tina-an Senior High School sa pamamagitan ng pagbibigay ng kwestyuner sa pauna at pahuling pagganap ng mga mag-aaral. Ang mga datos na nakuha ay nilikom, itinala at masusing pinag-aralan gamit ang *statistical software.* Binigyang pokus sa pag-aaral ang pagsusuri batay sa Budget of Work (BOW) sa maunawang pagbasa tulad ng: naipaliliwanag ang mga nakapaloob na saloobin, paniniwala, o pananaw sa mga paksang sosyal at kultural sa iba't ibang sitwasyong pangkomunikasyon, nagagamit ang iba't ibang estratehiya sa kritikal na pakikinig, pagbasa, at panonood, kabilang ang kamalayang kultural at sensibilidad upang bigyang-kahulugan ang iba't ibang anyo ng panitikan, midya, at komunikasyong *digital*; at nahihinuha ang pangunahing mensahe, ipinahihiwatig na kahulugan, at pagkiling sa mga komunikasyong pampubliko, sibiko, o kultural. Pinagtuunang pansin din ang karanasan ng mga respondente batay sa interes, partispasyon at retensyon.

Respondente - Ang mga napiling respondente sa pananaliksik na ito ay ang mga mag-aaral mula sa Antas 11. Ang pagpili sa pangkat na ito ay ibinatay sa disenyong *convenience sampling*, kung saan isinaalang-alang ang natatanging katangian ng populasyon ng mga mag-aaral sa naturang antas. May mga respondente na nagsipagtapos mula sa Alternative Learning System (ALS) at mga dating Out-of-School Youth (OSY) na nagpasyang bumalik sa pormal na sistema ng edukasyon. Dahil sa pagkakaiba-iba ng kanilang pinagmulang sistema ng pagkatuto, ang mga mag-aaral na ito ang kinilala bilang pangkat na may pinakamataas na pangangailangan upang malinang ang

kakayahan sa pag-unawa sa pagbasa. Ang pagpili sa kanila ay naging lohikal upang masuri ang pagiging epektibo ng Peer-Assisted Reading Intstruction (PARI) na isang estratehiya sa pag-unawa sa pagbasa.

Instrumento ng Pananaliksik - Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng isang *standardized teacher-made test* bilang pangunahing instrumento sa paglikom ng mga datos para sa isinagawang *quasi-experimental* na disenyo ng pananaliksik. Tinawag itong *teacher-made test* sapagkat ang mga aytem ng pagsusulit ay binuo mismo ng mananaliksik batay sa mga tiyak na kasanayang pampagkatuto na nais masukat, gayundin sa mga tekstong angkop sa antas, kakayahan, at konteksto ng mga respondente. Samantala, isinagawa ang instrumento sa ilalim ng standardized na pamamaraan sapagkat ito ay dumaan sa sistematikong proseso ng pagbuo, pagsusuri, at pagpapatibay upang matiyak ang kaangkupan at pagkakapare-pareho ng paggamit nito. Tiniyak din ang pare-parehong panuto, kondisyon sa pagbibigay ng pagsusulit, oras ng pagsasagawa, at pamantayan sa pagmamarka para sa lahat ng respondente. Sa pamamagitan nito, naging mas maayos, patas, at angkop ang proseso ng pagsukat sa kanilang pagganap.

Ang instrumento ay binuo sa anyo ng isang pagsusulit na naglayong masukat ang antas ng kasanayan at pag-unawa ng pagbasa ng mga respondente bago at pagkatapos ng ibinigay na interbensyon. Itinampok sa instrumentong ito ang tatlong (3) piling teksto na nagsilbing kongkretong batayan ng mga katanungan upang matukoy ang lalim ng pag-unawa, interpretasyon, at kritikal na pagsusuri ng mga respondente. Alinsunod sa mga probisyon ng DepEd Order No. 009, s. 2026 na nagpapatupad sa bagong 3-Term School Calendar, binibigyang-diin ang kalayaan at akademiko-propesyonal na kapasiyahan ng mga guro na pumili at magkontekstwalisa ng mga kagamitang pampagtuturo na aangkop sa lokalisasyon ng kurikulum. Batay sa mandatong ito, ang bawat teksto ay maingat na sinuri at pinili ng mananaliksik upang matiyak na ito ay tugma sa antas ng pag-unlad, kakayahan, at kultural na pangangailangan ng mga mag-aaral sa Antas 11, habang direktang nakaangkla sa mga pambansang kasanayang pampagkatuto na itinakda sa bagong 3-Term Budget of Work (BOW).

Ang mga teksto ay ang mga sumusunod: Bakit ako Isang Manunulat, Sa Makati at Divisoria, Denims ang Hanap Nila; at Cybercrime Prevention Act of 2012 o R.A. 10175. Ang mga tekstong ito ay ginamit upang linangin at sukatin ang mga kasanayan sa Budget of Work (BOW) na nag-aatas sa mga mag-aaral na : naipaliliwanag ang mga nakapaloob na saloobin, paniniwala, o pananaw sa mga paksang sosyal at kultural sa iba't ibang sitwasyong pangkomunikasyon, nagagamit ng mga mag-aaral ang iba't ibang estratehiya sa kritikal na pakikinig, pagbasa, at panonood, kabilang ang kamalayang kultural at sensibilidad upang bigyang-kahulugan ang iba't ibang anyo ng panitikan, midya, at komunikasyong *digital* ; at nahihinuha ng mga mag-aaral ang pangunahing mensahe, ipinahihiwatig na kahulugan, at pagkiling sa mga komunikasyong pampubliko, sibiko, o kultural.

Ito ay binubuo ng paunang pagganap at panghuling pagganap upang matiyak ang mataas na antas ng katumpakan, kredibilidad, at reliabilidad ng eksperimento. Ang kabuuang apatnapu't limang (45) aytem na ito ay pinasagutan bilang paunang pagganap upang makuha ang ang kasalukuyang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral bago ang interbensyon. Pagkatapos ng itinakdang panahon ng pagtuturo gamit ang mga estratehikong pamamaraan, ang mga mag-aaral ay muling sumalang sa isang post-test na binubuo rin ng apatnapu't limang (45) tanong. Ang mga tanong sa panghuling pagganap ay may katulad na antas ng kahirapan at sumusukat sa kaparehong mga kasanayan mula sa BOW, subalit binago ang pagkakaayos at estruktura upang matiyak na ang nakuhang marka ay nagpapakita ng tunay na pag-unlad at hindi lamang bunga ng pagsasaulo sa mga naunang tanong.

Ang tatlong tekstong lunsaran ay isinailalim sa pagpapatibay ng nilalaman sa tulong ng dalubhasa at eksperto sa larangan ng edukasyon at pananaliksik. Masusing sinuri ang bawat katanungan at ang kaangkupan ng mga teksto batay sa kalinawan, nilalaman, at antas ng hirap. Ang lahat ng kanilang mga mungkahi at rekomendasyon ay masusing isinaalang-alang sa naging rebisyon ng instrumento upang matiyak ang katapatan nito. Matapos ang balidasyon, isinagawa ang isang subok-panimula sa isang pangkat ng mga mag-aaral upang matukoy kung malinaw at maayos ang mga tanong sa talatanungan bago ang aktwal na pamamahagi nito.

Pamamaraan sa Paglikom ng Datos - Ang unang hakbang ay ang paghahanda at pagpapadala ng liham-pahintulot o transmittal letter sa punongguro ng Tina-an Senior High School upang pormal na humingi ng

pahintulot na maisagawa ang pananaliksik sa mga piling mag-aaral ng Antas 11. Ipinaalam sa liham ang layunin ng pag-aaral, mga kalahok, pamamaraan ng pangangalap ng datos, at ang inaasahang panahon ng pagsasagawa nito. Tiniyak din ng mananaliksik na ang mga kalahok ay bibigyan ng sapat na paliwanag hinggil sa layunin ng pag-aaral at ang kanilang mga datos ay pananatilihing kumpidensiyal at gagamitin lamang para sa layuning akademiko. Inihanda at inayos din ang instrumentong gagamitin sa pagsukat ng antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga respondente. Ang instrumento ay idinisenyo batay sa mga tiyak na kasanayang nais masukat at sa mga tekstong angkop sa antas ng mga mag-aaral. Bago ito ginamit sa aktwal na pangangalap ng datos, isinailalim muna ito sa balidasyon ng mga eksperto upang matiyak ang kalinawan, kaugnayan, wastong pagkakabuo, at angkop na antas ng mga aytem. Isinagawa rin ang paunang pagsubok upang matukoy ang mga posibleng kahinaan o kalabuan sa instrumento at upang matiyak ang pagiging maaasahan nito.

Ang ikalawang hakbang ay ang paunang pagganap na isinagawa habang ang mga mag-aaral ay sumailalim sa tradisyonal na pamamaraan ng pagtuturo sa pagbasa. Ang paunang pagganap na ito ay isinagawa bago ang implementasyon ng PARI upang matukoy ang aktwal na antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Ang resulta ng paunang pagganap ay nagsilbing mahalagang batayan upang makita kung may pagbabago sa kanilang pagganap matapos gamitin ang estratehiyang PARI. Sa ikatlong hakbang, ipinaliwanag at itinuro ng guro ang estratehiyang PARI bilang interbensyon at sinundan ng pagbibigay ng panghuling pagganap upang masukat ang naging epekto ng estratehiya sa nakasanayang paraan. Ang lahat ng mga impormasyong natipon ay maingat na itinala para sa paglalahad ng datos. Sa huling bahagi, isinagawa ang masusing pagsusuri ng datos gamit ang mga angkop na istatistikal na pamamaraan upang mabigyan ng interpretasyon ang kinalabasan ng pag-aaral. Batay sa resulta sa ng mga datos ang mananaliksik ay makagawa ng hulwarang banghay aralin.

3. Resulta at Pagtatalakay

Inilalahad sa kabanatang ito ang mga datos na nakalap mula sa isinagawang pag-aaral upang matukoy ang kasanayan ng Peer Assisted Reading Instruction (PARI) sa pag-unawa ng pagbasa sa Antas 11 ng mga mag-aaral sa Tina-an Senior High School, Tina-an, City of Naga, Cebu sa taong panuruan 2026–2027.

3.1 Paunang Pagganap ng mga Mag-aaral sa Antas 11 sa Pag-unawa sa Pagbasa gamit ang Tradisyonal na Pagtuturo

Makikita sa bahaging ito ang paunang pagganap ng mga mag-aaral sa Antas 11 sa pag-unawa sa pagbasa bago gamitin ang Peer Asssited Reading Instruction (PARI). Ang pagtatasa ay isinagawa gamit ang tradisyunal na paraan ng pagtuturo upang matukoy ang antas ng kanilang kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa. Mahalaga ang resultang ito sapagkat ipinakikita nito na hindi sapat na masukat lamang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa literal na pagkuha ng impormasyon mula sa teksto. Kinakailangan din silang malinang sa pagsusuri, pagbibigay-kahulugan, pagbibigay-katwiran, at pag-uugnay ng mga ideya sa kanilang karanasan at sa tunay na sitwasyon. Ang mga datos na nakalap ay nagsisilbing batayang impormasyon upang masukat ang pagbabago at pag-unlad ng pagganap ng mga mag-aaral matapos gamitin ang Peer Assisted Reading Instruction (PARI) sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

Talahanayan 1
Paunang Pagganap ng mga Mag-aaral sa Antas 11 sa Pag-unawa sa Pagbasa gamit ang Tradisyonal na Pagtuturo

Kompetensi	*Mean*	*S.D.*	Berbal na Paglalarawan	Interpretasyon
Naipaliliwanag ang mga nakapaloob na saloobin, paniniwala, o pananaw sa mga paksang sosyal at kultural sa iba't ibang sitwasyong pangkomunikasyon	51	12.7	Nangangailangan ng Pagsasanay	Limitadong pag-unawa. Ang mga mag-aaral ay hirap sa pagbuo ng hinuha at nangangailangan ng interbensyon.

Nagagamit ang iba't ibang estratehiya sa kritikal na pagbasa, at panonood, kabilang ang kamalayang kultural at sensibilidad upang bigyang-kahulugan ang iba't ibang anyo ng panitikan, midya, at komunikasyong dihital; at	48	12.3	Katamtaman	Bahagyang naunawaan. Ang mga mag-aaral ay may sapat na kaalaman sa literal na antas ngunit kulang sa interpretasyon.
Nahihinuha ang pangunahing mensahe, ipinahihiwatig na kahulugan, at pagkiling o bias sa mga komunikasyong pampubliko, sibiko, o kultural.	44	12.4	Nangangailangan ng Pagsasanay	Limitadong pag-unawa. Ang mga magaaral ay hirap sa pagbuo ng hinuha at nangangailangan ng interbensyon.

Leyenda: 0-26=Nangangailangan ng Higit na Pagsasanay, 27-46=Nangangailangan ng Pagsasanay, 47-66=Katamtaman, 67-86=Mahusay, 87-100=Napakahusay

Makikita sa Talahanayan 1 ang paunang pagganap ng mga mag-aaral sa Antas 11 sa pag-unawa sa pagbasa gamit ang tradisyonal na pagtuturo batay sa Budget of Work (BOW). Tatlong kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ang sinukat. Sa unang kompetensi, naipaliliwanag ang mga nakapaloob na saloobin, paniniwala, o pananaw sa mga paksang sosyal at kultural sa iba't ibang sitwasyong pangkomunikasyon, nakakuha ang mga mag-aaral ng *mean* na 51 at *standard deviation* na 12.7, na may berbal na deskripsyong Nangangailangan ng Pagsasanay. Sa ikalawang kompetensi, nakakuha sila ng *mean* na 48 at *standard deviation* na 12.3, na may berbal na deskripsyong Katamtaman. Samantala, sa ikatlong kompetensi, nakakuha ng *mean* na 44 at *standard deviation* na 12.4, na may berbal na deskripsyong Nangangailangan ng Pagsasanay.

Batay sa mga resulta, makikitang hindi pare-pareho ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa tatlong kasanayang sinukat. Pinakamataas ang *mean* na 51 sa pagpapaliwanag ng saloobin, paniniwala, at pananaw sa mga paksang sosyal at kultural. Sumunod ang kasanayan sa paggamit ng iba't ibang estratehiya sa kritikal na pagbasa at panonood na may mean na 48. Pinakamababa naman ang *mean* na 44 sa paghinuha ng pangunahing mensahe, ipinahihiwatig na kahulugan, at pagkiling. Ipinakikita nito na higit na hamon sa mga mag-aaral ang mga kasanayang nangangailangan ng mas mataas na antas ng pag-iisip, partikular ang pagbibigay-hinuha at interpretasyon.

Matapos matukoy ang berbal na deskripsyon, ang *mean* na 51 na may berbal na deskripsyong Nangangailangan ng Pagsasanay ay nagpapakahulugang kailangan pa ng mga mag-aaral ang karagdagang pagsasanay upang higit na malinang ang kanilang kakayahang magpaliwanag ng mga saloobin, paniniwala, at pananaw na nakapaloob sa mga tekstong panlipunan at kultural. Ang *mean* na 48 na may berbal na deskripsyong Katamtaman ay nangangahulugang may sapat na pundasyong kaalaman ang mga mag-aaral sa literal na pag-unawa, subalit kinakailangan pa nilang malinang ang kakayahan sa interpretasyon. Samantala, ang *mean* na 44 na may berbal na deskripsyong Nangangailangan ng Pagsasanay ay nagpapahiwatig ng higit na pangangailangan para sa pagsasanay sa pagbuo ng hinuha, pagtukoy sa ipinahihiwatig na kahulugan. Ang mga interpretasyong ito ay naaayon sa nakatalang paglalarawan sa talahanayan na nagpapakitang limitado ang pag-unawa ng mga mag-aaral at nangangailangan sila ng interbensyon.

Ipinahihiwatig ng mga resulta na bagama't may ilang mag-aaral na may batayan sa kakayahan sa pag-unawa sa binabasa, hindi pa sapat ang kanilang kasanayan upang maging mahusay sa mga gawaing nangangailangan ng kritikal na pagsusuri at interpretasyon. Partikular na nangangailangan ng higit na atensyon ang kasanayan sa paghinuha ng pangunahing mensahe, pagtukoy sa ipinahihiwatig na kahulugan, at pagkilala sa pagkiling . Ipinahihiwatig din nito na maaaring hindi sapat ang tradisyonal na pagtuturo batay sa BOW upang matugunan ang iba't ibang pangangailangan sa pag-unawa sa pagbasa. Dahil dito, mahalagang maglaan ng mas sistematiko at nakatuong interbensyon sa pagbasa. Ayon sa ulat ng Programme for International Student Assessment *(*PISA*,* 2018; 2022), ang mga mag-aaral na Pilipino ay nananatiling nasa pinakamababang antas ng kakayahan sa pagbasa, kung saan karamihan ay nakatutugon lamang sa mga literal na tanong at nahihirapang magproseso ng mga tekstong nangangailangan ng interpretasyon, paghinuha, at kritikal na pagsusuri.

Pinatunayan din ito sa pag-aaral nina Estremera at Estremera (2018) na nagsasabing malaking bahagi ng mga mag-aaral sa High School ang may limitadong kakayahan sa pagbuo ng kahulugan mula sa teksto, kaya't madalas silang mahulog sa kategoryang nangangailangan ng karagdagang pagsasanay at interbensyon. Ang resulta ng pag-aaral na ito ay nagpapahiwatig na ang limitado ang kaisipan ng mga mag-aaral sa pagpoproseso ng teksto ay maaaring humantong sa mababang antas ng pag-unawa sa pagbasa. Alinsunod sa pag-aaral nina Savaşçı at Akyel (2022), mahalagang ihambing ang tradisyonal na pamamaraan ng pagtuturo ng pagbasa sa iba pang estratehiya upang mapalalim ang pag-unawa sa teksto, mahikayat ang aktibong pakikilahok, at masuportahan ang paglinang ng Higher-Order Thinking Skills (HOTS) ng mga mag-aaral. Ipinakita sa pag-aaral nina Sitepu et al. (2023) na ang paggamit ng *guided reading strategy* ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pag-unawa sa binabasa. Ipinahihiwatig nito na ang paggabay sa mga mag-aaral habang nagbabasa ay maaaring makatulong sa mas sistematikong pagproseso at pag-unawa sa mahahalagang impormasyon mula sa teksto.

Pinatutunayan ng pag-aaral nina Duke et al. (2021), ang paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagbasa tulad ng paghinuha, pagsasalarawan, pagtatanong; at pagbubuod ay napakahalaga upang maitawid ang mag-aaral mula sa pasibong pagbasa patungo sa aktibong pagpoproseso ng kahulugan. Ipinakita nina Sáenz et al. (2005) na ang Peer-Assisted Learning Strategies (PALS) ay nagbibigay ng estrukturadong pagkakataon para sa pagtutulungan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Sa pamamagitan ng pagpapalitan ng tungkulin bilang *tutor at tutee*, pagbibigay ng puna, pagtukoy at pagwawasto ng mga pagkakamali, at pagbubuod ng binasa, nahihikayat ang mga mag-aaral na maging aktibong kalahok sa proseso ng pagkatuto. Ang natuklasang ito ay nagpapakita ng kahalagahan ng paggamit ng angkop na estratehiya upang mapaunlad ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa kabuoan, ipinakikita na ang paunang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Antas 11 ay nasa katamtaman hanggang nangangailangan ng pagsasanay. Pinakamalaking hamon sa kanila ang mga kasanayang nangangailangan ng paghinuha, interpretasyon, at kritikal na pagsusuri. Ito ay nagpapakita ng malinaw na pangangailangan para sa mas angkop at sistematikong interbensyon sa pagbasa. Samakatuwid, mahalagang isaalang-alang ang paggamit ng mga estratehiyang nakatuon sa aktibong pakikilahok, paggabay, paulit-ulit na pagbasa, at paglinang ng kritikal na pag-iisip upang mapaunlad ang pag-unawa sa binabasa ng mga mag-aaral.

3.2 Panghuling Pagganap ng mga Mag-aaral sa Antas 11 sa Pag-unawa sa Pagbasa gamit ang Peer Assisted Reading Instruction (PARI)

Inilalahad sa bahaging ito ang panghuling pagganap ng mga mag-aaral sa Antas 11 sa pag-unawa sa pagbasa matapos gamitin ang Peer Assisted Reading Instruction (PARI) bilang estratehiya sa pagtuturo. Isinagawa ang pagtatasa upang masukat ang antas ng kanilang pag-unawa batay sa mga itinakdang kompetensi, kabilang ang pagpapaliwanag sa nakapaloob na saloobin, paggamit ng mga estratehiya sa kritikal na pagbasa, at paghihinuha sa pangunahing mensahe at ipinahihiwatig na kahulugan ng binasang teksto. Layunin ng pagsusuring ito na matukoy ang antas ng pag-unlad sa pagganap ng mga mag-aaral matapos silang sumailalim sa mga gawaing nakatuon sa pagpapaliwanag, aktibong pakikilahok, pakikipagtulungan sa kapwa mag-aaral, at pagbibigay-kahulugan sa kanilang binasang akda. Sa pamamagitan ng PARI, nabigyan ang mga mag-aaral ng pagkakataong magbasa, makinig, magtanong, magpaliwanag, at magbigay ng katibayan upang mapalalim ang kanilang pag-unawa sa teksto. Sinuri rin sa bahaging ito kung paano nakaambag ang interaktibong proseso ng pagbasa sa paglinang ng kakayahan ng mga mag-aaral na magproseso at magsuri ng impormasyon. Ang pakikipagpalitan ng ideya sa kapareha ay nagsilbing pagkakataon upang maipahayag nila ang sariling pag-unawa, maitama ang maling interpretasyon, at mapagtibay ang sagot batay sa mga detalye ng teksto.

Inilalahad sa Talahanayan 2 ang panghuling pagganap ng mga mag-aaral sa Antas 11 sa pag-unawa sa pagbasa batay sa Budget of Work (BOW) matapos ang paglalapat ng estratehiyang Peer Assisted Reading Instruction (PARI). Nasuri sa pag-aaral na ito ang tatlong pangunahing kompetinsi. Ang unang kompetinsi, na nakatutok sa pagpapaliwanag ng mga nakapaloob na saloobin, paniniwala, o pananaw sa mga paksang sosyal at kultural sa iba't ibang sitwasyong pangkomunikasyon, ay nagtamo ng pangkalahatang *mean* na 66 at *Standard Deviation* (S.D.) na 22.5. Ang ikalawang kompetinsi naman, na ukol sa paggamit ng iba't ibang estratehiya sa kritikal na pagbasa at

panonood kabilang ang kamalayang kultural at sensibilidad upang bigyang-kahulugan ang iba't ibang anyo ng panitikan, midya, at komunikasyong dihital, ay nakakuha ng *mean* na 65 at S.D. na 17.5. Samantala, ang ikatlong kompetinsi hinggil sa paghinuha sa pangunahing mensahe, ipinahihiwatig na kahulugan, at pagkiling o *bias* sa mga komunikasyong pampubliko, sibiko, o kultural ay nagtamo ng *mean* na 56 at S.D. na 17.5.

Talahanayan 2

Panghuling Pagganap ng mga Mag-aaral sa Antas 11 sa Pag-unawa sa Pagbasa gamit ang Peer Assisted Reading Instruction (PARI)

Kompetensi	*Mean*	*S.D.*	Berbal na Paglalarawan	Interpretasyon
Naipaliliwanag ang mga nakapaloob na saloobin, paniniwala, o pananaw sa mga paksang sosyal at kultural sa iba't ibang sitwasyong pangkomunikasyon	66	22.5	Katamtaman	Bahagyang naunawaan. Ang mga mag-aaral ay may sapat na kaalaman sa literal na antas ngunit kulang sa interpretasyon.
Nagagamit ang iba't ibang estratehiya sa kritikal na pagbasa, at panonood, kabilang ang kamalayang kultural at sensibilidad upang bigyang-kahulugan ang iba't ibang anyo ng panitikan, midya, at komunikasyong dihital; at	65	17.5	Katamtaman	Bahagyang naunawaan. Ang mga mag-aaral ay may sapat na kaalaman sa literal na antas ngunit kulang sa interpretasyon.
Nahihinuha ang pangunahing mensahe, ipinahihiwatig na kahulugan, at pagkiling o bias sa mga komunikasyong pampubliko, sibiko, o kultural.	56	17.5	Katamtaman	Bahagyang naunawaan. Ang mga mag-aaral ay may sapat na kaalaman sa literal na antas ngunit kulang sa interpretasyon.

Leyenda:0-26=Nangangailangan ng Higit na Pagsasanay, 2746=Nangangailangan ng Pagsasanay, 47-66=Katamtaman, 67-86=Mahusay, 87-100=Napakahusay

Batay sa masusing pagsusuri sa mga datos, ang kompetinsi na nakakuha ng pinakamataas na marka ay ang pagpapaliwanag sa mga saloobin, paniniwala, o pananaw na may mean na 66, samantalang ang kompetinsi ukol sa paghinuha sa ipinahihiwatig na kahulugan at pagkiling o *bias* ang nakatamo ng pinakamababang mean na 56. Makikita rin sa *Standard Deviation* na 22.5 sa unang kompetinsi na may mas malawak na pagkakaiba-iba sa antas ng pagkatuto ang mga mag-aaral sa pagpapaliwanag ng saloobin kumpara sa iba pang mga kasanayan. Gayunpaman, ang lahat ng tatlong kompetinsi ay pare-parehong sumailalim sa berbal na deskripsyon na Katamtaman.

Nakakuha ng berbal na deskripsyong Katamtaman sa lahat ng larangan. Ito ay nangangahulugang ang mga mag-aaral ay mayroong bahagyang pag-unawa sa mga aralin. Sa antas na ito, naipamalas ng mga mag-aaral ang sapat at matibay na pundasyon sa literal na antas ng pagbasa, tulad ng pagtukoy sa hayag na impormasyon, pangunahing paksa, at tahasang pahayag sa teksto. Subalit, nagpapakita pa rin sila ng kapansin-pansing limitasyon o kakulangan kapag ang gawain ay nangangailangan na ng mas mataas na antas ng pag-iisip Higher-Order Thinking Skills o HOTS, partikular sa malalim na interpretasyon, pagsusuri ng nakagaganyak na pananaw, at pagkilala sa mga di-hayag na intensyon o pagkiling ng may-akda.

Ito ay nagpapahiwatig na ang estratehiyang PARI ay nakatutulong nang malaki sa pagbuo ng batayang pag-unawa sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa kapwa mag-aaral, ngunit kinakailangan pa rin ang karagdagang gabay at pag-alalay mula sa guro para sa mas malalalim na gawaing pampag-iisip. Ipinahihiwatig din nito na ang mga kasanayang tulad ng pagtukoy sa *bias* at implikasyon ay nangangailangan ng mas masinsinang pagsasanay at pagpapayabong sa mga kagamitang pampagtuturo upang tulungan ang mga mag-aaral na makatawid mula sa literal na pagbasa patungo sa analitikal at kritikal na pagsusuri.

Ayon kina Flores, Ribosa, at Duran (2024), nakatutulong ang peer tutoring sa pagpapaunlad ng pag-unawa sa binabasa. Ipinakita ng kanilang pag-aaral na ang paggamit ng mga estratehiya sa pagbasa, paulit-ulit na pagbasa, at pakikipagtulungan ng mga mag-aaral ay nakapagpapahusay sa pag-unawa sa pagbasa. Ito ay sumusuporta sa resulta ng kasalukuyang pag-aaral kung saan tumaas ang pagganap ng mga mag-aaral sa pagpapaliwanag ng

saloobin sa mga binasang teksto matapos gamitin ang Peer Assisted Reading Instruction (PARI).

Pinatutunayan naman ito sa pag-aaral nina Alcaraz at Dela Cruz (2023) na ang mga interaktibong estratehiya at talakayang batay sa kapwa mag-aaral ay may mahalagang papel sa paglinang ng kritikal na pag-unawa sa mga saloobin at kultural na konteksto ng teksto. Ito rin ay naayon ng kasalukuyang pag-aaral na nagpakita ng pagtaas ng mga *mean* na marka matapos ang implementasyon ng Peer Assisted Reading Instruction. Mahalaga sa pag-unawa sa teksto ang pagkilala sa saloobin at pananaw ng mga tauhan o may-akda. Nakatutulong din ang pakikipagtalakayan sa kapwa mag-aaral upang higit na mapalalim ang pag-unawa sa binabasa. Sa pamamagitan ng palitan ng kuro-kuro at paglalagay ng kanilang sarili sa sitwasyon ng mga tauhan, mas madali nilang natukoy at naipaliwanag ang kanilang saloobin kaugnay ng mga paksang sosyal at kultural.

Sa kabuoan, ang paggamit ng Peer Assisted Reading Instruction (PARI) ay nakapaghatid ng Katamtamang antas ng pagganap sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Antas 11. Nakatutulong ang PARI upang maabot ng mga mag-aaral ang literal at batayang pag-unawa sa iba't ibang sitwasyong pangkomunikasyon at anyo ng midya. Upang mas maiangat pa ang pagganap ng mga mag-aaral mula sa Katamtaman tungo sa Mahusay o Napakahusay, kinakailangang pag-isahin ang estratehiyang *peer-tutoring* at ibang gawaing naglilinang ng kritikal na pag-iisip, pagpapakahulugan sa mga implikasyon, at pagkilala sa pagkiling o *bias* sa binasang teksto.

3.3 Pagkakaiba sa Pagganap ng mga Mag-aaral sa Pag-unawa sa Pagbasa Bago at Pagkatapos gamitin ang Peer Assisted Reading Instruction (PARI)

Inilalahad sa bahaging ito ang pagsusuri sa pagkakaiba ng pagganap ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa pagbasa ng ibat ibang teksto bago at pagkatapos gamitin ang Peer Assisted Reading Instruction (PARI). Layunin nitong matukoy kung nagkaroon ng makabuluhang pagbabago sa kanilang kakayahan batay sa mga itinakdang kompetensi tulad ng pagpapaliwang ng saloobin, pagggamit ng ibat ibang stratehiya sa kritikal na pagbasa, at paghihinuha ng mensahe sa mga binasang teksto. Ang paghahambing ng paunang at panghuling pagganap ay nagsisilbing batayan sa pagtukoy kung nagkaroon ng pag-unlad sa pag-unawa sa pagbasa matapos ang implementasyon ng PARI. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa nakuhang datos, natutukoy kung naging epektibo ang interbensiyon sa pagpapalawak ng kakayahan ng mga mag-aaral na magbigay-kahulugan, magsuri ng impormasyon, at makabuo ng angkop na interpretasyon batay sa tekstong binasa.

Talahanayan 3
Pagkakaiba sa Pagganap ng mga Mag-aaral sa Pag-unawa sa Pagbasa Bago at Pagkatapos gamitin ang Peer Assisted Reading Instruction (PARI)

Kompetensi	*t-value*	*df*	*Mean Difference*	*p-value*	Desisyon	Intepretasyon
Naipaliliwanag ang mga nakapaloob na saloobin, paniniwala, o pananaw sa mga paksang sosyal at kultural sa iba't ibang sitwasyong pangkomunikasyon	4.70	29	14.4	<0.001	*Reject* H_0	*Significant o* makabuluhan
Nagagamit ang iba't ibang estratehiya sa kritikal na pagbasa, at panonood, kabilang ang kamalayang kultural at sensibilidad upang bigyang-kahulugan ang iba't ibang anyo ng panitikan, midya, at komunikasyong dihital; at	5.32	29	17.4	<0.001	*Reject* H_0	*Significant o* makabuluhan
Nahihinuha ang pangunahing mensahe, ipinahihiwatig na kahulugan, at pagkiling o bias sa mga komunikasyong pampubliko, sibiko, o kultural.	4.35	29	12.6	<0.001	*Reject* H_0	*Significant o* makabuluhan

Ipinakikita sa Talahanayan 3 ang pagsusuri sa makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng paunang pagganap at

panghuling pagganap sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Antas 11 bago at pagkatapos gamitin ang *Peer Assisted Reading Instruction* (PARI). Nasuri sa Talahanayan 3 ang tatlong pangunahing kompetinsi gamit ang *paired samples t-test* na may *degrees of freedom* (df) na 29. Sa unang kompetinsi hinggil sa pagpapaliwanag ng mga nakapaloob na saloobin, paniniwala, o pananaw sa mga paksang sosyal at kultural, nakatamo ito ng *t-value* na 4.70 at *mean difference* na 14.4 na may *p-value* na <0.001. Sa ikalawang kompetinsi naman ukol sa paggamit ng iba't ibang estratehiya sa kritikal na pagbasa at panonood kabilang ang kamalayang kultural at sensibilidad, nagtamo ito ng *t-value* na 5.32 at *mean difference* na 17.4 na may *p-value* na <0.001. Samantala, ang ikatlong kompetinsi ukol sa paghinuha sa pangunahing mensahe, ipinahihiwatig na kahulugan, at pagkiling ay nakakuha ng *t-value* na 4.35 at *mean difference* na 12.6 na may *p-value* na <0.001. Dahil dito, ang desisyon para sa lahat ng tatlong kompetinsi ay Tinanggihan *o Reject Ho* at ang berbal na deskripsyon ng resulta ay Makabuluhan o *Significant*.

Batay sa masusing pagsusuri sa mga estatistikal na datos, ang ikalawang kompetinsi na nakatutok sa paggamit ng mga estratehiya sa kritikal na pagbasa at panonood ang nagpakita ng pinakamataas na pag-unlad o *mean difference* na 17.4 at *t na* 5.32. Sinundan ito ng unang kompetinsi sa pagpapaliwanag ng saloobin, paniniwala, at pananaw na may *mean difference na* 14.4 at *t* na 4.70, habang ang ikatlong kompetinsi sa paghinuha ng mensahe at pagkiling naman ang nagpakita ng pinakamababang taas ng marka na may *mean difference* na 12.6 at *t* na 4.35. Gayunpaman, mapapansin na ang lahat ng *p-value* (<0.001) ay mas mababa sa pamantayang antas ng kahalagahan o *significance level* na 0.05, na nagpapatunay na mayroong mataas at pare-parehong resulta na pag-unlad sa lahat ng sukatang kasanayan matapos ang interbensyon.

Matapos matukoy ang berbal na deskripsyon na Makabuluhan o Significant para sa lahat ng pamantayan, ito ay nangangahulugang ang pagtaas sa mga marka ng mag-aaral mula sa pauna tungo sa panghuling pagtataya ay hindi lamang bunga ng pagkakataon, kundi isang tuwirang epekto ng pagpapatupad ng interbensyong Peer Assisted Reading Instruction (PARI). Ipinagpapakahulugan nito na ang estratehiyang kolaboratibo sa pagbasa, kung saan ang mga mag-aaral ay nagtutulungan sa pagpapalitan ng gampanin, ay epektibong pamamaraan upang maitaas ang antas ng kasanayan at pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga paksang sosyal, kultural, at midya kumpara sa kanilang dating antas ng kaalaman bago ang interbensyon.

Ito ay nagpapahiwatig na ang paggamit ng interaksyong o *peer-to-peer* ay nagbibigay ng ligtas at nakahihimok na kapaligiran sa pagkatuto. Ipinahihiwatig din nito na kapag ang mga mag-aaral ay binigyan ng estruktural na pagkakataon na magtalakayan, magtanong, at magpaliwanag sa kanilang kapwa mag-aaral, mas madali nilang nauunawaan ang estratehiya sa kritikal na pagbasa. Bukod dito, ipinapakita ng resulta na kinakailangan ang patuloy na pagpapatupad ng mga estratehiyang nakabatay sa pakikipagtulungan ng kapwa mag-aaral sa iba pang mga aralin upang mas mapanatili ang pagtaas ng antas ng literasiya at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral sa Antas 11. Ayon sa mga pag-aaral nina Fuchs at Fuchs (2007) at Saenz et al. (2005), nakatala ng makabuluhang pagtaas at pagkakaiba sa marka ng pag-unawa sa pagbasa ang mga mag-aaral matapos silang ilantad sa mga estrukturadong gawaing batay sa kapwa mag-aaral. Ipinaliliwanag sa kanilang natuklasan na ang tuloy-tuloy na balik-tugon at ginagabayang pagpoproseso ay epektibong nagpababa sa antas ng pagkabigo o *frustration level* at nagpataas sa pangkalahatang kasanayan sa pagbasa kumpara sa paunang marka bago ang interbensyon. Ito ay sumusuporta sa kasalukuyang pag-aaral kung saan nagkaroon din ng makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral matapos gamitin ang Peer Assisted Reading Instruction (PARI).

Sinuportahan ito ng pag-aaral nina Fernandez at Padilla (2020) na ang hayag na pagtuturo ng kritikal na pag-iisip ay nakatutulong sa pagpapabuti ng kritikal na pagbasa. Naitala sa kanilang pag-aaral ang makabuluhang pagtaas sa pagganap ng mga mag-aaral matapos ang interbensiyon. Napatunayan na ang mga estratehiya sa pagbasa ay epektibong nakatutulong upang matugunan ang mga hamon ng mga mag-aaral mula sa mababaw na pag-alala ng impormasyon patungo sa mas mataas na antas ng paghinuha at interpretasyon. Ang resulta ay nagpapakita na ang mga estratehiyang nagbibigay-diin sa aktibong pagkatuto ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng pag-unawa sa binasa. Pinatunayan nina Duke, Ward, at Pearson (2021) sa kanilang komprehensibong pagsusuri sa Science of Reading na ang pagsasama ng mga aktibong estratehiya sa pagbasa tulad ng: paghuhula, pagtatanong;

at pagbubuod ay nagdudulot ng pagtaas sa marka ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang pagkakaibang ito bago at pagkatapos ng interbensyon ay nagpapatunay na ang pag-unawa ay isang kasanayang kayang linangin kapag ginamitan ng angkop na pedagohikal na estratehiya. Ang kanilang natuklasan ay umaayon sa resulta ng kasalukuyang pag-aaral na nagpakita ng makabuluhang pagtaas ng mga marka matapos gamitin ang Peer Assisted Reading Instruction.

Batay sa pagsusuri sa isang systematic review na inilathala sa Educational Research Review (2026), sinuri ang mga interbensyon para sa mga mag-aaral na may kahirapan sa pagbasa mula Grades 4–12. Natuklasan na ang mga estratehiya tulad ng *peer-assisted learning* at *comprehension monitoring* ay nagdulot ng makabuluhang pagtaas sa pag-unawa sa pagbasa. Ang mga mag-aaral na may mababang performans bago ang interbensyon ay nakapagtala ng mas mataas na antas ng pag-unawa matapos itong ipatupad. Ang natuklasang ito ay sumusuporta sa makabuluhang pagtaas ng pagganap ng mga mag-aaral sa kasalukuyang pag-aaral. Binibigyanag diin naman nina Curammeng at Adviento (2025), na ang paggamit ng mga makabago at interaktibong estratehiya sa pagbasa ay may mahalagang papel sa pagpapataas ng antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa Filipino. Ipinakita sa kanilang mga natuklasan na ang mga gawaing naghihikayat sa aktibong pakikilahok, biswal na suporta, at ginagabayang talakayan ay nakatutulong upang malampasan ng mga mag-aaral mula sa mababaw na pag-alala patungo sa mas malalim na pagsusuri at pagbibigay-kahulugan sa teksto. Ang natuklasang ito ay sumusuporta sa makabuluhang pagtaas ng pagganap ng mga mag-aaral sa kasalukuyang pag-aaral

Sa kabuoan, nagpapatunay na ang paggamit ng mga interbensiyon at makabagong estratehiya sa pagtuturo ay nagdudulot ng makabuluhang pagtaas sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ipinakita ng kanilang mga natuklasan na ang mga gawaing nagbibigay-diin sa aktibong pakikilahok, kritikal na pag-iisip, at personal na pagproseso ng impormasyon ay nakapagpapataas ng pagganap ng mga mag-aaral. Ang mga resultang ito ay sumusuporta sa kasalukuyang pag-aaral na nagpakita ng makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa pagbasa bago at pagkatapos gamitin ang Peer Assisted Reading Instruction, gaya ng pinatutunayan ng mataas na *t-values*, malaking *mean differences*, at *p-value* na mas mababa sa 0.001.

3.4 Gamit ang Peer Assisted Reading Instruction ayon sa Interes

Inilalahad sa bahaging ito ang interes ng mga mag-aaral sa Antas 11 sa pag-unawa sa pagbasa matapos gamitin ang Peer Assisted Reading Instruction (PARI). Sinuri dito kung nakatulong ang PARI sa pagpukaw at pagpapanatili ng interes ng mga mag-aaral sa mga gawaing pagbasa sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa kapwa mag-aaral, pagtutulungan, at aktibong pakikilahok sa mga gawain. Ang mga resulta ay magsisilbing batayan sa pagtukoy kung naging epektibo ang PARI sa paglinang ng interes ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa iba’t ibang teksto.

Talahanayan 4

Gamit ang Peer Assisted Reading Instruction ayon sa Interes

Interes	*Mean*	*S.D.*	Deskripsyon	Interpretasyon
Gamit ang estratehiyang PARI ako ay may mataas na interes na magbasa ng iba’t ibang teksto.	4.30	0.75	Lubos ng Sumasang-ayon	Napakataas ng Interes. Ang estratehiya ay nagpapakita ng napakalakas na positibong epekto sa kagustuhan ng mag-aaral na matuto sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa kapwa mag-aaral.
Nakakatulong ang estratehiyang PARI na maunlad ang aking kasanayan sa pagbasa.	4.37	0.49	Lubos ng Sumasang-ayon	Napakataas ng Interes. Ang estratehiya ay nagpapakita ng napakalakas na positibong epekto sa kagustuhan ng mag-aaral na matuto sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa kapwa mag-aaral.
Nakasasagot ako sa tamang oras gamit ang estratehiyang PARI.	4.27	0.69	Lubos ng Sumasang-ayon	Napakataas ng Interes. Ang estratehiya ay nagpapakita ng napakalakas na positibong epekto sa kagustuhan ng mag-aaral na matuto sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa kapwa mag-aaral.
Overall Mean	4.31	0.64	Lubos ng Sumasang-ayon	Napakataas ng Interes. Ang estratehiya ay nagpapakita ng napakalakas na positibong epekto sa kagustuhan ng mag-aaral na matuto sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa kapwa mag-aaral.

Leyenda: 4.21-5.00=Lubos ng sumang-ayon, 3.41-4.20=Sumasang-ayon, 2.61-3.40=Katamtaman, 1.81-2.60, 1.00-1.80=Lubos na hindi sumasang-ayon

Ipinakikita sa Talahanayan 4 ang nahihinuhang karanasan ng mga respondenteng mag-aaral sa kanilang pag-unawa sa pagbasa gamit ang estratehiyang Peer Assisted Reading Instruction (PARI) sa usapin ng kanilang interes. Sa pangkalahatan, nakakuha ang estratehiya ng *Overall Mean* na 4.31 at *Standard Deviation* na 0.64. Kung susuriin ang bawat pamantayan, lumalabas na ang ikalawang pamantayan, ang pagtulong ng estratehiyang PARI na mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa ng mag-aara ang nakakamit ng pinakamataas na marka na may *mean* na 4.37 at *S.D*. na 0.49. Sinusundan ito ng unang pamantayan ukol sa pagkakaroon ng mataas na interes na magbasa ng iba't ibang teksto gamit ang PARI na nakakuha ng *mean* na 4.30 at *S.D.* na 0.75. Samantala, ang ikatlong pamantayan naman na tumutukoy sa kakayahang makasagot sa tamang oras gamit ang PARI ay nakatamo ng *mean* na 4.27 at *S.D.* na 0.69. Ang lahat ng pamantayan, pati na ang pangkalahatang antas, ay pare-parehong sumailalim sa berbal na deskripsyon na Lubos ng Sumasang-ayon.

Batay sa masusing pagsusuri sa mga datos, ipinapakita ng napakababang *Standard Deviation* na 0.49 sa ikalawang pamantayan at 0.64 sa pangkalahatan na napakaliit ng pagitan ng mga tugon ng mga mag-aaral, na nagpapatunay ng mataas na kasunduan o pagkakaisa sa kanilang positibong karanasan sa PARI. Ang pamantayan ukol sa pag-unlad ng kasanayan sa pagbasa na may mean na 4.37 ang naging pangunahing dahilan ng pagtaas ng kanilang motibasyon, samantalang ang maagap na pagtugon sa tamang oras na may mean na 4.27 ay nagpapakita na ang estratehiya ay nagdudulot din ng magandang disiplina sa oras habang nag-aaral sa pamamagitan ng kolaboratibong gawain. Matapos matukoy ang berbal na deskripsyon na Lubos ng Sumasang-ayon sa lahat ng pamantayan, ito ay isinasalin sa kwalitatibong pagpapakahulugan na Napakataas ng Interes. Ang pagpapakahulugang ito ay nagpapatunay na ang estratehiyang PARI ay may napakalakas na positibong epekto sa kagustuhan at emosyonal na kahandaan ng mga mag-aaral na matuto sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa kanilang kapwa mag-aaral. Ipinagpapakahulugan nito na kapag ang proseso ng pagbasa ay ginawang interaktibo at kolaboratibo, nababawasan ang kabagutang karaniwang nararanasan sa indibidwal na pagbasa, at sa halip ay napapalitan ito ng mas mataas na sigla, tiwala sa sarili, at aktibong pakikilahok sa mga gawaing pampagkatuto.

Ito ay nagpapahiwatig na ang interes at motibasyon ay mga kritikal na salik sa tagumpay ng anumang interbensyon sa pagbasa. Ipinahihiwatig ng mga resulta na hindi lamang napatataas ng estratehiyang PARI ang antas ng motibasyon ng mga mag-aaral, kundi nakatutulong din ito upang maging mas mahusay, tiyak, at maagap sila sa pagsagot at pag-unawa sa mga binabasang teksto. Bukod dito, nagpapatunay ito sa mga guro at tagahubog ng kurikulum na ang paggamit ng stratehiyang nakabatay sa pagtutulungan ng kapwa mag-aaral ay isang mabisang pamamaraan upang mapanatili ang pokus at interes ng mga mag-aaral sa Senior High School. Umaayon ito sa pag-aaral nina Fuchs at Fuchs (2005) tungkol *sa peer-assisted learning*, na nagpapakitang ang pakikipagtulungan ng mga mag-aaral ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng pag-unawa sa pagbasa. Kaugnay nito, ipinakita nina Guthrie et al. (2004) sa Concept-Oriented Reading Instruction (CORI) na ang paggamit ng mga estratehiya at aktibong pakikilahok sa pagbasa ay nakatutulong sa pagpapataas ng interes, pakikilahok, at pag-unawa ng mga mag-aaral sa tekst. Ipinakita nina Flores at Rayon Jr. (2026) na ang peer-assisted reading ay maaaring makatulong sa pagpapataas ng motibasyon at interes sa pagbasa ng mga mag-aaral na may kahirapan sa pagbasa.

Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Guthrie et al. (2013) na mahalagang salik ang interes at motibasyon sa paglinang ng mga estratehiya sa pag-unawa sa pagbasa. Ipinakikita na ang mga mag-aaral na may mataas na antas ng motibasyon ay mas aktibong nakikilahok sa proseso ng pagbasa, mas nagsisikap na maunawaan ang teksto, at mas epektibong gumagamit ng mga estratehiya upang makabuo ng kahulugan mula sa kanilang binabasa**.** Sa ganitong pananaw, maaaring iturin ang mataas na interes ng mga mag-aaral sa paggamit ng PARI bilang mahalagang salik sa kanilang aktibong pakikilahok at patuloy na pag-unlad sa pag-unawa sa pagbasa.

Sa kabuoan, ipinapakita nito na ang Interes sa paggamit ng Peer Assisted Reading Instruction (PARI) ay matagumpay na nakalilinang ng Napakataas na Interes sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Antas 11. Ang mataas na marka sa pangkalahatang *mean* na 4.31 at ang berbal na deskripsyong Lubos ng Sumasang-ayon ay nagpapatunay na ang PARI ay hindi lamang mabisang kagamitang akademiko para sa pagpapaunlad ng kasanayan, kundi isa ring mabisang pamamaraan upang mapanatiling masigasig ang mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tulong ng kolaboratibong pagkatuto.

3.5 Gamit ang Peer Assisted Reading Instruction ayon sa Partisipasyon

Inilalahad sa bahaging ito ang partisipasyon ng mga mag-aaral sa paggamit ng Peer Assisted Reading Instruction (PARI) bilang interbensiyon sa pag-unawa sa pagbasa. Tinutukoy dito ang antas ng aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa mga gawaing isinagawa sa pares, tulad ng pagbasa, pakikinig, pagtatanong, pagpapaliwanag, pagbibigay ng katibayan, at pakikipagpalitan ng ideya. Ang resulta ay magsisilbing batayan sa pagtukoy kung nakatulong ang PARI sa pagpapalakas ng pakikilahok, pakikipagtulungan, at aktibong pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga gawaing pagbasa. Sa pamamagitan ng PARI, nabigyan ang mga mag-aaral ng pagkakataong maging aktibong kalahok sa proseso ng pagkatuto sa halip na maging tagatanggap lamang ng impormasyon. Ang pagsasagawa ng mga gawaing pagbasa nang pares ay nagbigay-daan upang makapagpalitan sila ng ideya, makapagtanong at makapagpaliwanag sa kanilang kapareha, at makapagbigay ng katibayan upang suportahan ang kanilang pag-unawa sa binasang teksto.

Talahanayan 5
Gamit ang Peer Assisted Reading Instruction ayon sa Partisipasyon

Partispasyon	*Mean*	*S.D.*	Deskripsyon	Interpretasyon
Aktibo akong nakikibahagi sa mga nakalaang gawain sa pagbasa kasama ang aking kapareha gamit ang estratehiyang PARI.	4.43	0.50	Lubos ng Sumasang-ayon	Lubos na Epektibo: Ang estratehiyang PARI ay nagdulot ng malawakan, agaran, at patuloy na aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa lahat ng gawain.
Naibabahagi ko nang may kumpiyansa ang aking mga ideya at pananaw sa aking kapareha habang nagbabasa.	4.37	0.56	Lubos ng Sumasang-ayon	Lubos na Epektibo: Ang estratehiyang PARI ay nagdulot ng malawakan, agaran, at patuloy na aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa lahat ng gawain.
Nakikinig ako nang mabuti at tumutulong sa aking kapareha upang mas maunawaan namin ang tekstong binabasa.	4.53	0.57	Lubos ng Sumasang-ayon	Lubos na Epektibo: Ang estratehiyang PARI ay nagdulot ng malawakan, agaran, at patuloy na aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa lahat ng gawain.
Overall Mean	4.44	0.54	Lubos ng Sumasang-ayon	Lubos na Epektibo: Ang estratehiyang PARI ay nagdulot ng malawakan, agaran, at patuloy na aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa lahat ng gawain.

Leyenda: 4.21-5.00=Lubos ng sumang-ayon, 3.41-4.20=Sumasang-ayon, 2.61-3.40=Katamtaman, 1.81-2.60, 1.00-1.80=Lubos na hindi sumasang-ayon

Ipinakikita sa Talahanayan 5 ang nahihinuhang karanasan ng mga respondenteng mag-aaral sa kanilang pag-unawa sa pagbasa gamit ang estratehiyang Peer Assisted Reading Instruction (PARI) sa usapin ng kanilang partisipasyon. Sa pangkalahatan, nakatamo ang estratehiya ng *Overall Mean* na 4.44 at *Standard Deviation* na 0.54. Kung susuriin ang bawat pamantayan, lumalabas na ang ikatlong pamantayan, ang mabuting pakikinig at pagtulong sa kapareha upang mas maunawaan ang tekstong binabasa, ang nakakamit ng pinakamataas na marka na may *mean* na 4.53 at S.D. na 0.57. Sinusundan ito ng unang pamantayan ukol sa aktibong pakikibahagi sa mga nakalaang gawain sa pagbasa kasama ang kapareha na nakakuha ng *mean* na 4.43 at S.D. na 0.50. Samantala, ang ikalawang pamantayan naman na tumutukoy sa pagbabahagi ng ideya at pananaw nang may kumpiyansa sa kapareha habang nagbabasa ay nakatamo ng *mean* na 4.37 at S.D. na 0.56. Ang lahat ng indikador na ito, pati na ang pangkalahatang marka, ay pare-parehong pumasok sa berbal na deskripsyon na Lubos ng Sumasang-ayon.

Batay sa masusing pagsusuri sa mga datos, ipinapakita ng napakababang *Standard Deviation* na 0.50 sa unang pamantayan at 0.54 sa pangkalahatan na napakaliit ng pagitan ng mga tugon ng mga mag-aaral, na nagpapatunay na mayroong mataas na kasunduan o pagkakaisa sa kanilang aktibong pakikilahok habang ginagamit ang PARI. Ang ikatlong indikador ukol sa pakikinig at pagtulong sa kapareha na mean na 4.53 ang nakakuha ng pinakamataas na marka ay nagpapatunay na ang PARI ay nakahuhubog ng matibay na pundasyon ng pakikipagkapwa, at suportahang pampagkatuto. Bukod dito, ang mataas na marka sa pagbabahagi ng ideya nang may kumpiyansa na may meanna 4.37 ay nagpapakita na ang estratehiya ay nagbibigay ng ligtas na espasyo sa silid-aralan upang malayang maipahayag ng mag-aaral ang kaniyang kaisipan.

Ipinahihiwatig din ng pag-aaral na ang *Metacognitive Strategy* ay hindi lamang isang estratehiya sa pagbasa kundi isang mahalagang kasangkapan sa pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip, paglutas ng suliranin, at independiyenteng pagkatuto. Sa pamamagitan nito, natututo ang mga mag-aaral na magkaroon ng mas malaking

pananagutan sa kanilang sariling pagkatuto at nagiging mas epektibo sila sa pagproseso at pag-unawa ng impormasyon. Sa kabuoan, ipinahihiwatig ng mga natuklasan na ang paggamit ng Metacognitive Strategy ay mahalaga upang matugunan ang mababang antas ng literal, inferensyal, at kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral. Bilang implikasyon, nararapat itong maisama sa mga gawaing pampagtuturo sa pagbasa upang higit na malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa, pagsusuri, at mas malalim na pagproseso ng mga impormasyong kanilang binabasa.

3.2 Antas ng Kasanayan ng mga Respondenteng Mag-aaral sa Panghuling Pagganap gamit ang Metacognitive Strategy sa Pagtuturo ng Kuwento

Ang bahaging ito ay naglalahad ng antas ng kasanayan ng mga respondenteng mag-aaral sa panghuling pagganap matapos gamitin ang *Metacognitive Strategy* sa pagtuturo ng kuwento. Sinusukat ang kanilang kasanayan batay sa mga pamantayang Literal na Pagbasa, Inferensyal na Pag-unawa, at Kritikal at Personal na Pag-unawa. Ang mga resulta ay nagsisilbing batayan upang matukoy ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral pagkatapos ng implementasyon ng *Metacognitive Strategy* at upang masuri kung nagkaroon ng pag-unlad sa kanilang kasanayan sa pag-unawa ng kuwento.

Talahanayan 2
Antas ng Kasanayan ng mga Respondenteng Mag-aaral sa Panghuling Pagganap gamit ang Metacognitive Strategy sa Pagtuturo ng Kuwento

Pamantayan	*Nagsisimula (Beginning)* f (%)	*Papalapit sa Kahusayan (Approaching Proficiency)* f (%)	*Napakahusay (Advanced)* f(%)	*Mean*	*S.D.*	*Verbal Description*
Literal na Pagbasa	19(19.2%)	70(70.7%)	10(10.1%)	78	10.7	Umuunlad (Developing)
Inferensyal na Pag-unawa	25(25.3%)	66(66.7%)	8(8.1%)	77	11.1	Umuunlad (Developing)
Kritikal at Personal na Pag-unawa	26(26.3%)	72(72.7%)	1(1.0%)	75	9.19	Umuunlad (Developing)

Leyenda: 74% at pababa =Nagsisimula (Beginning); 75% – 79%= Umuunlad (Developing); 80% – 84%= Papalapit sa Kahusayan (Approaching Proficiency); 85% – 89%= Mahusay (Proficient), 90% at pataas= Napakahusay (Advanced)

Makikita sa talahanayan 2 ang antas ng kasanayan ng mga respondenteng mag-aaral sa panghuling pagganap matapos gamitin ang *Metacognitive Strategy* sa pagtuturo ng kuwento. Sinusukat ang kanilang pag-unawa batay sa Literal na Pagbasa, Inferensyal na Pag-unawa, at Kritikal at Personal na Pag-unawa. Ang mga resulta ay nagpapakita ng pagbabago sa antas ng kanilang pag-unawa matapos ang interbensiyon.

Sa Literal na Pagbasa, mayroong labing-siyam (19) na respondente o 19.2% na nasa antas na Nagsisimula (*Beginning*), pitumpu (70) o 70.7% na nasa antas na Papalapit sa Kahusayan (*Approaching Proficiency*), at sampu (10) o 10.1% na nasa antas na Napakahusay (*Advanced*). Nagtala ito ng *mean* na 78 at *standard deviation* na 10.7 na may berbal na deskripsiyong Umuunlad (*Developing*). Ipinakikita ng resultang ito na karamihan sa mga mag-aaral ay nakalampas na sa antas na Nagsisimula at unti-unti nang nahuhubog ang kanilang kakayahan sa pagtukoy at pag-unawa sa mga tahasang impormasyong nakapaloob sa teksto. Ang pagkakaroon ng ilang mag-aaral sa antas na Napakahusay ay nagpapakita na may mga respondente nang nakapagtamo ng mataas na antas ng pag-unawa sa literal na pagbasa matapos gamitin ang *Metacognitive Strategy.* Gayunman, maaaring maiugnay ang pag-angat ng karamihan ng mga mag-aaral sa isang antas lamang sa kanilang panimulang antas ng kasanayan at sa pangangailangan ng tuloy-tuloy na pagsasanay upang higit na maging matatag ang kanilang kakayahan sa pagtukoy at pag-unawa sa tahasang impormasyon.

Sa Inferensyal na Pag-unawa, dalawampu't lima (25) o 25.3% ng mga respondente ang nasa antas na Nagsisimula (*Beginning*), animnapu't anim (66) o 66.7% ang nasa antas na Papalapit sa Kahusayan (*Approaching Proficiency*), at walo (8) o 8.1% ang nasa antas na Napakahusay *(Advanced*). Nakapagtala ito ng *mean* na 77 at *standard deviation* na 11.1 na may berbal na deskripsiyong Umuunlad (*Developing)*. Ipinahihiwatig nito na mas marami nang mag-aaral ang nakabubuo ng mga hinuha, nakapag-uugnay ng mga pangyayari, at nakapagbibigay ng interpretasyon sa mga impormasyong hindi tahasang nakasaad sa teksto. Bagama't may ilan pa ring nasa antas

na Nagsisimula, malinaw na mas mataas ang bilang ng mga mag-aaral na nakaaabot na sa antas na Papalapit sa Kahusayan, na nagpapakita ng positibong epekto ng interbensiyon. Gayunman, maaaring maiugnay ang isang antas lamang na pag-angat ng karamihan sa mas mataas na pangangailangang kognitibo ng inferensyal na pag-unawa, sapagkat nangangailangan ito ng higit na pagsasanay sa pagbibigay ng hinuha, pag-uugnay ng mga ideya, at pagbubuo ng interpretasyon mula sa mga pahiwatig ng teksto.

Samantala, sa Kritikal at Personal na Pag-unawa, dalawampu't anim (26) o 26.3% ng mga respondente ang nasa antas na Nagsisimula (*Beginning*), pitumpu't dalawa (72) o 72.7% ang nasa antas na Papalapit sa Kahusayan (*Approaching Proficiency*), at isa (1) o 1.0% lamang ang nasa antas na Napakahusay (*Advanced*). Nagtala ito ng *mean* na 75 at *standard deviation* na 9.19 na may berbal na deskripsiyong Umuunlad (*Developing*). Ipinakikita nito na bagama't may pag-unlad na naganap sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri, paghusga, at pag-uugnay ng mga ideya sa kanilang personal na karanasan, nananatili itong pinakamababang mean sa tatlong pamantayan. Nangangahulugan ito na ang kritikal at personal na pag-unawa ay nananatiling pinakamahirap na kasanayang malinang dahil nangangailangan ito ng mas mataas na antas ng pag-iisip at mas malalim na pagpoproseso ng impormasyon. Dahil dito, maaaring maiugnay ang isang antas lamang na pag-angat ng karamihan sa pangangailangan ng mas mahabang panahon at higit na tuloy-tuloy na pagsasanay sa pagsusuri, pagbibigay ng sariling pananaw, pagbibigay-katwiran, at pag-uugnay ng mga ideya sa personal na karanasan.

Sa kabuoan, ang mga resulta ay nagpapakita ng malinaw na pag-unlad sa pagganap ng mga mag-aaral matapos gamitin ang *Metacognitive Strategy*. Bagama't ang kabuuang berbal na deskripsiyon sa tatlong pamantayan ay nananatiling Umuunlad (*Developing*), kapansin-pansin na ang karamihan sa mga respondente ay nasa antas na Papalapit sa Kahusayan (*Approaching Proficiency*). Ipinahihiwatig nito na naging mabisa ang *Metacognitive Strategy* sa pagpapataas ng antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa kuwento, lalo na sa literal at inferensyal na pag-unawa, at nagkaroon din ng positibong ambag sa paglinang ng kanilang kritikal at personal na pag-unawa.

Ang salik ay ang pagbabago ng resulta mula sa pauna tungo sa panghuling pagsusulit ay maaaring maiugnay sa paglalapat ng *Metacognitive Strategy*, kung saan nabigyan ang mga mag-aaral ng pagkakataong magplano, magsubaybay, at magsuri ng kanilang sariling pag-unawa habang nagbabasa at sumusuri ng kuwento. Ang paulit-ulit na pagsasagawa ng mga gawaing nakatuon sa pag-unawa sa teksto ay maaaring nakatulong sa pagpapaunlad ng kanilang kakayahang tukuyin ang mahahalagang impormasyon, bumuo ng hinuha, magsuri ng mga ideya, at magbigay ng sariling pananaw. Maaari ring nakaambag ang patuloy na pagsasanay at pagkakalantad sa mga gawaing pampagbasa sa pagtaas ng kanilang pagganap. Gayunman, batay sa nakalap na datos, ang mga salik na ito ay maaaring ituring na posibleng paliwanag lamang sa pagbabago ng resulta sapagkat hindi partikular na sinukat ng pag-aaral ang kontribusyon ng bawat salik.

Ang pagtaas ng pagganap ng mga mag-aaral mula sa paunang pagsusulit tungo sa panghuling pagsusulit ay maaaring maiugnay sa paggamit ng *Metacognitive Strategy*. Sa pamamagitan ng pagpaplano, pagmomonitor, at pagsusuri ng sariling pag-unawa, nabigyan ang mga mag-aaral ng mas malinaw na proseso kung paano nila haharapin at uunawain ang isang kuwento. Nakatulong ang mga gawaing ito upang maging mas aktibo ang mga mag-aaral sa pagtukoy ng mahahalagang impormasyon, pagbuo ng hinuha, pagsusuri ng mga ideya, at pagbibigay ng sariling pananaw. Gayunman, hindi nangangahulugang agad na maaabot ng mga mag-aaral ang pinakamataas na antas ng kasanayan matapos lamang ang isang interbensiyon. Ang pag-unawa sa kuwento, lalo na sa inferensyal at kritikal na antas, ay nangangailangan ng patuloy na pagsasanay at paulit-ulit na paggamit ng kasanayan. Samakatuwid, ang pag-angat ng karamihan sa isang antas ay maaaring magpahiwatig na nagsimula nang maging epektibo ang estratehiya, ngunit kailangan pa ng mas mahabang panahon at mas maraming pagkakataon para sa aplikasyon nito upang higit na mapaunlad at mapatatag ang kasanayan ng mga mag-aaral.

Ang isang posibleng dahilan ay ang maikling panahon ng implementasyon ng estratehiya. Bagama't nakatulong ang *Metacognitive Strategy* upang mapabuti ang pagganap ng mga mag-aaral, maaaring hindi sapat ang panahon upang lubusang malinang ang kanilang mga kasanayan hanggang sa pinakamataas na antas. Ang *metacognition* ay hindi lamang simpleng pagkatuto ng isang pamamaraan; nangangailangan ito ng patuloy na

pagsasanay upang masanay ang mga mag-aaral sa pagpaplano bago magbasa, pagsubaybay habang nagbabasa, at pagsusuri sa kanilang pag-unawa pagkatapos magbasa. Maaari ring nakaapekto ang panimulang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral. Dahil nagsimula sila sa mababang antas ng pag-unawa, kinakailangan muna nilang magkaroon ng matibay na pundasyon sa literal na pagbasa bago lubusang mapaunlad ang mas mataas na kasanayan tulad ng pagbibigay ng hinuha, pagsusuri, pagbibigay-katwiran, at personal na interpretasyon. Dahil dito, maaaring unti-unti lamang ang naging pag-angat ng karamihan. Mahalagang bigyang-diin na ang resulta ay hindi nangangahulugang hindi naging mabisa ang *Metacognitive Strategy*. Sa halip, ipinakikita nito na may hangganan ang maaaring makamit ng isang interbensiyon sa loob ng itinakdang panahon. Nakatulong ang estratehiya upang maiangat ang pag-unawa ng mga mag-aaral, subalit ang pag-abot sa mas mataas na antas ng kasanayan ay nangangailangan ng mas tuloy-tuloy, mas malalim, at mas iba-ibang gawaing pampagkatuto.

Sa pagtuturo ng kuwento, maaaring kailanganin ang mas maraming gawain na hindi lamang nagtatanong kung ano ang nangyari sa kuwento, kundi humihikayat sa mga mag-aaral na ipaliwanag kung paano nila nakuha ang sagot, tukuyin ang batayan ng kanilang hinuha, suriin ang kilos ng mga tauhan, bigyang-katwiran ang kanilang pananaw, at iugnay ang mensahe ng kuwento sa kanilang sariling karanasan. Sa ganitong paraan, hindi lamang nalilinang ang pagkuha ng impormasyon kundi pati ang mas mataas na proseso ng pag-iisip. Samakatuwid, ang pag-angat ng karamihan sa isang antas ay maaaring tingnan bilang indikasyon na nagsimula nang malinang ang kanilang kasanayan, ngunit hindi pa ganap na napagtitibay ang mga ito. Maaaring kailanganin ang mas mahabang implementasyon, higit na dalas ng pagsasanay, at progresibong mga gawain mula sa literal patungo sa inferensyal at kritikal na pag-unawa. Ang ganitong interpretasyon ay isang posibleng paliwanag lamang, sapagkat hindi partikular na sinukat ng pag-aaral ang tagal ng interbensiyon, dami ng pagsasanay, o iba pang salik na maaaring tuwirang nagpaliwanag sa isang antas lamang na pag-angat.

Pinatunayan ni Villanueva (2022) na may mahalagang ugnayan ang paggamit ng mga *metacognitive reading strategies* at pagganap sa pag-unawa sa binabasa ng mga mag-aaral. Natuklasan niya na ang mga mag-aaral na gumagamit ng mga estratehiyang tulad ng muling pagbasa, pagmomonitor ng pag-unawa, at pag-uugnay ng dating kaalaman sa binabasa ay nakapagtatala ng mas mataas na antas ng pag-unawa. Ang natuklasang ito ay umaayon sa resulta ng kasalukuyang pag-aaral kung saan umangat ang mga mag-aaral sa antas na Umuunlad (*Developing)* matapos gamitin ang *Metacognitive Strategy*. Ayon kay Arienda (2025), ang kamalayan sa paggamit ng mga estratehiyang metakognitibo ay may positibong kaugnayan sa kakayahan sa pag-unawa sa binabasa. Ipinakita sa kanyang pag-aaral na ang mga mag-aaral na may mataas na kamalayan sa kanilang proseso ng pagkatuto ay higit na nakauunawa sa teksto at mas nagiging epektibo sa pagproseso ng impormasyon. Ipinahihiwatig nito na ang aktibong pagmomonitor ng sariling pagkatuto ay mahalagang salik sa pagpapahusay ng pag-unawa sa pagbasa.

Pinatunayan naman nina Montillana et al. (2025) na may makabuluhang kaugnayan ang paggamit ng mga estratehiyang metakognitibo at akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Natuklasan nila na ang mga mag-aaral na aktibong gumagamit ng mga estratehiya sa pagmomonitor, pagsusuri, at pagwawasto ng kanilang pag-unawa ay nakapagtatala ng mas mataas na antas ng pagkatuto at akademikong pagganap. Ang natuklasang ito ay nagpapakita ng kahalagahan ng mga estratehiyang metakognitibo sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa. Binigyang-diin ni Lagulos (2025) na ang mababang kamalayan sa *metacognitive reading strategies* ay isa sa mga salik na nakaaapekto sa mababang pagganap ng mga mag-aaral sa mga gawaing nangangailangan ng mataas na antas ng pag-unawa. Ipinakita rin sa kanyang pag-aaral na mahalagang malinang ang kamalayang metakognitibo upang mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri, interpretasyon, at pagbuo ng kahulugan mula sa binabasang teksto.

Samantala, ayon kina Casingal at Balaba (2026), ang mga programang nakatuon sa pagpapaunlad ng pagbasa ay nakapagpapataas ng antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa iba't ibang kasanayan sa pag-unawa. Bagama’t nakatuon ang kanilang pag-aaral sa pagbabago ng antas ng kahusayan sa pagbasa, ipinakita nila na ang sistematiko at planadong interbensiyon ay mahalaga upang maiangat ang mga mag-aaral mula sa mababang antas tungo sa mas mataas na antas ng pag-unawa. Higit pa rito, ipinakita nina De Ocampo et al. (2024) na mahalaga ang paggamit ng mga angkop na estratehiya sa pag-unawa sa pagbasa upang mapaunlad ang akademikong pagganap ng mga

mag-aaral. Natuklasan nila na ang mga estratehiyang nagpapalawak ng pag-iisip at humihikayat ng aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa proseso ng pagbasa ay nakatutulong sa mas malalim na pag-unawa ng teksto at mas mataas na antas ng pagkatuto.

Sa kabuuan, ang mga naunang pag-aaral ay nagpapakita ng magkakatulad na pananaw na ang paggamit ng mga estratehiyang metakognitibo ay may mahalagang papel sa pagpapaunlad ng pag-unawa sa pagbasa at pangkalahatang pagganap ng mga mag-aaral. Ipinakikita ng kanilang mga natuklasan na ang mga mag-aaral na natutong planuhin, subaybayan, at suriin ang kanilang sariling pagkatuto habang nagbabasa ay nagkakaroon ng mas mataas na kakayahan sa pagkuha ng impormasyon, pagbibigay ng mga hinuha, at pagsusuri ng mga ideyang nakapaloob sa teksto. Dahil dito, higit silang nagiging aktibong kalahok sa proseso ng pagkatuto at hindi lamang simpleng tagatanggap ng impormasyon.

Ang mga natuklasang ito ay sumusuporta sa resulta ng kasalukuyang pag-aaral na nagpapakitang nagkaroon ng pag-unlad sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral matapos gamitin ang *Metacognitive Strategy*. Mula sa pagiging nasa antas na Nagsisimula sa paunang pagsusulit, umangat ang karamihan sa mga mag-aaral sa antas na Umuunlad (*Developing*) sa Literal na Pagbasa, Inferensyal na Pag-unawa, at Kritikal at Personal na Pag-unawa. Ipinahihiwatig nito na ang paggamit ng *Metacognitive Strategy* ay nakatulong sa mga mag-aaral na higit na maunawaan ang nilalaman ng kuwento, makabuo ng mga makatwirang hinuha mula sa binasa, at makapagsagawa ng mas malalim na pagsusuri at pag-uugnay ng mga ideya sa kanilang sariling karanasan. Higit pa rito, ipinakikita ng resulta na ang sistematikong paggabay sa mga mag-aaral upang maging mulat sa kanilang sariling paraan ng pagkatuto ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng kanilang kasanayan sa pagbasa. Sa pamamagitan ng mga gawaing nakatuon sa pagpaplano, pagsubaybay, at ebalwasyon ng sariling pag-unawa, natututo silang tukuyin ang kanilang mga kahinaan at gumawa ng mga hakbang upang mapabuti ang kanilang pagkatuto. Samakatuwid, maaaring ipalagay na ang *Metacognitive Strategy* ay isang mabisang estratehiya sa pagtuturo ng kuwento sapagkat nakatutulong ito sa pagpapataas ng antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral at sa paglinang ng kanilang kakayahang mag-isip nang mas kritikal at mapanuri.

Batay sa mga resulta ng panghuling pagganap, ipinahihiwatig na naging epektibo ang paggamit ng *Metacognitive Strategy* sa pagpapaunlad ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagbasa ng kuwento. Ang pagkakaroon ng malaking bahagdan ng mga mag-aaral sa antas na Papalapit sa Kahusayan (*Approaching Proficiency*) sa Literal na Pagbasa, Inferensyal na Pag-unawa, at Kritikal at Personal na Pag-unawa ay nagpapakita na unti-unti nang nalilinang ang kanilang kakayahang umunawa, magsuri, at magbigay-kahulugan sa mga tekstong kanilang binabasa. Ipinahihiwatig din ng resulta na ang mga gawaing nakabatay sa *Metacognitive Strategy* ay nakatulong sa mga mag-aaral upang maging mas mulat sa kanilang sariling proseso ng pagkatuto. Sa pamamagitan ng pagpaplano, pagmomonitor, at pagsusuri ng kanilang pag-unawa habang nagbabasa, higit nilang natutukoy ang mahahalagang impormasyon, nakabubuo ng mga hinuha, at nakapagsasagawa ng mas malalim na pagsusuri sa nilalaman ng kuwento.

Ang mataas na bahagdan ng mga mag-aaral na nasa antas na Papalapit sa Kahusayan ay nagpapakita rin na bagama't nagkaroon na ng makabuluhang pag-unlad, kinakailangan pa rin ang patuloy na paggamit ng mga estratehiyang metakognitibo upang higit pang maiangat ang kanilang pagganap tungo sa antas na Napakahusay (*Advanced*). Nangangahulugan ito na ang pag-unawa sa pagbasa ay isang kasanayang nangangailangan ng tuloy-tuloy na pagsasanay, paggabay, at pagpapatibay. Sa aspekto ng Literal na Pagbasa, ipinahihiwatig ng resulta na mas naging mahusay ang mga mag-aaral sa pagtukoy at pag-unawa sa mga tahasang impormasyong nakapaloob sa teksto. Sa Inferensyal na Pag-unawa naman, nagpapakita ito na higit nilang napaunlad ang kakayahang bumuo ng mga hinuha at magbigay-kahulugan sa mga impormasyong hindi tuwirang nakasaad sa binabasa. Samantala, sa Kritikal at Personal na Pag-unawa, ipinahihiwatig ng resulta na nagsimula nang malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral na magsuri, humusga, at mag-ugnay ng kanilang mga karanasan at pananaw sa mga pangyayari sa kuwento.

Bilang implikasyon sa pagtuturo, maaaring gamitin ng mga guro ang *Metacognitive Strategy* bilang isang

mabisang estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa at panitikan sapagkat nakatutulong ito sa pagpapaunlad hindi lamang ng pag-unawa sa teksto kundi maging ng kritikal na pag-iisip at independenteng pagkatuto ng mga mag-aaral. Maaari rin itong maisama sa iba pang gawaing pampagkatuto upang higit pang mapalawak ang kakayahan ng mga mag-aaral sa mas mataas na antas ng pag-unawa. Sa kabuoan, ipinahihiwatig ng mga natuklasan na ang *Metacognitive Strategy* ay may positibong epekto sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa kuwento. Ang pag-angat ng kanilang pagganap mula sa mababang antas tungo sa antas na Umuunlad (Developing) ay nagpapakita na ang sistematikong paggamit ng mga estratehiyang metakognitibo ay mahalagang salik sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagbasa, pag-unawa, at mas mataas na antas ng pag-iisip ng mga mag-aaral.

3.3 Pagkakaiba sa Pauna at Panghuling Pagganap ng mga Mag-aaral Bago at Pagkatapos gamitin ang Metacognitive Strategy

Ang bahaging ito ay naglalahad ng pagsusuri sa makabuluhang pagkakaiba ng pauna at panghuling pagganap ng mga respondenteng mag-aaral sa pag-unawa ng kuwento bago at pagkatapos gamitin ang *Metacognitive Strategy*. Sinusukat ang kanilang pagganap batay sa mga pamantayang Literal na Pagbasa, Inferensyal na Pag-unawa, at Kritikal at Personal na Pag-unawa. Layunin ng pagsusuring ito na matukoy kung nagkaroon ng makabuluhang pagbabago sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral matapos ang implementasyon ng *Metacognitive Strategy*. Ang mga resulta ay magsisilbing batayan upang masuri ang pagiging epektibo ng nasabing estratehiya sa pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng kuwento at upang mapatunayan kung ang mga pagbabagong naitala sa kanilang pagganap ay bunga ng isinagawang interbensiyon sa pagtuturo.

Talahanayan 3
Pagkakaiba sa Pauna at Panghuling Pagganap ng mga Mag-aaral Bago at Pagkatapos gamitin ang Metacognitive Strategy

Pamantayan	Mean difference	df	t-value	p-value	Decision	Interpretation
Literal na Pagbasa	44.8	98	26.4	<.001	Reject H_0	*Significant*
Inferensyal na Pag-unawa	40.8	98	20.1	<.001	Reject H_0	*Significant*
Kritikal at Personal na Pag-unawa	46.1	98	33.9	<.001	Reject H_0	*Significant*

Ipinakikita sa talahanayan 3 ang pagsusuri sa makabuluhang pagkakaiba ng pagganap ng mga respondenteng mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang Metacognitive Strategy sa pagtuturo ng kuwento. Ginamit ang t-test upang matukoy kung may makabuluhang pagbabago sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral batay sa Literal na Pagbasa, Inferensyal na Pag-unawa, at Kritikal at Personal na Pag-unawa. Sa Literal na Pagbasa, nakapagtala ng *mean difference* na 44.8, may 98 *degrees of freedom* (df), at *t-value* na 26.4. Ang *p-value* na mas mababa sa 0.001 ay nagpapakita na ang resulta ay lubhang makabuluhan sa antas na 0.05. Dahil dito, ang *null hypothesis* (H_0) ay tinanggihan. Ipinahihiwatig ng resultang ito na nagkaroon ng malaking pagtaas sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagtukoy at pag-unawa sa mga tahasang impormasyong nakapaloob sa binasang kuwento matapos gamitin ang *Metacognitive Strategy*. Ang mataas na *mean difference* ay nagpapakita na malaki ang naging pag-unlad ng kanilang kasanayan sa literal na pagbasa.

Sa Inferensyal na Pag-unawa, nagtala ng *mean difference* na 40.8, may 98 *degrees of freedom* (df), at *t-value* na 20.1. Ang *p-value* na mas mababa sa 0.001 ay nagpapahiwatig na may makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng interbensiyon. Dahil dito, tinanggihan din ang *null hypothesis.* Ipinakikita ng resulta na naging epektibo ang *Metacognitive Strategy* sa pagpapataas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbibigay ng hinuha, pagbubuo ng kahulugan, at pag-uugnay ng mga ideyang hindi tahasang nakasaad sa teksto. Bagama't ito ang may pinakamababang *mean difference* sa tatlong pamantayan, nananatili pa rin itong nagpapakita ng malaking pag-unlad sa kasanayan ng mga mag-aaral.

Samantala, sa Kritikal at Personal na Pag-unawa, nakapagtala ng *mean difference* na 46.1, may 98 *degrees of freedom* (df), at *t-value* na 33.9. Ang *p-value* na mas mababa sa 0.001 ay nagpapakita rin ng lubhang makabuluhang resulta. Dahil dito, tinanggihan ang *null hypothesis* at tinanggap ang alternatibong palagay na may makabuluhang

pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang *Metacognitive Strategy*. Ang pinakamataas na *mean difference at t-value* sa tatlong pamantayan ay nagpapahiwatig na pinakamalaki ang naging epekto ng interbensiyon sa pagpapalawak ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri, paghusga, pagbibigay ng sariling pananaw, at pag-uugnay ng mga natutuhan sa kanilang personal na karanasan at sa mga sitwasyong panlipunan.

Ang lahat ng pamantayan ay nagpakita ng makabuluhang pagkakaiba (Significant) sapagkat ang kanilang *p-value* ay mas mababa sa itinakdang antas ng kabuluhan na 0.05. Ang pagtanggi sa *null hypothesis* sa lahat ng aspekto ay nagpapatunay na ang paggamit ng *Metacognitive Strategy* ay nagkaroon ng positibo at makabuluhang epekto sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa kuwento. Ipinakikita rin ng mataas na *mean differences* at *t-values* na ang mga pagbabago sa kanilang pagganap ay hindi naganap nang basta-basta lamang kundi bunga ng isinagawang interbensiyon. Samakatuwid, maituturing na mabisa ang *Metacognitive Strategy* sa pagpapataas ng antas ng Literal na Pagbasa, Inferensyal na Pag-unawa, at Kritikal at Personal na Pag-unawa ng mga respondente.

Ang pagtaas ng pagganap ng mga mag-aaral matapos gamitin ang *Metacognitive Strategy* ay maaaring maiugnay sa natatanging katangian ng estratehiyang nakatuon sa pagpaplano, pagmomonitor, at pagsusuri ng sariling pag-unawa. Sa prosesong ito, nabibigyan ang mga mag-aaral ng pagkakataong maging mulat sa kanilang sariling pag-iisip habang nagbabasa at sumusuri ng kuwento. Sa halip na tumanggap lamang ng impormasyon, hinihikayat silang tukuyin kung ano ang kanilang nauunawaan, kilalanin ang bahagi ng teksto na hindi nila nauunawaan, suriin ang batayan ng kanilang sagot, at balikan ang kanilang sariling interpretasyon. Sa ganitong paraan, nagiging mas aktibo ang mga mag-aaral sa proseso ng pagbasa at mas nagkakaroon sila ng pananagutan sa kanilang sariling pagkatuto. Ang paulit-ulit na paggamit ng mga gawaing ito ay maaaring nakatulong sa pagpapaunlad ng kanilang kakayahang tukuyin ang mahahalagang impormasyon, bumuo ng hinuha, magsuri ng mga ideya, at magbigay ng sariling pananaw.

Gayunman, bagama't nagkaroon ng malinaw na pagtaas sa pagganap, isang mahalagang salik na maaaring magpaliwanag kung bakit isang antas lamang ang inabot ng karamihan ng mga mag-aaral ay ang pangangailangan ng sapat na panahon upang maging pamilyar at maging matatag ang paggamit ng *Metacognitive Strategy*. Ang naturang estratehiya ay hindi lamang nakatuon sa pagkatuto ng nilalaman ng kuwento kundi pati sa paglinang ng kakayahan ng mga mag-aaral na mag-isip tungkol sa kanilang sariling proseso ng pagkatuto. Dahil dito, nangangailangan ito ng patuloy na paggabay, pagsasanay, pagwawasto, at unti-unting pagsasarili upang maging mas natural at sistematiko ang paggamit ng estratehiya. Dahil nagsimula rin ang mga mag-aaral sa mababang antas ng kasanayan, kinakailangan muna nilang mapatatag ang mga batayang kasanayan sa pagbasa bago lubusang malinang ang mas mataas na antas ng inferensyal at kritikal na pag-unawa. Samakatuwid, ang pagtaas ng kanilang pagganap ay maaaring magpakita ng panimulang paghubog ng kasanayan ngunit maaaring hindi pa sapat upang agad na makamit ang mas mataas na antas ng kahusayan.

Mahalaga ring isaalang-alang ang haba ng interbensiyon sa pagtalakay ng resulta. Sa pag-aaral, dalawang linggo ang inilaan sa kumbensyonal na pagtuturo at dalawang linggo rin sa implementasyon ng *Metacognitive Strategy*. Dahil magkapareho ang haba ng dalawang kondisyon, hindi ang pagkakaiba sa tagal ng pagtuturo ang maaaring maging dahilan ng pagbabago sa resulta. Sa halip, maaaring ang limitadong panahon ng mismong implementasyon ng *Metacognitive Strategy* ang naging isang posibleng limitasyon sa lawak ng pag-unlad ng mga mag-aaral. Maaaring sapat ang itinakdang panahon upang makita ang pagbabago sa kanilang pagganap, ngunit maaaring hindi pa ito sapat upang ganap na maging awtomatiko at matatag ang mga kasanayang metakognitibo. Lalo itong mahalaga sa Kritikal at Personal na Pag-unawa sapagkat nangangailangan ito ng mas malalim na pagsusuri, pagbibigay-katwiran, interpretasyon, at pag-uugnay ng mga ideya sa personal na karanasan at kalagayan ng buhay.

Sa konteksto ng pagtuturo, ipinakikita rin nito na ang paggamit ng *Metacognitive Strategy* ay maaaring maging mas mabisa kapag isinasagawa nang tuloy-tuloy at may sapat na pagkakataon para sa aplikasyon. Hindi sapat na maipakilala lamang ang estratehiya; kinakailangang paulit-ulit na maisagawa ng mga mag-aaral ang

pagpaplano bago magbasa, pagmomonitor habang nagbabasa, at pagsusuri pagkatapos magbasa. Maaari ring higit na mapaunlad ang kanilang kasanayan kung ang mga gawain ay unti-unting itataas mula sa pagtukoy ng tahasang impormasyon tungo sa pagbibigay ng hinuha, pagsusuri ng mga ideya, pagbibigay ng sariling pananaw, at pagbibigay-katwiran sa mga sagot. Sa ganitong paraan, maaaring higit na mapatatag ang kasanayan at magkaroon ng mas malawak na pag-unlad sa susunod na mga pagkakataon ng paggamit ng estratehiya.

Sa kabuoan, ang isang antas lamang na pag-angat ng karamihan ng mga mag-aaral ay hindi nangangahulugang walang sapat na ambag ang *Metacognitive Strategy*. Sa halip, maaaring ipakita nito na nagsimula nang malinang ang kanilang kamalayan sa sariling proseso ng pagkatuto, ngunit kinakailangan pa ng mas mahabang panahon, mas madalas na pagsasanay, at mas progresibong mga gawaing pampagbasa upang ganap na mapatatag ang mga kasanayan. Ang dalawang linggong implementasyon ay maaaring ituring na isang posibleng limitasyon sa lawak ng pag-angat, ngunit hindi maaaring ituring na tiyak na sanhi sapagkat hindi partikular na sinukat ng pag-aaral ang epekto ng tagal ng interbensiyon. Batay sa mga natuklasan, higit na makabuluhan ang patuloy na paggamit ng *Metacognitive Strategy* upang unti-unting mapaunlad ang pag-unawa ng mga mag-aaral mula sa batayang antas tungo sa mas mataas na antas ng kasanayan.

Pinatunayan nina Pastera, Gaitano, at Martir (2024) na may mahalagang kaugnayan ang mga estratehiya sa pagbasa at antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Natuklasan nila na ang mga mag-aaral na gumagamit ng iba't ibang estratehiya sa pagbasa ay mas mahusay sa pagproseso ng impormasyon, pagbuo ng kahulugan, at pag-unawa sa mga tekstong kanilang binabasa. Ang natuklasang ito ay sumusuporta sa resulta ng kasalukuyang pag-aaral na nagpapakita ng pagtaas ng antas ng Literal na Pagbasa, Inferensyal na Pag-unawa, at Kritikal at Personal na Pag-unawa matapos gamitin ang *Metacognitive Strategy*. Ayon naman kay Sambo (2025), ang paggamit ng *Read Aloud, Activate Prior Knowledge, Retell, and Summarize (RARS) Strategy* ay nagdulot ng makabuluhang pagtaas sa *reading comprehension* ng mga mag-aaral. Natuklasan niya na mula sa mababang antas ng pag-unawa bago ang interbensiyon, umangat ang pagganap ng mga mag-aaral matapos gamitin ang estratehiya. Ang natuklasang ito ay katulad ng resulta ng kasalukuyang pag-aaral kung saan nagkaroon ng makabuluhang pagkakaiba sa pauna at panghuling pagganap ng mga respondenteng mag-aaral.

Natuklasan naman ni Apas (2025) na ang mga *interactive reading activities* ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng *reading comprehension skills* ng mga mag-aaral sa elementarya. Ipinakita ng kanyang pag-aaral na ang mga gawaing nagpapalakas ng aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa proseso ng pagbasa ay nakapagpapataas ng kanilang kakayahan sa pag-unawa, pagsusuri, at pagbibigay-kahulugan sa binabasang teksto. Ang natuklasang ito ay umaayon sa bisa ng *Metacognitive Strategy* bilang isang aktibong estratehiya sa pagkatuto. Samantala, sinuri ni Dinoro (2023) ang mga estratehiya sa pagbasa na ginagamit sa batayang edukasyon sa Pilipinas at natuklasang ang paggamit ng mga estratehiyang nakatuon sa pagmomonitor ng pag-unawa at aktibong pagproseso ng impormasyon ay may positibong epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig nito na ang mga estratehiyang nagpapalawak ng kamalayan ng mga mag-aaral sa kanilang sariling proseso ng pagkatuto ay mahalaga sa pagpapataas ng antas ng pag-unawa sa pagbasa.

Binigyang-diin naman ni Casinto (2025) na ang mga suliranin sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Pilipinas ay maaaring matugunan sa pamamagitan ng paggamit ng mga angkop na interbensiyong pampagkatuto at mga estratehiyang nakatuon sa aktibong pagproseso ng teksto. Natuklasan niya na ang mga estratehiyang nagpapalakas ng pag-unawa at kritikal na pag-iisip ay mahalaga sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa at akademikong pagganap. Dagdag pa rito, sinabi ni Idulog (2023) na isa sa mga pangunahing hamon sa edukasyon sa Pilipinas ay ang mababang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Binigyang-diin niya na kinakailangan ang paggamit ng mas epektibong estratehiya sa pagtuturo upang mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa, pagsusuri, at pagbibigay-kahulugan sa mga tekstong kanilang binabasa. Ang natuklasang ito ay sumusuporta sa paggamit ng *Metacognitive Strategy* bilang isang mabisang interbensiyon sa pagtuturo.

Sa kabuoan, nagpapakita ng magkakatulad na pananaw na ang paggamit ng mga estratehiyang nakatuon sa aktibong pagproseso ng impormasyon, pagsubaybay ng pag-unawa, at pakikilahok ng mga mag-aaral ay may

mahalagang papel sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa. Ipinakikita ng kanilang mga natuklasan na ang mga estratehiyang nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na magplano, magsuri, magmonitor, at magbigay-kahulugan sa kanilang binabasa ay nakatutulong sa pagpapataas ng antas ng literal, inferensyal, at kritikal na pag-unawa.

Dahil dito, higit na napagtitibay ang resulta ng kasalukuyang pag-aaral na nagpapakitang nagkaroon ng makabuluhang pagkakaiba sa pauna at panghuling pagganap ng mga respondenteng mag-aaral matapos gamitin ang *Metacognitive Strategy*. Ang makabuluhang pagtaas ng kanilang pagganap sa Literal na Pagbasa, Inferensyal na Pag-unawa, at Kritikal at Personal na Pag-unawa ay nagpapahiwatig na ang *Metacognitive Strategy* ay isang mabisang estratehiya sa pagtuturo ng kuwento sapagkat nakatutulong ito sa pagpapalalim ng pag-unawa, pagpapahusay ng kritikal na pag-iisip, at pagpapaunlad ng pangkalahatang kasanayan sa pagbasa. Batay sa mga resulta ng pag-aaral, ipinahihiwatig na ang paggamit ng *Metacognitive Strategy* ay may mahalagang papel sa pagpapaunlad ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagbasa ng kuwento. Ang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pauna at panghuling pagganap sa Literal na Pagbasa, Inferensyal na Pag-unawa, at Kritikal at Personal na Pag-unawa ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay higit na natututo kapag sila ay ginagabayan kung paano planuhin, subaybayan, at suriin ang kanilang sariling pag-unawa habang nagbabasa.

Ipinahihiwatig din ng resulta na ang pag-unawa sa binabasa ay hindi lamang nakasalalay sa kakayahang bumasa ng mga salita at pangungusap, kundi pati na rin sa kakayahang gamitin ang mga estratehiyang metakognitibo upang maproseso, mabigyang-kahulugan, at masuri ang impormasyong nakapaloob sa teksto. Ang pagtaas ng pagganap ng mga mag-aaral sa literal, inferensyal, at kritikal na pag-unawa ay nagpapakita na naging mas aktibo sila sa kanilang pagkatuto at mas naging mulat sa kanilang sariling proseso ng pag-iisip habang nagbabasa. Higit pa rito, ipinahihiwatig ng resulta na ang *Metacognitive Strategy* ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng mas mataas na antas ng pag-iisip. Ang malaking pag-unlad sa Kritikal at Personal na Pag-unawa ay nagpapakita na natulungan ang mga mag-aaral na magsuri ng mga ideya, bumuo ng mga pagpapasya, magbigay ng sariling pananaw, at maiugnay ang kanilang mga natutuhan sa tunay na karanasan at sitwasyon sa buhay. Dahil dito, hindi lamang pag-unawa sa teksto ang nalinang kundi maging ang kanilang kakayahang mag-isip nang kritikal at mapanuri.

Bilang implikasyon sa pagtuturo, maaaring gamitin ng mga guro ang *Metacognitive Strategy* bilang isa sa mga pangunahing estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa at panitikan, lalo na sa pagtuturo ng kuwento. Ang paggamit ng mga gawaing nakatuon sa pagpaplano, pagmomonitor, at pagsusuri ng pag-unawa ay maaaring makatulong upang mapataas ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral at mabawasan ang mga suliranin sa pag-unawa sa binabasa. Para naman sa mga tagapamahala ng paaralan at mga tagapagbalangkas ng kurikulum, ipinahihiwatig ng resulta na mahalagang magsagawa ng mga pagsasanay at programang pangkaunlaran para sa mga guro hinggil sa paggamit ng mga estratehiyang metakognitibo. Sa pamamagitan nito, mas mapalalawak ang paggamit ng mga pamamaraang nakatutulong sa pagpapahusay ng pag-unawa sa pagbasa at pangkalahatang pagganap ng mga mag-aaral. Sa kabuoan, ipinahihiwatig ng mga natuklasan na ang *Metacognitive Strategy* ay isang mabisa at makabuluhang estratehiya sa pagtuturo ng kuwento sapagkat nakapagpapataas ito ng antas ng literal, inferensyal, at kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral. Bilang implikasyon, nararapat itong isaalang-alang at higit pang gamitin sa mga gawaing pampagtuturo upang malinang ang mas mataas na antas ng pag-unawa, kritikal na pag-iisip, at independiyenteng pagkatuto.

3.4 Saloobin ng mga Respondenteng Mag-aaral sa Pagtuturo ng Kwento gamit ang Metacognitive Strategy

Ang bahaging ito ay naglalahad ng saloobin ng mga respondenteng mag-aaral hinggil sa paggamit ng *Metacognitive Strategy* bilang estratehiya sa pagtuturo ng kuwento sa Filipino 10. Sinusuri nito kung paano tinanggap, naranasan, at pinahalagahan ng mga mag-aaral ang estratehiyang ginamit sa kanilang pagkatuto. Mahalaga ang pagsusuring ito upang matukoy kung naging kapaki-pakinabang at epektibo ang *Metacognitive Strategy* sa pagpapalawak ng kanilang pag-unawa, pagpapahusay ng kanilang kakayahan sa pag-iisip, at pagpapaunlad ng kanilang pagkatuto.

Talahanayan 4

Saloobin ng mga Respondenteng Mag-aaral sa Pagtuturo ng Kwento gamit ang Metacognitive Strategy

Pahayag	*Mean*	*S.D.*	*Verbal Description*
Nakatutulong ang paraang ito upang mas maunawaan ko ang mga tauhan sa kuwento.	3.78	0.65	Sumasang-ayon
Natutukoy ko ng malinaw ang mahahalagang pangyayari sa kuwento gamit ang paraang ito.	3.83	0.67	Sumasang-ayon
Napalalalim ng paraang ito ang aking pagpapaliwanag sa mga pangyayari sa kuwento.	3.72	0.78	Sumasang-ayon
Nauunawaan ko ang aral o mensahe ng kuwento dahil sa paraang ito.	3.97	0.72	Sumasang-ayon
Nakatutulong ang estratehiyang ginamit upang masuri ko ang aking sariling pag-unawa sa binasang kuwento.	4.06	0.65	Sumasang-ayon
Naging kawili-wili ang pagbasa ng kuwento dahil sa paraang ito.	3.98	0.70	Sumasang-ayon
Nakatutulong ang paraang ito upang mas maging interesado ako sa pagbasa ng panitikan.	3.70	0.68	Sumasang-ayon
Nagiging mas aktibo ako sa klase kapag ginagamit ang paraang ito.	3.87	0.75	Sumasang-ayon
Nagiging tiwala ako sa pagbibigay ng sariling opinyon tungkol sa kuwento.	3.84	0.71	Sumasang-ayon
Nakatutulong ang paraang ito upang maging mas interesado ako sa pag-aaral ng kuwento.	4.05	0.68	Sumasang-ayon
Overall Mean	3.88	0.70	Sumasang-ayon

Leyenda: 1.00-1.80= Lubos na Hindi Sumasang-ayon; 1.81-2.60= Hindi Sumasang-ayon; 2.61-3.40= Neutral/ Niyutral; 3.41-4.20=Sumang-ayon; 4.21-5.00= Lubos na Sumasang-ayon

Makikita sa talahanayan 4 ang saloobin ng mga respondenteng mag-aaral hinggil sa paggamit ng *Metacognitive Strategy* bilang estratehiya sa pagtuturo ng kuwento sa Filipino 10. Ang pagsusuring ito ay isinagawa upang matukoy kung paano tinanggap at naranasan ng mga mag-aaral ang nasabing estratehiya sa kanilang pag-unawa sa kuwento. Batay sa mga resulta, ang lahat ng pahayag ay nakapagtala ng berbal na deskripsiyong Sumasang-ayon, na nagpapahiwatig na positibo ang pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng *Metacognitive Strategy* sa kanilang pagkatuto. Makikita na ang pahayag na *Nakatutulong ang paraang ito upang masuri ko ang aking sariling pag-unawa sa binasang kwento* ang nakapagtala ng pinakamataas na *mean* na 4.06 at *standard deviation* na 0.65, na may berbal na deskripsiyong Sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na nakatulong nang malaki ang *Metacognitive Strategy* sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral na masubaybayan at masuri ang kanilang sariling pag-unawa habang nagbabasa. Isa ito sa mahahalagang layunin ng *metacognition* sapagkat natututo ang mga mag-aaral na kilalanin ang kanilang mga kalakasan at kahinaan sa pag-unawa upang makagawa ng angkop na hakbang para mapabuti ang kanilang pagkatuto.

Sumunod dito ang pahayag na *Nakatutulong ang paraang ito upang maging mas interesado ako sa pag-aaral ng kwento* na may *mean* na 4.05 at *standard deviation* na 0.68, na may berbal na deskripsiyong Sumasang-ayon. Ipinakikita ng resulta na nakatulong ang estratehiya upang mapataas ang interes ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng kuwento. Nangangahulugan ito na naging mas makahulugan at mas kaakit-akit para sa kanila ang proseso ng pagkatuto dahil aktibo silang nakikibahagi sa pagsusuri at pag-unawa ng binabasang akda. Ang pahayag na *Mas naging kawili-wili* ang pagbasa ng kwento dahil sa paraang ito" ay nakapagtala ng *mean* na 3.98 at *standard deviation* na 0.70, samantalang ang pahayag na *Mas nauunawaan* ko ang aral o mensahe ng kwento dahil sa paraang ito" ay may *mean* na 3.97 at *standard deviatio*n na 0.72. Kapwa may berbal na deskripsiyong Sumasang-ayon. Ang mga resultang ito ay nagpapakita na naging mas kawili-wili para sa mga mag-aaral ang pagbabasa ng kuwento at higit nilang nauunawaan ang mga aral, mensahe, at mahahalagang kaisipan na nais ipabatid ng akda. Ipinahihiwatig nito na nakatutulong ang *Metacognitive Strategy* upang maging mas malalim at mas makabuluhan ang kanilang karanasan sa pagbasa.

Samantala, ang pahayag na *Nagiging mas aktibo ako sa klase kapag ginagamit ang paraang ito* ay nakapagtala ng *mean* na 3.87 at *standard deviation* na 0.75, habang ang pahayag na *Mas nagiging tiwala ako sa pagbibigay ng sariling opinyon tungkol sa kwento* ay may *mean* na 3.84 at *standard deviation* na 0.71. Pareho rin itong may berbal na deskripsiyong Sumasang-ayon. Ang resulta ay nagpapakita na nakatulong ang estratehiya upang mahikayat ang mga mag-aaral na makilahok sa mga talakayan at malayang maipahayag ang kanilang mga ideya at pananaw hinggil sa binasang kuwento. Dahil dito, nagkaroon sila ng higit na kumpiyansa sa kanilang

kakayahang magbigay ng interpretasyon at pagsusuri sa akda.

Ang pahayag na *Mas malinaw kong natutukoy ang mahahalagang pangyayari sa kwento gamit ang paraang ito* ay may *mean* na 3.83 at *standard deviation* na 0.67, samantalang ang *Nakatutulong ang paraang ito upang mas maunawaan ko ang mga tauhan sa kwento* ay may *mean* na 3.78 at *standard deviation* na 0.65. Kapwa ito may berbal na deskripsiyong Sumasang-ayon. Ipinakikita nito na nakatulong ang *Metacognitive Strategy* sa paglinang ng kakayahan ng mga mag-aaral na matukoy ang mahahalagang detalye ng kuwento at maunawaan ang mga kilos, motibasyon, at papel ng mga tauhan sa pagbuo ng kabuuang kahulugan ng akda. Bukod dito, ang pahayag na *Napalalalim ng paraang ito ang aking pagpapaliwanag sa mga pangyayari sa kwento* ay nakapagtala ng *mean* na 3.72 at *standard deviation* na 0.78, habang ang *Nakatutulong ang paraang ito upang mas maging interesado ako sa pagbasa ng panitikan* ay may *mean* na 3.70 at *standard deviation* na 0.68. Bagama't ito ang mga may pinakamababang mean sa talaan, nananatili pa rin silang may berbal na deskripsiyong Sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na nakatulong pa rin ang estratehiya sa pagpapalalim ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagpapaliwanag at pagsusuri ng mga pangyayari sa kuwento gayundin sa pagpapataas ng kanilang interes sa pagbasa ng panitikan.

Sa kabuoan, ang *Overall Mean* na 3.88 at *Standard Deviation* na 0.70 ay may berbal na deskripsiyong Sumasang-ayon. Ipinakikita nito na positibo ang pangkalahatang saloobin ng mga respondenteng mag-aaral sa paggamit ng *Metacognitive Strategy* bilang estratehiya sa pagtuturo ng kuwento. Nangangahulugan ito na tinatanggap at pinahahalagahan ng mga mag-aaral ang paraang ito sapagkat nakatutulong ito sa pagpapabuti ng kanilang pag-unawa, pagpapalalim ng kanilang pag-iisip, pagpapataas ng kanilang interes sa pagbasa, at pagpapaunlad ng kanilang kakayahang suriin ang sariling pagkatuto. Samakatuwid, maituturing na isang mabisa at kapaki-pakinabang na estratehiya ang *Metacognitive Strategy* sa pagtuturo ng kuwento sa Filipino 10.

Pinatunayan nina Muhid et al. (2020**)** na ang paggamit ng mga estratehiyang metakognitibo ay may positibong epekto sa pag-unawa sa pagbasa at sa aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto. Natuklasan nila na ang mga mag-aaral na naturuang gumamit ng mga estratehiya sa pagpaplano, pagmomonitor, at pagsusuri ng kanilang pag-unawa ay nagkaroon ng mas mataas na pagganap sa pagbasa at higit na naging mulat sa kanilang sariling pagkatuto. Ang natuklasang ito ay umaayon sa resulta ng kasalukuyang pag-aaral kung saan sumang-ayon ang mga mag-aaral na nakatutulong ang *Metacognitive Strategy* sa pagsusuri ng kanilang sariling pag-unawa sa binasang kuwento. Ayon kina Deliany at Cahyono (2020), ang kamalayan sa paggamit ng *metacognitive reading strategies* ay may mahalagang papel sa matagumpay na pag-unawa sa teksto. Ipinakita ng kanilang pag-aaral na ang mga mag-aaral na may mataas na antas ng kamalayang metakognitibo ay mas mahusay sa pagpili ng angkop na estratehiya habang nagbabasa at mas epektibong nakapagmomonitor ng kanilang pag-unawa. Ang natuklasang ito ay sumusuporta sa resulta ng kasalukuyang pag-aaral na nagpapakitang nakatulong ang *Metacognitive Strategy* upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang mensahe at mahahalagang bahagi ng kuwento.

Natuklasan ni Baldera (2024) na may positibong kaugnayan ang *metacognitive awareness* at *reading comprehension skills* ng mga mag-aaral. Ipinakita niya na habang tumataas ang kamalayan ng mga mag-aaral sa kanilang proseso ng pagkatuto, tumataas din ang kanilang kakayahang umunawa, magsuri, at magbigay-kahulugan sa kanilang binabasa. Ang natuklasang ito ay nagpapaliwanag kung bakit positibo ang naging saloobin ng mga respondenteng mag-aaral sa paggamit ng *Metacognitive Strategy* bilang estratehiya sa pag-aaral ng kuwento. Binigyang-diin nina Khellab et al. (2022) na ang pagtuturo ng mga estratehiyang metakognitibo ay nagdudulot ng makabuluhang pagtaas sa antas ng pag-unawa sa pagbasa. Natuklasan nila na ang mga mag-aaral na sinanay sa paggamit ng mga estratehiya sa pagmomonitor at pagsusuri ng kanilang pag-unawa ay naging mas mahusay sa pagproseso ng impormasyon at pagbibigay-kahulugan sa teksto. Ang natuklasang ito ay umaayon sa resulta ng kasalukuyang pag-aaral kung saan sumang-ayon ang mga mag-aaral na mas naging malinaw sa kanila ang mga pangyayari, tauhan, at aral ng kuwento dahil sa ng *Metacognitive Strategy*.

Ayon kina Al-Khresheh et al. (2023), ang *metacognitive awareness of reading strategies* ay may malaking impluwensiya sa kakayahan ng mga mag-aaral na mag-organisa, magsuri, at magproseso ng impormasyon mula

sa teksto. Natuklasan nila na ang mga mag-aaral na aktibong gumagamit ng mga estratehiyang metakognitibo ay higit na nagiging interesado at nakikilahok sa mga gawaing may kaugnayan sa pagbasa. Ang natuklasang ito ay sumusuporta sa resulta ng kasalukuyang pag-aaral na nagpapakitang naging mas interesado ang mga mag-aaral sa pag-aaral ng kuwento at panitikan sa pamamagitan ng *Metacognitive Strategy*. Samantala, ipinakita nina Rivas et al. (2022) na ang metakognisyon ay mahalagang salik sa pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip, sariling regulasyon sa pagkatuto, at kumpiyansa ng mga mag-aaral. Natuklasan nila na ang mga mag-aaral na may mataas na antas ng metakognisyon ay mas may kakayahang suriin ang kanilang sariling pagkatuto at magbigay ng makabuluhang interpretasyon sa mga impormasyong kanilang natutuhan. Ang natuklasang ito ay umaayon sa resulta ng kasalukuyang pag-aaral kung saan sumang-ayon ang mga mag-aaral na naging mas tiwala sila sa pagbibigay ng sariling opinyon at pagsusuri sa binasang kuwento.

Dagdag pa rito, natuklasan nina Xie et al. (2023) na ang mga estratehiyang metakognitibo tulad ng pagbubuod, pagsusuri ng kredibilidad ng impormasyon, at pagmomonitor ng pag-unawa ay may positibong epekto sa pagkatuto at paglinang ng mas mataas na antas ng pag-iisip. Ipinakita ng kanilang pag-aaral na ang mga mag-aaral na gumagamit ng mga estratehiyang ito ay mas mahusay sa pag-unawa at pagsusuri ng kanilang binabasa. Ang natuklasang ito ay sumusuporta sa resulta ng kasalukuyang pag-aaral na nagpapakitang nakatulong ang *Metacognitive Strategy* sa pagpapalalim ng pag-unawa at pagsusuri ng mga mag-aaral sa kuwento.

